# Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan

## Ezra Taft Benson



MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN

# EZRA TAFT BENSON

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

**Serye ng mga Aklat na *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan***

*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (aytem bilang 36481 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (35554 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (35969 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (36315 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (36787 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (35744 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* (35970 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (36786 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* (36492 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith* (36907 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (35892 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (36500 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson* (08860 893)

Para makakuha ng kopya ng mga aklat na ito, magpunta sa inyong lokal na distribution center o bumisita sa store.lds.org. Makukuha rin ang mga aklat sa LDS.org at sa Gospel Library mobile application.

Ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa aklat na ito ay pasasalamatan. Isumite lamang ang mga ito sa Curriculum Development, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150-0024 USA.

Email: cur-development@ldschurch.org

Isulat lamang ang inyong pangalan, address, ward, at stake. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kalakasan ng aklat at mga bahaging maaari pang pagandahin.

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Pagsang-ayon sa Ingles: 3/11
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 3/11
Pagsasalin ng *Teachings of Presidents of the Church: Ezra Taft Benson*
Tagalog
08860 893

# Mga Nilalaman

Pambungad . . . . . v
Buod ng Kasaysayan . . . . . x
Ang Buhay at Ministeryo ni Ezra Taft Benson . . . . . 1
1 Ang Dakilang Utos—Mahalin ang Panginoon . . . . . 43
2 Manalangin Tuwina . . . . . 53
3 Kalayaang Pumili, Isang Walang-Hanggang Alituntunin . . . . 67
4 Masayang Pamumuhay sa mga Panahong Maligalig . . . . . 79
5 Mga Alituntunin ng Tunay na Pagsisisi . . . . . 89
6 Si Jesucristo ang Ating Tagapagligtas at Manunubos . . . . . 105
7 Joseph Smith, Isang Kasangkapan sa mga Kamay ng Panginoon . . . . . 121
8 Ang Kapangyarihan ng Salita . . . . . 133
9 Ang Aklat ni Mormon—Saligang Bato ng Ating Relihiyon . . . 147
10 Punuin ang Daigdig at ang Ating Buhay ng Aklat ni Mormon . . . . . 159
11 Sundin ang Buhay na Propeta . . . . . 171
12 Hangarin ang Espiritu sa Lahat ng Inyong Ginagawa . . . . . 181
13 Walang Katumbas na mga Pagpapala ng Bahay ng Panginoon . . . . . 195
14 Kasal at Pamilya—Inorden ng Diyos . . . . . 207
15 Ang mga Sagradong Tungkulin ng mga Ama at Ina . . . . . 221
16 Ang Matatanda sa Simbahan . . . . . 237
17 Pagsunod sa Batas ng Kalinisang-puri . . . . . 253
18 Mag-ingat sa Kapalaluan . . . . . 269
19 Pamumuno . . . . . 283
20 “Alagaan Mo ang Aking mga Tupa” . . . . . 295
21 Mga Alituntunin ng Temporal at Espirituwal na Kapakanan . . . . . 307
22 Pagdadala ng Ebanghelyo sa Mundo . . . . . 321
23 “Patibayin Mo ang Iyong mga Tulos” . . . . . 335
24 Pamumuhay na Nakatuon kay Cristo . . . . . 345
Listahan ng mga Larawan . . . . . 357
Indeks . . . . . 359





# Pambungad

Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpasimula ng seryeng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* para higit kayong mapalapit sa inyong Ama sa Langit at mapalalim ang inyong pag-unawa sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Sa pagdaragdag ng Simbahan ng mga aklat sa seryeng ito, makakakolekta kayo ng mga reperensyang aklat ng ebanghelyo sa inyong tahanan. Ang mga aklat sa seryeng ito ay nilayong magamit sa personal na pag-aaral at sa pagtuturo sa araw ng Linggo. Matutulungan din kayo nitong maghanda ng iba pang mga aralin o mensahe at sagutin ang mga tanong tungkol sa doktrina ng Simbahan.

Tampok sa aklat na ito ang mga turo ni Pangulong Ezra Taft Benson, na naglingkod bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula Nobyembre 10, 1985, hanggang Mayo 30, 1994.

---

### Personal na Pag-aaral

Habang pinag-aaralan ninyo ang mga turo ni Pangulong Ezra Taft Benson, mapanalanging hangarin ang inspirasyon ng Espiritu Santo. Ang mga tanong sa dulo ng bawat kabanata ay matutulungan kayong pagnilayan, maunawaan, at maipamuhay ang mga turo ni Pangulong Benson. Ang sumusunod na mga ideya ay maaari ding makatulong sa inyo:

- Isulat ang mga kaisipan at damdaming dumarating sa inyo mula sa Espiritu Santo habang nag-aaral kayo.
- Salungguhitan ang mga talatang gusto ninyong matandaan. Isiping isaulo ang mga talatang ito o isulat ang mga ito sa inyong mga banal na kasulatan sa tabi ng kaugnay na mga talata.

- Basahin ang kabanata o talata nang mahigit isang beses para mas maunawaan ninyo ito.
- Tanungin ang inyong sarili na gaya ng mga sumusunod: Paano nadaragdagan ng mga turo ni Pangulong Benson ang pagkaunawa ko sa mga alituntunin ng ebanghelyo? Ano ang gusto ng Panginoon na matutuhan ko mula sa mga turong ito?
- Ibahagi ang natututuhan ninyo sa mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan.
- Itanong sa sarili kung paano kayo matutulungan ng mga turo sa aklat na ito sa inyong personal na mga pagsubok at alalahanin.

---

## Pagtuturo mula sa Aklat na Ito

Ang aklat na ito ay nilayong gamitin sa tahanan at sa simbahan. Matutulungan kayo ng sumusunod na mga patnubay na magturo mula sa aklat.

### *Maghandang Magturo*

Hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo habang naghahanda kayong magturo. Mapanalanging pag-aralan ang nakatalagang kabanata upang magkaroon kayo ng kumpiyansa na nauunawaan ninyo ang mga turo ni Pangulong Benson. Makapagtuturo kayo nang mas lubos at mabisa kapag personal kayong naimpluwensyahan ng kanyang mga salita (tingnan sa D at T 11:21).

Kung nagtuturo kayo ng aralin sa Melchizedek Priesthood o Relief Society, hindi ninyo dapat isantabi ang aklat na ito o ihanda ang mga aralin mula sa iba pang mga materyal. Mapanalanging piliin mula sa kabanata ang mga turong sa pakiramdam ninyo ay makakatulong nang malaki sa mga tinuturuan ninyo. Ang ilang kabanata ay naglalaman ng mas maraming materyal kaysa kaya ninyong talakayin sa oras ng klase.

Hikayatin ang mga miyembro ng klase na pag-aralan ang kabanata bago ituro ang aralin at dalhin nila ang aklat. Kapag ginawa nila ito, magiging mas handa silang makilahok sa mga talakayan at patatagin ang isa't isa.

Sa paghahanda ninyong magturo, higit na bigyang-pansin ang "Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo" sa dulo ng bawat kabanata. Sa ilalim ng heading na ito, makikita ninyo ang mga tanong, kaugnay na mga banal na kasulatan, at tulong sa pag-aaral o pagtuturo. Ang mga tanong at kaugnay na mga banal na kasulatan ay partikular na nakaugnay sa kabanata kung saan matatagpuan ang mga ito. Ang mga tulong sa pag-aaral at pagtuturo ay magagabayan kayo sa lahat ng pagsisikap ninyong matutuhan at maipamuhay ang ebanghelyo at matulungan ang iba na gawin din ang gayon.

### *Pasimulan ang Kabanata*

Kapag sinimulan ninyo ang kabanata, at sa buong aralin, sikaping lumikha ng kapaligiran na maaantig ng Espiritu ang puso't isipan ng inyong mga tinuturuan. Sa pagsisimula ng aralin, tulungan ang mga tinuturuan ninyo na magpokus sa mga itinuturo sa kabanata. Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga ideya:

- Basahin at talakayin ang bahaging pinamagatang "Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson" sa simula ng kabanata.
- Talakayin ang isang larawan o banal na kasulatan mula sa kabanata.
- Sama-samang kantahin ang isang kaugnay na himno.
- Ibahagi nang maikli ang isang personal na karanasan tungkol sa paksa.

### *Maghikayat ng Talakayan Tungkol sa mga Turo ni Pangulong Benson*

Habang nagtuturo kayo mula sa aklat na ito, anyayahan ang iba na ibahagi ang kanilang iniisip, magtanong, at turuan ang isa't isa. Kapag aktibo silang nakikibahagi, magiging mas handa silang matuto at tumanggap ng personal na paghahayag. Hayaang magpatuloy ang magagandang talakayan sa halip na sikaping talakayin ang lahat ng mga itinuturo. Para makahikayat ng talakayan, gamitin ang mga tanong sa dulo ng bawat kabanata. Maaari din kayong gumawa ng sarili ninyong mga tanong lalo na para sa mga tinuturuan ninyo.

Ang sumusunod na mga opsiyon ay maaaring magbigay sa inyo ng karagdagang mga ideya:

- Ipabahagi sa mga miyembro ng klase ang natutuhan nila mula sa kanilang personal na pag-aaral ng kabanata. Maaaring makatulong na kumausap ng ilang miyembro ng klase sa loob ng linggong iyon at paghandain sila na ibahagi ang kanilang natutuhan.
- Atasan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga piling tanong sa dulo ng kabanata (nang isa-isa o sa maliliit na grupo). Ipahanap sa kanila ang mga turo sa kabanata na may kaugnayan sa mga tanong. Pagkatapos ay ipabahagi sa kanila ang kanilang mga iniisip at ideya.
- Sama-samang basahin ang ilan sa mga turo ni Pangulong Benson sa kabanata. Magpabahagi sa mga miyembro ng klase ng mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan at mula sa sarili nilang karanasan na naglalarawan sa mga turong iyon.
- Papiliin ng isang bahagi ang mga miyembro ng klase at ipabasa ito nang tahimik sa kanila. Anyayahan silang maggrupu-grupo sa dalawa o tatlong tao na magkakapareho ang bahaging pinili at talakayin nila ang kanilang natutuhan.

### *Maghikayat ng Pagbabahagi at Pagsasabuhay*

Ang mga turo ni Pangulong Benson ay magiging lubos na makahulugan sa mga miyembro ng klase na nagbabahagi nito sa iba at ipinamumuhay ito. Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga ideya:

- Tanungin ang mga miyembro ng klase kung paano nila magagamit ang mga turo ni Pangulong Benson sa kanilang mga responsibilidad sa tahanan at sa Simbahan. Halimbawa, matutulungan ninyo silang pagnilayan o talakayin kung paano nila maipamumuhay ang kanyang mga turo bilang asawa, magulang, anak, home teacher, o visiting teacher.
- Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang ilan sa mga turo ni Pangulong Benson sa pamilya at mga kaibigan.
- Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ipamuhay ang natutuhan nila at ibahagi ang kanilang mga karanasan sa simula ng susunod na klase.

### *Tapusin ang Talakayan*

Ibuod nang maikli ang aralin o ipabuod ito sa isa o dalawang miyembro ng klase. Patotohanan ang mga turong natalakay ninyo. Maaari din ninyong ipabahagi sa iba ang kanilang patotoo.

---

## Impormasyon Tungkol sa mga Pinagkunan ng mga Sinipi sa Aklat na Ito

Ang mga turo sa aklat na ito ay mga tuwirang sipi mula sa mga sermon, lathalain, aklat, at journal ni Pangulong Ezra Taft Benzon. Ang mga siping nagmula sa mga lathalain ay pinanatili sa orihinal na pagbabantas, pagbabaybay, pagpapalaki ng mga letra, at pagtatalata maliban kung kinailangan itong baguhin ng editor o itama ang maling baybay para mas madali itong basahin. Dahil dito, maaari kayong makapansin ng kaunting pagkakaiba-iba sa teksto. Halimbawa, ang mga panghalip na tumutukoy sa Diyos ay ginamitan ng maliliit na titik sa ilang sipi at malalaking titik naman sa iba.

Gayundin, madalas gamitin ni Pangulong Benson ang mga katagang tulad ng *kalalakihan, lalaki,* o *sangkatuhan* sa pagtukoy sa lahat ng tao, kapwa lalaki at babae. Madalas niyang gamitin ang mga panghalip na *siya, niya,* at *kanya* para tukuyin ang dalawang kasariang ito. Karaniwan ito sa wikang ginamit sa kanyang panahon. Sa kabila ng mga kaibhan ng paggamit sa makaluma at makabagong wika, angkop ang mga turo ni Pangulong Benson kapwa sa kababaihan at sa kalalakihan.

# Buod ng Kasaysayan

Ang sumusunod na kronolohiya ay nagbibigay ng maikling buod ng kasaysayan para sa mga turo ni Pangulong Ezra Taft Benson sa aklat na ito.

| | |
|---|---|
| Agosto 4, 1899 | Isinilang sa Whitney, Idaho, kina George Taft Benson Jr. at Sara Dunkley Benson. |
| 1912 hanggang 1913 | Inako ang maraming responsibilidad sa bahay habang nasa misyon ang kanyang ama sa hilagang bahagi ng Estados Unidos. |
| 1914 hanggang 1919 | Nag-aral at nagtapos sa Oneida Stake Academy sa Preston, Idaho. |
| 1918 | Tinawag na maglingkod bilang assistant Scoutmaster (isang lider ng mga kabataang lalaki) sa kanyang ward sa Whitney. |
| 1920 | Nakilala si Flora Smith Amussen, ang kanyang mapapangasawa. |
| 1921 | Nag-aral sa Utah Agricultural College (na ngayon ay Utah State University) sa Logan, Utah. |
| Hulyo 13, 1921 | Inorden ng kanyang ama bilang elder. |
| Hulyo 15, 1921, hanggang Nobyembre 2, 1923 | Naglingkod bilang full-time missionary sa British Mission. |
| Agosto 25, 1924, hanggang Hunyo 1926 | Naglingkod si Flora sa full-time mission sa Hawaiian Islands. |
| Taglagas 1924 | Sinamahan ang kanyang kapatid na si Orval sa pagbili ng bukid ng pamilya sa Whitney. |

| | |
|---|---|
| Tagsibol 1926 | Nagtapos sa Brigham Young University. |
| Setyembre 10, 1926 | Pinakasalan si Flora sa Salt Lake Temple. |
| Setyembre 1926 hanggang Hunyo 1927 | Nag-aral sa Iowa State College of Agriculture and Mechanical Arts (ngayon ay Iowa State University of Science and Technology), at nagtapos ng master's degree sa agricultural economics. |
| Hunyo 1927 | Bumalik sa bukid ng pamilya sa Whitney. |
| 1929 | Tinanggap ang trabaho bilang county agricultural agent para sa Franklin County, Idaho. Iniwan ang bukid at lumipat sa kalapit na Preston, Idaho. |
| 1930 hanggang 1939 | Nagtrabaho bilang agricultural economist at specialist sa University of Idaho Extension Division. |
| Enero 1935 hanggang Nobyembre 1938 | Naglingkod bilang unang tagapayo sa stake presidency ng Boise Stake. |
| Nobyembre 1938 hanggang Marso 1939 | Naglingkod bilang pangulo ng Boise Stake. |
| 1939 hanggang 1943 | Nagtrabaho bilang executive secretary para sa National Council of Farmer Cooperatives sa Washington, D.C. Nanirahan kasama ang kanyang pamilya sa Bethesda, Maryland. |
| Hunyo 1940 | Tinawag na maglingkod bilang pangulo ng Washington Stake sa Washington, D.C. |
| Hulyo 26, 1943 | Tinawag na maglingkod bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. |
| Oktubre 7, 1943 | Inorden na Apostol at itinalaga ni Pangulong Heber J. Grant bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. |

| | |
|---|---|
| Enero 1946 hanggang Disyembre 1946 | Naglingkod bilang pangulo ng European Mission, na tumutulong sa paghahatid ng temporal at espirituwal na tulong sa mga Banal sa mga Huling Araw matapos itong wasakin ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. |
| Hulyo 16, 1946 | Inilaan ang Finland para sa pangangaral ng ebanghelyo. |
| Enero 1953 hanggang Enero 1961 | Naglingkod bilang United States secretary of agriculture sa ilalim ng pamumuno ni President Dwight D. Eisenhower. |
| Enero 1964 hanggang Setyembre 1965 | Muling naglingkod bilang pangulo ng European Mission. |
| Nobyembre 10, 1966 | Muling inilaan ang Italy para sa pangangaral ng ebanghelyo. |
| Abril 14, 1969 | Inilaan ang Singapore para sa pangangaral ng ebanghelyo. |
| Oktubre 26, 1969 | Inilaan ang Indonesia para sa pangangaral ng ebanghelyo. |
| Disyembre 30, 1973 | Itinalaga bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. |
| Nobyembre 10, 1985 | Itinalaga bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. |
| Oktubre 24, 1986 | Inilaan ang Denver Colorado Temple. |
| Agosto 28, 1987 | Inilaan ang Frankfurt Germany Temple. (Siyam na templo ang inilaan noong siya ang Pangulo ng Simbahan.) |

| | |
|---|---|
| Oktubre 2, 1988 | Personal na ibinahagi ang kanyang huling mensahe sa pangkalahatang kumperensya. (Pagkaraan ng Oktubre 1988, hindi na siya nakapagsalita sa pangkalahatang kumperensya dahil mahina na ang kanyang katawan. Mga tagapayo niya sa Unang Panguluhan ang nagbasa ng kanyang mga sermon o bumanggit mula sa mga dating mensaheng ibinigay niya.) |
| Agosto 14, 1992 | Nagdalamhati sa pagkamatay ng asawa niyang si Flora. |
| Mayo 30, 1994 | Namatay sa bahay niya sa Salt Lake City, Utah, mga dalawang buwan bago sumapit ang kanyang ika-95 kaarawan. |



*Si Ezra Taft Benson noong sanggol pa siya, 1900*

# Ang Buhay at Ministeryo ni Ezra Taft Benson

Ang mga naglalakbay sa lansangan sa pagitan ng Logan, Utah, at Whitney, Idaho, ay may nasaksihang kakaiba noong Hunyo 4, 1994. Nakakita sila ng mga taong nakatayo sa mga bahagi ng 24-na-milyang (39-kilometro) kahabaan ng lansangang iyon. Kinabukasan, ipinaliwanag ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol kung bakit nagtipon doon ang mga tao. Hinintay nila ang mga taong nakipaglibing, na maghahatid sa bangkay ni Pangulong Ezra Taft Benson sa sementeryo sa kanyang bayang tinubuan matapos iburol sa Salt Lake City, Utah. Inilarawan ni Elder Hales ang tagpo:

"Ang paglalakbay ng mga nakipaglibing papuntang Whitney, Idaho, ay nakakaantig na parangal sa isang propeta ng Diyos.

"Nagbigay-pugay ang mga miyembro ng Simbahan habang nakahanay sa lansangan at nakatayo sa tulay sa tabi ng kalsada. Suot ng ilan ang kanilang damit na pangsimba sa Sabado ng hapon. Sandaling inihinto ng iba ang kanilang mga sasakyan bilang paggalang, at mapitagang tumayo, hinintay na makalampas ang propeta. Ang mga magsasaka ay nakatayo sa kanilang mga bukirin at nakatapat ang mga sumbrero sa kanilang dibdib. Marahil ang mas kapansin-pansin ay ang mga batang lalaki na nag-alis ng kanilang sumbrerong pang-baseball at itinapat ito sa kanilang dibdib. Iwinagayway rin ang mga watawat bilang pamamaalam nang dumaan ang propeta. May mga karatulang may nakasaad na, 'Mahal namin si Pangulong Benson.' Nakasaad naman sa iba ang, 'Basahin ang Aklat ni Mormon.'"[1]

Ang pagbuhos na ito ng pagmamahal ay tunay na isang papugay ngunit higit pa ito roon. Ito ay malinaw na katibayan na nagbago ang buhay ng mga tao dahil sinunod nila ang payo ng isang propeta. At ang mga taong nagtipon sa lansangan ay kumakatawan sa marami pang iba. Mula nang isilang si Ezra Taft Benson malapit

sa Whitney, Idaho, hanggang sa panahong ihimlay ang kanyang katawang-lupa roon, nagsilbi siyang kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon, na naglalakbay sa iba't ibang panig ng mundo at tumutulong sa milyun-milyong tao na lumapit kay Cristo.

---

## Mga Aral na Natutuhan sa Bukid ng Pamilya

Noong Agosto 4, 1899, sina Sarah Dunkley Benson at George Taft Benson Jr. ay sumaya sa pagsilang ng kanilang panganay na anak. Pinangalanan nila itong Ezra Taft Benson, mula sa kanyang lolo-sa-tuhod na si Elder Ezra T. Benson, na naglingkod bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Si Ezra ay isinilang sa isang dampang may dalawang silid na itinayo ng kanyang ama noong nakaraang taon. Matagal at mahirap ang pagluluwal sa kanya, at inakala ng doktor na hindi mabubuhay ang 11¾-libra (5.3-kg) na sanggol. Ngunit iba ang nasa isip ng mga lola ng sanggol. Pinuno nila ng tubig ang dalawang timba—ang isa ay mainit, at ang isa ay malamig—at salit-salitan na isinawsaw ang kanilang apo sa dalawang timba hanggang sa umiyak ito.

Ang batang si Ezra Taft Benson, na madalas tawaging "T" ng kanyang mga kapamilya at kaibigan, ay masayang lumaki sa bukid na nakapalibot sa bahay kung saan siya isinilang. Si Pangulong Gordon B. Hinckley, na kasamang naglingkod ni Pangulong Benson nang halos 33 taon sa Korum ng Labindalawang Apostol at sa Unang Panguluhan, ay nagkuwento ng mga aral na natutuhan ng batang si Ezra:

"Siya ay batang magbubukid, literal at tunay na tunay, nakasuot ng overall, isang batang sunog sa araw ang balat na sa napakamurang edad ay natutuhan ang batas ng pag-ani: 'Ang lahat na ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya' (Gal. 6:7).

"Natutuhan niya sa mga panahong iyon ng karalitaan na kung hindi ka magsisipag, walang tutubo kundi mga damong ligaw. Kailangang magsipag, nang walang humpay at walang tigil, para mayroong anihin. Kaya nga may nag-aararo sa taglagas at may nag-aararo sa tagsibol—ang nakakapawis na buong maghapong paglakad sa pinag-araruhan sa likod ng matitikas na kabayo. Noong mga panahong iyon manu-manong pang-araro ang gamit, at kailangang

higpitan ang hawak sa mga puluhan na pumipilipit at umaalog kapag itinusok ang tulis ng araro sa lupa at ipinanghalukay ito. Pagkatapos ng maghapon, pagod na pagod ang bata at mahimbing ang tulog. Ngunit hindi nagtagal at umaga na.

"Kailangang muli ng bukid ng paragos, na hihilahin ng kabayo, para madurog ang buu-buong lupa at maihanda ang pagtataniman ng mga binhi. Ang pagtatanim ay napakahirap na gawain at masakit sa likod. At nariyan pa ang patubig. Ang bukid ng mga Benson ay nasa bansang tigang ang lupa, na pinataba lamang sa tulong ng patubig. Kailangang bantayan ang tubig, hindi lang maghapon kundi buong magdamag. Walang mga flashlight o lampara noon. May mga gasera lang na ginagamitan ng kerosene at aandap-andap ang manilaw-nilaw na liwanag. Mahalagang umabot ang tubig hanggang sa dulo ng hanay. Iyan ang aral na hindi malilimutan.

"Nakikita ko sa aking isipan ang isang batang lalaki, na pasan-pasan ang pala, naglalakad sa mga kanal at mga bukirin upang magpaagos ng tubig na magpapataba sa tigang na lupa.

"Hindi nagtagal at kailangan nang maghawan ng dayami, na ekta-ektarya ang lawak. Itinali ang mga hayop na pang-araro sa panggapas, umakyat ang bata sa lumang bakal na upuan, at nagsimulang gamitin ang karit, nagpuputol ng 5-talampakang haba habang lumalakad ang mga hayop. Sa dami ng langaw at lamok, sa makapal na alikabok at nakapapasong init, napakahirap na trabaho iyon. Kailangan na ngayong kalaykayin ang dayami, at saka bilugin gamit ang hand fork para patuyuin. Mahalaga ang tamang panahon. Nang sumapit ang tamang panahon inihagis ito sa isang lalagyan ng dayami, isang bagon na may malaki at patag na sapin. Sa imbakan, iniangat ito ng derrick na hila ng kabayo mula sa bagon para gawing malaking bulto ng dayami. Walang gamit sa pagpaldo noong araw, ni walang mga makinang pangkarga. Ang tanging gamit noon ay mga pantuhog at matitipunong braso.

". . . Hindi nakapagtatakang lumaki siyang matipuno at malakas ang katawan. Madalas naming pag-usapan na mga nakakakilala sa kanya noong matanda na siya ang laki ng kanyang mga pulso o galang-galangan. Malusog na pangangatawan, na taglay niya noon pa mang bata siya, ang isa sa pinakamalalaking pagpapala sa kanyang

buhay. Hanggang sa mga huling taon ng kanyang buhay, kinakitaan siya ng matinding sigla ng katawan.

"Sa kanyang katandaan, kapag nakikihalubilo siya sa mga pangulo ng bansa at mga hari, hindi nawala sa kanya ang magandang idinulot ng kanyang pagiging dating batang magbubukid. Hindi nawala sa kanya ang kakayahang magtrabaho. Hindi nawala sa kanya ang kusang pagbangon nang maaga at pagtatrabaho hanggang hatinggabi.

"Ngunit higit pa sa napakagandang gawi sa pagtatrabaho ang idinulot ng paglaki sa tahanang iyon. May kakaibang lakas na nagmumula sa lupa. May palagiang paalala sa sinabi kina Eva at Adan nang paalisin sila sa halamanan: 'Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa' (Gen. 3:19). Ang tiwala sa sariling kakayahan ay mahalaga sa mga nagbubungkal ng lupa. Wala pang mga programa para sa bukid ang pamahalaan noon, walang tulong na salapi. Ang pabagu-bagong takbo ng panahon ay kinailangang tanggapin. Ang nakamamatay na hamog na nagyelo, di-inaasahang unos, hangin, at tagtuyot, ay tinanggap na lahat tulad ng pagtanggap sa panganib ng buhay na walang kasiguruhan. Ang pag-iimbak para paghandaan ang panahon ng kagipitan ay kailangan kung ayaw mong magutom. Ang laging pinagkukunan ng lakas laban sa mga panganib ng buhay ay panalangin, panalangin sa ating walang-hanggan at mapagmahal na Ama, ang Pinakamakapangyarihang Diyos ng sanglibutan.

"Maraming panalangin ang inusal sa maliit na tahanang iyon sa Whitney, Idaho. May panalangin ng pamilya, gabi't araw, kung kailan pinasalamatan ang buhay pati na ang mga pagsubok at pagkakataong hatid nito, at kung kailan nagsumamo silang mabigyang-lakas para sa gawain sa maghapon. Ang lahat ng nangangailangan ay inaalala, at pagtindig ng pamilya mula sa pagkakaluhod, nakargahan na ng ina, na siyang ward Relief Society president, ang karuwahe ng pagkaing ipamimigay sa mga nangangailangan, at ang panganay niyang anak ang kanyang tsuper. Ang mga aral na iyon ay hindi nawala kailanman."[2]

## Mga Aral na Natutuhan mula sa Matatapat na Magulang

Ang mga aral na ito ng kasipagan, pagkakaisa ng pamilya, paglilingkod, at pamumuhay sa ebanghelyo ay nagamit isang araw nang ang mga magulang ng 12-taong-gulang na si Ezra ay umuwi galing sa isang pulong ng Simbahan na may hatid na di-inaasahang balita. Paggunita ni Pangulong Benson kalaunan:

"Habang pinatatakbo ni Itay ang karuwahe pauwi, binuksan ni Inay ang sulat, at laking gulat nila nang makita ang sulat mula sa Box B sa Salt Lake City—isang tawag na magmisyon. Walang nagtanong kung ang isang tao ay handa, may hangarin, o may kakayahan. Ang bishop ang dapat makaalam, at ang bishop ay si Lolo George T. Benson, ang tatay ng tatay ko.

"Nang pumarada sa bakuran namin sina Itay at Inay, pareho silang umiiyak—isang bagay na noon lang namin nakita sa aming pamilya. Pumalibot kami sa karuwahe—pito kami noon—at tinanong namin sila kung ano ang problema.

"Sabi nila, 'Wala naman.'

"'Bakit po kayo umiiyak?' tanong namin.

"'Halikayo sa sala at magpapaliwanag kami.'

"Nagtipon kami sa lumang sopa sa sala, at sinabi sa amin ni Itay ang tungkol sa tawag sa kanya na magmisyon. Pagkatapos ay sinabi ni Inay, 'Natutuwa kaming malaman na itinuring na karapat-dapat ang Itay ninyo na magmisyon. Medyo napaiyak lang kami dahil ibig sabihin niyon ay dalawang taon siyang malalayo. Alam ninyo, hindi pa kami nagkahiwalay ng tatay ninyo nang higit pa sa dalawang gabi mula nang ikasal kami—at iyan ay nang magpunta ang Itay ninyo sa may bangin para kumuha ng mga troso, poste, at panggatong.'"[3]

Noong nasa misyon ang kanyang ama, inako ni Ezra ang halos lahat ng responsibilidad sa pamamahala sa bukid ng pamilya. "Ginawa [niya] ang trabaho ng isang matanda, gayong bata pa siya," paggunita ng kapatid niyang si Margaret kalaunan. "Siya ang naging tatay nang halos dalawang taon."[4] Sa pamumuno ni Sarah, si Ezra at ang kanyang mga kapatid ay sama-samang nagtrabaho, nanalangin, at nagbasa ng mga liham mula sa kanilang ama. Pagkaraan

ng pitumpu't limang taon, ginunita ni Pangulong Benson ang mga pagpapalang dumating sa kanyang pamilya dahil nagmisyon ang kanyang ama:

"Palagay ko sasabihin ng ilang tao sa mundo na ang pagtanggap niya ng tawag na iyon ay katunayan na hindi niya talagang mahal ang kanyang pamilya. Ang iwanang mag-isa ang pitong anak at nagdadalantaong asawa nang dalawang taon, paano masasabing tunay na pagmamahal iyan?

"Ngunit mas malalim ang pananaw ng tatay ko sa pagmamahal. Alam niya na 'lahat ng mga bagay ay magkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios' (Mga Taga-Roma 8:28). Alam niya na ang pinakamainam na magagawa niya para sa kanyang pamilya ay ang sundin ang Diyos.

"Kahit labis kaming nangulila sa kanya nang mga panahong iyon, at maraming pagsubok na dumating sa aming pamilya nang mapalayo siya, ang pagtanggap niya [sa tawag na magmisyon] ay patunay ng pag-ibig sa kapwa-tao. Nagmisyon si Itay, at naiwan si Inay sa bahay na kasama ang pitong anak. (Isinilang ang ikawalo noong apat na buwan na si Itay sa misyon.) Ngunit nadama sa tahanang iyon ang pagmamahal sa gawaing misyonero na nanatili roon magpakailanman. Nangailangan ito ng kaunting sakripisyo. Kinailangang ibenta ni Itay ang dati naming tigang na bukid para matustusan ang kanyang misyon. Pinatira niya ang isang mag-asawa sa isang parte ng bahay namin para alagaan ang nakahanay na mga tanim, at ipinaubaya sa kanyang mga anak na lalaki at asawa ang pamamahala sa bukid ng dayami, pastulan, at maliit na kawan ng mga gatasing baka.

"Ang mga liham ni Itay ay talagang pagpapala sa amin. Para sa aming magkakapatid, parang nanggagaling ang mga liham sa kabilang panig ng mundo, ngunit galing lang iyon sa Springfield, Massachusetts; at Chicago, Illinois; at Cedar Rapids at Marshalltown, Iowa. Oo, dahil sa pagmimisyon ni Itay, nadama sa aming tahanan ang pagmamahal sa gawaing misyonero na nanatili roon magpakailanman.

"Kalaunan naging labing-isa na ang mga anak nila—pitong lalaki at apat na babae. Lahat ng pitong anak na lalaki ay nagmisyon, ang

ilan sa kanila ay naglingkod sa dalawa o tatlong misyon. Kalaunan, dalawang anak na babae at kanilang mga asawa ang nag-full-time mission. Dalawa pang anak na babae, na parehong biyuda—walo ang anak ng isa at ang isa naman ay sampu—ay naging magkompanyon sa misyon sa Birmingham, England.

"Ito ay isang pamana na patuloy pa ring nagpapala sa pamilya Benson maging hanggang sa ikatlo at ikaapat na henerasyon. Hindi ba ito tunay na handog ng pagmamahal?"[5]

---

## Paglilingkod sa Simbahan Bilang Isang Binatilyo

Nahikayat sa halimbawa ng kanyang mga magulang at sa sariling pagnanais na tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon sa mundo, masiglang tinanggap ni Ezra Taft Benson ang mga tawag na maglingkod. Noong siya ay 19 na taong gulang, pinaglingkod siya ng bishop niya, na lolo niya rin, bilang isa sa mga lider ng 24 na binatilyo sa ward. Sumali ang mga binatilyong ito sa Boy Scouts of America, at si Ezra ang nagsilbing assistant Scoutmaster.

Sa tungkuling ito, isa sa maraming responsibilidad ni Ezra ang tulungang kumanta ang mga binatilyo sa isang koro. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, nanalo ang mga kabataang ito sa paligsahan ng mga koro mula sa iba't ibang ward sa kanilang stake, kaya pumasok sila sa paligsahan ng buong rehiyon. Para mahikayat silang magpraktis at kumanta nang buong husay, nangako si Ezra na kung mananalo sila sa paligsahan ng rehiyon, isasama niya sila sa 35-milyang hiking paakyat sa kabundukan hanggang sa isang lawa. Tagumpay ang plano—nanalo ang mga binatilyong taga-Whitney.

"Sinimulan naming planuhin ang aming hiking," pagkukuwento ni Pangulong Benson, "at sa pulong isang 12-taong-gulang ang nagtaas ng kamay at pormal na sinabing, '. . . May gusto po akong imungkahi.' . . . Sabi ko, 'Sige, ano iyon?' Sabi niya, 'Gusto kong imungkahi na para hindi na tayo magdala pa ng suklay sa hiking na ito, magpagupit tayong lahat nang maikli.' "

Sa huli pumayag na magpagupit nang maikli ang lahat ng binatilyo bilang paghahanda sa hiking nila. Lalo silang sumigla sa ideya nang imungkahi ng isa sa kanila na magpagupit din nang maikli ang mga Scoutmaster. Patuloy pa ni Pangulong Benson:



*Si Flora Amussen, bago ikinasal kay Ezra Taft Benson*

"Umupo ang dalawang Scoutmaster sa barberya at masayang-masaya silang ginupitan ng barbero. Nang malapit nang matapos ang panggugupit, sinabi ng barbero, 'Ngayon, kung paaahitan ninyo sa akin ang ulo ninyo, hindi ako magpapabayad.' Kaya nga sinimulan namin ang hiking na iyon—24 na batang lalaking maiikli ang buhok at dalawang Scoutmaster na ahit ang ulo."

Habang iniisip ang kanyang mga karanasan sa mga binatilyong ito sa kanyang ward, sinabi ni Pangulong Benson: "Ang isa sa mga kagalakan ng paglilingkod sa mga batang lalaking ito ay ang katotohanan na ginagantimpalaan ka habang ginagawa mo ito. May pagkakataon kang obserbahan ang mga bunga ng iyong pamumuno araw-araw habang naglilingkod ka sa kanila sa paglipas ng mga taon at nakikita mo na lumalaki silang matatag, sabik na tinatanggap ang mga hamon at responsibilidad nito. Ang gayong kasiyahan ay hindi matutumbasan ng anumang halaga; kailangan itong matamo sa pamamagitan ng paglilingkod at katapatan. Napakasayang

magkaroon ng kahit maliit na bahagi sa pagtulong na mapalaki ang mga batang ito na maging mga tunay lalaki."[6]

Hindi nalimutan ni Pangulong Benson ang mga binatilyong iyon kailanman, at gumawa siya ng paraan para patuloy niya silang makaugnayan. Maraming taon pagkatapos ng 35-milyang hiking na iyon, binisita niya ang Whitney Ward bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol at kinausap ang ilan sa kanila. Naikuwento nila sa kanya na 22 sa 24 na binatilyong iyon ang nanatiling tapat sa Simbahan. Wala na silang balita tungkol sa dalawa pa. Sa huli ay natagpuan ni Pangulong Benson ang dalawang lalaking iyon, tinulungan silang maging aktibong muli sa Simbahan, at siya ang nagbuklod sa kanila sa templo.[7]

---

## Panliligaw kay Flora

Noong taglagas ng 1920, nagpunta si Ezra sa Logan, Utah, mga 25 milya (40 km) mula sa Whitney, para mag-aral sa Utah Agricultural College (na ngayon ay Utah State University). Kasama niya ang ilang kaibigan nang mapansin niya ang isang dalaga. Kalaunan ay ginunita niya:

"Nasa labas kami noon malapit sa mga pagawaan ng gatas nang isang dalaga—na kahali-halina at maganda—ang nagparada ng kanyang maliit na kotse para bumili ng gatas. Nang kawayan siya ng mga binatilyo, kumaway rin siya. Sabi ko, 'Sino ang babaeng iyan?' Sabi nila, 'Si Flora Amussen.'

"Sabi ko sa kanila, 'Alam ninyo, naramdaman ko na siya ang pakakasalan ko.' "

Pinagtawanan ng mga kaibigan ni Ezra ang kanyang sinabi, sabay sabing, "Napakasikat niya para sa isang magbubukid." Ngunit hindi ito nakahadlang sa kanya. "Mas maganda kung gayon," sagot niya.

Hindi pa natatagalan matapos ang pag-uusap na ito, nagkakilala sina Flora at Ezra sa Whitney sa unang pagkakataon, kung saan naanyayahang mamalagi si Flora sa bahay ng isa sa mga pinsan ni Ezra. At hindi nagtagal pagkatapos niyon, inanyayahan ni Ezra si Flora sa isang sayawan. Pumayag siya, at sinundan ito ng iba pang mga pagdedeyt na tinawag nilang "masayang pagliligawan." Ngunit nahinto ang kanilang pagliligawan—at sa maraming paraan ay

lumalim pa—nang tumanggap si Ezra ng tawag na maging full-time missionary sa British Mission.

Sa paghahanda sa misyon ni Ezra, pinag-usapan nila ni Flora ang kanilang relasyon. Gusto nilang magpatuloy ang pagkakaibigan nila, ngunit alam din nila na kailangan ni Ezra na maging tapat na missionary. "Bago ako umalis, ipinasiya namin ni Flora na minsan lang magsulatan sa isang buwan," sabi niya. "Ipinasiya rin namin na ang aming mga liham ay may panghihikayat, tiwala at balita. Iyon mismo ang ginawa namin."[8]

---

### Dalawang Missionary

Ang British Mission, na naging napakamabunga para sa naunang Banal sa mga Huling Araw na mga missionary, ay naiba para kay Elder Benson at sa kanyang mga kompanyon. Ang mga kalaban [ng Simbahan] sa British Isles, kabilang na ang ilang pastor, ay pinukaw ang pagkamuhi ng mga tao laban sa mga Banal sa mga Huling Araw, at nagpakalat ng mga artikulo, nobela, dula, at pelikula laban sa mga Mormon. Walang alinlangan na nalungkot si Elder Benson sa di-magandang saloobin ng mga tao tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo, ngunit hindi niya hinayaang pahinain ng mga pagsubok na iyon ang kanyang pananampalataya. Sa katunayan, isinulat niya sa kanyang journal na tinutukso silang magkompanyon ng mga kabataan sa lugar sa pagsigaw ng "Mga Mormon!" Ang sagot na hindi niya sinambit ay "Salamat sa Panginoon at Mormon ako."[9]

Maliban pa sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga taong hindi miyembro ng Simbahan, naglingkod si Elder Benson bilang lider ng priesthood at klerk sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Great Britain. Ang iba't ibang pagkakataong ito na maglingkod ay humantong sa magagandang karanasan, na lubhang taliwas sa mga paghihirap na madalas niyang naranasan. Nagbinyag at nagkumpirma si Elder Benson ng ilang tao, at tinulungan niya ang mas marami pa na mas mapalapit sa Panginoon. Halimbawa, ikinuwento niya na minsan, sa isang espesyal na pulong na inorganisa ng matatapat na miyembro ng Simbahan, ginabayan siya ng Espiritu na magsalita sa isang paraan na nakatulong sa mga kaibigan ng mga miyembro na makatanggap ng patotoo na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos.[10]

Itinala niya na minsan ay nagbigay silang magkompanyon ng basbas ng priesthood sa isang babaeng malubha ang karamdaman na gumaling pagkaraan ng 10 minuto.[11] Natuwa siya nang makakita siya ng mga Banal, noong klerk siya, na ang pangalan ay nasa mga talaan ng Simbahan ngunit wala na sa mga lider sa lugar.[12] Tumanggap siya ng mahalagang pagsasanay sa pamumuno, na naglilingkod sa ilalim ng pamamahala ng dalawang mission president na mga miyembro din ng Korum ng Labindalawang Apostol: sina Elder Orson F. Whitney at Elder David O. McKay.

Pinasalamatan ni Elder Benson ang proteksyon ng Panginoon nang ipangaral niya ang ebanghelyo. Isang gabi pinalibutan silang magkompanyon ng mga mandurumog at binantaan na itatapon sila sa ilog. Tahimik siyang humingi ng tulong sa panalangin. Iniulat niya kalaunan na, "isang malaki at matipunong lalaki ang nakipagsiksikan para makalapit sa akin. Tumitig siya sa mga mata ko at sinabi sa malakas at malinaw na tinig, 'Binata, naniniwala ako sa bawat salitang sinabi mo ngayong gabi.' Nang magsalita siya unti-unting nabawasan ang mga taong nakapalibot sa akin. Para sa akin ito ay tuwirang sagot sa panalangin. Maya-maya pa ay dumating ang isang British bobby [pulis]."[13]

Noong hindi pa gaanong naglilingkod sa iba si Elder Benson, "patuloy niyang pinaunlad ang kanyang sarili sa 'dibdibang pagbabasa ng Aklat ni Mormon,' lalo na tungkol sa mga karanasan ng mga anak na lalaki ni Mosias sa misyon."[14] Tumanggap din siya ng kapanatagan at suporta sa mga liham ng pamilya, na "paulit-ulit niyang binasa." Sa paggunita sa kanyang misyon, sinabi niya: "Ibinuhos nina Inay at Itay ang kanilang pagmamahal sa akin sa kanilang mga liham, na nagbigay sa akin ng tunay na lakas noong binata ako. Ang mga [liham] ni Flora ay puno ng espirituwalidad at panghihikayat, na walang halong pansariling damdamin. Palagay ko dahil doon ay nag-ibayo ang pagmamahal at pasasalamat ko sa kanya nang higit sa anupaman."[15]

Natanggap ni Elder Benson ang kanyang release mula sa full-time mission noong Nobyembre 2, 1923. Atubili siyang umalis, na sinasabing ang pamamaalam sa "mababait na mga Banal" sa Great Britain ang "pinakamahirap na bahagi ng [kanyang] misyon."[16]

Gayunpaman, masaya siya na magkakasama silang muli ng kanyang pamilya, at inasam niyang makitang muli si Flora.

Inasam ding makitang muli ni Flora si Ezra. Ngunit hindi lamang pag-asam na makasama kaagad si Ezra ang nasa isip niya. Talagang umasam siya—sa kanyang kinabukasan at potensyal. Noon pa mang tinedyer siya, sinabi na niya na "gusto niyang makapag-asawa ng isang magsasaka,"[17] at natuwa siya na tila determinado si Ezra na manirahan sa bukid ng pamilya sa Whitney, Idaho. Gayunman, nadama niya na kailangan muna nitong tapusin ang kanyang pag-aaral. Sinabi niya kalaunan, "Nanalangin [ako] at nag-ayuno para ipaalam sa akin ng Panginoon kung paano ko siya matutulungang makapaglingkod nang husto sa kanyang kapwa. Naisip ko na kung sa palagay ng Bishop ay karapat-dapat ako, tatawagin [niya] akong magmisyon. Simbahan ang prayoridad ni Ezra, kaya alam kong hindi niya sasalungatin iyon."[18]

Nagulat si Ezra nang magsimula silang muling magligawan ni Flora, sinabi ni Flora sa kanya na tinanggap nito ang tawag na magmisyon sa Hawaiian Islands. Si Flora ay itinalaga noong Agosto 25, 1924, at umalis kinabukasan. Pagkaalis ni Flora, ito ang isinulat ni Ezra sa kanyang journal: "Pareho kaming masaya dahil alam naming maganda ang kinabukasang naghihintay sa amin at makakatulong sa amin ang paghihiwalay na ito kalaunan. Gayunpaman, masakit makitang gumuho ang mga pangarap ng isang tao. Ngunit kahit kung minsan ay ikinalungkot namin iyon, tumanggap kami ng katiyakan mula sa Kanya na nagsabing makabubuti iyon sa amin."[19]

Totoo ngang nakabuti iyong lahat sa amin. Si Flora, ayon sa kanyang mission president, ay "napakagaling at napakamasayahing missionary"[20] na ibinigay ang kanyang "puso't kaluluwa, panahon, at mga talento sa gawain ng Panginoon."[21] Pinangasiwaan niya ang Primary organization sa ilang lugar ng mission, tinuruan ang mga bata sa isang elementarya, naglingkod sa templo, at tumulong na palakasin ang mga Banal sa mga Huling Araw sa lugar. Naging kompanyon pa niya ang kanyang biyudang ina na si Barbara Amussen, na tinawag na maglingkod sa maikling panahon. Magkasamang nakilala ng mag-inang magkompanyon na ito ang isang lalaking sumapi sa Simbahan noong araw sa Estados Unidos dahil sa pagtitiyaga ng ama ni Flora na si Carl Amussen. Nawala sa Simbahan



*Si Ezra Taft Benson nang magtapos siya sa Brigham Young University noong 1926*

ang miyembrong ito, ngunit kinaibigan at tinulungan siya ni Flora at ng kanyang ina na makabalik sa Simbahan.[22]

Habang wala si Flora, nanatiling abala si Ezra. Ipinagbili nila ng kapatid niyang si Orval ang bukid ng pamilya at ipinagpatuloy ang kanilang pag-aaral. Pansamantalang nag-aral si Ezra sa Brigham Young University sa Provo, Utah, samantalang naiwan si Orval sa Whitney para asikasuhin ang bukid. Napagkasunduan nila na kapag nakatapos na si Ezra sa pag-aaral, babalik siya sa bukid at si Orval naman ang magmimisyon at magtatapos ng pag-aaral. Determinadong makatapos kaagad sa BYU, pinuno ni Ezra ang iskedyul niya sa eskuwela. Nakibahagi rin siya sa mga aktibidad sa unibersidad, tulad ng mga sayawan, pagtitipon, at dulaan.

Bagama't ibinoto si Ezra bilang "Pinakasikat na Lalaki sa BYU" noong huling taon niya sa eskuwela, walang ibang nasa isip niya kundi si Flora. Sinabi niya kalaunan na nang makatapos ng misyon si Flora noong Hunyo 1926, "nasabik" siyang makita ito, ngunit

iginiit niya na hindi niya "hinihintay" na bumalik ito.[23] Nagtapos siya nang may karangalan ilang buwan bago umuwi si Flora.

## Pagsisimula ng Pagsasama Bilang Mag-asawa

Isang buwan pagkabalik ni Flora mula sa misyon, ipinaalam nila ni Ezra ang kasunduan nilang magpakasal. May mga tao pa ring hindi sang-ayon sa pasiya ni Flora. Hindi nila maunawaan kung bakit pipili ng isang magsasaka ang isang taong may pinag-aralan, mayaman, at sikat. Ngunit patuloy pa rin niyang sinabi na noon pa man ay "gusto niyang makapag-asawa ng isang magsasaka."[24] Si Ezra ay "praktikal na tao, matalino at matatag," sabi niya. At, sabi pa niya, "Magiliw siya sa kanyang mga magulang, at alam ko na kung iginalang niya sila, igagalang niya ako."[25] Nakita niya na si Ezra ay "magaspang na diyamante," at sinabi niya, "Gagawin ko ang lahat ng makakaya ko para tulungan siyang maging tanyag at madama ng mga tao ang kanyang mabuting impluwensya, hindi lang sa maliit na komunidad na ito kundi ang makilala siya sa buong mundo."[26]

Sina Flora at Ezra ay ibinuklod noong Setyembre 10, 1926, sa Salt Lake Temple ni Elder Orson F. Whitney ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ang tanging salu-salo pagkatapos ng kasal ay isang almusal para sa pamilya at mga kaibigan. Pagkatapos ng almusal, umalis kaagad ang bagong kasal sakay ng kanilang Model T Ford pick-up truck patungong Ames, Iowa, kung saan natanggap si Ezra sa master of science program sa agricultural economics sa Iowa State College of Agriculture and Mechanical Arts (na ngayon ay Iowa State University of Science and Technology).

Halos lahat ng dinaanan nila ay mapuputik na kalsada at di-mataong lugar. Habang naglalakbay, walong gabi silang natulog sa isang toldang may butas. Nang makarating sila sa Ames, umupa sila ng apartment na isang kanto ang layo mula sa kampus. Maliit ang apartment, at kasama ng mga Benson ang malaking pamilya ng mga ipis, ngunit sinabi ni Ezra na "di-nagtagal at nagmukha itong pinaka-komportableng dampang maiisip ng sinuman."[27] Muling itinuon ni Ezra ang sarili sa kanyang pag-aaral. Wala pang isang taon, matapos ang maraming oras ng pag-aaral, lektyur, at pagsulat, nagtapos siya sa kanyang master's degree. Ang mag-asawa, na naghihintay na

maisilang ang kanilang unang anak, ay nagbalik sa bukirin ng mga Benson sa Whitney.

---

### Pagbabalanse ng mga Oportunidad sa Propesyon at mga Tungkulin sa Simbahan

Nang bumalik ang mga Benson sa Whitney, naging lubos na abala si Ezra sa araw-araw na pamamalakad sa bukid, na kinabilangan ng paggagatas sa mga baka, pag-aalaga ng mga baboy at manok, at pagtatanim ng mga sugar beet, butil, alfalfa, at iba pang tanim. Natawag si Orval na mag-full-time mission sa Denmark.

Wala pang dalawang taon kalaunan, inalok ng trabaho ng lokal na pamahalaan si Ezra bilang agricultural agent. Sa paghihikayat ni Flora, tinanggap ni Ezra ang posisyon, kahit nangahulugan iyon ng paglisan nila sa bukid at paglipat sa kalapit na lungsod ng Preston. Umupa siya ng isang magsasaka sa kanilang lugar na mamamahala sa bukid hanggang makabalik si Orval.

Kabilang sa mga bagong responsibilidad ni Ezra ang pagpapayo sa mga lokal na magsasaka tungkol sa mga problemang nakakaapekto sa kanilang ani. Higit sa anupaman, nadama niya na kailangan ng mga magsasaka na humusay sa pagbebenta—isang bagay na higit na kinailangan nang magsimula ang Great Depression, at isang bagay na kaya niyang ilaan dahil sa kaalaman niya sa agricultural economics. Hinikayat niya ang mga magsasaka na sumali sa mga samahan ng mga kooperatiba ng mga magsasaka, na matutulungan silang makatipid at makakuha ng pinakamagandang presyo para sa patrabaho.[28]

Ang mga kakayahan ni Ezra bilang lider sa larangan ng agrikultura ay nagbigay ng maraming oportunidad sa trabaho. Mula 1930 hanggang 1939, nagtrabaho siya bilang agricultural economist at specialist sa University of Idaho Extension Division sa Boise, ang kabisera ng Idaho. Ang mga responsibilidad na iyon ay natigil sa pagitan ng Agosto 1936 at Hunyo 1937, nang lumipat ang mga Benson sa California para makapag-aral ng agricultural economics si Ezra sa University of California sa Berkeley.

Kahit may mabibigat na responsibilidad sa trabaho at sa bahay, nag-ukol ng oras sina Ezra at Flora Benson na makapaglingkod sa

Simbahan. Sa Whitney, Preston, at Boise, tinawag silang magturo at mamuno sa mga kabataan.[29] Tinanggap nila ang mga tungkuling ito nang masigasig, na naniniwala na "ang mga kabataan ang ating kinabukasan."[30] Nagkaroon din ng pagkakataon si Ezra na makatulong sa gawaing misyonero doon.[31] Sa Boise, tinawag na maglingkod si Ezra bilang tagapayo sa stake presidency. Patuloy siyang naglingkod sa posisyong iyon noong nakatira sila ng kanyang pamilya sa California. Mabilis na lumago ang Boise Stake, at noong Nobyembre 1938, hinati ni Elder Melvin J. Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol ang stake sa tatlong stake. Si Ezra Taft Benson ang tinawag na maglingkod bilang isa sa mga stake president.

Noong Enero 1939, nagulat si Ezra nang alukin siyang maging executive secretary para sa National Council of Farmer Cooperatives sa Washington, D.C. Kinausap niya si Flora tungkol sa oportunidad na ito. Dahil dalawang buwan pa lang siyang naitalaga noon bilang stake president, humingi rin siya ng payo sa Unang Panguluhan. Hinikayat nila siyang tanggapin ang posisyon, kaya't nagpaalam silang mag-anak sa kanilang mga kaibigan sa Boise noong Marso 1939 at lumipat sa Bethesda, Maryland, malapit sa Washington, D.C. Noong Hunyo 1940 tinawag siyang muli bilang stake president, sa pagkakataong ito sa bagong tatag na Washington Stake sa Washington, D.C.

## Isang Mapagmahal at Nagkakaisang Pamilya

Laging isinasaisip nina Ezra at Flora Benson ang walang-hanggang kahalagahan ng relasyon nila sa isa't isa at sa kanilang mga anak, sa kanilang tumatandang mga magulang, at sa kanilang mga kapatid. Ang pagtutuon nila sa pananatiling nagkakaisa sa pamilya ay hindi lamang dahil sa tungkulin; mahal nila talaga ang isa't isa, at gusto nilang magkasama-sama—sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan.

Ang maraming responsibilidad ni Ezra sa mga tungkulin sa Simbahan at sa trabaho ay madalas siyang ilayo sa kanyang pamilya. Kung minsan pinatutunayan ito ng mga sinasabi ng kanyang bata pang mga anak. Halimbawa, nang paalis na siya para dumalo sa isang pulong ng Simbahan isang araw ng Linggo, sinabi ng anak niyang si Barbara, "Paalam, Itay. At bumalik po kayo ulit at bisitahin

kami balang-araw."[32] Isang hamon kay Flora ang palakihin ang anim na anak kahit madalas ay wala ang kanyang asawa, at paminsan-minsan ay inamin niyang siya ay "nalulungkot at medyo pinanghihinaan ng loob."[33] Sa kabila ng lahat ng iyon, itinangi niya ang kanyang mga tungkulin bilang asawa't ina, at nasiyahan siya sa katapatan ng kanyang asawa sa Panginoon at sa pamilya. Sa isang liham kay Ezra, isinulat niya: "Tulad ng dati parang ilang buwan ang mga araw simula nang umalis ka. . . . [Ngunit] kung lahat ng tao . . . ay nagmahal at ipinamuhay ang kanilang relihiyon na tulad mo, walang gaanong kalungkutan [at] pagdurusa. . . . Lagi kang napakatapat sa iyong pamilya at handa ka sa lahat ng oras na tulungan ang ibang nangangailangan."[34]

Ipinakita ni Ezra ang katapatang ito tuwing nasa bahay siya. Nagukol siya ng oras na makipagtawanan at makipaglaro sa kanyang anim na anak, makinig sa kanila, itanong ang opinyon nila tungkol sa mahahalagang isyu, magturo ng ebanghelyo, tumulong sa mga gawaing-bahay, at makasama ang bawat isa sa kanila. Nakadama ng kapanatagan at lakas ang mga anak sa nagkakaisang pagmamahal sa kanila ng kanilang mga magulang. (Dahil napakahalaga ng pamilya kay Ezra Taft Benson, ang aklat na ito ay naglalaman ng dalawang kabanata ng kanyang mga turo tungkol sa paksa. Ang mga kabanatang iyon, na pinamagatang "Kasal at Pamilya—Inorden ng Diyos" at "Ang mga Sagradong Tungkulin ng mga Ama at Ina," ay kinapapalooban ng paggunita ng mga batang Benson tungkol sa tahanang puno ng pagmamahal noong bata pa sila.)

---

## Ang Tawag na Maging Apostol

Noong tag-init ng 1943, umalis si Ezra papuntang Maryland kasama ang kanyang anak na si Reed upang libutin ang ilang kooperatiba ng mga magsasaka sa California bilang bahagi ng kanyang mga responsibilidad sa National Council of Farmer Cooperatives. Nagplano rin siyang kausapin ang mga lider ng Simbahan sa Salt Lake City at bisitahin ang mga miyembro ng pamilya sa Idaho.

Noong Hulyo 26, matapos maisagawa ang mga layunin ng kanilang biyahe, bumalik sila sa Salt Lake City bago umuwi. Nalaman nila na matagal na siyang hinahanap ni Pangulong David O. McKay,



*Ang Korum ng Labindalawang Apostol, sa pagitan ng Oktubre 1950 at Abril 1951. Nakatayo, mula kaliwa pakanan: Delbert L. Stapley; Henry D. Moyle; Matthew Cowley; Mark E. Petersen; Harold B. Lee; Ezra Taft Benson; Spencer W. Kimball. Nakaupo, mula kaliwa pakanan: John A. Widtsoe; Stephen L Richards; David O. McKay, Pangulo ng Korum ng Labindalawa; Joseph Fielding Smith, Gumaganap na Pangulo; Joseph F. Merrill; Albert E. Bowen.*

na nakausap ni Ezra wala pang dalawang linggo ang nakalipas. Tinawagan ni Ezra si Pangulong McKay, na nagsabi sa kanya na gusto siyang makausap ni Pangulong Heber J. Grant, na noon ay Pangulo ng Simbahan. Inihatid sina Ezra at Reed sa bahay-bakasyunan ni Pangulong Grant na ilang minuto lang ang layo mula sa Salt Lake City. Pagdating nila, "Agad inihatid si Ezra sa kuwarto ni Pangulong Grant, kung saan nagpapahinga ang matandang propeta. Sa utos ng Pangulo, isinara ni Ezra ang pinto at nilapitan ang propeta, at umupo sa silya sa tabi ng kama. Dalawang kamay na hinawakan ni Pangulong Grant ang kanang kamay ni Ezra at, puno ng luha ang mga mata, mahinahong sinabi, 'Brother Benson, buong puso kitang binabati at dalangin ko na pagpalain ka ng Diyos. Ikaw ang napili

na maging pinakabatang miyembro ng Kapulungan ng Labindalawang Apostol.' "[35]

Sa kanyang journal, isinalaysay ni Ezra ang karanasan:

"Parang hindi kapani-paniwala at napakabigat na tungkulin niyon. . . . Sa loob ng ilang minuto ang tanging nasabi [ko] ay, 'Ah, Pangulong Grant, imposible po iyan!' na malamang na ilang beses kong inulit-ulit bago ako nahimasmasan at naunawaan ko ang nangyari. . . . Matagal niyang hinawakan ang kamay ko habang pareho kaming lumuluha. . . . Sa loob ng mahigit isang oras na kaming dalawa lang ang naroon, halos buong oras kaming magiliw na magkahawak-kamay. Bagama't [siya ay] mahina na, malinaw at masigla ang kanyang isipan, at lubos akong humanga sa kanyang magiliw, mabait, at mapagpakumbabang espiritu habang tila inaarok niya ang aking kalooban.

"Nakadama ako ng panghihina at pagiging hindi karapat-dapat kaya't doble ang pasasalamat ko sa kapanatagan at katiyakang hatid ng mga sinabi niya sa akin. Bukod pa sa ibang mga bagay sinabi niya, 'May paraan ang Panginoon sa pagbibigay ng kakayahan sa mga taong tinatawag na mamuno.' Nang sa kabila ng panghihina ko ay nasabi kong mahal ko ang Simbahan sinabi niya, 'Alam namin iyan, at gusto ng Panginoon ang mga taong ibibigay ang lahat para sa Kanyang gawain.' "[36]

Matapos ang interbyung ito, inihatid sina Ezra at Reed sa bahay ni Pangulong McKay. Habang daan, hindi ikinuwento ni Ezra ang anumang pinag-usapan nila ni Pangulong Grant, at hindi naman nagtanong si Reed. Nang dumating na sila sa bahay ng mga McKay, sinabi ni Pangulong McKay kay Reed ang naganap. Pagkatapos ay nagyakap sina Ezra at Reed.

Balisa si Ezra noong gabing iyon habang nasa tren sila ni Reed pauwi. Kinabukasan, tinawagan niya si Flora at sinabi rito na tinawag siyang maging Apostol. "Napakasaya raw siguro niyon at sinabi niya na lubos ang tiwala niya na makakaya kong gampanan iyon," paggunita niya. "Napanatag ang kalooban ko nang makausap ko siya. Noon pa man ay mas malaki na ang tiwala niya sa akin kaysa sa tiwala ko sa sarili ko."[37]

Nang sumunod na ilang linggo, isinaayos nina Ezra at Flora ang paglipat sa Utah, at ginawa ni Ezra ang lahat para maayos na maturuan ang kahalili niya sa National Council of Farmer Cooperatives. Sila ni Spencer W. Kimball ay sinang-ayunan bilang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol noong Oktubre 1, 1943, at inorden silang Apostol noong Oktubre 7, na si Elder Kimball ang unang inorden.

Sa gayon nagsimula ang ministeryo ni Elder Ezra Taft Benson bilang isa sa "mga natatanging saksi ng pangalan ni Jesucristo sa buong daigdig" (D at T 107:23).

---

## Paglalaan ng Pagkain, Damit, at Pag-asa sa Europa Matapos ang Digmaan

Noong Disyembre 22, 1945, si Pangulong George Albert Smith, na siyang Pangulo ng Simbahan noon, ay nagtawag ng espesyal na pulong para sa Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol. Ipinaalam niya na nabigyang-inspirasyon ang Unang Panguluhan na magpadala ng Apostol na mangungulo sa European Mission at mangangasiwa sa mga gawain ng Simbahan doon. Natapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa pagsisimula ng taong iyon, at maraming bansa sa Europa ang nagbabangon pa lang mula sa laganap at napakalaking pinsalang idinulot ng digmaan. Si Elder Ezra Taft Benson, pakiramdam ng Unang Panguluhan, ang nararapat sa gawaing iyon.

Ang balitang ito ay "lubhang nakabigla" kay Elder Benson, na siyang pinakabago at pinakabatang miyembro ng korum. Tulad noong tawagin sa misyon ang tatay niya 34 na taon na ang nakalipas, sa tungkuling ito ay mahihiwalay siya sa kanyang pamilyang nagsisimula pa lamang. Hindi masabi ng Unang Panguluhan kung hanggang kailan siya mawawala. Gayunman, tiniyak niya sa kanila na susuportahan siya ng kanyang asawa't mga anak, at sinabi niyang handa siyang maglingkod.[38] Inilarawan niya kalaunan ang tungkuling tinanggap niya:

"Parang napakahirap ng gawain. Binigyan nila [ang Unang Panguluhan] kami ng apat na utos: Una, tugunan ang mga espirituwal na gawain ng Simbahan sa Europa; ikalawa, maglaan ng pagkain,



*Si Elder Benson, kanan, habang sinusuri ang mga suplay ng welfare sa Bergen, Norway*

damit, at kubrekama sa naghihirap na mga Banal sa lahat ng dako ng Europa; ikatlo, pamahalaan ang reorganisasyon ng iba't ibang mission sa Europa; at, ikaapat, maghanda sa pagbabalik ng mga missionary sa mga bansang iyon."[39] Ngunit binigyan siya ni Pangulong Smith ng nakapapanatag na pangakong ito: "Hindi ako nag-aalala sa iyo. Magiging ligtas ka roon tulad sa iba pang dako ng mundo kung pangangalagaan mo ang iyong sarili, at maisasagawa mo ang isang dakilang gawain."[40]

Inilarawan ni Elder Benson ang karanasan nang ibalita niya ito sa kanyang asawa at pamilya: "Sa magiliw at madamdaming pakikipag-usap sa aking asawa, na pinabanal ng mga luha, mapagmahal na nagpasalamat si Flora at tiniyak niya sa akin ang kanyang buong-pusong pagsuporta. Sa hapunan sinabi ko iyon sa mga bata, na nagulat, naging interesado, at lubos na sumuporta."[41]

Nang dumating si Elder Benson at ang kompanyon niyang si Frederick W. Babbel sa Europa, nalungkot sila sa karamdaman, karalitaan, at pinsalang nakita nila sa buong paligid nila. Halimbawa, sa liham niya kay Flora, ikinuwento ni Elder Benson ang mga ina

na nagpasalamat na makatanggap ng sabon, karayom at sinulid, at isang kahel. Matagal na silang hindi nakakita ng gayong mga bagay. Nakita ni Elder Benson na, sa kaunting rasyon na naibigay sa kanila noong araw, "nagtiis sila ng gutom para mas maraming maipakain sa kanilang mga anak na siyang gagawin ng isang tunay na ina."[42] Ikinuwento niya ang mga pagpupulong sa Simbahan sa "binombang [mga] gusali" na "napakadilim."[43] Ikinuwento niya ang mga refugee—"kaawa-awang mga kaluluwang itinaboy, . . . sapilitang pinaalis sa dati nilang masayang tahanan patungo sa mga lugar na hindi nila alam."[44] Ikinuwento rin niya ang mga himala sa gitna ng malalagim na bunga ng digmaan.

Isang himala ang kitang-kita sa buhay ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong Europa. Habang papunta roon, inisip ni Elder Benson kung paano siya tatanggapin ng mga Banal. "Puno kaya ng kapaitan ang kanilang puso? May poot kaya roon? Tumalikod na kaya sila sa Simbahan?" Sumigla siya sa kanyang dinatnan:

"Nang tingnan ko ang kanilang nakatingalang mga mukha, maputla, payat, marami sa mga Banal na ito ang sira-sira ang damit, ang ilan ay nakayapak, nakita ko ang liwanag ng pananampalataya sa kanilang mga mata nang magpatotoo sila sa kabanalan ng dakilang gawaing ito sa mga huling araw, at nagpasalamat sa mga pagpapala ng Panginoon. . . .

"Nakita namin na nagpatuloy sa buhay ang ating mga miyembro sa kagila-gilalas na paraan. Matatag ang kanilang pananampalataya, nag-ibayo ang kanilang dedikasyon, at di-mahihigitan ang kanilang katapatan. Kakatiting ang nakita naming kapaitan o kawalan ng pag-asa, kung mayroon man. Laganap ang diwa ng pakikisama at kapatiran sa lahat ng mission, at sa paglalakbay namin, ipinaabot ng mga Banal ang pagbati nila sa kanilang mga kapatid sa ibang mga bansa kahit ilang buwan lamang bago iyon ay magkaaway ang kanilang mga bansa." Maging ang mga refugee ay "kumanta ng mga awitin ng Sion nang . . . may sigla" at "sama-samang lumuhod sa panalangin gabi't araw at nagpatotoo . . . hinggil sa mga pagpapala ng ebanghelyo."[45]

Isa pang himala ang lakas ng programang pangkapakanan ng Simbahan. Ang programang ito, na nagsimula 10 taon na ang nakalilipas, ay nagligtas sa buhay ng maraming Banal sa mga Huling

Araw sa Europa. Nabiyayaan ang mga Banal dahil sinunod nila mismo ang alituntunin ng programang pangkapakanan. Nagtulungan sila sa oras ng pangangailangan, nagbahaginan ng pagkain, damit, at iba pang mga suplay, at nagtanim pa sila ng mga halaman sa mga binombang gusali. Nabiyayaan din sila dahil ang mga Banal sa mga Huling Araw sa iba't ibang panig ng mundo ay nagbigay ng mga suplay para matulungan sila—humigit-kumulang 2,000 toneladang suplay. Ikinuwento ni Elder Benson na naluha ang mga lider ng Simbahan sa nakitang pagkain na maipamamahagi nila sa mga miyembro doon, at sinabi niya na tumayo siya sa harap ng mga kongregasyon kung saan tinatayang 80 porsiyento ng lahat ng suot na damit ay nagmula sa programang pangkapakanan.[46] Sa isang mensahe niya sa pangkalahatang kumperensya nang makauwi siya, sinabi niya: "Mga kapatid, kailangan pa ba ninyo ng karagdagang katibayan ng pangangailangan natin sa programang ito at ng inspirasyong pinagmulan nito? . . . Sinasabi ko sa inyo na ang Diyos ang namamahala sa programang ito. Ito ay binigyang-inspirasyon!"[47]

Muling nakaranas sina Elder Benson at Brother Babbel ng isa pang paulit-ulit na himala nang buksan ng Panginoon ang daan para makapasok sila sa mga bansang winasak ng digmaan sa Europa. Paulit-ulit na humingi ng pahintulot si Elder Benson sa mga opisyal ng militar na makapasok sa ilang rehiyon para makipagkita sa mga Banal at mamahagi ng mga suplay. Paulit-ulit, pare-pareho lang ang sagot sa kanya ng mga pinunong iyon at ng iba pa: "Hindi mo ba alam na nagkaroon ng digmaan dito? Hindi pinapayagang pumasok ang mga sibilyan na hindi tagarito." At paulit-ulit, matapos niyang titigan sa mga mata ang mga pinunong iyon at mahinahong ipaliwanag ang kanyang misyon, sila ni Brother Babel ay pinayagang maglibot at magsagawa ng ipinagagawa sa kanila ng Panginoon.[48]

Makalipas ang 11 buwan, si Elder Benson ay hinalinhan ni Elder Alma Sonne, isang Assistant sa Labindalawa, na naglingkod sa Europa kasama ang asawa niyang si Leona. Naiwan si Brother Babbel para tulungan ang mga Sonne. Mula nang umalis ng Salt Lake City si Elder Benson noong Enero 29, 1946, hanggang sa bumalik siya noong Disyembre 13, 1946, nilakbay niya ang may kabuuang 61,236 milya (98,550 kilometro). Dama ni Elder Benson na nagtagumpay

ang misyon, ngunit mabilis niyang sinabi: "Alam ko kung bakit kami nagtagumpay sa mga ginawa namin. Hindi ko nadama kailanman na magagawa ko o ng mga kasamahan ko ang misyong ipinagawa sa amin kung wala ang kapangyarihan ng Maykapal."[49] Ang tagumpay ng misyon ay makikita sa lakas ng Simbahan sa mga bansa ng Europa, na bagong tatag at umuunlad. Makikita rin ang tagumpay sa buhay ng bawat Banal—mga indibiduwal na gaya ng taong minsan ay kinausap si Pangulong Thomas S. Monson makalipas ang maraming taon sa isang pulong sa Zwickau, Germany. Hiniling niya kay Pangulong Monson na ipaabot ang pagbati niya kay Ezra Taft Benson. Pagkatapos ay ibinulalas niya: "Iniligtas niya ang buhay ko. Binigyan niya ako ng pagkain at damit. Binigyan niya ako ng pag-asa. Pagpalain siya ng Diyos!"[50]

## Pagkamakabayan, Matalinong Pamumuno sa Pamahalaan, at Paglilingkod sa Pamahalaan ng Estados Unidos

Habang malayo sa pamilya si Elder Benson, naalala niya ang isang bagay na itinangi niya noon pang kabataan niya: ang pagkamamamayan niya sa Estados Unidos ng Amerika. Mula sa kanyang amang si George Taft Benson Jr., natutuhan niyang mahalin ang kanyang bayang sinilangan at ang mga alituntuning pinagtatagan dito. Nalaman niya na ang Konstitusyon ng Estados Unidos ng Amerika—ang dokumentong pinagsaligan ng mga batas ng bansa—ay naihanda na ng mga lalaking binigyang-inspirasyon. Itinangi niya ang karapatang bumoto, at hindi kinalimutan ang pag-uusap nila ng kanyang ama pagkatapos ng halalan. Hayagang sinuportahan ni George ang isang kandidato, at ipinagdasal pa nila sa panalangin ng pamilya ang taong ito. Nang malaman ni George na natalo sa halalan ang kanyang kandidato, narinig ni Ezra na ipinagdasal nito ang nanalong kandidato. Tinanong ni Ezra ang ama kung bakit niya ipinagdasal ang kandidatong hindi niya gusto. "Anak," sagot ni George, "palagay ko mas kailangan niya ang mga panalangin natin kaysa kandidato ko."[51]

Noong Abril 1948, ibinigay ni Elder Benson ang una sa kanyang maraming mensahe sa pangkalahatang kumperensya na nakatuon sa "ipinropesiyang misyon" ng Estados Unidos ng Amerika at sa kahalagahan ng kalayaan. Pinatotohanan niya na inihanda na ng



*Si Elder Benson na pinanunumpa bilang United States secretary of agriculture ni Chief Justice Fred M. Vinson, habang nakamasid si Pangulong Dwight D. Eisenhower*

Panginoon ang Estados Unidos "bilang kanlungan ng kalayaan" upang maipanumbalik doon ang ebanghelyo.[52] "Tayo ay mga alagad ng Prinsipe ng Kapayapaan," pagtuturo niya sa pagtatapos ng kanyang talumpati, "at dapat nating muling ilaan ang ating buhay sa pagpapalaganap ng katotohanan at kabutihan at pagpapanatili ng . . . kalayaan."[53] Sa sumunod na mga talumpati, binanggit niya ang Estados Unidos ng Amerika bilang "himpilan ng Panginoon sa pangangasiwa sa mga huling araw na ito."[54]

Nagbababala si Elder Benson tungkol sa mga nagbabantang panganib sa kalayaan sa Estados Unidos at sa buong mundo. Madalas siyang magsalita nang matigas laban sa pamahalaang may "mga sistemang gawang-tao na gumagamit ng puwersa," na "salungat sa mga walang-hanggang alituntunin."[55] Nagbababala rin siya tungkol sa iba pang mga impluwensyang nagbanta sa kalayaan, kabilang na ang mahahalay na libangan, kawalang-galang sa araw ng Sabbath, pagiging kampante at mga maling turo.[56] Hinikayat niya ang mga

Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo na gamitin ang kanilang impluwensya para makatulong sa pagtiyak na matatalino at mabubuting tao ang mahalal sa katungkulan sa pamahalaan.[57] Ipinahayag niya: "Ang epektibong pangangaral ng ebanghelyo ay magtatagumpay lamang kapag may kalayaan. Oo, sinasabi nating lahat, mahal natin ang kalayaan. Ngunit hindi sapat iyan. Dapat nating protektahan at pangalagaan yaong mahal natin. Dapat nating pangalagaan ang kalayaan."[58]

Noong Nobyembre 24, 1952, ang mga salitang mariing sinabi ni Elder Benson tungkol sa pagkamakabayan ay nasubukan nang anyayahan siyang maglingkod sa kanyang bansa. Naglakbay siya papuntang New York City sa paanyaya ni Dwight D. Eisenhower, na kahahalal na pangulo ng Estados Unidos. Iniisip kunin ni President-Elect Eisenhower si Elder Benson na maglingkod sa kanyang gabinete—sa madaling salita, maging isa sa kanyang matataas na tagapayo—sa katungkulan ng secretary of agriculture para sa buong bansa. Ikinarangal ni Elder Benson ang pagkilalang ito. "Ngunit," sabi niya kalaunan, "ayaw kong tanggapin ang trabaho. . . . Walang matinong tao, sabi ko sa sarili ko, na gugustuhing maging Secretary of Agriculture sa ganitong panahon. . . . Alam ko ang kaakibat ng posisyong iyan: mga pagtatalu-talo, matitinding tensyon, masasalimuot na problema. . . .

"Ngunit hindi lang mga problema at tensyon ang inaalala ko. Lahat tayo ay mayroon niyan. Tulad ng maraming Amerikano, atubili akong lubusang pumasok sa pulitika. Oo naman, gusto kong makitang mahalal at mahirang ang mga taong mataas ang mga pamantayan at mabuti ang pagkatao para patakbuhin ang pamahalaan, pero malaki ang kaibhan niyan sa pagsali ko mismo. . . .

"Gayunman, higit sa lahat, mas masaya ako sa gawaing ginagawa ko na bilang isa sa Kapulungan ng Labindalawa. . . . Wala na akong hangarin o layunin pang baguhin iyan."[59]

Bago makipagkita kay President-Elect Eisenhower, humingi ng payo si Elder Benson kay Pangulong David O. McKay, ang Pangulo ng Simbahan noon. Sinabi sa kanya ni Pangulong McKay: "Brother Benson, malinaw ang aking isipan sa bagay na ito. Kung dumating ang pagkakataon sa tamang diwa palagay ko dapat mo itong tanggapin."[60] Ang tuwirang payong ito, lakip ang likas na hangarin ni

Elder Benson na "mabisang ipaglaban ang [kanyang] mga paniniwala bilang isang Amerikano," ay naging sanhi ng tinawag niyang "pagtatalo ng kalooban."[61]

Nang magkita sina Mr. Eisenhower at Elder Benson sa unang pagkakataon, agad inialok ng president-elect kay Elder Benson ang katungkulang secretary of agriculture. Agad ding ibinigay ni Elder Benson ang mga dahilan kung bakit maaaring hindi siya ang nararapat sa trabahong iyon, ngunit hindi sumuko si President-Elect Eisenhower. Sabi niya: "May trabaho tayong gagawin. Ayaw kong maging Pangulo, sa totoo lang, nang magsimula ang tensyon. *Ngunit hindi ka makatatangging pagsilbihan ang Amerika.* Gusto kitang makatrabaho, at hindi ka maaaring tumanggi."[62]

"Hindi na ako nakatanggi," paggunita ni Elder Benson. "Ang mga kundisyon sa payo ni Pangulong McKay ay natugunan. Kahit sa palagay ko ay natanggap ko na sa aking Simbahan ang sa tingin ko ay mas malaking karangalan kaysa maibibigay ng pamahalaan, at sinabi ko iyon sa kanya, tinanggap ko ang responsibilidad na maglingkod bilang Secretary of Agriculture nang hindi hihigit sa dalawang taon—kung ganoon katagal niya ako kailangan."[63]

Matapos tanggapin ang katungkulan, agad sinamahan ni Elder Benson si President-Elect Eisenhower sa isang news conference, kung saan ipinabatid sa bansa ang pagkahirang sa kanya. Pagkatapos na pagkatapos ng conference, bumalik siya sa kanyang hotel. Tinawagan niya si Flora at sinabi rito na hiniling ni President-Elect Eisenhower na maglingkod siya at na tinanggap niya ang paanyaya.

Sagot nito: "Alam kong aalukin ka niya. At alam kong tatanggapin mo."

Ipinaliwanag niya: "Napakalaking responsibilidad nito—at maraming problemang idudulot ito sa atin."

"Alam ko," sabi nito, "ngunit mukhang kalooban ito ng Diyos."[64]

Tulad ng inasahan ni Elder Benson, ang trabaho niya bilang secretary of agriculture ay masalimuot na karanasan para sa kanya at sa kanyang pamilya. Ngunit iginiit niya na hindi niya tangkang "manalo sa pasikatan"—na gusto lang niyang "maglingkod sa agrikultura at sa Amerika"[65]—at sinunod niya ang personal na pangakong ito: "Magandang estratehiya ang manindigan sa tama, kahit

hindi ito tanggap ng marami. Marahil dapat kong sabihin, lalo na kapag hindi ito tanggap ng marami."[66] Mabuti na lang at hindi niya inisip na maging sikat; samantalang nanatili siyang matatag at tapat sa kanyang mga paniniwala, malaki ang ibinaba ng kasikatan niya sa mga pulitiko at mamamayan. Kung minsan, gusto siyang patalsikin ng mga tao sa kanyang katungkulan bilang secretary of agriculture.[67] Kung minsan naman, sinasabi ng mga tao na magiging magaling siyang bise presidente ng Estados Unidos.[68]

Maging sa kanyang papel bilang isang pinuno ng pamahalaan, hindi itinago ni Elder Benson ang mga pamantayan niya bilang Kristiyano, ang kanyang patotoo sa ipinanumbalik na ebanghelyo, at ang kanyang katapatan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Tuwing pupulungin niya ang kanyang mga kasamahan sa Department of Agriculture, nagsisimula ang pulong sa panalangin.[69] Pinadalhan niya si Pangulong Eisenhower ng mga talata mula sa Aklat ni Mormon na nagpropesiya ng tadhana ng Estados Unidos ng Amerika, at sinabi ng pangulo kalaunan na binasa niya ang mga ito "nang may napakalaking interes."[70] Nagbigay rin siya ng mga kopya ng Aklat ni Mormon sa maraming iba pang mga lider ng bansa.[71] Noong 1954, humingi ng pahintulot si Edward R. Murrow, isang kilalang tagapagbalita sa telebisyon sa Estados Unidos, kay Elder Benson na itampok ang pamilya Benson sa programa sa Biyernes ng gabi na "Person to Person." Tumanggi sina Elder at Sister Benson noong una, ngunit pumayag din sila kalaunan matapos makinig sa anak nilang si Reed, na itinuring ang paanyaya na isang malaking oportunidad sa gawaing misyonero. Noong Setyembre 24, 1954, pinanood ng mga mamamayan sa buong bansa ang live, at walang-ensayong family home evening sa tahanan ng mga Benson. Mas maraming natanggap na liham ng mga tagahanga si Mr. Murrow dahil sa programang iyon kaysa sa iba. Ang mga tao sa buong bansa at mula sa iba't ibang relihiyon ay sumulat para pasalamatan ang mga Benson sa kanilang natatanging halimbawa.[72]

Si Elder Benson ay naglingkod bilang secretary of agriculture sa loob ng walong taon, ang buong panahon na si President Eisenhower ang namuno sa Estados Unidos. Sinabi ni Pangulong Mckay na ang gawain ni Elder Benson ay "isasama sa kasaysayan na kapuripuri sa Simbahan at sa bansa."[73] Ginunita ni Elder Benson ang mga

panahong iyon na nakilala siya sa buong bansa at sinabi: "Mahal ko ang napakagandang lupaing ito. Isang karangalan sa akin ang maglingkod."[74] Sinabi rin niya, "Kung kailangan kong gawin itong muli, iyon pa rin ang landas na tatahakin ko."[75] Sa pag-asam sa kanyang patuloy na ministeryo bilang Apostol, sinabi niya, "Ngayon ay mailalaan [ko] na ang panahon ko sa tanging bagay na mas mahal ko kaysa agrikultura."[76]

Bagama't tapos na ang serbisyo ni Elder Benson sa pamahalaan noong 1961, ang pagmamahal niya sa kanyang bansa at ang alituntunin ng kalayaan ay nagpatuloy. Sa marami sa kanyang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, nagtuon siya sa mga paksang ito. Tinukoy niya ang Estados Unidos ng Amerika na "isang lupaing mahal ko nang buong puso."[77] Sinabi rin niya, "Itinatangi ko ang pagkamakabayan at pagmamahal sa bayan sa lahat ng lupain."[78] Nang payuhan niya ang lahat ng Banal sa mga Huling Araw na mahalin ang kanilang bansa, itinuro niya: "Ang pagkamakabayan ay hindi lang pagwawagayway ng bandila at matatapang na salita. Ito ay nasa paraan ng pagtugon natin sa mga isyung pampubliko. Ilaan nating muli ang ating sarili na maging makabayan sa tunay na kahulugan nito."[79] "Hindi tulad ng mga namumulitiko, ang tunay na respetadong pulitiko ay mas pinahahalagahan ang prinsipyo kaysa pagiging sikat at nagsisikap na gawing popular ang mga prinsipyo sa pulitika na tama at makatarungan."[80]

---

## Isang Natatanging Saksi ng Pangalan ni Cristo

Bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo, sinunod ni Elder Ezra Taft Benson ang utos na "magsiyaon . . . sa buong sanglibutan, at iyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal" (Marcos 16:15) at "buksan ang pintuan sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ebanghelyo ni Jesucristo" (D at T 107:35). Naglingkod siya sa maraming bahagi ng mundo, na naglilibot sa mga mission at nagtuturo sa mga tao.

Itinangi niya ang pribilehiyong makausap ang mga Banal sa mga Huling Araw. Sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya, sinabi niya: "Minsan ay nasabi ko sa aking asawa, pagkauwi ko mula sa pagbisita sa mga stake, na hindi ko talaga alam ang pakiramdam

ng mapunta sa langit, ngunit wala na akong ibang mahihiling pa roon kundi ang masiyahan at magalak na makahalubilo ang uri ng kalalakihan at kababaihang nakilala ko sa mga pamunuan ng mga stake at ward ng Sion at sa mga mission sa lupa. Tunay ngang labis tayong pinagpala."[81] Sa isa pa niyang mensahe, sinabi niya: "May tunay na diwa ng kapatiran at pagkakaibigan sa Simbahan. Napakalakas nito, bagama't tila hindi napapansin, ngunit totoong mayroon. Nadarama ko ito, maging ng aking mga kasama, kapag naglilibot kami sa mga stake at ward ng Sion at sa lahat ng mission sa daigdig. . . . Nariyan palagi ang damdamin ng pagkakaibigan at kapatiran. Isa ito sa magagandang bagay na kaugnay ng pagiging miyembro sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."[82]

Gustung-gusto rin ni Elder Benson na magpatotoo tungkol sa Tagapagligtas sa mga miyembro ng ibang relihiyon. Halimbawa, noong 1959 nilibot nila ni Sister Benson at ng apat na miyembro ng United States Department of Agriculture ang pitong bansa, kabilang na ang Soviet Union. Bagama't naroon siya dahil sa kanyang katungkulan bilang secretary of agriculture, ang kanyang patotoo bilang apostol ay umantig sa puso ng marami. Isinalaysay niya:

"Papunta sa airport noong huling gabi [namin] sa Moscow, binanggit ko . . . sa isa sa aming mga tour guide ang panghihinayang ko na hindi kami nagkaroon ng pagkakataong bisitahin ang isang simbahan sa Russia. Kinausap niya sandali ang tsuper, umikot ang sasakyan sa gitna ng kalsada at maya-maya pa ay huminto kami sa harap ng isang lumang gusali na plaster ang mga pader sa madilim at makipot na kalsadang pinalamutian ng maliliit at bilog na mga bato na di-kalayuan sa Red Square. Iyon ang Central Baptist Church.

"Maulan at masama ang panahon nang gabing iyon ng Oktubre at napakalamig ng hangin. Ngunit nang pumasok kami sa simbahan, nakita namin na puno iyon; nakatayo ang mga tao sa bulwagan, sa pasukan, at maging sa kalsada. Nalaman namin na tuwing Linggo, Martes, at Huwebes, sila-sila rin ang nagsisimba.

"Tiningnan ko ang mukha ng mga tao. Karamihan ay nasa katanghaliang-gulang at mas matanda pa ngunit nakakagulat na marami ring kabataan. Mga apat sa bawat lima ay kababaihan, na karamihan ay nakabandana ang ulo. Pinaupo kami sa lugar na katabi ng pulpito. . . .

"Nagsalita nang kaunti ang pastor, pagkatapos ay may tumugtog ng isa o dalawang nota sa organo at nagsimula ang isang himno na sabay-sabay na kinanta ng buong kongregasyon. Ang mapakinggang umawit ang isang libo hanggang 1500 tinig ay naging isa sa lubhang nakaaantig na mga karanasan sa buong buhay ko. Sa iisang pananalig namin bilang mga Kristiyano, malugod nila kaming binati na nag-alis ng lahat ng pagkakaiba sa wika, sa pamahalaan, sa kasaysayan. At nang hindi pa man lubusang nawawala sa akin ang pagkamanghang ito, hinilingan ako ng pastor, sa pamamagitan ng isang interpreter na nakatayo roon, na magsalita sa kongregasyon.

"Natagalan nang kaunti bago ako nagkaroon ng sapat na lakas ng loob na sumang-ayon. Pagkatapos ay sinabi ko, 'Napakabait ninyo para hilingan akong magsalita sa inyo.

" 'Ipinaaabot ko sa inyo ang pagbati ng milyun-milyong relihiyosong tao sa Amerika at sa iba't ibang panig ng mundo.' At mayamaya pa ay naging natural na lang sa akin ang magsalita sa mga kapwa Kristiyanong ito tungkol sa pinakasagradong mga katotohanang alam ng tao.

" 'Ang ating Ama sa Langit ay hindi malayo. Maaaring napakalapit Niya sa atin. Ang Diyos ay buhay, alam kong buhay Siya. Siya ang ating Ama. Si Jesucristo, ang Manunubos ng Sanlibutan, ang namamahala sa mundong ito. Gagabayan Niya ang lahat ng bagay. Huwag matakot, sundin ang Kanyang mga utos, mahalin ang isa't isa, manalangin para sa kapayapaan at magiging maayos ang lahat.'

"Habang isinasalin ang bawat pangungusap para sa kongregasyon, nakita kong kinuha ng kababaihan ang kanilang panyo at ayon sa pagkasabi ng isang nakamalas nito ay sinimulang 'iwagayway ang mga ito na parang isang ina na nagpapaalam sa kanyang kaisa-isang anak na lalaki.' Walang tigil ang pagtango nila habang inuusal ang *ja, ja, ja!* (oo, oo, oo!). Pagkatapos ay napansin ko sa unang pagkakataon na kahit ang patyo ay puno at maraming taong nakasandal sa pader. Tiningnan ko ang isang matandang babae sa harapan ko, na ang ulo ay balot ng simpleng lumang bandana, may balabal sa mga balikat, ang matanda at kulubot niyang mukha ay payapang sumasampalataya. Siya mismo ang kinausap ko.

"'Ang buhay na ito ay bahagi lamang ng kawalang-hanggan. Nabuhay na tayo bago tayo pumarito bilang mga espiritung anak ng Diyos. Mabubuhay tayong muli matapos nating lisanin ang buhay na ito. Kinalag ni Cristo ang mga gapos ng kamatayan at nabuhay Siyang mag-uli. Lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli.

"'Napakatibay ng pananalig ko sa panalangin. Alam ko na posibleng magsumamo at kumatok sa Di-Nakikitang Kapangyarihan na nagbibigay sa atin ng lakas at makakapitan sa panahon ng pangangailangan.' Sa bawat pangungusap na sinambit ko, tumango ang matanda. At matanda, mahina, at kulubot man ang kanyang balat, maganda ang babaeng iyon dahil sa kanyang katapatan.

"Hindi ko matandaan ang lahat ng sinabi ko, ngunit naaalala ko na naging magaan ang aking pakiramdam, nabigyang-inspirasyon ng kalalakihan at kababaihang ito na matatag na pinatutunayan ang kanilang pananampalataya sa Diyos na kanilang pinaglingkuran at minahal.

"Sa pagtatapos sinabi ko, 'Iniiwan ko sa inyo ang aking patotoo bilang lingkod ng Diyos sa loob ng maraming taon na mananatili ang katotohanan. Ang panahon ay nasa panig ng katotohanan. Nawa'y pagpalain kayo ng Diyos at ingatan kayo sa lahat ng araw ng inyong buhay, sa pangalan ni Jesucristo, Amen.'

"Doon ko tinapos ang maikling mensaheng iyon, dahil wala na akong masabi pa, at umupo na ako. Kasunod nito ay inawit ng kongregasyon ang paborito kong himno noong ako ay bata pa, ang 'Patnubayan Ka Nawa ng Diyos.' Nilisan namin ang Simbahan habang umaawit sila, at habang lumalakad kami sa pasilyo, ikinaway nila ang kanilang panyo bilang pamamaalam—tila lahat ng 1500 taong iyon ay kumaway sa amin nang paalis kami.

"Naging pribilehiyo kong magsalita sa harap ng mga miyembro ng iba't ibang simbahan sa lahat ng dako ng mundo, ngunit ang epekto ng karanasang iyon ay halos hindi ko mailarawan. Hinding-hindi ko malilimutan ang gabing iyon habang ako'y nabubuhay.

"Bihira kong madama, kung sakali man, ang pagkakaisa ng sangkatauhan at ang walang-katapusan at matinding pag-asam ng tao sa kalayaan tulad sa sandaling iyon. . . .

"Umuwi ako na desididong ikuwento ito nang madalas—dahil ipinapakita nito kung paano nananatili ang diwa ng kalayaan, kapatiran, at relihiyon sa kabila ng lahat ng pagtatangkang sirain ang mga ito."[83]

## Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Noong Disyembre 26, 1973, natanggap ni Elder Benson ang di-inaasahang balita na ang Pangulo ng Simbahan na si Pangulong Harold B. Lee ay biglang pumanaw. Dahil sa pagpanaw ni Pangulong Lee, ang mga tagapayo ng Unang Panguluhan ay nagbalik sa kanilang puwesto sa Korum ng Labindalawa. Apat na araw pagkaraan, itinalaga si Spencer W. Kimball bilang Pangulo ng Simbahan, at itinalaga si Ezra Taft Benson bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sa responsibilidad na ito, umako si Pangulong Benson ng karagdagang mga tungkulin sa pangangasiwa. Siya ang namuno sa lingguhang pulong ng korum at nag-ugnay-ugnay ng gawain ng kanyang mga kapatid, kabilang na ang mga tungkulin nilang mangulo sa mga stake conference at mission tour at tumawag ng mga stake patriarch. May ilang responsibilidad din siyang mamahala sa iba pang mga General Authority. Isang administrative staff ang nag-asikaso sa mga trabahong klerikal para tulungan siya at ang kanyang mga kapatid sa pag-organisa ng gawain.[84]

Sa isang pakikipagpulong sa Korum ng Labindalawa, ibinahagi ni Pangulong Benson ang saloobin niya tungkol sa paglilingkod bilang Pangulo nila: "Labis akong nag-alala tungkol sa malaking responsibilidad na ito—hindi ako natatakot, dahil alam ko na magtatagumpay tayo sa gawaing ito . . . kung gagawin natin ang lahat ng makakaya natin. Alam kong tutulungan tayo ng Panginoon, ngunit labis akong nag-aalala na pamunuan ang grupo ng kalalakihang tulad ninyo—mga natatanging saksi ng Panginoong Jesucristo."[85]

Sinamahan ni Pangulong Benson ang pagpapakumbabang ito ng masidhing panghihikayat na magpakasipag. Madalas siyang magbigay noon ng responsibilidad sa iba para may pagkakataon silang maglingkod. Inasahan niya ang pinakamahusay na magagawa ng kanyang mga pinamunuan, tulad ng inasahan niyang gagawin niya mismo. Ngunit kahit marami siyang inaasahan, mabait siya.

Pinakinggan niya ang mga opinyon ng kanyang mga kapatid, na hinihikayat na makibahagi ang lahat sa talakayan sa mga pulong ng korum. Sinabi nina Elder Boyd K. Packer, Russell M. Nelson, at Dallin H. Oaks, na mga bagong miyembro ng Korum ng Labindalawa noon sa ilalim ng kanyang pamumuno, na lagi niya silang hinihikayat na ibahagi ang kanilang mga opinyon, kahit naiiba ang kanilang mga ideya sa kanyang ideya.[86]

Nalaman ng mga miyembro ng Korum ng Labindalawa na ang pamumuno ni Pangulong Benson ay nakabatay sa hindi nagbabagong mga alituntunin. Halimbawa, paulit-ulit niyang sinabi, "Tandaan, mga Kapatid, sa gawaing ito ang Espiritu ang mahalaga."[87] At may isang pamantayan siyang pinagbabatayan sa lahat ng desisyon ng korum: itinanong niya, "Ano ang pinakamainam para sa Kaharian?" Sinabi ni Elder Mark E. Petersen, na kasama niyang naglingkod sa Korum ng Labindalawa, "Ang sagot sa tanong na iyan ang naging batayan ng pagpapasiya sa bawat mahalagang bagay na nakaharap ni Pangulong Benson sa buong buhay niya."[88]

---

## Pangulo ng Simbahan

Namatay si Pangulong Spencer W. Kimball noong Nobyembre 5, 1985, matapos ang matagal na pagkakasakit. Ang pamumuno ng Simbahan ay nakaatang na ngayon sa Korum ng Labindalawang Apostol, na si Pangulong Ezra Taft Benson ang Pangulo at senior member. Makalipas ang limang araw, sa sagrado at mapitagang pulong ng Korum ng Labindalawa sa Salt Lake Temple, itinalaga si Pangulong Benson bilang Pangulo ng Simbahan. Nabigyang-inspirasyon siyang hilingan si Pangulong Gordon B. Hinckley na maging kanyang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan at hilingan si Pangulong Thomas S. Monson na maging kanyang Pangalawang Tagapayo.

Matagal nang alam ni Pangulong Benson na mahina na ang kalusugan ni Pangulong Kimball, at umasa siya na muling lalakas ang kanyang kaibigan. "Hindi ko inasahang darating ang araw na ito," sabi ni Pangulong Benson sa press conference matapos siyang italaga bilang Pangulo ng Simbahan. "Walang tigil ang pagdarasal namin ng asawa kong si Flora na nawa'y humaba pa ang buhay ni



*Si Pangulong Benson at ang kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan: Pangulong Gordon B. Hinckley (kaliwa) at Pangulong Thomas S. Monson (kanan)*

Pangulong Kimball, at paghimalaan siyang muli. Ngayong nagpasiya na ang Panginoon, gagawin namin ang lahat, sa ilalim ng Kanyang patnubay, para maisulong ang gawaing ito sa daigdig."[89]

Sa kanyang unang pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan, ibinahagi ni Pangulong Benson ang kanyang unang pagtutuunan ng pansin sa pagsusulong ng gawain ng Panginoon. "Sa ating panahon," sabi niya, "ipinahayag ng Panginoon na kailangang bigyang-diing muli ang kahalagahan ng Aklat ni Mormon."[90]

Bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa, paulit-ulit na ipinangaral ni Pangulong Benson ang kahalagahan ng Aklat ni Mormon.[91] Bilang Pangulo ng Simbahan, lalo pa niyang pinag-ukulan ng pansin ang bagay na ito. Ipinahayag niya na "ang buong Simbahan [ay nasa] ilalim ng kaparusahan" dahil hindi sapat ang pag-aaral na ginagawa ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Aklat ni Mormon o hindi sapat ang pagtalima nila sa mga turo nito. Sabi niya: "Ang Aklat ni Mormon ay hindi pa naging sentro, o hindi pa nagiging sentro, ng ating personal na pag-aaral, pagtuturo sa pamilya, pangangaral, at gawaing misyonero. Dapat natin itong pagsisihan."[92]

Madalas niyang banggitin ang ipinahayag ni Propetang Joseph Smith na ang mga tao "ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat,"[93] at ipinaliwanag pa niya ang pangakong iyan. "May kapangyarihan sa aklat na iyon," sabi niya, "na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong dibdibang pag-aralan ang aklat."[94] Hinikayat niya ang mga Banal sa mga Huling Araw na "punuin ang mundo at [kanilang buhay] ng Aklat ni Mormon."[95]

Sa buong mundo, sinunod ng mga Banal sa mga Huling Araw ang payong ito mula sa kanilang propeta. Bunga nito, sila ay napalakas, bawat isa at lahat sila.[96] Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter: "May henerasyon ba, kabilang na ang mga hindi pa ipinanganganak, na lilingon sa pamumuno ni Pangulong Ezra Taft Benson at hindi maiisip kaagad ang pagmamahal niya sa Aklat ni Mormon? Marahil walang Pangulo ng Simbahan mula kay Propetang Joseph Smith na nakagawa ng higit pa upang maituro ang mga katotohanan ng Aklat ni Mormon, na ipaaral ito araw-araw sa lahat ng miyembro ng Simbahan, at 'punuin ang mundo' sa pamamahagi nito."[97]

Nakaugnay nang husto sa patotoo ni Pangulong Benson sa Aklat ni Mormon ang kanyang patotoo kay Jesucristo. Sa panahong hindi tinanggap ng maraming tao ang "pagiging Diyos ng Tagapagligtas," ipinahayag niya na "ang banal at inspiradong aklat na ito ay isang saligang bato sa pagpapatotoo sa mundo na si Jesus ang Cristo."[98] Mula nang maorden siyang Apostol noong 1943, masigasig nang pinatotohanan ni Pangulong Benson na ang Tagapaglitas ay buhay. Bilang Pangulo ng Simbahan, pinatotohanan niya si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala nang may panibagong lakas at kasigasigan. Hinikayat niya ang mga Banal na "gawing gabay si Cristo" at "magpasakop kay Cristo,"[99] at "mamuhay na nakatuon kay Cristo."[100] Sa pagsasalita tungkol sa Tagapagligtas, sinabi niya, "Mahal ko siya nang buo kong kaluluwa."[101]

Itinuro din ni Pangulong Benson ang iba pang mga paksa nang may kasigasigan at sigla. Nagbabala siya laban sa panganib na dulot ng kapalaluan. Nagpatotoo siya tungkol sa walang-hanggang kahalagahan ng pamilya. Itinuro niya ang mga alituntunin ng

pananampalataya at pagsisi at binigyang-diin na kailangan ang katapatan sa gawaing misyonero.

Bagama't hindi siya nagsalita tungkol sa Estados Unidos ng Amerika na kasindalas ng ginawa niya noong nagsisimula pa lang siya sa kanyang ministeryo, ginunita niya ang ika-200 anibersaryo ng paglagda sa Konstitusyon ng Estados Unidos sa pagsasalita tungkol sa paksang ito sa pangkalahatang kumperensya ng Simbahan noong Oktubre 1987. At patuloy niyang minahal ang kalayaan at tunay na pagiging makabayan sa buong mundo. Noong mga huling taon ng 1980s at mga unang taon ng 1990s, nagalak siya sa balita na bumagsak na ang Berlin Wall at ang mga mamamayan sa Russia at silangang Europa ay mas malaya na ngayon, at mas bukas na ang mga pamahalaan sa iba't ibang relihiyon.[102]

Nagbigay ng mga mensahe si Pangulong Benson sa mga partikular na grupo ng mga miyembro ng Simbahan. Simula noong Abril 1986, naghanda siya ng mga sermon para sa mga kabataang lalaki, kabataang babae, ina, home teacher, ama, binata, dalaga, bata, at matanda. Ayon kay Pangulong Howard W. Hunter: "Nagsalita siya sa bawat isa at may malasakit siya sa lahat. Nagsalita siya sa kababaihan ng Simbahan at sa kalalakihan. Nagsalita siya sa matatanda. Nagsalita siya sa mga wala pang asawa, sa mga kabataan, at gustung-gusto niyang magsalita sa mga bata sa Simbahan. Nagbigay siya ng napakaganda at personal na payo sa lahat ng miyembro ng Simbahan, anuman ang kani-kanilang kalagayan sa buhay. Ang mga sermon na iyon ay patuloy na magpapalakas at gagabay sa atin kapag pinagnilayan natin ang mga ito sa darating na mga taon."[103]

Naluha si Pangulong Benson nang makatanggap siya ng liham mula sa isang pamilyang naimpluwensyahan ng isa sa kanyang mga mensahe. Sa liham, ikinuwento ng isang bata pang ama na pinanonood nilang mag-asawa ang pangkalahatang kumperensya sa telebisyon. Ang kanilang tatlong-taong-gulang na anak ay naglalaro sa kalapit na silid, kung saan napapakinggan sa radyo ang kumperensya. Matapos pakinggan ang mensahe ni Pangulong Benson sa mga bata, pumunta ang ina at ama sa silid na pinaglalaruan ng kanilang anak. Ang batang musmos ay "tuwang-tuwang nag-ulat, 'Sabi po ng lalaki sa radyo, kahit nagkamali tayo, mahal pa rin tayo ng ating Ama sa Langit.' Ang simpleng mga katagang iyon," sabi ng

ama, "ay tumatak at naging makahulugan sa isipan ng aming anak. Kapag tinatanong ko siya hanggang ngayon kung ano ang sinabi ni Pangulong Benson, iyon pa rin ang tuwang-tuwang isinasagot niya. Napapanatag siyang malaman na may mabait at mapagmahal siyang Ama sa Langit."[104]

Hindi nagtagal matapos ang pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1988, inatake si Pangulong Benson at hindi na nakapagsalita sa publiko dahil dito. Nakadalo siya sa mga pangkalahatang kumperensya at iba pang mga pagtitipon nang ilang panahon. Sa mga kumperensya ng taong 1989, binasa ng kanyang mga tagapayo ang mga sermon na inihanda niya. Simula noong 1990, ipinarating ng mga tagapayo niya ang kanyang pagmamahal sa mga Banal at bumanggit sila mula sa kanyang nakaraang mga sermon. Ang kumperensya ng Abril 1991 ang huling nadaluhan niya. Mula noon, hindi na siya gaanong makakilos at pinanood na lang sa telebisyon ang mga kaganapan.[105]

Paggunita ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Tulad ng inaasahan, nagsimulang manghina ang kanyang katawan dahil sa katandaan. Hindi na siya makalakad na tulad ng dati. Hindi na siya makapagsalita na tulad ng dati. Unti-unti siyang nanghina, ngunit siya pa rin ang propetang pinili ng Panginoon habang siya ay nabubuhay."[106] Ginabayan nina Pangulong Hinckley at Pangulong Thomas S. Monson ang Simbahan gamit ang awtoridad na itinalaga sa kanila ni Pangulong Benson, ngunit walang mga pagbabagong ginawa ang Simbahan na hindi ipinaalam at inihingi ng pahintulot kay Pangulong Benson.[107]

Habang patuloy na humihina ang katawan ni Pangulong Benson, humina rin ang katawan ni Flora, at pumanaw siya noong Agosto 14, 1992. Wala pang dalawang taon kalaunan, noong Mayo 30, 1994, pumanaw na rin si Pangulong Benson, at ang kanyang katawan ay inilibing sa tabi ng puntod ni Flora sa kanilang pinakamamahal na bayan ng Whitney. Sa burol ni Pangulong Benson, ginunita ni Pangulong Monson: "Minsan ay sinabi niya sa akin, 'Brother Monson, tandaan mo, anuman ang imungkahi ng iba, gusto ko sa Whitney, Idaho, ako malibing.' Pangulong Benson, tinutupad namin ngayon ang kahilingang iyan. Ang kanyang katawan ay uuwi sa Whitney,

ngunit ang kanyang walang-hanggang espiritu ay uuwi sa Diyos. Walang alinlangan na kasama na niyang nagagalak ngayon ang kanyang pamilya, mga kaibigan, at ang pinakamamahal niyang si Flora. . . .

"Ang batang magsasaka na naging propeta ng Diyos ay nakauwi na. Salamat sa Diyos sa mga alaalang iniwan niya sa atin."[108]

## *Mga Tala*


1. Robert D. Hales, "A Testimony of Prophets," Hunyo 5, 1994, speeches.byu.edu; tingnan din sa Twila Van Leer, "Church Leader Buried beside Wife, Cache Pays Tribute as Cortege Passes," *Deseret News,* Hunyo 5, 1994.
2. Gordon B. Hinckley, "Farewell to a Prophet," *Ensign,* Hulyo 1994, 37–38.
3. Ezra Taft Benson, "Godly Characteristics of the Master," *Ensign,* Nob. 1986, 46.
4. Margaret Benson Keller, sa Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 34.
5. Ezra Taft Benson, "Godly Characteristics of the Master," 47–48.
6. Ezra Taft Benson, "Scouting Builds Men," *New Era,* Peb. 1975, 15–16.
7. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 44.
8. Tingnan sa "After 60 Years 'Still in Love,'" *Church News,* Set. 14, 1986, 4, 10.
9. Ezra Taft Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 58.
10. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 55; tingnan din sa kabanata 7 sa aklat na ito.
11. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 59.
12. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 59.
13. Ezra Taft Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 62.
14. Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography,* 59.
15. Ezra Taft Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 53.
16. Ezra Taft Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 63.
17. Flora Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 75.
18. Flora Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 79.
19. Ezra Taft Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 79.
20. Eugene J. Neff, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 84.
21. Eugene J. Neff, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 87.
22. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 87.
23. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 87.
24. Flora Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 96.
25. Flora Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 88.
26. Flora Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 89.
27. Ezra Taft Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 92.
28. Francis M. Gibbons, *Ezra Taft Benson: Statesman, Patriot, Prophet of God* (1996), 85–89.
29. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 99–100, 101, 115.
30. Ezra Taft Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 115.
31. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 100.
32. Barbara Benson Walker, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 130.
33. Flora Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 121.
34. Flora Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 121.
35. Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography,* 174; kabilang na ang mga sipi mula sa sariling journal ni Ezra Taft Benson, Hulyo 26, 1943.
36. Ezra Taft Benson, personal journal, Hulyo 26, 1943; sinipi sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 174–75; iniayon sa pamantayan ang pagbabaybay.

37. Ezra Taft Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 176.
38. Tingnan sa Ezra Taft Benson, *A Labor of Love: The 1946 European Mission of Ezra Taft Benson* (1989), 7.
39. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1947, 152–53.
40. George Albert Smith, sa *A Labor of Love,* 7.
41. Ezra Taft Benson, *A Labor of Love,* 7–8.
42. Ezra Taft Benson, *A Labor of Love,* 120.
43. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1947, 154.
44. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1947, 155.
45. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1947, 153–55.
46. Tingnan sa Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1947, 155–56.
47. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1947, 156.
48. Tingnan sa Frederick W. Babbel, *On Wings of Faith* (1972), 28–33, 46–47, 106–8, 111–12, 122, 131–34, 136, 154.
49. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1947, 152.
50. Thomas S. Monson, "President Ezra Taft Benson—A Giant among Men," *Ensign,* Hulyo 1994, 36.
51. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 37.
52. Tingnan sa Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1948, 83.
53. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1948, 86.
54. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1962, 104.
55. Tingnan sa Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1948, 85.
56. Tingnan sa Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1962, 104–5.
57. Tingnan sa Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Okt. 1954, 121.
58. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Okt. 1962, 19.
59. Ezra Taft Benson, *Cross Fire: The Eight Years with Eisenhower* (1962), 3–4.
60. David O. McKay, sa *Cross Fire,* 5.
61. Ezra Taft Benson, *Cross Fire,* 10.
62. Dwight D. Eisenhower, sa *Cross Fire,* 12.
63. Ezra Taft Benson, *Cross Fire,* 12.
64. Ezra Taft Benson, *Cross Fire,* 13.
65. Ezra Taft Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 355.
66. Ezra Taft Benson, sa Sheri Dew, "President Ezra Taft Benson: Confidence in the Lord," *New Era,* Ago. 1989, 36.
67. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 313, 345.
68. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 331.
69. Tingnan sa kabanata 2 sa aklat na ito.
70. Dwight D. Eisenhower, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 292.
71. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 292.
72. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 297–99.
73. David O. McKay, sa *Cross Fire,* 519.
74. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1961, 113.
75. Ezra Taft Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 358.
76. Ezra Taft Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 355.
77. Ezra Taft Benson, "A Witness and a Warning," *Ensign,* Nob. 1979, 31.
78. Ezra Taft Benson, "The Constitution—A Glorious Standard, *Ensign,* Mayo 1976, 91.
79. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1960, 99.
80. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Okt. 1968, 17.
81. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Okt. 1948, 98.
82. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Okt. 1950, 143–44.
83. Ezra Taft Benson, *Cross Fire,* 485–88.
84. Tingnan sa Francis M. Gibbons, *Statesman, Patriot, Prophet of God,* 270–71.
85. Ezra Taft Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 430–31.
86. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 429–30.
87. Ezra Taft Benson, sa Thomas S. Monson, "A Provident Plan—A Precious Promise," *Ensign,* Mayo 1986, 63.
88. Mark E. Petersen, "President Ezra Taft Benson," *Ensign,* Ene. 1986, 2–3.

89. Ezra Taft Benson, sa *Church News,* Nob. 17, 1985, 3.
90. Ezra Taft Benson, "A Sacred Responsibility," *Ensign,* Mayo 1986, 78.
91. Tingnan, halimbawa, sa, "The Book of Mormon Is the Word of God," *Ensign,* Mayo 1975, 63–65; "A New Witness for Christ," *Ensign,* Nob. 1984, 6–8; tingnan din sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 491–93.
92. Ezra Taft Benson, "Cleansing the Inner Vessel," *Ensign,* Mayo 1986, 5–6.
93. Joseph Smith, sinipi sa pambungad sa Aklat ni Mormon.
94. Ezra Taft Benson, "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," *Ensign,* Nob. 1986, 7.
95. Ezra Taft Benson, "Beware of Pride," *Ensign,* Mayo 1989, 4.
96. Tingnan sa kabanata 10 sa aklat na ito.
97. Howard W. Hunter, "A Strong and Mighty Man," *Ensign,* Hulyo 1994, 42.
98. Ezra Taft Benson, "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," 4, 5.
99. Ezra Taft Benson, "Born of God," *Ensign,* Hulyo 1989, 4.
100. Ezra Taft Benson, "Come unto Christ," *Ensign,* Nob. 1987, 84.
101. Ezra Taft Benson, "Jesus Christ: Our Savior and Redeemer," *Ensign,* Hunyo 1990, 6.
102. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Drama on the European Stage," *Ensign,* Dis. 1991, 16.
103. Howard W. Hunter, "A Strong and Mighty Man," 42.
104. Thomas S. Monson, "The Lord Bless You," *Ensign,* Nob. 1991, 87.
105. Tingnan sa Francis M. Gibbons, *Statesman, Patriot, Prophet of God,* 315.
106. Gordon B. Hinckley, "Farewell to a Prophet," 40.
107. Tingnan sa Francis M. Gibbons, *Statesman, Patriot, Prophet of God,* 317–18.
108. Thomas S. Monson, "President Ezra Taft Benson—A Giant among Men," *Ensign,* Hulyo 1994, 36.



*Tulad ng itinuro ng Tagapagligtas sa binatang mayaman, ipinapakita nating mahal natin ang Panginoon kapag tinutulungan natin ang ibang tao (tingnan sa Mateo 19:16–21).*

# Ang Dakilang Utos— Mahalin ang Panginoon

*"Kapag inuna natin ang Diyos sa ating buhay, lahat ng iba pang bagay ay nalalagay sa tamang lugar o naglalaho sa ating buhay."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Nabanaag sa buhay ni Pangulong Ezra Taft Benson ang pagmamahal niya sa Panginoon at ang kanyang matatag na katapatan sa pamumuhay ng ebanghelyo. Minsan ay sinabi ng isang kamag-anak, "Para kay Ezra at sa kanyang pamilya ang relihiyon ay ganap na pamumuhay—isang bagay na ipamumuhay nang pitong araw sa isang linggo. Ito ang una niyang isinasaalang-alang kapag oras nang gumawa ng mga desisyon."[1]

Napansin din ng mga hindi kapamilya ng mga Benson ang pagmamahal ni Pangulong Benson sa Panginoon. Noong 1939, nang stake president pa si Pangulong Benson, inanyayahan siya sa Washington, D.C., para kausapin ang mga direktor ng National Council of Farmer Cooperatives. "Matapos siyang kilatisin at pagtatanungin, inalok siya ng board of trustees na maging executive secretary ng organisasyong iyon. . . . Bagama't natuwa siya sa alok na ito sa kanyang paglilingkod, ayaw niya itong tanggapin. Sa pagkaunawa niya, kakailanganin sa trabaho ang makihalubilo sa mga mambabatas na idinadaan sa mga cocktail party, na hindi tugma sa kanyang relihiyon.

"'Mr. Benson,' sagot ni Judge John D. Miller, pinuno ng grupo, 'kaya nga ikaw ang pinili namin. Alam namin ang mga pamantayan mo.' Dahil lubos na tiniyak ng board na hindi siya aasahang alamin ang mga problema sa agrikultura nang nakikipag-inuman, natuwa

siyang tanggapin ang posisyon, ngunit matapos lamang sumangguni sa Unang Panguluhan at sa kanyang maybahay."[2]

Itinuro ni Pangulong Benson na ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Panginoon kapag handa tayong sundin ang Kanyang kalooban. Sabi niya: "Sana'y taos-pusong masabi ng bawat Banal sa mga Huling Araw: 'Tutungo ako saanman. Bibigkasin ko ang Inyong nais. Susundin ang Inyong utos' [tingnan sa *Mga Himno,* blg. 171]. Kung magagawa nating lahat iyan, matitiyak natin ang lubos na kaligayahan dito at kadakilaan sa kahariang selestiyal ng Diyos sa kabilang-buhay."[3]

Sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 1988—ang mensahe na pinagbatayan ng kabanatang ito—nagtuon si Pangulong Benson sa una at dakilang utos: mahalin ang Diyos. Hinggil sa mensaheng ito, napansin ni Elder Francis M. Gibbons ng Pitumpu, "Lahat ng pinaghirapan ni Pangulong Ezra Taft Benson, lahat ng kanyang pinanindigan, at lahat ng kanyang inasam—para sa kanyang sarili, sa kanyang pamilya, at sa Simbahan—ay nasa mensaheng ito."[4]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

**1**

### Ang una at dakilang utos ay mahalin ang Panginoon.

*Ang pinakamalaking pagsubok sa buhay* ay pagsunod sa Diyos. "Susubukin natin sila," sabi ng Panginoon, "upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos" (Abraham 3:25).

*Ang pinakamalaking tungkulin sa buhay* ay alamin ang kalooban ng Panginoon at sundin iyon pagkatapos.

*Ang una at dakilang utos sa buhay* ay mahalin ang Panginoon.

"Lumapit kay Cristo," ang tagubilin ni Moroni sa kanyang pangwakas na patotoo, ". . . at [ibigin] ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas" (Moroni 10:32).

Ito, kung gayon, ang una at dakilang utos: "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo, at ng buong lakas mo" (Marcos 12:30;

tingnan din sa Mateo 22:37; Deuteronomio 6:5; Lucas 10:27; Moroni 10:32; D at T 59:5).

Iyon ang dalisay na pag-ibig ni Cristo, na tinatawag na pag-ibig sa kapwa-tao, na pinatototohanan ng Aklat ni Mormon na pinakadakila sa lahat—na hindi nagkukulang kailanman, na nagtitiis magpakailanman, na dapat taglayin ng lahat ng tao, at na kung wala nito ay wala silang kabuluhan (tingnan sa Moroni 7:44–47; 2 Nephi 26:30).

"Kaya nga, mga minamahal kong kapatid," pagsamo ni Moroni, "manalangin sa Ama nang buong lakas ng [inyong] puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo; upang kayo ay maging mga anak ng Diyos; na kung siya ay magpapakita, tayo ay magiging katulad niya" (Moroni 7:48).

Sa mga huling salaysay tungkol sa mga Jaredita at Nephita, itinala ni Moroni na maliban kung magkaroon ang mga tao nitong dalisay na pag-ibig ni Cristo, na tinatawag na pag-ibig sa kapwa-tao, hindi nila mamanahin ang lugar na inihanda ni Cristo sa mga mansiyon ng Kanyang Ama ni maliligtas sila sa kaharian ng Diyos (tingnan sa Eter 12:34; Moroni 10:21).

Ang bungang kinain ni Lehi sa kanyang pangitain at pumuspos sa kanyang kaluluwa ng labis na kagalakan at kanais-nais sa lahat ay ang pag-ibig ng Diyos.[5]

Kapag naiisip ko ang pag-ibig sa kapwa, naiisip ko . . . ang aking ama at ang araw na tinawag siyang magmisyon [tingnan sa mga pahina 5–7 sa aklat na ito]. Palagay ko sasabihin ng ilan sa mundo na ang pagtanggap niya sa tawag na iyon ay katunayan na hindi niya talaga mahal ang kanyang pamilya. Ang iwanang mag-isa sa bahay ang pitong anak at buntis na asawa nang dalawang taon, paano iyan matatawag na tunay na pagmamahal? Ngunit mas dakila ang pananaw ng aking ama tungkol sa pagmamahal. Batid niya na "lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios" (Mga Taga Roma 8:28). Batid niya na ang pinakamagandang magagawa niya para sa kanyang pamilya ay ang sundin ang Diyos.[6]



*Handang magpakulong si Jose ng Egipto kaysa itatwa ang kanyang katapatan sa Diyos.*

Ang mahalin ang Diyos nang inyong buong puso, kaluluwa, pag-iisip, at lakas ay nangangailangan ng inyong buong enerhiya sa lahat ng aspeto. Kailangan dito ang buong katapatan ninyo. Ito'y buong katapatan ng ating buong pagkatao—sa katawan, isipan, damdamin, at espiritu—na mahalin ang Panginoon.

Ang lawak, lalim, at laki ng pagmamahal na ito sa Diyos ay sumasaklaw sa bawat aspeto ng buhay ng isang tao. Ang ating mga hangarin, espirituwal man o temporal, ay dapat mag-ugat sa pagmamahal sa Panginoon. Ang ating iniisip at pagmamahal ay dapat nakasentro sa Panginoon. "Lahat ng iyong nasasaisip ay ituon sa Panginoon," sabi ni Alma, "oo, ang pagmamahal sa iyong puso ay mapasa-Panginoon magpakailanman" (Alma 37:36).[7]

## 2

**Ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Diyos kapag inuuna natin Siya sa ating buhay.**

Bakit inuna ng Diyos ang unang utos? Dahil batid Niya na kung tunay natin Siyang mahal nanaisin nating sundin ang lahat ng iba pa Niyang mga utos. "Sapagka't ito ang pagibig sa Diyos," sabi ni Juan, "na ating tuparin ang kaniyang mga utos" (I Ni Juan 5:3; tingnan din sa II Ni Juan 1:6).

Kailangan nating unahin ang Diyos nang higit sa lahat sa ating buhay. Kailangang Siya ang una, tulad ng ipinahayag Niya sa una sa Kanyang Sampung Utos: "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko" (Exodo 20:3).

Kapag inuna natin ang Diyos, lahat ng iba pang bagay ay nalalagay sa tamang lugar o naglalaho sa ating buhay. Ang pagmamahal natin sa Panginoon ang magiging batayan ng mga bagay na ating kinagigiliwan, ng ating panahon, ng mga hangaring ating inaasam, at ng pagkakasunud-sunod ng ating mga priyoridad.

Dapat nating unahin ang Diyos kaysa sa *lahat ng iba pa* sa ating buhay.

Noong nasa Egipto si Jose, ano ang inuna niya sa kanyang buhay—ang Diyos, ang kanyang trabaho, o ang asawa ni Potiphar? Nang tangkain ng babae na akitin siya, tumugon siya sa pagsasabing, "Paano ngang aking magagawa itong malaking kasamaan, at kasalanan laban sa Dios?" (Genesis 39:9).

Nabilanggo si Jose dahil inuna niya ang Diyos. Kung naharap kaya tayo sa gayon ding sitwasyon, saan kaya tayo unang magiging tapat? Uunahin kaya natin ang Diyos kaysa kasiguruhan, kapayapaan, pagnanasa, kayamanan, at mga papuri ng mga tao?

Nang mapilitang pumili si Jose, mas ginusto niyang bigyang-kasiyahan ang Diyos kaysa ang asawa ng kanyang amo. Kapag kailangan nating pumili, mas sabik ba tayong bigyang-kasiyahan ang Diyos kaysa sa ating amo, guro, kapitbahay, o kadeyt natin?

Sabi ng Panginoon, "Ang umiibig sa Ama o sa ina ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin; at ang umiibig sa anak na lalake o anak na babae ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin"

(Mateo 10:37). Ang isa sa pinakamahihirap na pagsubok sa lahat ay kapag kailangan ninyong magpasiya kung bibigyang-lugod ninyo ang Diyos o ang isang taong mahal o iginagalang ninyo—lalo na ang isang miyembro ng pamilya.

Si Nephi ay naharap sa pagsubok na iyan at nakayanan itong mabuti nang sumandaling bumulung-bulong ang kanyang butihing ama laban sa Panginoon (tingnan sa 1 Nephi 16:18–25). Nanatiling tapat si Job sa Panginoon kahit sinabihan siya ng kanyang asawa na itakwil ang Diyos at mamatay siya (tingnan sa Job 2:9–10).

Sabi sa banal na kasulatan, "Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina" (Exodo 20:12; tingnan din sa Mosias 13:20). Kung minsan kailangang piliin ng isang tao na igalang ang Ama sa Langit kaysa kanyang ama sa lupa.

Dapat nating unahin ang Diyos, ang Ama ng ating mga espiritu, sa ating buhay. Siya ang may unang karapatan bilang magulang sa ating walang-hanggang kapakanan, kaysa lahat ng iba pang maaaring ibigkis sa atin dito o sa kabilang-buhay.

Ang Diyos, na ating Ama; si Jesus, na ating Nakatatandang Kapatid at Manunubos; at ang Espiritu Santo, na Nagpapatotoo, ay sakdal. Sila ang lubos na nakakakilala at nagmamahal sa atin at hindi nila hahayaang hindi magawa ang isang bagay para sa ating walang-hanggang kapakanan. Hindi ba't sila ang dapat nating unahing mahalin at igalang dahil dito?

May matatapat na miyembrong sumapi sa Simbahan sa kabila ng mga pagtutol ng mga kamag-anak nila rito sa lupa. Sa pag-uuna sa Diyos, marami ang kalaunan ay naging mga kasangkapan sa pagakay sa mga mahal sa buhay na iyon tungo sa kaharian ng Diyos.

Sinabi ni Jesus, "Ginagawa kong lagi ang mga bagay na sa [Diyos ay] nakalulugod" (Juan 8:29).

Ano ang sitwasyon sa ating mga tahanan? Sinisikap ba nating unahin ang Panginoon at pasayahin Siya?

Mga ama, malulugod ba ang Panginoon kung araw-araw na nagdarasal at nagbabasa ng mga banal na kasulatan ang inyong pamilya? At nagdaraos din ba kayo ng lingguhang home evening at paminsan-minsang nag-uukol ng panahon sa inyong asawa at

bawat anak? At kung pansamantalang naligaw ng landas ang inyong anak, palagay ba ninyo malulugod ang Panginoon at papupurihan Niya ang inyong mga pagsisikap kung palaging uliran ang inyong pamumuhay, lagi kayong nagdarasal at madalas kayong mag-ayuno para sa anak na iyon, at palaging nasa temple prayer roll ang kanyang pangalan?

Kayong mga ina, na lalong may pananagutan sa mabuting pagpapalaki sa mga kabataan ng Sion, inuuna ba ninyo ang Diyos kapag ginagampanan ninyo ang inyong banal na tungkulin? . . . Inuuna ng ating mga ina ang Diyos kapag tinutupad nila ang pinakadakila nilang misyon sa loob ng sarili nilang mga tahanan.

Mga anak, ipinagdarasal ba ninyo ang inyong mga magulang? Sinisikap ba ninyong suportahan sila sa kanilang mararangal na adhikain? Magkakamali sila, kagaya ninyo, ngunit may banal na misyon silang isasakatuparan sa inyong buhay. Tutulungan ba ninyo silang magawa iyon? Bibigyang-dangal ba ninyo ang kanilang pangalan at aaliwin at susuportahan sila sa kanilang katandaan?

Kung nais kang pakasalan ng isang tao sa labas ng templo, sino ang sisikapin mong mapasaya—ang Diyos o ang tao? Kung igigiit mong makasal sa templo, malulugod ang Panginoon at mapagpapala ang taong iyon. Bakit? Dahil ang taong iyon ay maaaring maging karapat-dapat na magpunta sa templo—na magiging isang pagpapala—o kaya'y iiwanan ka—na maaaring maging isa ring pagpapala—dahil hindi dapat naisin ng sinuman sa inyo na makipamatok sa hindi ninyo kasampalataya (tingnan sa II Mga Taga Corinto 6:14).

Dapat kayong maging karapat-dapat para sa templo. Sa gayon malalaman ninyo na walang sinumang sapat ang kabutihan para pakasalan ninyo sa labas ng templo. At kung gayon nga kabuti ang mga taong iyon, sisikapin din nilang maging karapat-dapat na makasal sa templo.[8]

3

**Kapag pinipili nating unahin ang Diyos sa ating buhay, saganang dumarating ang Kanyang mga pagpapala.**

Matutuklasan ng mga lalaki at babaeng isinusuko ang kanilang buhay sa Diyos na mas marami Siyang magagawa sa kanilang buhay

kaysa magagawa nila. Palalalimin Niya ang kanilang mga kagalakan, palalawakin ang kanilang pananaw, pasisiglahin ang kanilang mga isipan, palalakasin ang kanilang mga kalamnan, pasisiglahin ang kanilang espiritu, pararamihin ang kanilang mga pagpapala, daragdagan ang kanilang mga oportunidad, aaliwin ang kanilang mga kaluluwa, bibigyan sila ng mga kaibigan, at magbubuhos ng kapayapaan. Sinuman ang mawalan ng buhay sa paglilingkod sa Diyos ay makasusumpong ng buhay na walang-hanggan.[9]

Iniutos ng Diyos kay Abraham na isakripisyo si Isaac. Kung mas mahal ni Abraham si Isaac kaysa sa Diyos, papayag kaya siya? Gaya ng sinabi ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan, ngayo'y kapwa nakaupo sina Abraham at Isaac bilang mga diyos (tingnan sa D at T 132:37). Handa silang mag-alay o maialay ayon sa utos ng Diyos. Mas malalim ang pagmamahal at paggalang nila sa isa't isa dahil kapwa sila handang unahin ang Diyos.

Itinuturo sa Aklat ni Mormon na "talagang kinakailangan, na may pagsalungat sa lahat ng bagay" (2 Nephi 2:11)—kaya nga mayroon nito. Ang pagsalungat ay naglalaan ng mga pagpipilian, at ang mga pagpipilian ay may mga bunga—na mabuti o masama.

Ipinaliwanag sa Aklat ni Mormon na ang mga tao "ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao, o piliin ang pagkabihag at kamatayan, alinsunod sa pagkabihag at kapangyarihan ng diyablo" (2 Nephi 2:27).

Mahal tayo ng Diyos; kinamumuhian tayo ng diyablo. Nais ng Diyos na maging ganap ang ating kagalakan tulad Niya. Nais ng diyablo na maging kaaba-aba tayo tulad niya. Binibigyan tayo ng Diyos ng mga kautusan para pagpalain tayo. Gusto ng diyablo na suwayin natin ang mga utos na ito para sumpain tayo.

Araw-araw, palagi, pumipili tayo ayon sa ating mga hangarin, iniisip, at ginagawa kung nais ba nating pagpalain o sumpain tayo, maging maligaya o masaya. Ang isa sa mga pagsubok sa buhay ay hindi tayo karaniwang lubusang pinagpapala kaagad dahil sa kabutihan o lubusang isinusumpa dahil sa kasamaan. Tiyak namang darating ito, ngunit kadalasan ay may panahon ng paghihintay, tulad ng nangyari kina Job at Jose.

Samantala, inaakala ng masasama na matatakasan nila ang kanilang ginawa. Itinuturo sa Aklat ni Mormon na ang masasama ay "mayroon[g] kagalakan sa kanilang mga gawa nang kaunting panahon, [ngunit] maya-maya ang wakas ay darating, at sila ay puputulin at ihahagis sa apoy, kung saan ay walang makababalik" (3 Nephi 27:11).

Sa panahong ito ng pagsubok ang mabubuti ay kailangang patuloy na mahalin ang Diyos, magtiwala sa Kanyang mga pangako, magtiyaga, at mapanatag, tulad ng sinabi ng makata, na "ang gumagawa ng gawain ng Diyos ay gagantimpalaan ng Diyos." . . .

Pinatototohanan ko sa inyo na ang gantimpala ng Diyos ang pinakamagandang gantimpalang alam ng mundong ito o ng iba pang mga mundo. At dumarating lamang ito nang lubos na sagana sa mga taong minamahal at inuuna ang Panginoon.

*Ang pinakamalaking pagsubok sa buhay* ay pagsunod sa Diyos.

*Ang dakilang tungkulin sa buhay* ay alamin ang kalooban ng Panginoon at sundin iyon pagkatapos.

*Ang dakilang utos sa buhay* ay, "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo, at ng buong lakas mo" (Marcos 12:30).

Nawa'y pagpalain tayo ng Diyos na unahin ang unang utos at, bunga nito, magtamo ng kapayapaan sa buhay na ito at ng buhay na walang-hanggan na may lubos na kagalakan sa buhay na darating.[10]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sa bahagi 1, nagtuturo si Pangulong Benson tungkol sa "dakila at pangunang utos" (Mateo 22:38). Sa palagay ninyo bakit dapat manguna ang utos na ito para sa atin? Anong mga kabatiran ang makukuha ninyo sa pag-uugnay ni Pangulong Benson sa pag-ibig sa kapwa at sa kautusang ito?
- Ano ang kahulugan sa inyo ng "unahin ang Diyos"? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa bahagi 2.) Kailan ninyo nakita na "lahat

ng iba pang bagay ay nalalagay sa tamang lugar o naglalaho sa ating buhay" kapag inuuna natin ang Diyos?

- Pagnilayan ang mga pangako ni Pangulong Benson sa mga taong "isinusuko ang kanilang buhay sa Diyos" (bahagi 3). Anong mga halimbawa ang nakita na ninyo sa mga taong nagsuko ng kanilang buhay sa Diyos? Sa paanong paraan ginawang mas mabuti ng Diyos ang mga taong iyon kaysa magagawa nila sa kanilang sarili?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Josue 24:14–15; Mateo 6:33; 7:21; Juan 14:15, 21–24; 17:3; I Mga Taga Corinto 2:9; 1 Nephi 3:7; Moroni 10:32

*Tulong sa Pagtuturo*

"Tiyakin na hindi kayo naniniwala na kayo ang 'totoong guro.' Iyan ay isang malaking pagkakamali. . . . Mag-ingat na hindi kayo nakasasagabal. Ang pangunahing papel na ginagampanan ng isang guro ay ihanda ang daan nang sa gayon ang mga tao ay magkaroon ng espirituwal na karanasan sa Panginoon" (Gene R. Cook, sinipi sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 51).

## *Mga Tala*

1. *Descendants of the George T. Benson Jr. Family* (1968), n.p.
2. Merlo J. Pusey, "Ezra Taft Benson: A Living Witness for Christ," *Improvement Era,* Abr. 1956, 269.
3. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 344.
4. Francis M. Gibbons, *Ezra Taft Benson: Statesman, Patriot, Prophet of God* (1996), 313.
5. Sa Conference Report, Abr. 1988, 3; tingnan din sa *Ensign,* Mayo 1988, 4.
6. "Godly Characteristics of the Master," *Ensign,* Nob. 1986, 47–48.
7. Sa Conference Report, Abr. 1988, 3; tingnan din sa *Ensign,* Mayo 1988, 4.
8. Sa Conference Report, Abr. 1988, 3–5; tingnan din sa *Ensign,* Mayo 1988, 4–6.
9. "Jesus Christ—Gifts and Expectations," *Ensign,* Dis. 1988, 4.
10. Sa Conference Report, Abr. 1988, 5–6; tingnan din sa *Ensign,* Mayo 1988, 6; taludtod mula sa tula ni Denis A. McCarthy na sinipi sa Ralph S. Cushman, *The Message of Stewardship* (1922), 191.

# Manalangin Tuwina

*"Mapagpakumbaba kong hinihimok ang lahat . . . na manatiling malapit sa ating Ama sa Langit sa pamamagitan ng panalangin."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

"Sa buong buhay ko ang payo na umasa sa panalangin ang pinakamahalaga na yata sa lahat ng payong natanggap ko," sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson. "Naging bahagi na ito ng aking pagkatao, isang angkla, na pinaghuhugutan palagi ng lakas, at ang batayan ng kaalaman ko sa mga bagay na banal.

" 'Tandaan mo na anuman ang gawin mo o saanman ka man naroon, hinding-hindi ka nag-iisa' ang pamilyar na payo sa akin ng aking ama noong bata pa ako. 'Ang ating Ama sa Langit ay laging nariyan lang. Makakahiling kayo at matatanggap ninyo ang Kanyang tulong sa pamamagitan ng panalangin.' Nalaman ko na ang payong ito ay totoo. Salamat sa Diyos at makakahiling tayo at makakaasa sa di-nakikitang kapangyarihang iyon, na kung wala ay hindi magagawa ng sinumang tao ang lahat ng kanyang magagawa."[1]

Sinunod ni Pangulong Benson ang payong ito sa bawat aspeto ng kanyang buhay. Nang mahirang siya bilang secretary of agriculture ng Estados Unidos, pumili siya "nang may panalangin at buong pag-iingat" ng isang grupo ng kalalakihang tutulong sa kanya, "na hinihiling sa Diyos na bigyan [siya] ng kakayahang makahiwatig."[2] Sa una nilang miting, nagtanong siya "kung may tutol na simulan ang kanilang mga miting sa panalangin. Walang tumutol. Kaya nga nasimulan ang gawaing ito na ipinagpatuloy [niya] nang walong taon. Inanyayahan niya ang bawat tauhan na magsalitan sa pag-aalay ng pambungad na panalangin."[3] Pinahalagahan ng kanyang mga kasamahan ang gawaing ito, kahit hindi sila komportable rito noong una. Inamin ng isang tauhan kalaunan na hindi pa nakapagdasal



*"Kung nais nating maragdagan ang ating kabanalan—na kasihan tayong lalo ng Diyos—walang makakahalili sa panalangin."*

nang malakas ang ilan sa kalalakihan simula noong bata sila. "Mali-mali at nangapa kami ng aming sasabihin," wika niya. "Ngunit hindi ipinahalata ni Boss [Pangulong Benson] kailanman na napansin niya ito. At pagkaraan ng ilang pagdarasal, nasanay na ang lahat. Nakatulong ba iyon? Masasabi ko na kapag sinimulan ninyo ang isang miting sa gayong paraan, hindi ipipilit ng mga tao ang sarili nilang opinyon. Mabilis kayong magkakasundo kung ano ang *nararapat* gawin sa anumang sitwasyon."[4]

Ang mga kapatid ni Pangulong Benson sa Unang Panguluhan at sa Korum ng Labindalawang Apostol ay natulungan din sa likas niyang pagkamadasalin. Sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley, na naglingkod bilang Unang Tagapayo ni Pangulong Benson sa Unang Panguluhan:

"Lumuhod ako na kasama niya at narinig ko na siyang manalangin.

"Laging kasiya-siya ang mga panalangin niya. Halos walang naiba, halos lahat ay pasasalamat. Kakaunti lang ang hiniling niya. Napakarami niyang pinasasalamatan.

"Pinasalamatan niya ang Panginoon para sa buhay, sa pamilya, sa ebanghelyo, sa pananampalataya, sa pagsikat ng araw at pag-ulan, sa mga biyaya ng kalikasan, at sa pagmamahal ng tao sa kalayaan. Pinasalamatan niya ang Panginoon para sa mga kaibigan at kasamahan. Nagpahayag siya ng pagmamahal sa Tagapagligtas at pasasalamat sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Pinasalamatan niya ang Panginoon para sa pagkakataong paglingkuran ang mga tao."[5]

Bumuo ng tahanan si Pangulong Benson at ang kanyang maybahay na si Flora kung saan lahat ay nananalangin, nang mag-isa at nang sama-sama. Napuna ng kanilang anak na si Mark: "Kapag lumuhod si Itay para manalangin, hindi siya nagmamadali. May kahulugan ang lahat ng kanyang sinasabi. Malinaw na nakikipag-ugnayan siya sa ating Ama sa langit."[6] Tinuruan nina Pangulo at Sister Benson ang kanilang mga anak na manalangin para sa personal na patnubay at lakas at para din sa isa't isa. Minsa'y napuna ng isang kaibigan ng pamilya ang impluwensya ng mga turong iyon nang dumalo siya sa isang sesyon ng pangkalahatang kumperensya kasama ang mga Benson. Isinulat niya:

“Isang araw ng Abril . . . , natuklasan ko ang isang pinagkukunan ng lakas ng isang General Authority.

“Nakaupo ako sa tabi ng anim na anak ni Elder Ezra Taft Benson, at isa sa kanila ay roommate ko sa kolehiyo. Nadagdagan ang tuwa ko nang tumayo si Pangulong [David O.] McKay at sinabi kung sino ang susunod na tagapagsalita. Buong galang kong minasdan si Elder Benson, na hindi ko pa nakikilala, habang palapit siya sa mikropono. Matangkad siya, mahigit anim na talampakan ang taas. Isa siyang . . . lalaking kilala sa buong daigdig bilang Secretary of Agriculture ng Estados Unidos at isang natatanging saksi ng Panginoon, isang lalaking mukhang panatag at may kumpiyansa, isang taong nakapagsalita na sa mga mamamayan sa buong mundo. Walang anu-ano’y may humawak sa braso ko. Isang batang babae ang humilig sa akin at agad bumulong, ‘Ipagdasal po ninyo si Itay.’

“Medyo nagulat, naisip ko, ‘Ang mensaheng ito ay ipinasa-pasa, at kailangan kong ipasa iyon. Sasabihin ko bang, “Ipagdasal si Elder Benson”? Sasabihin ko bang, “Dapat mong ipagdasal ang iyong ama”?’ Dahil nadama kong kailangang kumilos kaagad, humilig ako at bumulong lang ng, ‘Ipagdasal po ninyo si Itay.’

“Minasdan ko ang pagpapasa ng bulong na iyon hanggang sa umabot sa kinauupuan ni Sister Benson, na nakayuko na. . . .

“Sa paglipas ng mga taon, sumapit at natapos ang mga pangkalahatang kumperensya, at tuwing tatayo si Pangulong Benson, naisip ko, ‘Ang kanyang mga anak, na nakakalat sa buong kontinente, ay nagkakaisang ipinagdarasal ngayon ang kanilang ama.’ ”[7]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

### Itinuro ni Jesus na dapat tayong manalangin sa tuwina.

Sa Kanyang ministeryo sa lupa, tinuruan tayo ni Jesus ng isang huwaran sa panalangin:

“Sa ganitong pamamaraan magsidalangin kayo: Ama namin na nasa langit, sambahin ang pangalan ninyo.

“Dumating nawa ang kaharian mo. Mangyari ang inyong kalooban dito sa lupa katulad ng sa langit.

"Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw.

"At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin.

"At huwag mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama: Sapagka't iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailan man. Amen." (Mat. 6:9–13.)

Itinuro pa Niya, "[Ang mga tao'y] dapat magsipanalanging lagi, at huwag manganglupaypay." (Lucas 18:1.)

"Mangagpuyat at magsipanalangin," sabi Niya, " upang huwag kayong magsipasok sa tukso." (Mat. 26:41.)

Sa dispensasyong ito ipinayo Niya, "Manalangin tuwina at nang huwag magkaroon ang masama ng kapangyarihan sa inyo, at alisin kayo sa inyong kinalalagyan." (D at T 93:49.)

Ipinahayag ng Tagapagligtas kay Joseph Smith, "Walang bagay na magagawa ang tao na makasasakit sa Diyos, o wala sa kaninuman ang pag-aalab ng kanyang poot, maliban sa yaong mga hindi kumikilala sa kanyang ginawa sa lahat ng bagay, at hindi sumusunod sa kanyang mga kautusan." (D at T 59:21.)

May itinuro sa atin ang ating nagbangong Panginoon nang magministeryo Siya sa mga Nephita sa Western Hemisphere: "Kinakailangan kayong mag-ingat at laging manalangin, na baka kayo ay matukso ng diyablo, at maakay niya kayong palayo na bihag niya. . . .

"Kinakailangan kayong mag-ingat at laging manalangin na baka kayo ay madala sa tukso; sapagkat nais ni Satanas na kayo ay maging kanya, upang matahip niya kayo na katulad ng trigo.

"Kaya nga, kinakailangan na lagi kayong manalangin sa Ama sa aking pangalan;

"At anuman ang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan, na tama, naniniwalang inyong tatanggapin, masdan, ipagkakaloob ito sa inyo." (3 Ne. 18:15, 18–20.)[8]

Kung nais nating madagdagan ang ating kabanalan—na lalo tayong kasihan ng Diyos—walang makahahalili sa panalangin. Kaya't hinihikayat ko kayo na inyong unahin ang panalangin—araw-araw na panalangin—lihim na panalangin—sa inyong buhay. Huwag



*"Kailangan natin ang nakadadalisay na impluwensyang nagmumula sa . . . pagdarasal ng buong pamilya."*

hayaang lumipas ang araw nang wala nito. Ang pakikipag-ugnayan sa Maykapal ang pinagmulan ng lakas, inspirasyon, at kaliwanagan ng kalalakihan at kababaihan sa kasaysayan ng mundo na siyang humubog sa mga tadhana ng mga indibiduwal at bansa para sa kabutihan.[9]

**2**

### Ang mga pamilyang nagdarasal nang sama-sama ay binibiyayaan ng mas matitibay na bigkis ng pagmamahalan at kapayapaan ng langit.

Sinabi ng Panginoon na responsibilidad ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak na manalangin [tingnan sa D at T 68:28]. Hindi ibig sabihin nito na mga lihim na panalangin lamang. Natitiyak ko na ang ibig sabihin nito ay magturo sa pamamagitan ng halimbawa sa mga panalangin ng pamilya. Kailangan natin ang

nakadadalisay na impluwensyang nagmumula sa katapatan sa tahanan—pagdarasal ng buong pamilya.[10]

Kailangan nating lumuhod at manalangin bilang pamilya, araw at gabi. Ang pagdaragdag ng ilang salita lamang sa pagbabasbas sa pagkain, na nakakaugalian sa ilang lugar, ay hindi sapat. Kailangan nating lumuhod at manalangin at magpasalamat.[11]

Noon pa man at hanggang ngayon ay panalangin na ang saligan ng lakas at pinagkukunan ng gabay sa mga aktibidad ng aming pamilya. Naaalala ko pa ang pagluhod sa tabi ng kama ng aming mga anak, at tinutulungan namin sila sa pagdarasal noong bata pa sila, at kalaunan ay nakikita naming tinutulungan ng mga nakatatanda ang kanilang nakababatang mga kapatid. Nanalangin kaming magpapamilya sa araw at gabi, at binigyan namin ng pagkakataon ang mga bata na mamuno sa panalangin, at nagkaroon kami ng espesyal na mga panalangin para malutas ang partikular na mga problema. Binanggit namin sa panalangin ng pamilya, halimbawa, ang mga batang may mga tungkulin [sa Simbahan]. . . . Humihingi kami ng tulong kapag may mahirap na pagsusulit ang isa sa mga bata sa high school. Binabanggit din namin lalo na ang mga miyembro ng pamilya [na] malayo sa amin. . . . Ang espesyal na pagbanggit sa partikular na mga alalahanin sa mga panalangin ng aming pamilya ay nagdulot ng tiwala, katiyakan, at lakas sa mga miyembro ng pamilya na may mahihirap na problema at tungkulin.[12]

Ang mga sigalutan at pagkainis sa araw na iyon ay naglalaho kapag sama-samang dumudulog ang mga pamilya sa Diyos. Nadaragdagan ang pagkakaisa. Tumitibay ang bigkis ng pagmamahalan at pagmamalasakit at nadarama ang kapayapaan ng langit.

Sa gayong mga tahanan, lihim na nagdarasal ang mga miyembro ng pamilya sa araw at gabi. Ang mga problema ng bawat isa at ng pamilya ay nilulutas nang may tiwala matapos hilingin ang tulong ng langit. Ang puso ng mga kabataang nakikibahagi sa panalangin ng pamilya ay wala nang hangaring gumawa ng masama kapag umaalis sila sa gabi para maglibang. Ang mga [kabataang] ito ang pipigil sa grupo kapag nagkaroon ng nakakaakit na mga tukso. Ang mga magulang na pinaliligiran ng mabuting impluwensya ang mga anak sa araw-araw na pagdarasal ay tumutulong sa pagprotekta sa . . . tahanan.[13]

3

## Maaari nating pagbutihin ang ating pakikipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit.

Narito ang limang paraan para mapagbuti ang ating pakikipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit:

1. *Dapat tayong manalangin nang madalas.* Dapat tayong manalangin nang mag-isa sa ating Ama sa Langit nang kahit dalawa o tatlong beses sa isang araw—"umaga, tanghali, at gabi," tulad ng itinuturo sa banal na kasulatan. (Alma 34:21.) Bukod pa rito, sinabihan tayong manalangin tuwina. (Tingnan sa 2 Ne. 32:9; D at T 88:126.) Ibig sabihin ay dapat mapuspos ang ating puso, sa patuloy na pagdarasal sa ating Ama sa Langit. (Tingnan sa Alma 34:27.)

2. *Dapat tayong humanap ng angkop na lugar para magnilay-nilay at manalangin.* Pinayuhan tayo na dapat itong gawin "sa [ating] mga silid, at sa [ating] mga lihim na lugar, at sa [ating] mga ilang." (Alma 34:26.) Ibig sabihin, dapat itong gawin nang malayo sa ingay, nang lihim. (Tingnan sa 3 Ne. 13:5–6.)

3. *Dapat nating ihanda ang ating sarili sa panalangin.* Kung wala tayong ganang manalangin, dapat tayong manalangin hanggang sa magkaroon tayo ng hangaring manalangin. Dapat tayong magpakumbaba. (Tingnan sa D at T 112:10.) Dapat tayong humingi ng kapatawaran at awa. (Tingnan sa Alma 34:17–18.) Kailangan nating patawarin ang sinumang kinasasamaan natin ng loob. (Tingnan sa Marcos 11:25.) Subalit may babala sa mga banal na kasulatan na mawawalan ng saysay ang ating mga dalangin kung ating "tatalikuran ang mga nangangailangan, at ang hubad, at hindi [natin] dinadalaw ang may karamdaman at naghihirap, at [hindi ibinabahagi] ang [ating] kabuhayan." (Alma 34:28.)

4. *Ang ating mga dalangin ay dapat maging makabuluhan at may kaugnayan sa kasalukuyang sitwasyon.* Dapat nating iwasang gumamit ng paulit-ulit na mga salita sa bawat panalangin. Sinuman sa atin ay sasama ang loob kung paulit-ulit ang sinasabi ng isang kaibigan sa atin bawat araw, na itinuturing ang pag-uusap na isang gawain, at hindi makapaghintay na matapos iyon para mabuksan ang telebisyon at kalimutan tayo. . . .

Ano ang dapat nating ipagdasal? Dapat tayong manalangin tungkol sa ating trabaho, laban sa kapangyarihan ng ating mga kaaway at ng diyablo, para sa ating kapakanan at ng mga nasa paligid natin. Dapat tayong humingi ng payo sa Panginoon hinggil sa lahat ng ating mga desisyon at aktibidad. (Tingnan sa Alma 37:36–37.) Dapat tayong lubos na magpasalamat para sa lahat ng mayroon tayo. (Tingnan sa D at T 59:21.) Dapat nating kilalanin ang Kanyang impluwensya sa lahat ng bagay. Ang hindi pagpapasalamat ay isa sa ating malalaking kasalanan.

Sinabi ng Panginoon sa makabagong paghahayag: "At siya na tumatanggap ng lahat ng bagay nang may pasasalamat ay gagawing maluwalhati; at ang mga bagay sa mundong ito ay idaragdag sa kanya, maging isandaang ulit, oo, higit pa." (D at T 78:19.)

Dapat tayong humiling ng kailangan natin, na tinitiyak na hindi tayo humihiling ng mga bagay na magpapahamak sa atin. (Tingnan sa Santiago 4:3.) Dapat tayong humingi ng lakas na makayanan ang ating mga problema. (Tingnan sa Alma 31:31–33.) Dapat nating ipagdasal ang kabutihan at kapakanan ng Pangulo ng Simbahan, ng mga General Authority, ng ating stake president, bishop, quorum president, mga home teacher, mga miyembro ng pamilya, at mga pinuno ng bansa. Makapagbibigay ng iba pang mga mungkahi, ngunit sa tulong ng Espiritu Santo malalaman natin kung ano ang ating ipagdarasal. (Tingnan sa Rom. 8:26–27.)

5. *Matapos humiling sa panalangin, responsibilidad nating tumulong na maipagkaloob ito.* Dapat tayong makinig. Marahil habang nakaluhod tayo, nais ng Panginoon na payuhan tayo.[14]

4

## Nasasaisip tayo ng Diyos at handa Siyang tumugon sa ating mga dalangin kapag nagtiwala tayo sa Kanya at ginawa natin ang tama.

May kapangyarihan sa panalangin. Lahat ng bagay ay posible sa pamamagitan ng panalangin. Sa pamamagitan ng panalangin nabuksan ang kalangitan sa dispensasyong ito. Ang panalangin ng isang labing-apat na taong gulang na batang lalaki, sa Sagradong Kakayuhan, ang nagbukas ng bagong dispensasyon ng ebanghelyo,

at nagbunga ng pangitain tungkol sa Ama at sa Anak, nang magpakita sila bilang niluwalhating mga nilalang mula sa langit sa harapan ng batang si Joseph [tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–17].[15]

Pinatototohanan ko, mga kapatid at mga kaibigan, na talagang dinirinig at sinasagot ng Diyos ang mga panalangin. Hindi ko pinagalinlanganan ang katotohanang iyan kailanman. Mula sa pagkabata, sa kandungan ng aking ina kung saan ko unang natutuhang manalangin; noong binatilyo ako; noong missionary ako sa ibang bansa; bilang ama; bilang pinuno sa Simbahan; bilang pinuno ng pamahalaan, alam ko nang walang alinlangan na posibleng magpakumbaba at manalangin ang kalalakihan at kababaihan at humiling sa Di-Nakikitang Kapangyarihang iyon; upang masagot ang mga panalangin. Hindi nag-iisa ang tao, o hindi niya kinakailangang mag-isa. Ang panalangin ay magbubukas ng mga pintuan; ang panalangin ay mag-aalis ng mga hadlang; ang panalangin ay magpapagaan ng mga problema; ang panalangin ay magbibigay ng kapayapaan at kapanatagan ng kalooban sa mga oras ng kapaguran at problema at paghihirap. Salamat sa Diyos para sa panalangin.[16]

Kahit sa mga oras ng pagsubok at pag-aalala, posibleng lumapit sa Panginoon, madama ang kanyang impluwensya at nagpapalakas na kapangyarihan—na walang nag-iisa kailanman, kung magpapakumbaba lamang siya sa harapan ng Maykapal. Nagpapasalamat ako sa patotoong iyan, sa katiyakang iyan.[17]

Dahil sa aking personal na karanasan, alam ko ang bisa at kapangyarihan ng panalangin. . . .

Noong 1946 pinapunta ako ni Pangulong George Albert Smith sa Europa, na winasak ng digmaan, para muling magtatag ng ating mga mission mula Norway hanggang South Africa at bumuo ng isang programa para sa pamamahagi ng mga tulong-pangkapakanan.

Nagtayo kami ng headquarters sa London. Pagkatapos ay gumawa kami ng paunang pakikipag-ayos sa militar sa kontinente. Isa sa mga sundalo na nais kong makausap ay ang kumander ng puwersang Amerikano sa Europa. Nakadestino siya sa Frankfurt, Germany.



*Nanalangin si Elder Ezra Taft Benson at ang kanyang mga kasama na patnubayan sila sa pagbibigay ng tulong sa Europa pagkaraan ng World War II.*

Pagdating namin sa Frankfurt, pumasok kami ng kasama ko para humingi ng appointment sa heneral. Sinabi ng appointment officer, "Mga ginoo, wala kayong pagkakataong makausap ang heneral sa susunod na tatlong araw. Napakaabala niya at punung-puno ng mga appointment ang kalendaryo niya."

Sinabi ko, "Napakahalagang makausap namin siya, at hindi kami makapaghihintay nang gayon katagal. Papunta na kami ng Berlin bukas."

Sabi niya, "Ikinalulungkot ko."

Nilisan namin ang gusali, nagpunta kami sa kotse namin, nag-alis ng sumbrero, at magkasamang nanalangin. Pagkatapos ay bumalik kami sa gusali at nakita namin na iba ang sundalong nasa appointment post. Wala pang labinlimang minuto ay kaharap na namin ang heneral. Ipinagdasal namin na makausap siya at maantig namin ang kanyang puso, batid na lahat ng tulong-pangkapakanan na magmumula kaninuman ay kailangang ibigay sa militar para

maipamahagi. Ang aming layunin, tulad ng ipinaliwanag namin sa heneral, ay ipamahagi ang sarili naming mga suplay sa sarili naming mga tao sa pamamagitan ng sarili naming mga pinuno, at pakainin din ang lahat ng bata.

Ipinaliwanag namin ang programang pangkapakanan at kung paano ito pinatatakbo. Sa huli, sinabi niya, "Mga ginoo, tipunin na ninyo ang inyong mga suplay, at kapag natipon na ninyo ang mga ito, maaari nang baguhin ang patakaran." Sabi namin, "Heneral, nakatipon na po ang mga suplay namin; laging nakahanda ang mga ito. Sa loob ng dalawampu't apat na oras mula ng magpadala kami ng mensahe sa Unang Panguluhan ng Simbahan sa Salt Lake City, maraming sasakyang puno ng mga suplay ang magdadatingan sa Germany. Marami kaming mga storehouse na puno ng mga pangunahing kalakal."

Pagkatapos ay sinabi niya, "Ngayon ko lang nalaman na may isang grupo ng mga tao na gayon kalawak ang pananaw." Naantig nga ang kanyang puso tulad ng ipinagdasal naming mangyari. Bago namin nilisan ang kanyang opisina, nasa amin na ang nakasulat na pahintulot na mamahagi kami sa sarili naming mga tao sa pamamagitan ng sarili naming mga pinuno.

Nakasisiya sa kaluluwa na malaman na nasasaisip tayo ng Diyos at handa Siyang tumugon kapag nagtiwala tayo sa Kanya at ginawa natin ang tama. Walang dapat ikatakot ang kalalakihan at kababaihang nagtitiwala sa Maykapal, na hindi nag-aalangang magpakumbaba sa paghahangad ng banal na patnubay sa pamamagitan ng panalangin. Kahit may pang-aapi, kahit may mga pagsubok, sa panalangin ay muli tayong makasusumpong ng katiyakan, sapagkat ang Diyos ay mangungusap ng kapayapaan sa kaluluwa. Ang kapayapaang iyon, ang kapanatagang iyon, ang pinakamalaking pagpapala sa buhay.

Noong binatilyo pa ako sa Aaronic Priesthood, natutuhan ko ang maikling tulang ito tungkol sa panalangin. Naisaulo ko ito:

*Hindi ko alam kung paano,*
*Ngunit alam kong sinasagot ng Diyos ang ating pagsamo.*
*Alam kong pangako'y Kanyang iniwan,*
*Na panalangin ay laging tutugunan,*
*At sasagutin, kaagad o kalaunan.*

*Kaya nagdarasal ako't payapang naghihintay.*
*'Di ko alam kung ang hangad na pagpapala*
*Ay darating tulad ng aking inakala;*
*At sa Kanya lamang ako dumadalangin,*
*Sa Kanya na ang katalinuha'y higit pa sa akin,*
*Nakatitiyak na kahilinga'y ipagkakaloob Niya,*
*O Siya'y magpapadala ng mas malaking pagpapala.*

. . . Pinatototohanan ko sa inyo, mahal kong mga kapatid, na ang Diyos ay buhay. Siya ay hindi patay. . . . Pinatototohanan ko na may Diyos sa langit na nakikinig at sumasagot sa panalangin. Alam kong ito ay totoo. Mapagpakumbaba kong hinihimok ang lahat . . . na manatiling malapit sa ating Ama sa Langit sa pamamagitan ng panalangin. Ngayon lang nagkaroon ng ganito kalaking pangangailangang manalangin sa dispensasyong ito ng ebanghelyo. Nawa'y umasa tayo palagi sa ating Ama sa Langit at tapat nating sikaping pagbutihin ang ating pakikipag-ugnayan sa Kanya ang taos-puso kong pagsamo.[18]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sinabi sa atin ni Pangulong Benson na "huwag hayaang lumipas ang araw" nang walang personal na panalangin (bahagi 1). Paano kayo napagpala ng inyong personal na panalangin?
- Sa bahagi 2, binanggit ni Pangulong Benson ang ilang pagpapalang dumarating sa mga pamilya na regular na nagdarasal nang sama-sama. Kailan ninyo nakitang humantong ang panalangin ng pamilya sa mga pagpapalang ito? Ano ang ating magagawa para unahin natin ang panalangin ng pamilya?
- Isaalang-alang ang limang mungkahi ni Pangulong Benson sa bahagi 3. Paano tayo matutulungan ng bawat isa sa mga mungkahing ito upang "mapagbuti ang ating pakikipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit"? Pag-isipan kung ano ang gagawin ninyo para masunod ang payong ito.
- Paano kaya makakatulong ang sinabi ni Pangulong Benson sa bahagi 4 sa isang taong nag-aalinlangan sa kapangyarihan ng

panalangin? Anong patotoo ang maidaragdag ninyo sa patotoo ni Pangulong Benson?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Santiago 1:5–6; Enos 1:1–8; 3 Nephi 14:7–8; D at T 10:5; 19:38; 88:63

*Tulong sa Pag-aaral*

Ang alituntunin ay isang katotohanang gumagabay sa mga desisyon at kilos. "Sa inyong pagbabasa, tanungin ang sarili, 'Anong alituntunin ng ebanghelyo ang itinuturo sa talatang ito? Paano ko ito maipamumuhay?' " (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 19).

## *Mga Tala*

1. "Prayer," *Ensign,* Mayo 1977, 32.
2. *Cross Fire: The Eight Years with Eisenhower* (1962), 31.
3. Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 268.
4. Sinipi sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 268.
5. Gordon B. Hinckley, "Farewell to a Prophet," *Ensign,* Hulyo 1994, 40.
6. Sinipi sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 140.
7. Elaine S. McKay, "Pray for Dad," *New Era,* Hunyo 1975, 33.
8. "Pray Always," *Ensign,* Peb. 1990, 2.
9. Sa Conference Report, Abr. 1966, 131.
10. Sa Conference Report, Okt. 1947, 24.
11. Sa Conference Report, Okt. 1950, 147.
12. "Family Joys," *New Era,* Ene. 1973, 4.
13. Sa Conference Report, Abr. 1949, 197–98.
14. "Pray Always," 2, 4.
15. Sa Conference Report, Okt. 1956, 108.
16. Sa Conference Report, Okt. 1956, 104.
17. Sa Conference Report, Abr. 1953, 39.
18. "Prayer," 33–34; tulang pinamagatang "Prayer" ni Eliza M. Hickok, na sinipi mula sa *Best Loved Religious Poems,* inedit ni James Gilchrist Lawson (1933), 160.

# Kalayaang Pumili, Isang Walang-Hanggang Alituntunin

*"Ang kalayaan ay ibinigay na sa ating lahat para makagawa tayo ng mahahalagang desisyon na magiging mahalaga sa ating kaligtasan. Ang mga desisyong iyon ay may epekto sa ating kaligayahan sa kawalang-hanggan."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Nakatira at nagtatrabaho sa isang sakahan, nalaman ni Ezra Taft Benson ang mga bunga ng mabubuting desisyon. Paggunita niya: "Lumaki akong naniniwala na kahandaan at kakayahang magtrabaho ang pangunahing sangkap sa matagumpay na pagsasaka. Sipag at talino ang susi. Kapag ginamit ninyo ito, malaki ang tsansang magtatagumpay kayo."[1] Sa murang edad, nalaman ni Ezra na siya at ang kanyang pamilya ay magkakaroon ng mas maraming pagkain kung pipiliin nilang alagaan ang kanilang halamanan. Nalaman niya na kung nais niyang magtagumpay ang pamilya sa kanilang dairy business, kailangan niyang magpasiyang gumising nang maaga araw-araw para gatasan ang mga baka.[2] Nakita niya na nang magpasiya siya na magpakasipag, inupahan siya ng mga magsasaka sa lugar para alisan ng usbong ang kanilang beets at isakay sa trak ang kanilang dayami.[3] Nakita niya na ang mga pagsubok ay dumarating maging sa matatapat, ngunit nakita rin niya na ang mga indibiduwal at pamilya ay makapagpapasiyang tumugon sa mga pagsubok sa paraang tutulong sa kanila na maging masaya at matagumpay.[4]

Para sa batang si Ezra Taft Benson, masusukat ang ilang bunga ng mabubuting pasiya sa balde-baldeng gatas, sa mga trak na puno ng dayami, at sa malaking sahod para sa buong araw ng kasipagan. Ang iba ay mas mahirap sukatin ngunit mas nagtatagal. Halimbawa,



*Sinunod ni Jesucristo ang plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit bago siya isinilang, kaya napangalagaan ang ating kalayaang pumili.*

nang obserbahan niya ang kanyang mga magulang, nakita niya ang galak, kapayapaan, at lakas na dumarating kapag pinipili ng mga miyembro ng pamilya na maging tapat sa isa't isa at sa Panginoon.[5] Nalaman niya na ang batas ng pag-aani—"ang lahat ng ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya" (Mga Taga Galacia 6:7)—ay angkop sa mga espirituwal na hangarin gayundin sa pisikal na gawain.

Taglay ang karanasang ito bilang pundasyon, madalas ipaalala ni Pangulong Ezra Taft Benson sa mga Banal sa mga Huling Araw at sa iba ang kahalagahan ng kalayaan—ang kalayaang "piliin ang landas na dapat nilang tahakin."[6] Ang kanyang mga turo tungkol sa alituntunin ng kalayaan ay higit pa sa paalala na "pumili ng tama o mali."[7] Sinabi niya na ang kalayaan ay kakayahang "gumawa ng mahahalagang desisyon na magiging mahalaga sa ating kaligtasan" at magkakaroon ng "epekto sa ating kaligayahan sa kawalang-hanggan."[8] Hinikayat niya ang mga Banal sa mga Huling Araw at ang iba pa na gamitin ang kanilang kalayaan upang "kusang kumilos," nang hindi na naghihintay pang utusan sa lahat ng bagay.[9] Ang alituntunin ng kalayaan, sabi niya, ay "parang ginintuang sinulid sa buong plano ng ebanghelyo ng Panginoon para pagpalain ang kanyang mga anak."[10]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

**1**

### Ang kalayaan—ang kalayaang pumili—ay bigay ng Diyos, isang walang-hanggang alituntunin.

Pinatototohanan ko na tayo ay espiritung anak ng mapagmahal na Diyos, na ating Ama sa Langit (tingnan sa Mga Gawa 17:29; 1 Ne. 17:36). Mayroon Siyang dakilang plano ng kaligtasan upang maging sakdal na katulad Niya ang Kanyang mga anak at magkaroon ng ganap na kagalakan na tulad ng tinatamasa Niya. (Tingnan sa 1 Ne. 10:18; 2 Ne. 2:25; Alma 24:14; 34:9; 3 Ne. 12:48; 28:10.)

Pinatototohanan ko na sa ating kalagayan bago tayo isinilang ang ating Nakatatandang Kapatid sa espiritu, maging si Jesucristo, ang itinalagang maging Tagapagligtas natin sa plano ng kaligtasan ng Ama. (Tingnan sa Mosias 4:6–7; Alma 34:9.) Siya ang pinuno ng ating kaligtasan at ang tanging daan para tayo makabalik sa ating

Ama sa Langit upang magtamo ng ganap na kagalakan. (Tingnan sa Heb. 2:10; Mosias 3:17; Alma 38:9.)

Pinatototohanan ko na si Lucifer ay naroon din sa kapulungan ng langit. Hinangad niyang wasakin ang kalayaan ng tao. Siya'y naghimagsik. (Tingnan sa Moises 4:3.) Nagkaroon ng digmaan sa langit, at ang sangkatlo ng mga hukbo ay inihulog sa lupa at pinagkaitan ng katawan. (Tingnan sa Apoc. 12:7–9; D at T 29:36–37.) Si Lucifer ay kaaway ng lahat ng kabutihan at hinangad niya ang kalungkutan ng buong sangkatauhan. (Tingnan sa 2 Ne. 2:18, 27; Mosias 4:14.)[11]

Ang pinakamahalagang usapin sa kapulungang iyon sa langit bago tayo isinilang ay: Magkakaroon ba ng walang-limitasyong kalayaan ang mga anak ng Diyos na piliin ang landas na kanilang tatahakin, mabuti man ito o masama, o pipilitin at pupuwersahin silang sumunod? Si Cristo at ang lahat ng sumunod sa Kanya ay nanindigan sa unang panukala—kalayaang pumili; nanindigan si Satanas sa huli—sapilitan at puwersahan.[12]

Nilinaw sa mga banal na kasulatan na nagkaroon ng malaking digmaan sa langit, isang labanan tungkol sa alituntunin ng kalayaan, ang karapatang pumili. (Tingnan sa Moises 4:1–4; D at T 29:36–38; 76:25–27; Apoc. 12:7–9.)[13]

Ang digmaang nagsimula sa langit tungkol sa usaping ito ay hindi pa tapos. Ang labanan ay nagpatuloy sa mortalidad.[14]

Ang kalayaang pumili ay isang walang-hanggang alituntuning bigay ng Diyos. Ang dakilang plano ng kalayaan ay ang plano ng ebanghelyo. Walang sapilitan dito; walang puwersahan, walang pananakot. Ang tao ay malayang tanggapin ang ebanghelyo o tanggihan ito. Maaari niya itong tanggapin at pagkatapos ay tumangging ipamuhay ito, o maaari niya itong tanggapin at lubusang ipamuhay ito. Ngunit hinding-hindi tayo pupuwersahin ng Diyos na ipamuhay ang ebanghelyo. Manghihimok Siya sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod. Tatawagin at papatnubayan at hihimukin at hihikayatin at pagpapalain Niya tayo kapag tumugon tayo, ngunit hinding-hindi Niya pupuwersahin ang isipan ng tao. (Tingnan sa *Hymns,* 1985, blg. 240.)[15]

## 2

### Ang buhay na ito ay panahon ng pagsubok kung saan malaya tayong pumili ng mabuti o masama.

Ipinakita kay Abraham ang mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit bago sila bumaba sa lupa. Ipinakita rin sa kanya ang paglikha sa daigdig, at sinabi ng Panginoon sa kanya: "At susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos." (Abraham 3:25.) Nakapaloob din sa banal na pahayag na iyan ang karapatang pumili.[16]

Ang buhay na ito ay isang pagsubok: isang pagsubok kung saan patutunayan natin ang lakas ng ating espiritu, isang pagsubok na walang-hanggan ang mga bunga para sa bawat isa sa atin. At ngayon ang ating oras at panahon—tulad ng bawat henerasyon—na malaman ang ating mga tungkulin at gampanan ang mga ito.[17]

Totoong hindi nalulugod ang Panginoon sa kasamaan. Totoo ring hangad Niya na huwag magkaroon nito. Totoong tutulungan Niya ang mga kumakalaban dito. Ngunit ang pagtutulot Niyang magkaroon ng kasamaan sa Kanyang mga anak dito sa mortalidad ay katunayan na binigyan Niya sila ng kalayaang pumili, kahit na ito ang magiging batayan Niya sa huling paghuhukom sa kanila.[18]

Walang kasamaang hindi mapipigilan [ni Jesucristo]. Lahat ng bagay ay nasa Kanyang mga kamay. Karapatan Niyang pamahalaan ang daigdig na ito. Subalit pinapayagan Niyang magkaroon ng kasamaan para makapili tayo sa mabuti o masama.[19]

Ang buhay ay panahon ng pagsubok sa walang-hanggang pagiral ng tao, kung saan binigyan siya . . . ng karapatang pumili ng tama o mali. . . . May malalaking bunga ang mga pagpiling iyon, hindi lamang sa buhay na ito, kundi, mas mahalaga pa rito, sa buhay na darating. May mga hangganang hindi maaaring lagpasan ni Satanas. Sa loob ng mga hangganang iyon, kasalukuyan siyang hinahayaang mag-alok ng masamang alternatibo sa mabubuting alituntunin ng Diyos, sa gayon ay tinutulutan nitong pumili ang mga tao ng mabuti o masama at ito ang magtatakda sa kalalagyan nila sa kabilang-buhay.[20]

## 3
## Ginagamit natin ang ating kalayaang magpasiya na nagtatakda sa kaligayahan natin ngayon at sa buong kawalang-hanggan.

Mahal kayo ng Diyos tulad ng pagmamahal Niya sa bawat isa sa Kanyang mga anak, at ang Kanyang hangarin at layunin at kaluwalhatian ay makabalik kayo sa Kanya na dalisay at walang bahid-dungis, napatunayan ang inyong sarili na marapat kayo sa walang-hanggang kagalakan sa Kanyang piling.

Inaalala kayo ng inyong Ama sa langit. Binigyan Niya kayo ng mga kautusan na gagabay sa inyo, na magdidisiplina sa inyo. Binigyan din Niya kayo ng kalayaan—kalayaang pumili—"upang makita kung [inyong] gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos [Niya]." (Abr. 3:25.) Ang Kanyang kaharian dito sa lupa ay napakaayos, at ang inyong mga lider ay nakalaang tumulong sa inyo. Nawa'y malaman ninyo na lagi namin kayong minamahal, iniisip, at ipinagdarasal.

Iniisip din kayo ni Satanas. Nakatuon siya sa pagkawasak ninyo. Hindi Niya kayo dinidisiplina sa pamamagitan ng mga kautusan, sa halip ay nag-aalok siya ng kalayaang "gawin ang gusto ninyong gawin." . . . Ang plano ni Satanas ay "gawin mo ang gusto mo at magdusa ka kalaunan sa ibubunga nito." Hangad niyang maging kaaba-aba ang lahat katulad ng kanyang sarili [tingnan sa 2 Nephi 2:27]. Ang plano ng Panginoon ay kaligayahan ngayon at kagalakan magpakailanman sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo.[21]

Malaya tayong pumili, ngunit hindi tayo malayang baguhin ang mga bunga ng mga pagpiling iyon.[22]

Malinaw na magkakaroon ng kaunting pagsubok sa pananampalataya kung matatanggap natin kaagad ang lubos nating gantimpala sa bawat mabuting gawa, o kaya'y mapaparusahan kaagad sa bawat kasalanan. Ngunit walang dudang magkakaroon ng mga bunga kalaunan ang bawat isa.[23]

Bagama't panandaliang masisiyahan ang isang tao sa pagkakasala, ang resulta nito sa huli ay kalungkutan. "Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan." (Alma 41:10.) Ang kasalanan ay lumilikha ng di-pagkakasundo sa Diyos at nagpapahirap sa espiritu.

Samakatwid, makabubuting suriin ng isang tao ang kanyang sarili para matiyak na sumusunod siya sa lahat ng batas ng Diyos. Bawat batas na sinunod ay naghahatid ng partikular na pagpapala. Bawat batas na sinuway ay naghahatid ng partikular na kaparusahan. Ang mga nangabibigatang lubha sa kawalang-pag-asa ay dapat lumapit sa Panginoon, sapagkat malambot ang kanyang pamatok at magaan ang kanyang pasan. (Tingnan sa Mat. 11:28–30.)[24]

Ang pinakamahalagang layunin sa buhay ng sinuman ay ang paggawa ng mga desisyon. Bagama't ang isa sa mga pinakadakilang kaloob ng Diyos sa tao ay . . . ang karapatang pumili, binigyan din niya ng pananagutan ang tao sa mga pagpiling ito. . . . Inilalagay natin ang sarili nating buhay sa landas ng tagumpay o kabiguan. Hindi lamang natin maaaring piliin ang ating pinakamahahalagang mithiin, kundi maaari din nating alamin at pagpasiyahan para sa ating sarili, sa maraming pagkakataon, ang paraan kung paano natin matutupad ang mga mithiing iyon, at ang ating kasipagan o katamaran ang magtatakda sa bilis ng ating pagtupad sa mga ito. Kailangan dito ang sariling pagsisikap at lakas at maaaring magkaroon ng mga balakid o hadlang.[25]

Ang kapalaran ng sangkatauhan at ng buong sibilisasyon ay nakasalalay sa tao, kung gagamitin niya ang kanyang . . . kalayaang pamahalaan ang kanyang sarili o balewalain ang mga walang-hanggang batas sa ikapapahamak ng kanyang sarili at anihin ang mga ibubunga nito. Samakatwid, ang totoong usapin ngayon ay hindi tungkol sa ekonomiya o sa pulitika. Ang mga ito ay espirituwal—ibig sabihin kailangang matuto ang tao na sumunod sa mga batas na ibinigay ng Diyos sa sangkatauhan.[26]

Ang kalayaan ay ibinigay na sa ating lahat para makagawa tayo ng mahahalagang desisyon na magiging mahalaga sa ating kaligtasan. Ang mga desisyong iyon ay may epekto sa ating kaligayahan sa kawalang-hanggan.[27]

Ang mga desisyon natin ang humuhubog sa ating pagkatao. Ang ating walang-hanggang tadhana ay malalaman sa mga desisyong gagawin pa lang natin.[28]



*Nais ng Panginoon na gamitin natin ang ating kalayaan na maging "sabik sa paggawa ng mabuting bagay" (D at T 58:27).*

4

## Ang mga desisyon na lubhang mahalaga ay nangangailangan ng ating taimtim na panalangin.

Kung gagawa tayo ng mga desisyon na angkop at naaayon kay Cristo, una sa lahat ay kailangan tayong mamuhay sa paraang magagamit natin ang di-nakikitang kapangyarihang iyon na kung wala iyon ay hindi makagagawa ng mabuting desisyon ang sinuman.

Isa sa pinakamahahalagang desisyon ng panahong ito ay nang ipasiya ng batang si Joseph Smith na sundin ang payo ni Santiago: "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya. Ngunit humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan. Sapagka't yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabikabila." (Santiago 1:5–6.)

Ang kaligtasan mismo ng milyun-milyong lalaki at babae sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon ay nakasalalay sa desisyong iyan! Dapat nating isaisip na talagang mahalaga ang mga

tao at na ang mga desisyong ginagawa nila ay malaki ang epekto sa buhay ng iba.[29]

Sabi ng Panginoon, "Kumatok, at kayo'y pagbubuksan" (3 Nephi 14:7; Mateo 7:7). Sa madaling salita, kailangan dito ang ating pagsisikap.[30]

Ang matatalinong pasiya ay karaniwang nagagawa pagkatapos ng pagsisikap, pagpupunyagi, at panalangin. Nilinaw ito sa sagot ng Panginoon sa walang-saysay na pagsisikap ni Oliver Cowdery: "Subalit, masdan, sinasabi ko sa iyo, na kailangan mong pag-aralan ito sa iyong isipan; pagkatapos kailangang itanong mo sa akin kung ito ay tama, at kung ito ay tama aking papapangyarihin na ang iyong dibdib ay mag-alab; samakatwid, madarama mo na ito ay tama." (D at T 9:8.)

Magsimula tayo, kung gayon, sa pagsasabi na ang masigasig na paghahanap sa ating Ama sa langit, ang pananalig na sasagutin niya ang ating mga dalangin, ay nakapapanatag na batayan para magsimula. . . . Hindi iigib ng tubig ang Panginoon mula sa isang tuyong balon, kaya kailangan nating gawin ang ating tungkulin. Kung minsan ang pagsisikap na makagawa ng tamang pasiya ay nangangailangan ng matinding lakas, pag-aaral, at mahabang pagtitiis.[31]

Sa napakahalagang pagpapasiya, ang pag-aayuno na may kahalong panalangin ay makapaghahatid ng malaking espirituwal na kaalaman.[32]

5

## Tayo ang kinatawan ng ating sarili, at inaasahan ng Panginoon na gagawa tayo ng maraming bagay na bukal sa ating kalooban.

Noong 1831 ganito ang sabi ng Panginoon sa kanyang Simbahan:

"Sapagkat masdan, hindi nararapat na ako ay mag-utos sa lahat ng bagay; sapagkat siya na pinipilit sa lahat ng bagay, ang katulad niya ay isang tamad at hindi matalinong tagapaglingkod; dahil dito siya ay hindi makatatanggap ng gantimpala.

"Katotohanang sinasabi ko, ang mga tao ay nararapat na maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay, at gumawa ng maraming

bagay sa kanilang sariling kalooban, at isakatuparan ang maraming kabutihan;

"Sapagkat ang kapangyarihan ay nasa kanila, kung saan sila ay kinatawan ng kanilang sarili. At yayamang ang tao ay gumagawa nang mabuti hindi mawawala sa kanila ang kanilang gantimpala.

"Subalit siya na hindi gumagawa ng anumang bagay hangga't hindi siya inuutusan, at tumatanggap ng kautusan na may pusong nag-aalinlangan, at tinutupad ito nang may katamaran, siya rin ay mapapahamak." (D at T 58:26–29.)

Ang mga layunin ng Panginoon—ang mga dakilang layunin—ay gayon pa rin: ang kaligtasan at kadakilaan ng kanyang mga anak.

Karaniwan ay ibinibigay sa atin ng Panginoon ang mga pangkalahatang layuning isasakatuparan at ilang patnubay na susundin, ngunit inaasahan niya na pagsisikapan natin ang karamihan sa mga detalye at pamamaraan. Ang mga pamamaraan at tuntunin ay karaniwang nabubuo sa pamamagitan ng pag-aaral at panalangin at pamumuhay sa paraan na matatamo at masusunod natin ang mga pahiwatig ng Espiritu. Ang mga taong di-gaanong espirituwal, tulad noong mga panahon ni Moises, ay kinailangang utusan pa sa maraming bagay. Ngayon ang mga taong espirituwal ay nakatuon sa mga layunin, inaalam ang mga tagubilin ng Panginoon at ng kanyang mga propeta, pagkatapos ay kumikilos nang may panalangin—nang hindi na inuutusan "sa lahat ng bagay." Ang ganitong pag-uugali ay naghahanda sa mga tao sa pagiging diyos. . . .

Kung minsan may pag-asam na hinihintay ng Panginoon na kusang kumilos ang kanyang mga anak, at kapag hindi sila kusang kumikilos, nawawala sa kanila ang mas mahalagang gantimpala, at kinalilimutan na lang ng Panginoon ang lahat at hinahayaan silang pagdusahan ang mga bunga nito o kaya'y mas lalo pa niyang ipinaliliwanag ang dapat nilang gawin. Karaniwan, natatakot ako, kapag mas ipinaliliwanag pa niya ito, mas lumiliit ang ating gantimpala.[33]

Dapat tayong maging "sabik sa paggawa" ng mabubuting bagay at iwanang mas maganda ang mundo sa paninirahan natin dito.[34]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sa paanong paraan ninyo nakita na "ang digmaang nagsimula sa langit . . . ay hindi pa tapos"? (Tingnan sa bahagi 1.) Ano ang magagawa natin para patuloy na makapanindigan sa alituntunin ng kalayaan?
- Madalas nagtataka ang mga tao kung bakit tinutulutan ng Diyos na umiral ang kasamaan sa mundo. Paano nakakatulong ang mga turo ni Pangulong Benson sa bahagi 2 para masagot ang tanong na iyan?
- Ano ang magagawa natin para maipaunawa sa mga bata at kabataan ang mga katotohanan sa bahagi 3? Ano ang magagawa natin para matulungan ang mga bata at kabataan na maunawaan ang epekto ng mga desisyong ginagawa nila?
- Pagnilayan ang payo ni Pangulong Benson tungkol sa paggawa ng "mga desisyong angkop at naaayon kay Cristo" (bahagi 4). Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa pagsasama ng panalangin sa masigasig na pagsisikap na gumawa ng mga pasiya?
- Ano ang ibig sabihin sa inyo ng "maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay"? Paano nagbabago ang inyong buhay kapag gumagawa kayo ng mabubuting bagay "sa [inyong] sariling kalooban" sa halip na hintayin pang utusan kayo? (Tingnan sa bahagi 5.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Deuteronomio 11:26–28; Josue 24:15; 2 Nephi 2:14–16; Alma 42:2–4; Helaman 14:30–31; D at T 29:39–45; 101:78

*Tulong sa Pagtuturo*

Ang mga talakayan sa maliliit na grupo ay "[nagbibigay sa] maraming tao ng pagkakataong makilahok sa aralin. Ang mga taong karaniwang atubiling makilahok ay maaaring magbahagi ng mga ideya sa maliliit na grupo [na hindi nila nasasabi] sa harapan ng buong grupo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* [2000], 213).

## *Mga Tala*


1. Sinipi sa Gene Allred Sessions, *Latter-day Patriots* (1975), 77–78.
2. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 18–19, 34.
3. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 40–41.
4. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 19–20.
5. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 17, 22, 25–26, 29–31, 34–37.
6. "The Constitution—A Glorious Standard," *Ensign,* Set. 1987, 6.
7. *God, Family, Country: Our Three Great Loyalties* (1975), 402.
8. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 24.
9. Tingnan sa Conference Report, Abr. 1965, 122.
10. Sa Conference Report, Okt. 1966, 121.
11. "I Testify," *Ensign,* Nob. 1988, 86.
12. "The Constitution—A Glorious Standard," 6.
13. Sa Conference Report, Okt. 1966, 121.
14. "The Constitution—A Glorious Standard," 6.
15. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 82.
16. *So Shall Ye Reap* (1960), 221.
17. Sa Conference Report, Abr. 1967, 59.
18. *Strength for the Battle: An Address Given by Ezra Taft Benson at the New England Rally for God, Family and Country* (1966), 14–15.
19. *Come unto Christ* (1983), 132.
20. *God, Family, Country,* 402.
21. "A Message to the Rising Generation," *Ensign,* Nob. 1977, 30.
22. *Come unto Christ,* 40.
23. *God, Family, Country,* 326.
24. "Do Not Despair," *Ensign,* Okt. 1986, 2.
25. *God, Family, Country,* 145.
26. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 83–84.
27. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 24.
28. *God, Family, Country,* 143.
29. *God, Family, Country,* 144.
30. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 451.
31. *God, Family, Country,* 149.
32. *God, Family, Country,* 152.
33. Sa Conference Report, Abr. 1965, 121–22.
34. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 676–77.

KABANATA 4

# Masayang Pamumuhay sa mga Panahong Maligalig

*"Ang kaligayahan dito sa mundo ngayon ay nakabatay sa malaya, may pagmamahal, at masayang pagkilala sa kalooban ng Diyos para sa atin—at pagsunod dito sa lahat ng paraan at sa lahat ng malalaki at maliliit na bagay."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Ang isa sa mga unang assignment ni Pangulong Ezra Taft Benson bilang Apostol ay tumulong sa pagbibigay-ginhawa sa mga Banal sa Europa pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Habang naglalakbay sa Germany, nakilala niya ang matatapat na tao na nagawang makabangon sa pagkawasak sa kanilang buong paligid. Isinulat niya sa kanyang journal:

"Ang pinakamatinding pinsalang nasaksihan ko ay nakita ngayon. . . . Nang gaygayin ko ang mga kalsada [ng Berlin] at naglakad sa ilang kalyeng hindi madaanan ng mga sasakyan, nakita . . . ko ang mga babaeng gutom na balisang nagbabayad nang malaki para sa mga balat ng patatas. . . . Nakita ko ang mga lalaki at babaeng may dalang maliliit na itak na masigasig na naghuhukay sa mga tuod at ugat ng puno sa pagsisikap na makakuha ng mga panggatong at pagkatapos ay hinihila nang milya-milya ang mga iyon pauwi sakay ng anumang bagay na may gulong—mula sa dalawang gulong ng isang stroller na dating gamit ng bata hanggang sa maliliit na bagon—na nagsilbing mga hayop na tagahila.

"Kalaunan ay nakita ko ang giniginaw at gutom na 480 matatapat na Banal sa mga Huling Araw sa isang kumperensya sa isang malamig at halos wasak na awditoryum sa ikatlong palapag na nasa isang kalyeng binomba. Inspirasyong makita ang liwanag ng



*Nagpakita si Pangulong Ezra Taft Benson ng halimbawa ng masayang pamumuhay.*

pananampalataya. . . . Walang nadamang pait o galit kundi magandang pakiramdam at pagpapahayag ng pananampalataya sa ebanghelyo."[1]

"Wala ni isang miyembro na nagreklamo tungkol sa kanilang sitwasyon sa kabila ng katotohanan na ang ilan ay halos mamatay na sa gutom sa harapan namin mismo.

". . . Ang ating mga Banal . . . ay puno ng pag-asa, tapang, at pananampalataya, at saanman sila naroon ay masaya sila at may lubos na pananampalataya sa ebanghelyo at sa pagiging miyembro sa Simbahan. Isa iyon sa mga nakita na namin na pinakadakilang pagpapamalas ng tunay na mga bunga ng ebanghelyo sa buhay ng kalalakihan at kababaihan."[2]

Nakita rin ni Pangulong Benson ang mga halimbawa ng pag-asa at magandang pananaw sa kanyang paligid, kung saan marami sa kanyang mga kapwa magsasaka ang nanatiling masaya kahit matindi ang kanilang paghihirap. Sabi niya:

"Naaalala ko na dumalo ako sa isang miting malapit sa Bancroft, Idaho. . . . Naging maganda ang miting namin, at pagkatapos niyon, binati ko ang ilan sa mabubuting magsasakang naroon, at kabilang sa kanila ang isang lalaking nagngangalang Brother Yost, at sinabi ko, 'Brother Yost, kumusta naman ang sakahan?' Sabi ni Brother Yost, 'Ah, mabuti naman, Brother Benson, pero nawalan po ako ng 20 libong dolyar nitong nakaraang tatlong araw.' Sabi ko, 'Ano'ng nangyari—umulan ba ulit ng yelo?' Sabi niya, 'Oo, tumama iyon sa trigo noong halos hinog na ito, at alam na ninyo ang ibig sabihin niyon.' Sabi niya, 'Paaandarin na namin ang mga makinang panggapas sa umaga, at maayos naman ang lahat. May kaunti pa kaming trigo sa kaban, at may nakatago pang kaunting suplay sa taon na ito. Hindi kami mamamatay sa gutom, at magkakaroon ng isa pang ani.' Nang iwanan namin siya, sinabi ko sa asawa ko, 'Kahanga-hanga ang lakas ng loob niya.'

"Nagbiyahe kami papunta sa Logan [isang lungsod sa Utah, mga 80 milya, o 130 kilometro, mula sa Bancroft]. Kasama namin ang aming mga anak, at tumigil kami sa Main Street at nagpunta sa isang grocery store para bumili ng kaunting cookies para sa mga bata. At sino pa ang makakasalubong ko sa bangketa kundi si Brother

Yost. Sabi ko, 'Aba, ano ang ginagawa mo rito?' Sabi niya, 'Brother Benson, araw ito ng pagpunta namin sa templo.' At sabi ko, 'Hindi ka pinanghihinaan ng mga pagsubok sa buhay, ha?' Pagkatapos ay tinuruan niya ako ng isang aral. Sabi niya, 'Brother Benson, kapag dumarating ang mga pagsubok mas kailangan nating magpunta sa templo.'"[3]

Pinasigla ng sariling pagtugon ni Pangulong Benson sa paghihirap ang mga taong nakakakilala sa kanya, tulad ng halimbawa ng iba pang mga Banal na nagpalakas sa kanya. Inilarawan ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawang Apostol si Pangulong Benson bilang isang "maingat na tagamasid ng mga kaganapan, [na] laging may magandang pananaw at saya na makabubuting pagmasdan natin. Ang gayong magandang pananaw," sabi ni Elder Maxwell, "ay hindi nagmumula sa pagbabalewala sa mga nangyayari sa paligid, kundi sa pagpansin sa mga ito at pagtanaw din sa mga pangakong may kinalaman sa kung paano mananaig ang kaharian sa bandang huli."[4]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

### Sa pananampalataya sa ating Ama sa Langit, maaari tayong magkaroon ng pag-asa sa hinaharap, magandang pananaw sa ating mga gawain sa kasalukuyan, at kapayapaan ng kalooban.

Lahat tayo ay magkakaroon ng mga kabiguan at paghina ng loob—bahagi iyan ng buhay. Ngunit kung mananampalataya tayo, ang ating mga problema ay magiging panandalian lamang at magtatagumpay tayo kapag tila nabibigo tayo. Maisasakatuparan ng ating Ama sa Langit ang mga himala sa pamamagitan ng bawat isa sa atin kung magtitiwala lang tayo sa Kanya.[5]

Malaking pagpapala ang magkaroon ng kapayapaan ng kalooban, ng katiyakan, ng diwa ng katiwasayan at kapanatagan ng kalooban sa mga panahon ng sigalutan at labanan, sa mga panahon ng kalungkutan at mga pagsubok. Nakasisiya sa kaluluwa ang malaman na ang Diyos ang namamahala, na nasasaisip Niya ang Kanyang mga anak, at na maaari natin Siyang lubos na pagkatiwalaan.[6]

Ang panalangin—taimtim na panalangin—ay maaaring maglapit sa atin sa Diyos, ang ating pinakadakilang mapagkukunan ng kapanatagan at payo. "Manalangin tuwina, nang ikaw ay magtagumpay." (D at T 10:5.) "Paggamit ng lahat ng aking lakas upang tumawag sa Diyos na iligtas ako" ang paglalarawan ni Joseph Smith sa paraang ginamit niya sa Sagradong Kakayuhan para hindi siya puksain ng kaaway. (JS—K 1:16.)[7]

Kung wala tayong pananampalataya sa ating Ama sa Langit, hindi tayo magtatagumpay. Ang pananampalataya ay nagbibigay sa atin ng pananaw tungkol sa maaaring mangyari, pag-asa sa hinaharap, at magandang pananaw sa ating mga gawain sa kasalukuyan. Kapag may pananampalataya, hindi tayo nag-aalinlangan na magtatagumpay ang gawain sa bandang huli.[8]

Sa lahat ng tao, tayong mga Banal sa mga Huling Araw ang dapat magkaroon ng maganda at positibong pananaw. Sapagkat kahit alam natin na "ang kapayapaan ay aalisin sa mundo, at ang diyablo ay magkakaroon ng kapangyarihan sa kanyang sariling nasasakupan," tiniyak din sa atin na "ang Panginoon ay magkakaroon ng kapangyarihan sa kanyang mga banal, at maghahari sa gitna nila." (D at T 1:35–36.)

Sa katiyakan na mananatiling buo ang Simbahan at ang Diyos ang mamamahala pa rin dito sa darating na panahon ng kaligaligan, nagiging responsibilidad ng bawat isa sa atin na tiyakin na bawat isa ay nananatiling tapat sa Simbahan at sa mga turo nito. "Siya na mananatiling matatag at hindi madadaig, siya rin ay maliligtas." (JS—M 1:11.)[9]

## 2

## Ang kaligayahan ay kailangang pagsikapan araw-araw, at sulit ito.

Wala tayong dahilan talaga para mag-alala. Ipamuhay ang ebanghelyo, sundin ang mga kautusan. Manalangin gabi't araw sa inyong tahanan. Patuloy na sundin ang mga pamantayan ng Simbahan. Sikaping mamuhay nang tahimik at masaya. . . . Ang kaligayahan ay kailangang pagsikapan araw-araw. At sulit ang lahat ng pagsisikap.[10]

Nang magkasakit nang malubha si George A. Smith, binisita siya ng kanyang pinsan na si Propetang Joseph Smith. Isinalaysay ng



*"Ang mabuhay nang maligaya ay ang paglago ng espirituwal na lakas tungo sa kasakdalan."*

maysakit na lalaki: "Sinabi niya [ng Propeta] sa akin na hindi ako dapat mawalan ng pag-asa kailanman, anumang paghihirap ang pumalibot sa akin. Kung mahulog ako sa pinakamalalim na balon ng Nova Scotia at madaganan ako ng buong Rocky Mountains, hindi ako dapat mawalan ng pag-asa, kundi sa halip ay magtiis, manampalataya, at maglakas-loob, at dapat akong makalabas sa ibabaw ng bunton na nakadagan sa akin." . . .

May mga pagkakataon na kailangan lang ninyong magtiis at manindigan laban sa diyablo hanggang sa lisanin kayo ng kanyang miserableng espiritu. Sabi nga ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith: "Ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali lamang;

"At muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas." (D at T 121:7–8.)

Ang pagpapatuloy sa mararangal na adhikain, kahit labis ang kalungkutan ninyo, ay magpapasaya sa inyo kalaunan. Maging ang ating Panginoong Jesucristo, nang maharap sa pinakamatinding pagsubok nang pansamantala Siyang iwanang mag-isa ng ating Ama noong Siya ay ipako sa krus, ay patuloy na isinagawa ang kanyang gawain para sa mga anak ng tao, at hindi nagtagal ay niluwalhati siya at tumanggap ng lubos na kagalakan. Habang dumaranas kayo ng pagsubok, maaalala ninyo ang inyong nakaraang mga tagumpay at mabibilang ninyo ang mga pagpapalang napasainyo na may tiyak na pag-asang mas malalaking pagpapala ang kasunod nito kung kayo ay mananatiling tapat. At magkakaroon kayo ng tiyak na kaalaman na pagdating ng takdang panahon papahirin ng Diyos ang lahat ng luha at na "hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya." (1 Cor. 2:9.)[11]

Maging masayahin sa lahat ng ginagawa ninyo. Mabuhay nang may galak. Mabuhay nang maligaya. Mabuhay nang masigla, batid na ang Diyos ay hindi nananahan sa kalumbayan at kapanglawan, kundi sa liwanag at pagmamahal.[12]

**3**

## Nais ng Ama sa Langit na lumigaya tayo, at pagpapalain Niya tayo kapag sinunod natin ang Kanyang kalooban para sa atin.

"Ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan" (2 Nephi 2:25). Nais ng Ama sa Langit na lumigaya tayo. Umaasa Siya na magiging maligaya tayo. Ngunit walang kaligayahan sa hindi lubos na pagsunod sa mga pamantayan. Walang kaligayahan kapag nabigo kang mamuhay ayon sa iyong mga paniniwala, ayon sa alam mong tama. Napakadaling makagawiang pababain ang mga pamantayan sa ilang bagay. Napakadaling makagawiang punahin ang kamalian ng iba, o mamintas, magkaroon ng mga pag-aalinlangan sa ating puso tungkol sa ilang bagay sa Simbahan. Napakadaling maghinanakit nang kaunti, at manatiling ganito, maging malungkot at ipakitang nalulumbay tayo. Walang taong malungkot na nagwagi sa digmaan o pag-ibig kailanman.[13]

Alam ba natin na ang kaligayahan dito sa mundo ngayon ay nakabatay sa malaya, may pagmamahal, at masayang pagkilala sa kalooban ng Diyos para sa atin—at pagsunod dito sa lahat ng paraan at sa lahat ng malalaki at maliliit na bagay? Ang mabuhay nang sakdal ay ang mabuhay nang maligaya. Ang mabuhay nang maligaya ay ang paglago ng espirituwal na lakas tungo sa kasakdalan. Bawat pagkilos na isinagawa alinsunod sa kalooban ng Diyos ay bahagi ng paglagong iyan. Huwag nating paghiwa-hiwalayin ang mga aspeto ng ating buhay. Pagkaisahin natin ang ating mga buhay, na di-pinahahalagahan ang pakunwaring mga papuri at katanyagang dumarating nang walang pahintulot ng Diyos. Alalahanin natin na ang tunay na pinagkukunan ng ating lakas at kaligayahan ay higit pa sa kayang maabot ng mga tao at sitwasyon.[14]

Kailangan nating muli't muling matutuhan iyan sa pamamagitan ng pagtanggap sa ebanghelyo ng pagmamahal at pamumuhay ayon dito alinsunod sa turo ng Panginoon at sa pagsunod lamang sa Kanyang kalooban maglalaho ang ating kamangmangan at ang pagdududang gumagapos sa atin. Kailangan nating matutuhan ang simple at maluwalhating katotohanan para maranasan natin ang matatamis na kagalakan ng Espiritu ngayon at magpasawalang-hanggan. Kailangan nating kalimutan ang ating sarili sa pagsunod sa Kanyang kalooban. Kailangan nating unahin Siya sa ating buhay. Oo, dumarami ang ating mga pagpapala kapag ibinabahagi natin ang Kanyang pagmamahal sa ating kapwa.[15]

"Mga kapatid," sabi ni Pablo, "datapuwa't isang bagay ang ginagawa ko, na nililimot ang mga bagay na nasa likuran, at tinutungo ang mga bagay na hinaharap,

"Nagtutumulin ako sa hangganan sa ganting-pala ng dakilang pagtawag ng Dios na kay Cristo Jesus." (Fil. 3:13–14.)

Puspusin ang inyong isipan ng mithiing tularan ang Panginoon, at mawawala ang nagpapahirap na mga kaisipan habang sabik ninyong hinahangad na kilalanin siya at sundin ang kanyang kalooban. "Mangagkaroon kayo sa inyo ng [ganitong] pagiisip," sabi ni Pablo. (Fil. 2:5.) "Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip," sabi ni Jesus. (D at T 6:36.) At ano ang magiging kasunod kung gagawin natin ito? "Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pagiisip ay sumasa iyo." (Isa. 26:3.)[16]

Hindi tayo mag-iisa kailanman kung mamumuhay tayo nang nararapat, dahil laging mapapasaatin ang ating Ama upang pagpalain tayo. Nais Niya tayong magtagumpay. Nais Niyang lumigaya tayo. Nais Niyang makamtan natin ang magagandang mithiing itinakda natin. Gagawin Niya ang Kanyang bahagi kung gagawin natin ang ating bahagi.[17]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sa palagay ninyo bakit ang pananampalataya sa Diyos ay nagbibigay ng "pag-asa sa hinaharap, at magandang pananaw sa ating mga gawain sa kasalukuyan"? Alin kayang mga payo sa bahagi 1 ang ibabahagi ninyo sa isang taong nagnanais na mapayapa ang kalooban? Bakit ninyo pipiliin ang mga salitang iyon?
- Habang nirerepaso ninyo ang bahagi 2, pagnilayan ang isang pagkakataon na kinailangan ninyong "magtiis" sa oras ng paghihirap. Isipin kung ano ang natamo ninyo sa karanasang iyon. Sa paanong paraan tayo tinutulungan ng Panginoon kapag handa tayong pagtiisan nang tapat ang mga pagsubok?
- Ano ang ilang karanasang nakatulong sa inyo na malaman na nais ng Ama sa Langit na lumigaya at magtagumpay kayo? Sa palagay ninyo bakit "ang kaligayahan dito sa mundo ngayon ay nakabatay sa . . . pagkilala sa kalooban ng Diyos para sa atin"? (Tingnan sa bahagi 3.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mateo 11:28–30; Juan 14:27; 16:33; Mga Taga Galacia 5:22; Mosias 2:41; Moroni 9:25–26; D at T 101:11–16

*Tulong sa Pag-aaral*

"Tingnan ang kabuuan, sa pamamagitan ng madaliang pagbabasa ng aklat, kabanata, o talata o pagrerebyu ng mga heading. Sikaping unawain ang kahulugan at background" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 26). Isiping basahin ang isang kabanata o talata nang mahigit sa isang beses para mas maunawaan ninyo ito. Kapag ginawa ninyo ito, maaari kayong makatuklas ng malalalim na kaalaman.

## *Mga Tala*

1. *A Labor of Love: The 1946 European Mission of Ezra Taft Benson* (1989), 64, 65.
2. *A Labor of Love,* 65.
3. "Receive All Things with Thankfulness," *New Era,* Nob. 1976, 7–8.
4. Neal A. Maxwell, *Wherefore, Ye Must Press Forward* (1977), 69.
5. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 68.
6. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 68.
7. "Do Not Despair," *Ensign,* Okt. 1986, 2.
8. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 67.
9. "Do Not Despair," 2.
10. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 342.
11. "Do Not Despair," 4–5; ang pahayag ni Joseph Smith ay matatagpuan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 273.
12. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 339.
13. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 361.
14. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 339.
15. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 360.
16. "Do Not Despair," 5.
17. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 385.

# Mga Alituntunin ng Tunay na Pagsisisi


*"Para sa mga gumagawa ng hinihingi ng tunay na pagsisisi, ang pangako ay tiyak. Maaari kayong maging malinis na muli. Mapapawi ang kawalang-pag-asa. Ang matamis na kapayapaang dulot ng kapatawaran ay dadaloy sa inyong buhay."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Sa kanyang unang mensahe sa pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan, sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Nang humingi ako ng patnubay sa Panginoon, muli kong natiyak sa aking puso't isipan ang pahayag ng Panginoon na 'huwag mangaral ng anuman kundi pagsisisi sa salinlahing ito.' (D at T 6:9; 11:9.) Ito ang naging karaniwang mensahe ng bawat propetang banal sa mga huling araw."[1]

Bago pa man siya tinawag bilang Pangulo ng Simbahan, ginawa na ni Pangulong Benson na mahalagang mensahe sa kanyang ministeryo ang pagsisisi. Pinayuhan siya ni George Albert Smith, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, na gawin iyon. Sa isang liham na isinulat noong katatawag lang kay Pangulong Benson bilang apostol, sinabi ni Pangulong Smith, "Ang iyong misyon mula ngayon ay humanap ng mga paraan upang maipalaganap ang katotohanan at bigyang babala ang mga taong makikilala mo na sa pagsisisi lamang mas napapaganda ang sitwasyon para sa mga bagay na mali sa mundong ito."[2]

Naging tapat si Pangulong Benson sa utos na ito nang ituro niya ang ebanghelyo sa buong mundo. Itinuro niya na "mas mabuti pang maghanda at umiwas kaysa magremedyo at magsisi."[3] Ngunit alam din niya na "kailangan nating lahat na magsisi."[4] Binigyang-diin



*Sabi ng Panginoon, "Ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan" (Eter 12:27).*

niya ang "malaking pagbabago" ng puso na kaakibat ng pagsisisi (tingnan sa Alma 5:12–14) at ipinaliwanag ang tungkulin ng Tagapagligtas sa pagdadala ng pagbabagong iyon:

"Binabago ng Panginoon ang puso. Binabago ng mundo ang panlabas na anyo. Maaalis ng daigdig ang mga tao sa magulo at maruming lugar. Inaalis ni Cristo ang di-magagandang ugali ng mga tao, at inaalis naman nila ang kanilang sarili sa magulo at maruming lugar. Hinuhubog ng daigdig ang mga tao sa pamamagitan ng pagbabago ng kanilang kapaligiran. Binabago ni Cristo ang mga tao, na siya namang nagbabago ng kanilang kapaligiran. Mahuhubog ng daigdig ang kilos ng mga tao, subalit mababago ni Cristo ang ugali ng mga tao. . . .

"Oo, binabago ni Cristo ang mga tao, at mababago ng mga taong nagbago ang mundo."[5]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

### 1

### Para tunay na makapagsisi, kailangan muna nating matanto na ang plano ng ebanghelyo ay ang plano ng kaligayahan.

Sa karaniwang kahulugan ng kataga, ang ibig sabihin ng *pagiging miyembro ng Simbahan* ay opisyal na nakatala ang pangalan ng isang tao sa mga membership record ng Simbahan. . . .

Ngunit iba ang pakahulugan ng Panginoon sa miyembro ng Kanyang kaharian. Noong 1828, sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, sinabi Niya, "Masdan, ito ang aking doktrina—sinuman ang magsisisi at lalapit sa akin, *siya rin ay aking simbahan*." (D at T 10:67; idinagdag ang italics.) Sa Kanya na nagmamay-ari ng Simbahang ito, ang pagiging miyembro ay higit pa sa pagiging miyembro lang sa talaan.

Samakatwid gusto kong ilahad ang mahahalagang konseptong kailangan nating maunawaan at ipamuhay kung tunay nga tayong magsisisi at lalapit sa Panginoon.

Isa sa mga pinakamadalas gamiting panlilinlang ni Satanas ay ang ideya na layunin ng mga utos ng Diyos na higpitan ang kalayaan at limitahan ang kaligayahan. Ang mga kabataan lalo na ay nadarama

kung minsan na ang mga pamantayan ng Panginoon ay parang mga pader at kadena, na humahadlang sa kanila sa mga aktibidad na tila napakasayang gawin sa buhay. Ngunit ang eksaktong kabaligtaran nito ang totoo. Ang plano ng ebanghelyo ay *ang* plano na nagdudulot ng ganap na kagalakan sa mga tao. Ito ang unang konseptong nais kong bigyang-diin. Ang mga alituntunin ng ebanghelyo ay mga hakbang at patnubay na tutulong sa atin na matagpuan ang tunay na kaligayahan at kagalakan.

Ang pag-unawa sa konseptong ito ang dahilan kaya naibulalas ng Mang-aawit, "Oh gaanong iniibig ko ang iyong kautusan! . . . Pinarunong ako kay sa aking mga kaaway ng iyong mga utos. . . . Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas. . . . Ang mga patotoo mo'y inari kong pinakamana magpakailan man; sapagka't sila ang kagalakan ng aking puso." (Mga Awit 119:97–98, 105, 111.)

Kung nais nating tunay na magsisi at lumapit sa Kanya para matawag tayong mga miyembro ng Kanyang Simbahan, una sa lahat ay kailangan nating matanto ang walang-hanggang katotohanang ito—ang plano ng ebanghelyo ay *ang* plano ng kaligayahan. *Ang kasamaan ay hindi kailanman* nagdulot, nagdudulot, o magdudulot sa atin ng kaligayahan [tingnan sa Alma 41:10]. Ang pagsuway sa mga batas ng Diyos ay naghahatid lamang ng kalungkutan, pagkaalipin, at kadiliman.[6]

**2**

## Una muna ang pananampalataya kay Jesucristo bago ang tunay na pagsisisi.

Ang ikalawang konsepto na mahalagang unawain natin ay ang kaugnayan ng pagsisisi sa alituntunin ng pananampalataya. Pagsisisi ang ikalawang pangunahing alituntunin ng ebanghelyo. Ang unang alituntunin ay kailangan nating sumampalataya sa Panginoong Jesucristo. Bakit ganito? Bakit kailangang sumampalataya muna sa Panginoon bago tunay na makapagsisi?

Para masagot ang tanong na ito, kailangan nating unawain ang isang bagay tungkol sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoon. Itinuro ni Lehi na "walang laman ang makapananahanan sa kinaroroonan ng Diyos, maliban sa pamamagitan ng kabutihan, at awa,

at biyaya ng Banal na Mesiyas." (2 Ne. 2:8.) Hindi maililigtas ng kahit pinakamakatarungan at pinakamatwid na tao ang kanyang sarili dahil lamang sa kanyang sariling galing, sapagkat, tulad ng sinabi sa atin ni Apostol Pablo, "lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios." (Rom 3:23.)

Kung hindi dahil sa sakdal at walang-kasalanang buhay ng Tagapagligtas, na kusa Niyang isinakripisyo para sa atin, hindi magkakaroon ng kapatawaran ang mga kasalanan.

Samakatwid, ang kahulugan ng pagsisisi ay higit pa sa basta pagbabago ng ugali. Maraming kalalakihan at kababaihan sa mundo ang nagpapamalas ng malaking pagkukusa at disiplina sa sarili sa pagdaig sa masasamang ugali at mga kahinaan ng laman. Subalit kasabay nito ay hindi nila isinasaisip ang Panginoon, kung minsan pa nga'y hayagan Siyang iwinawaksi. Ang gayong mga pagbabago ng ugali, kahit positibo, ay hindi naglalaman ng tunay na pagsisisi.

Ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ang pundasyong kailangan sa taos-puso at makabuluhang pagsisisi. Kung tunay nating hangad na iwaksi ang kasalanan, kailangan muna nating umasa sa Kanya na May-akda ng ating kaligtasan.[7]

3

**Ang pagsisisi ay kinapapalooban ng malaking pagbabago ng puso.**

Ang ikatlong mahalagang alituntuning dapat nating maunawaan kung nais nating maging tunay na mga miyembro ng Simbahan ay na hindi lamang pagbabago sa kilos ang kailangan sa pagsisisi, kundi ang pagbabago ng puso.

Nang tapusin ni Haring Benjamin ang kanyang pambihirang mensahe sa lupain ng Zarahemla, lahat ng tao ay sumigaw sa iisang tinig na naniniwala sila sa kanyang sinabi. Alam nila nang may katiyakan na ang kanyang mga pangako ng pagtubos ay totoo, dahil, sabi nila, "[ang] Espiritu ng Panginoong Makapangyarihan . . . [ay] gumawa ng malaking pagbabago sa amin, o sa aming mga puso, [at pansinin ito] kaya nga kami ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti." (Mosias 5:2.)[8]



*Sa pamamagitan ng pagsisisi, si Nakababatang Alma ay dumanas ng mahimalang pagbabago ng puso.*

Mababago ba ang puso ng mga tao? Oo, siyempre! Nangyayari ito araw-araw sa dakilang gawaing misyonero ng Simbahan. Isa ito sa pinakalaganap na mga himala ni Cristo sa makabagong panahon. Kung hindi pa ito nangyari sa inyo—dapat itong mangyari.

Sinabi ng ating Panginoon kay Nicodemo, "Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios" (Juan 3:3.) . . .

Sabi ni Alma: "At sinabi sa akin ng Panginoon: Huwag manggilalas na ang buong sangkatauhan, oo, kalalakihan at kababaihan, lahat ng bansa, lahi, wika at tao, ay kinakailangang isilang na muli; oo, isilang sa Diyos, nagbago mula sa makamundo at pagkahulog na kalagayan, tungo sa kalagayan ng kabutihan, na tinubos ng Diyos, naging kanyang mga anak na lalaki at anak na babae;

"At sa gayon sila naging mga bagong nilikha; at maliban kung kanilang gagawin ito, hindi nila mamamana sa anumang paraan ang kaharian ng Diyos." (Mosias 27:25–26.) . . .

Ipinaliliwanag sa ikaapat na kabanata ng Alma ang isang panahon sa kasaysayan ng mga Nephita kung kailan "nagsimulang maantala ang simbahan sa pag-unlad nito." (Alma 4:10.) Tinugunan ni Alma ang hamon na ito sa pagbibitiw sa kanyang tungkulin bilang punong hukom sa pamahalaan "at lubos na iniukol ang kanyang sarili sa [kanyang responsibilidad sa] mataas na pagkasaserdote." (Alma 4:20.)

Nagpatotoo siya "ng dalisay na patotoo" laban sa mga tao (Alma 4:19), at sa ikalimang kabanata ng Alma nagtanong siya ng mahigit apatnapung mahahalagang bagay. Sa tuwirang pagsasalita sa mga miyembro ng Simbahan, ipinahayag niya, "Itinatanong ko sa inyo, aking mga kapatid sa simbahan, kayo ba ay espirituwal na isinilang sa Diyos? Inyo bang tinanggap ang kanyang larawan sa inyong mga mukha? Inyo bang naranasan ang malaking pagbabagong ito sa inyong mga puso?" (Alma 5:14.)

Pagpapatuloy niya, "Kung inyo nang naranasan ang pagbabago ng puso, at kung inyo nang nadama ang umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig, itinatanong ko, nadarama ba ninyo ang gayon ngayon?" (Alma 5:26.)

Hindi ba lubhang mag-iibayo ang pag-unlad ng Simbahan ngayon sa pagdami ng mga taong espirituwal na isinilang na muli? Nakikinita ba ninyo kung ano ang mangyayari sa ating mga tahanan? Nakikinita ba ninyo ang mangyayari sa dumaraming kopya ng Aklat ni Mormon sa mga kamay ng dumaraming mga missionary na marunong gumamit nito at isinilang sa Diyos? Kapag nangyari ito, magkakaroon tayo ng saganang ani ng mga kaluluwa na ipinangako ng Panginoon. Ang "isinilang sa Diyos" na si Alma bilang missionary ay ibinahagi ang salita kaya't marami pa ang isinilang din sa Diyos. (Tingnan sa Alma 36:23–26.)[9]

Kapag dinanas na natin ang malaking pagbabagong ito, na nangyayari lamang sa pagsamplataya kay Jesucristo at sa patnubay ng Espiritu sa atin, para tayong nagiging bagong tao. Kaya, ang pagbabago ay inihahalintulad sa bagong pagsilang. Libu-libo sa inyo ang nakaranas na ng pagbabagong ito. Tinalikuran na ninyo ang buhay na puno ng kasalanan, na kung minsa'y matindi at mabigat na kasalanan, at dahil sa epekto ng dugo ni Cristo sa inyong buhay, naging malinis kayo. Ayaw na ninyong balikan ang dati ninyong

buhay. Kayo ay tunay na isang bagong tao. Ito ang kahulugan ng pagbabago ng puso.[10]

4

## Ang kalumbayang mula sa Diyos ay humahantong sa tunay na pagsisisi.

Ang ikaapat na konseptong gusto kong bigyang-diin ay ang tinatawag sa banal na kasulatan na "kalumbayang mula sa Dios" para sa ating mga kasalanan. Pangkaraniwan nang makakita ng mga lalaki't babae sa mundo na nagsisisi sa kanilang mga pagkakamali. Kung minsan ay dahil ito sa kanilang mga ginawa na nagdulot ng matinding kalungkutan at pighati sa kanila o sa kanilang mga mahal sa buhay. Kung minsan ang kanilang kalungkutan ay dahil nahuli sila at pinarusahan sa kanilang mga ginawa. Ang gayong makamundong damdamin ay walang "kalumbayang mula sa Dios."

. . . Sa mga huling araw ng bansang Nephita, ganito ang sinabi ni Mormon tungkol sa kanyang mga tao: "ang kanilang kalungkutan ay hindi tungo sa pagsisisi, dahil sa kabutihan ng Diyos; kundi ito ang kalungkutan ng mga isinumpa, dahil sa hindi sila laging pahihintulutan ng Panginoon na lumigaya sa kasalanan.

"At hindi sila lumapit kay Jesus nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, kundi isinusumpa nila ang Diyos, at naghahangad na mamatay." (Morm. 2:13–14.)

Sa Eastern Hemisphere, nagturo si Apostol Pablo sa mga mamamayan ng Corinto. Matapos marinig ang mga ulat tungkol sa malalaking problema ng mga Banal, pati na ang tungkol sa imoralidad (tingnan sa 1 Cor. 5:1), sumulat si Pablo ng matalim na pananalita sa isang liham. Sumagot ang mga tao nang may wastong saloobin, at malinaw na naitama ang mga problema, dahil sa ikalawang liham niya sa kanila, isinulat ni Pablo: "Ngayo'y nagagalak ako, hindi dahil sa inyong pagkalumbay, kundi dahil sa inyong mga pagkalumbay sa ikapagsisisi; sapagka't kayo'y pinalumbay sa paraang ukol sa Dios. . . .

"Sapagka't ang kalumbayang mula sa Dios, ay gumagawa ng pagsisisi sa ikaliligtas, na hindi ikalulungkot: datapuwa't ang kalumbayang ayon sa sanglibutan ay ikamamatay." (2 Cor. 7:9–10.)

Sa dalawang talatang ito sa banal na kasulatan, ang kalumbayang mula sa Diyos ay ipinakahulugan na kalumbayang nagtutulak sa atin na magsisi.

Ang kalumbayang mula sa Diyos ay kaloob ng Espiritu. Ito ay malalim na pagkaunawa na nagalit ang ating Ama at ating Diyos sa ating mga ginawa. Ito ay matindi at malinaw na kaalaman na dahil sa ating ikinilos ay naghirap at nagdusa ang Tagapagligtas, Siya na walang-sala, maging ang pinakadakila sa lahat. Lumabas ang dugo sa bawat butas ng Kanyang katawan dahil sa ating mga kasalanan. Ang tunay na pagdadalamhating ito ng isipan at espiritu ang tinutukoy sa mga banal na kasulatan na pagkakaroon ng "bagbag na puso at nagsisising espiritu." (Tingnan sa 3 Ne. 9:20; Moro. 6:2; D at T 20:37; 59:8; Awit 34:18; 51:17; Isa. 57:15.) Gayong damdamin ang talagang kailangan para sa tunay na pagsisisi.[11]

5

## Sabik ang Ama sa Langit at si Jesucristo na makita ang ating pagbabagong-buhay, at tutulungan Nila tayo.

Ang susunod na alituntuning gusto kong talakayin ay ito: Wala nang ibang mas nasasabik na makita ang ating pagbabagong-buhay kaysa sa Ama at sa Tagapagligtas. Sa aklat ng Apocalipsis naroon ang isang makapangyarihan at napakahalagang paanyaya ng Tagapagligtas. Sabi Niya, "Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya." (Apoc. 3:20.) Pansinin na hindi Niya sinabing, "Nakatayo ako sa pintuan at hinihintay kitang kumatok." Siya'y tumatawag, kumakaway, humihiling na buksan lang natin ang ating puso at Siya'y papasukin.

Sa dakilang sermon ni Moroni tungkol sa pananampalataya, mas malinaw na itinuro ang alituntuning ito. Sinabi sa kanya ng Panginoon, "Kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba; at ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng tao." Hindi mahalaga ang ating kawalan o kahinaan o kakulangan. Ang Kanyang mga kaloob at kapangyarihan ay sapat na para madaig ang lahat ng ito.


Nagpatuloy si Moroni sa mga salita ng Panginoon: "Ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, *sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila*." (Eter 12:27; idinagdag ang italics.)

Kaygandang pangako mula sa Panginoon! Ang pinagmumulan mismo ng ating mga problema ay maaaring baguhin, hubugin, at buuin para maging kalakasan at mapagkunan ng lakas. Ang pangakong ito ay inulit sa isa o iba pang paraan sa marami pang banal na kasulatan. Sabi ni Isaias, "Siya'y nagbibigay ng lakas sa mahina; at ang walang kapangyarihan ay pinananagana niya sa kalakasan." (Isa. 40:29.) Sinabi ng Panginoon kay Pablo, "Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan." (2 Cor. 12:9.) Sa Doktrina at mga Tipan mababasa natin, "Siya na nanginginig sa ilalim ng aking kapangyarihan ay gagawing malakas, at magdadala ng bunga ng papuri at karunungan." (D at T 52:17; tingnan din sa 1 Ne. 17:3; 2 Ne. 3:13; D at T 1:28; 133:58–59.)[12]

Ang isa sa mga pinakaepektibong pamamaraan ni Satanas sa mga natukso niyang magkasala ay bumulong sa kanilang mga tainga na hindi sila karapat-dapat na manalangin. Sasabihin niya sa inyo na galit na galit sa inyo ang Ama sa Langit kaya hinding-hindi Niya pakikinggan ang inyong mga dalangin. Kasinungalingan iyan, at sinasabi niya iyan para linlangin tayo. Ang kapangyarihan ng kasalanan ay malaki. Kung lalayo tayo rito, lalo na sa mabigat na kasalanan, kailangan natin ng kapangyarihang mas malakas kaysa sa atin.

Walang mas nasasabik na tumulong sa inyong lumayo sa kasalanan kaysa sa inyong Ama sa Langit. Lumapit sa Kanya. Aminin ang inyong kasalanan, ipagtapat ang inyong kahihiyan at pagkakasala, at pagkatapos ay humingi ng tulong sa Kanya. May kapangyarihan Siya na tulungan kayong magtagumpay.[13]

Mga kapatid, kailangan nating idulog ang ating mga kasalanan sa Panginoon sa mapagpakumbaba at malungkot na pagsisisi. Kailangan nating humingi sa Kanya ng lakas na malabanan ang mga ito. Ang mga pangako ay tiyak. Tutulungan Niya tayo. Magkakaroon tayo ng lakas na baguhin ang ating buhay.[14]



*"Ang tunay na pagsisisi ay batay sa at dumadaloy mula sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Wala nang ibang paraan."*

6

## Hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa sa paghahangad nating maging katulad ni Cristo.

Ang ikaanim at huling puntong nais kong ituro tungkol sa pagsisisi ay na kailangan nating mag-ingat, sa paghahangad natin na mas lalong tularan ang Diyos, na hindi tayo manghina at mawalan ng pag-asa. Ang pagiging katulad ni Cristo ay panghabambuhay na pagsisikap at kadalasan ay kinapapalooban ng mabagal at halos hindi napapansing pag-unlad at pagbabago. Nakatala sa mga banal na kasulatan ang mga pambihirang kuwento tungkol sa mga lalaki na biglang nagbago ang buhay, sa isang iglap: si Nakababatang Alma, si Pablo sa daan patungong Damasco, si Enos na nagdasal nang buong araw, si Haring Lamoni. Ang gayong mga kamangha-manghang halimbawa ng kapangyarihang baguhin maging ang mga taong lubog na sa kasalanan ay nagbibigay ng tiwala na kayang tulungan ng Pagbabayad-sala maging ang mga taong lubhang nawawalan ng pag-asa.

Ngunit dapat na maging maingat tayo sa pagtalakay sa mga kamangha-manghang halimbawang ito. Bagama't tunay at mabisa ang mga ito, bihira itong mangyari. Para sa lahat ng tao na may karanasang tulad ng kina Pablo, Enos, at Haring Lamoni, daan-daan at libu-libong tao ang nakatutuklas na ang bunga ng pagsisisi ay mas mahirap mahalata at mapansin. Araw-araw ay mas napapalapit sila sa Panginoon, nang hindi natatanto na nagiging maka-Diyos ang kanilang buhay. Nabubuhay sila nang tahimik sa kabutihan, paglilingkod, at katapatan. Katulad sila ng mga Lamanita, na sinabi ng Panginoon na "[bininyagan] ng apoy at ng Espiritu Santo, *at hindi nila nalalaman ito.*" (3 Ne. 9:20; idinagdag ang italics.)

Hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa. Ang pag-asa ay angkla sa mga kaluluwa ng mga tao. Gusto ni Satanas na itapon natin ang angklang iyan. Sa gayon ay manghihina tayo at patatangay sa kanya. Ngunit hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa. Nasisiyahan ang Panginoon sa bawat pagsisikap, maging sa maliliit at araw-araw na pagsisikap natin na maging katulad Niya. Bagama't nakikita natin na malayo pa ang ating lalakbayin tungo sa pagiging perpekto, hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa.[15]

Para sa mga gumagawa ng hinihingi ng tunay na pagsisisi, ang pangako ay tiyak. Maaari kayong maging malinis na muli. Mapapawi ang kawalang-pag-asa. Ang matamis na kapayapaan ng kapatawaran ay dadaloy sa inyong buhay.

Ang mga salita ng Panginoon sa pamamagitan ni Isaias ay totoo: "Magsiparito kayo ngayon, at tayo'y magkatuwiranan, sabi ng Panginoon: bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe; bagaman maging mapulang gaya ng matingkad na pula, ay magiging parang balahibo ng tupa" (Isa. 1:18).

At sa dispensasyong ito nagsalita ang Panginoon nang kasinglinaw nito nang sabihin Niyang, "Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito" (D at T 58:42).[16]

Sana'y huwag tayong mabuhay sa nakaraan. Ang mga taong nabubuhay sa nakaraan ay walang magandang kinabukasan. Ugali nating tumangis tungkol sa mga nawala sa atin, tungkol sa mga

desisyong ginawa natin na iniisip natin na malamang na mali. Ugali nating magalit sa mga nangyayari sa ating paligid, iniisip na mas mabuti yata kung iba ang naging desisyon natin. Makikinabang tayo sa mga nangyari sa nakaraan. Ngunit huwag nating sayangin ang ating panahon sa pag-aalala tungkol sa mga desisyong nagawa na, sa mga pagkakamaling nagawa na. Mabuhay tayo sa kasalukuyan at sa hinaharap.[17]

Pinakamamahal kong mga kapatid, sa paghahangad nating maging karapat-dapat na maging mga miyembro ng Simbahan ni Cristo—mga miyembro ayon sa pakahulugan Niya, mga miyembrong nagsisi at lumalapit sa Kanya—alalahanin natin ang anim na alituntuning ito. Una, ang ebanghelyo ang plano ng kaligayahan ng Panginoon, at ang pagsisisi ay nilayon upang maghatid sa atin ng galak. Ikalawa, ang tunay na pagsisisi ay batay sa at dumadaloy mula sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Wala nang ibang paraan. Ikatlo, ang tunay na pagsisisi ay kinapapalooban ng pagbabago ng puso at hindi lang pagbabago ng ugali. Ikaapat, bahagi ng malaking pagbabagong ito ng puso ang makadama ng kalumbayang mula sa Diyos para sa ating mga kasalanan. Ito ang ibig sabihin ng bagbag na puso at nagsisising espiritu. Ikalima, ang mga kaloob ng Diyos ay sapat na para tulungan tayong malabanan ang bawat kasalanan at kahinaan kung hihingi lang tayo ng tulong sa Kanya. Sa huli, tandaan natin na halos lahat ng pagsisisi ay walang nakamamangha o biglaang mga pagbabago, bagkus ito ay paisa-isang hakbang, matatag, at tuwid na hakbang tungo sa kabanalan.

Kung magpupunyagi tayong isama ang mga alituntuning ito sa ating buhay at susundin natin ang mga ito araw-araw, magiging karapat-dapat tayo at hindi lang basta mga miyembro sa talaan ng Simbahan ni Jesucristo. Bilang tunay na mga miyembro, may karapatan tayo sa Kanyang pangako: "Sinuman ang nasa sa aking simbahan, at mananatili sa aking simbahan hanggang katapusan, siya ay aking itatayo sa aking bato, at ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa kanila." (D at T 10:69.)

Dalangin ko na matupad sa ating lahat ang pangakong iyan.[18]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sinabi ni Pangulong Benson na para tunay na makapagsisi, kailangan muna nating matanto na "ang plano ng ebanghelyo ay *ang* plano ng kaligayahan" at na ang kasamaan ay "*hindi kailanman* magdudulot sa atin ng kaligayahan" (bahagi 1). Sa palagay ninyo bakit mahalagang maunawaan ito kapag nagsisisi?
- Sa mga pagsisikap nating magsisi, bakit hindi sapat ang pagbabago ng ugali? (Tingnan sa bahagi 2.) Sa palagay ninyo bakit kailangan tayong umasa kay Jesucristo para tunay na makapagsisi?
- Sa paanong paraan ninyo naranasan ang "malaking pagbabago ng puso," ayon sa ipinaliwanag sa bahagi 3? Ano ang magagawa natin para matulungan ang iba na maranasan ang pagbabagong ito?
- Sa paanong paraan naiiba ang "kalumbayang mula sa Diyos" sa kalungkutang nadarama ng ilang tao kapag may nagawa silang mali? (Tingnan sa bahagi 4.) Paano gagamitin ng isang magulang o bishop ang mga turo sa bahagi 4 para tulungan ang isang taong kailangang magsisi?
- Nang repasuhin ninyo ang bahagi 5, anong mga turo ang nakikita ninyong nakapapanatag ng kalooban? Bakit nakapapanatag sa inyo ang mga turong ito?
- Nang patotohanan ni Pangulong Benson ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, sinabi niya, "Hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa" (bahagi 6). Habang nirerepaso ninyo ang bahagi 6, anong mga katotohanan tungkol sa Pagbabayad-sala ang nakikita ninyong nagbibigay sa inyo ng pag-asa?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Lucas 15:11–32; Mosias 4:10–12; 26:30–31; Alma 34:17–18; 3 Nephi 27:19–20; D at T 18:10–16; 19:15–19

*Tulong sa Pagtuturo*

"Ang dapat na maging pangunahing tungkulin ninyo ay tulungan ang iba na matutuhan ang ebanghelyo, hindi ang lumikha ng isang kahanga-hangang paglalahad ng aralin. Ito ay kinabibilangan ng pagbibigay ng mga pagkakataon para sa mga mag-aaral na turuan

ang isa't isa" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 79).

## *Mga Tala*

1. "Cleansing the Inner Vessel," *Ensign,* Mayo 1986, 4.
2. Sa Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 184.
3. "The Law of Chastity," *New Era,* Ene. 1988, 6.
4. Sa Conference Report, Abr. 1955, 47.
5. "Born of God," *Ensign,* Hulyo 1989, 4.
6. "A Mighty Change of Heart," *Ensign,* Okt. 1989, 2.
7. "A Mighty Change of Heart," 2.
8. "A Mighty Change of Heart," 2, 4.
9. "Born of God," 2, 4.
10. "A Mighty Change of Heart," 4.
11. "A Mighty Change of Heart," 4.
12. "A Mighty Change of Heart," 4–5.
13. "The Law of Chastity," 7.
14. "A Mighty Change of Heart," 5.
15. "A Mighty Change of Heart," 5.
16. "The Law of Chastity," 7.
17. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 387.
18. "A Mighty Change of Heart," 5.



*"Walang ibang kaganapan na higit na mahalaga sa mga tao o bansa kaysa sa pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon."*

# Si Jesucristo ang Ating Tagapagligtas at Manunubos

*"Ipinapahayag natin ang kabanalan ni Jesucristo. Siya lamang ang tanging makapagliligtas sa atin."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

"Wala akong maalalang pagkakataon na hindi ako naniwala kay Jesucristo," sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson. "Tila ang katotohanang Siya ay nabuhay, namatay, at nabuhay na mag-uli ay bahagi na ng buhay ko noon pa man. Pinalaki ako sa isang tahanan ng matatapat na magulang na taos-pusong naniwala at nagpatotoo kay Cristo, na siyang labis kong pinasasalamatan."[1]

Ang patotoong ito kay Jesucristo ang pundasyon ng buhay ni Pangulong Benson. Hinubog nito ang kanyang mga priyoridad, ginabayan ang kanyang mga desisyon, at tinulungan siyang malagpasan ang mga pagsubok. Naglaan ito ng pananaw tungkol sa layunin ng mortalidad at tiwala sa mga pangako at pagpapala ng buhay na walang hanggan.

Sa paglilingkod niya bilang apostol at bilang natatanging saksi ni Jesucristo, madalas magbigay ng patotoo si Pangulong Benson tungkol sa Tagapagligtas. Batid na "kung minsan ay may nagtatanong ng, 'Kristiyano ba ang mga Mormon?'" nagpatotoo siya:

"Ipinapahayag namin ang kabanalan ni Jesucristo. Umaasa kami sa Kanya bilang tanging pinagmumulan ng aming kaligtasan. Pinagsisikapan naming ipamuhay ang Kanyang mga turo, at inaasam namin ang panahon na muli Siyang darating dito sa lupa upang mamahala at maghari bilang Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon. Sa mga salita ng isang propeta sa Aklat ni Mormon, masasabi nating . . . , 'Walang ibang pangalang ibinigay o anumang daan, o paraan kung saan ang kaligtasan ay mapapasa mga anak ng

tao, tanging kay at sa pamamagitan lamang ng pangalan ni Cristo, ang Panginoong Makapangyarihan' (Mosias 3:17)."[2]

Ang mga pahayag ni Pangulong Benson tungkol sa kabanalan ni Jesucristo ay madalas iugnay sa Aklat ni Mormon.[3] "Sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon naglaan ang Diyos para sa ating panahon ng konkretong katibayan na si Jesus ang Cristo," sabi niya.[4] Itinuro Niya na ang "pangunahing misyon" ng Aklat ni Mormon ay hikayatin ang mga tao tungkol sa katotohanang ito.[5] "Mahigit kalahati ng lahat ng talata sa Aklat ni Mormon ay patungkol sa ating Panginoon," ang sabi niya. "Siya ay binigyan ng mahigit isandaang iba't ibang pangalan sa Aklat ni Mormon. Ang mga pangalang iyon ay may partikular na kahalagahan sa paglalarawan ng Kanyang likas na kabanalan."[6]

Ang patotoo ni Pangulong Benson tungkol sa Tagapagligtas ay naghayag ng pagiging malapit niya sa Kanya:

"Mahal ko Siya nang buong kaluluwa ko.

"Mapagpakumbaba kong pinatototohanan na Siya pa rin ang mapagmahal at mahabaging Panginoon ngayon tulad noong lakarin Niya ang maalikabok na mga lansangan ng Palestina. Malapit siya sa Kanyang mga lingkod na nasa daigdig na ito. May malasakit Siya at mahal Niya ang bawat isa sa atin ngayon. Makatitiyak kayo riyan.

"Buhay Siya ngayon bilang ating Panginoon, ating Guro, ating Tagapagligtas, ating Manunubos, at ating Diyos.

"Pagpalain tayong lahat ng Diyos na maniwala sa Kanya, na tanggapin Siya, sambahin Siya, lubos na magtiwala sa Kanya, at sundin Siya."[7]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

### Dahil sa Kanyang sukdulang pagmamahal sa atin, tinubos tayo ni Jesucristo mula sa pisikal at espirituwal na kamatayan.

Walang ibang impluwensya na nagkaroon ng napakalaking epekto sa daigdig na ito na tulad ng buhay ni Jesus ang Cristo. Hindi natin mawawari ang ating buhay kung wala ang Kanyang mga turo. Kung wala Siya malilito tayo sa mga maling paniniwala at

relihiyon na likha ng takot at kadiliman kung saan may impluwensya ang mga bagay na mahalay at makamundo. Napakalayo natin sa mithiing itinakda Niya para sa atin, ngunit huwag nating alisin ang ating paningin doon, ni huwag nating kalimutan na ang ating paglalakbay tungo sa liwanag, tungo sa kasakdalan, ay hindi magiging posible kung hindi dahil sa Kanyang turo, Kanyang buhay, Kanyang kamatayan, at Kanyang pagkabuhay na mag-uli.[8]

Para magkaroon ng kahit kaunting pagpapahalaga at pasasalamat sa ginawa [ni Jesucristo] alang-alang sa atin, dapat nating tandaan ang mahahalagang katotohanang ito:

Pumarito sa lupa si Jesus upang gawin ang kalooban ng ating Ama.

Pumarito Siya na alam na noon pa man na papasanin Niya ang bigat ng mga kasalanan nating lahat.

Alam Niya na ipapako Siya sa krus.

Isinilang Siya upang maging Tagapagligtas at Manunubos ng buong sangkatauhan.

*Nagawa* Niyang isakatuparan ang Kanyang misyon dahil Siya ang Anak ng Diyos at taglay Niya ang kapangyarihan ng Diyos.

*Handa* Siyang isakatuparan ang Kanyang misyon dahil mahal Niya tayo.

Walang mortal na nilalang ang may kapangyarihan o kakayahang tubusin ang lahat ng iba pang mortal mula sa kanilang naligaw at nahulog na kalagayan, ni sinumang iba pa na kusang isasakripisyo ang kanyang buhay nang sa gayon ay maisakatuparan ang pagkabuhay na mag-uli ng lahat ng iba pang mortal.

Si Jesucristo lamang ang may kakayahan at kahandaang isakatuparan ang gayong nakatutubos na pagpapakita ng pagmamahal.[9]

Si Jesucristo . . . ay naparito sa daigdig na ito sa panahong itinakda noon pa man sa pamamagitan ng maharlikang pagsilang na nagprotekta sa Kanyang pagkadiyos. Kasama sa Kanyang likas na pagkatao ang mga katangian ng Kanyang mortal na ina at mga banal na katangian at kapangyarihan ng Kanyang Amang Walang Hanggan.

Dahil sa Kanyang kakaibang minanang katangian, Siya ang nagmana sa marangal na titulong—Ang Bugtong na Anak ng Diyos sa



*"Walang ibang nag-iisang impluwensya na nagkaroon ng napakalaking epekto sa daigdig na ito na tulad ng buhay ni Jesus ang Cristo."*

laman. Bilang Anak ng Diyos, minana Niya ang mga kapangyarihan at talinong hindi taglay ng sinumang tao noon. Siya ang literal na Emmanuel, na ibig sabihi'y "sumasa atin ang Dios." (Tingnan sa Isa. 7:14; Mat. 1:23.)

Kahit Siya ang Anak ng Diyos na isinugo sa lupa, kinailangan sa banal na plano ng Ama na pagdaanan ni Jesus ang lahat ng hirap at pasakit ng mortalidad. Kaya't dumanas Siya ng "mga tukso, . . . gutom, uhaw, at pagod." (Mosias 3:7.)

Para marapat na maging *Manunubos* ng lahat ng anak ng ating Ama, kinailangan ni Jesus na maging lubos na masunurin sa lahat ng batas ng Diyos. Dahil nagpasakop Siya sa kalooban ng Ama, nagpatuloy Siya "nang biyaya sa biyaya, hanggang sa tanggapin niya ang kaganapan" ng kapangyarihan ng Ama. Sa gayo'y sumakanya ang "lahat ng kapangyarihan, maging sa langit at sa lupa." (D at T 93:13, 17.)[10]

Dahil [si Jesus] ang Diyos—maging ang Anak ng Diyos—makakaya Niyang dalhin ang bigat at pasanin ng mga kasalanan ng ibang tao. Ipinropesiya ni Isaias [ang] kahandaan ng ating Tagapagligtas na gawin iyan sa mga salitang ito: "Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan; . . . siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo." (Isa. 53:4–5.)

Ang banal at di-makasariling boluntaryong pag-ako sa mga kasalanan ng lahat ng tao ay ang Pagbabayad-sala. Hindi kayang arukin o unawain ng mortal na tao kung paano nakayanan ng *Isang Tao* ang mga kasalanan ng *lahat*. Ngunit ito ang alam ko: Inako Niya mismo ang mga kasalanan ng lahat at ginawa iyon dahil sa Kanyang sukdulang pagmamahal para sa bawat isa sa atin. Sinabi niya: "Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi; . . . kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu—nagnais na kung maaari ay hindi ko lagukin ang mapait na saro at manliit." (D at T 19:16, 18.)

Sa kabila ng napakasakit na pagsubok na iyon, kinuha Niya ang saro at nilagok ito. Pinagdusahan Niya ang mga pasakit ng lahat ng tao para hindi na tayo magdusa. Tiniis Niya ang paghamak at mga pang-iinsulto ng Kanyang mga taga-usig nang walang reklamo o paghihiganti. Tiniis Niya ang hagupit at saka ang kahihiyan ng malupit na pagpatay sa Kanya—ang krus.[11]

Sa Getsemani at sa Kalbaryo, isinagawa [ni Jesus] ang sukdulan at walang-hanggang pagbabayad-sala. Iyan ang pinakadakilang pagpapakita ng pagmamahal sa nakatalang kasaysayan. Pagkatapos ay sumunod ang Kanyang pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli.

Dahil dito Siya ay naging ating Manunubos—tinutubos tayong lahat mula sa pisikal na kamatayan, at tinutubos mula sa espirituwal na kamatayan tayong mga susunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo.[12]

Maaaring hindi natin maunawaan ni maaarok kailanman sa buhay na ito *kung paano* Niya iyon isinagawa, ngunit kailangan nating maunawaan *kung bakit* Niya iyon ginawa.

Lahat ng ginawa Niya ay dahil sa Kanyang di-makasarili at sukdulang pagmamahal sa atin.[13]

2

## Lumabas si Jesucristo mula sa libingan, at Siya ngayon ay isang nabuhay na muling nilalang.

Ang mga pinakadakilang nangyari sa kasaysayan ay yaong may epekto sa pinakamaraming tao sa napakahabang panahon. Batay sa pamantayang ito, walang ibang kaganapang higit na mahalaga sa mga tao o bansa maliban sa pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon.

Ang literal na pagkabuhay na mag-uli ng bawat kaluluwang nabuhay at namatay sa lupa ay tiyak, at dapat talagang paghandaang mabuti ng isang tao ang kaganapang ito. Ang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli ay dapat mithiin ng bawat lalaki at babae, sapagkat mangyayari ito.

Walang ibang kaganapan na panlahatan maliban sa pagkabuhay na mag-uli. Lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli. "Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin." (1 Cor. 15:22.)

Sinasabi sa atin ng banal na kasulatan na noong ikatlong araw matapos ipako si Jesus sa krus ay nagkaroon ng malakas na lindol. Gumulong ang batong nakatakip sa pintuan ng Kanyang libingan. Nagpunta roon ang ilang babae, na kabilang sa pinakamatapat Niyang mga disipulo, na may dalang mga pabango "at hindi nila nangasumpungan ang bangkay ng Panginoong Jesus."

Nagpakita ang mga anghel at sinabi lang na, "Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala siya rito, datapuwa't nagbangon." (Lucas 24:3–6.) Walang nakasulat sa kasaysayan na tutumbas sa nakaaantig na pahayag na iyon: "Wala siya rito, datapuwa't nagbangon."

Ang katunayan ng pagkabuhay na mag-uli ng ating Panginoon ay batay sa mga patotoo ng *maraming* kapani-paniwalang saksi. Nagpakita ang nagbangong Panginoon sa ilang babae, sa dalawang

disipulo sa daan patungong Emaus, kay Pedro, sa mga Apostol; at "pagkatapos," ayon kay Pablo, "napakita [siya] sa mahigit na limang daang kapatid na paminsan. . . . At sa kahulihulihan . . . ay napakita naman siya [kay Pablo]." (1 Cor. 15:6, 8.) . . .

Bilang isa sa Kanyang mga saksi sa mga huling araw, pinatototohanan ko na Siya ay buhay ngayon. Siya ay isang nabuhay na mag-uling Nilalang. Siya ang ating Tagapagligtas, ang mismong Anak ng Diyos. Pinatototohanan ko na Siya ay muling paparito bilang niluwalhati at nabuhay na mag-uling Panginoon natin. Malapit na ang araw na iyon. Sa lahat ng tumatanggap sa Kanya bilang Tagapagligtas at Panginoon, ang Kanyang literal na pagkabuhay na mag-uli ay nangangahulugan na ang buhay ay hindi nagwawakas sa kamatayan, sapagkat ipinangako Niya: "Sapagka't ako'y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo." (Juan 14:19.)[14]

Siya lamang ang may kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli. Kaya nga noong ikatlong araw matapos Siyang ilibing, lumabas Siya mula sa libingan nang buhay at ipinakita ang Kanyang sarili sa marami. . . . Bilang isa sa tinawag na [Kanyang] natatanging mga saksi sa panahong ito, pinatototohanan ko sa inyo na Siya ay buhay. Mayroon Siyang nabuhay na mag-uling katawan. Walang ibang katotohanan na mas natitiyak o mas pinagtitiwalaan ko kaysa sa katotohanan na literal na nabuhay na mag-uli ang ating Panginoon.[15]

3

## Kailangan tayong maging matatag sa ating patotoo tungkol kay Jesucristo.

Ang pinakamahalagang pagpapalang matatamo ng bawat miyembro ng Simbahan ay ang patotoo tungkol sa kabanalan ni Jesucristo at ng Kanyang simbahan. Ang patotoo ay isa sa iilang pag-aaring madadala natin kapag nilisan natin ang buhay na ito.

Ang magkaroon ng patotoo tungkol kay Jesus ay pagkakaroon ng kaalaman sa pamamagitan ng Espiritu Santo tungkol sa banal na misyon ni Jesucristo.

Ang patotoo tungkol kay Jesus ay ang malaman ang banal na katangian ng pagsilang ng ating Panginoon—na Siya nga ang *Bugtong* na Anak sa laman.

Ang patotoo tungkol kay Jesus ay ang malaman na Siya ang ipinangakong Mesiyas at habang nasa kalipunan Siya ng mga tao ay nagsagawa Siya ng maraming malalaking himala.

Ang patotoo tungkol kay Jesus ay ang malaman na ang mga batas na itinakda Niya bilang Kanyang doktrina ay totoo at dapat nating sundin ang mga batas at ordenansang ito.

Ang magtaglay ng patotoo tungkol kay Jesus ay ang malaman na kusa Niyang pinasan sa Kanyang sarili ang mga kasalanan ng buong sangkatauhan sa Halamanan ng Getsemani, na naging dahilan upang magdusa Siya kapwa sa katawan at espiritu at labasan ng dugo sa bawat butas ng katawan. Lahat ng ito ay ginawa Niya para hindi na tayo magdusa pa kung tayo'y magsisisi. (Tingnan sa D at T 19:16, 18.)

Ang magtaglay ng patotoo tungkol kay Jesus ay ang malaman na Siya ay tagumpay na nagbangon mula sa libingan na may pisikal at nabuhay na mag-uling katawan. At dahil Siya ay nabuhay, mabubuhay rin ang buong sangkatauhan.

Ang magtaglay ng patotoo tungkol kay Jesus ay ang malaman na tunay na nagpakita ang Diyos Ama at si Jesucristo kay Propetang Joseph Smith upang pasimulan ang bagong dispensasyon ng Kanyang ebanghelyo para maipangaral ang kaligtasan sa lahat ng bansa bago Siya dumating.

Ang magtaglay ng patotoo tungkol kay Jesus ay ang malaman na ang Simbahan, na Kanyang itinatag sa kalagitnaan ng panahon at ipinanumbalik sa makabagong panahon ay, tulad ng ipinahayag ng Panginoon, "ang tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo." (D at T 1:30.)

Mahalagang magkaroon ng gayong patotoo. Ngunit mas mahalagang maging matatag sa ating patotoo.

Ang patotoo tungkol kay Jesus ay nangangahulugan na tinatanggap natin ang banal na misyon ni Jesucristo, niyayakap ang Kanyang ebanghelyo, at ginagawa ang Kanyang mga gawain. Nangangahulugan din ito na tinatanggap natin ang misyon ni Joseph Smith bilang propeta at ng mga sumunod sa kanya at sinusunod natin ang kanilang payo. Sabi nga ng Panginoon, "Maging sa



*"Magsisunod kayo sa aking hulihan" (Marcos 1:17).*

pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa." (D at T 1:38.)

Tinutukoy ang mga tao na kalaunan ay tatanggap ng mga pagpapala ng kahariang selestiyal, sinabi ng Panginoon kay Joseph Smith:

"Sila ang mga yaong tumanggap ng patotoo ni Jesus, at naniwala sa kanyang pangalan at nabinyagan sa paraan ng kanyang pagkakalibing, na nalibing sa tubig sa kanyang pangalan, at ito ay alinsunod sa kautusan na kanyang ibinigay." (D at T 76:51.)

May mga tao na matatatag sa kanilang patotoo tungkol kay Jesus, na, tulad ng ipinahayag ng Panginoon, "pinangibabawan ng pananampalataya, at ibinuklod sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ng pangako, na siyang ibinubuhos ng Ama sa lahat ng yaong matwid at totoo." (D at T 76:53.)[16]

## 4

## Ang pananampalataya kay Jesucristo ay binubuo ng lubos na pag-asa sa Kanya at pagsunod sa Kanyang mga turo.

Ang pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Bakit naaangkop na ituon natin ang ating tiwala, pag-asa, at pananalig sa iisang tao? Bakit napakahalaga ng pananampalataya sa Kanya sa kapayapaan ng isipan sa buhay na ito at pag-asa sa mundong darating?

Ang mga sagot natin sa mga tanong na ito ang nagpapasiya kung haharapin natin ang bukas nang may tapang, pag-asa, at positibong pananaw o nang may pangamba, pag-aalala, at negatibong pananaw.

Ito ang aking mensahe at patotoo: Tanging si Jesucristo ang karapat-dapat na maglaan ng pag-asa, tiwala, at lakas na iyan na kailangan natin upang madaig ang mundo at mga kahinaan natin bilang tao. Upang magawa ito, kailangan nating sumampalataya sa Kanya at ipamuhay ang Kanyang mga batas at turo. . . .

Ang pagsampalataya sa Kanya ay higit pa sa simpleng pagtanggap na Siya ay buhay. Higit pa ito sa pagpapahayag ng paniniwala.

Ang pananampalataya kay Jesucristo ay binubuo ng ganap na pag-asa sa Kanya. Bilang Diyos, Siya ay may walang-katapusang kapangyarihan, katalinuhan, at pagmamahal. Walang problema ang tao na hindi Niya kayang lutasin. Dahil Siya ay nagpakababa-baba sa lahat ng bagay (tingnan sa D at T 122:8), alam Niya kung paano tayo tutulungan na makayanan ang ating mga paghihirap sa araw-araw.

Ang pagsampalataya sa Kanya ay nangangahulugang maniwala na kahit hindi natin maunawaan ang lahat ng bagay, nauunawaan Niya ang mga iyon. Samakatwid, kailangan nating umasa sa Kanya "sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot." (D at T 6:36.)

Ang pagsampalataya sa Kanya ay nangangahulugang magtiwala na Siya ang may lubos na kapangyarihan sa lahat ng tao at lahat ng bansa. Walang kasamaang hindi Niya mapipigilan. Lahat ng bagay ay nasa Kanyang mga kamay. May karapatan Siyang pamahalaan

ang daigdig na ito. Subalit tinutulutan Niya ang kasamaan para makapili tayo sa mabuti o masama.

Ang Kanyang ebanghelyo ang perpektong lunas sa lahat ng problema ng tao at kasamaan ng lipunan.

Ngunit may bisa lamang ang Kanyang ebanghelyo kapag ipinamuhay natin ito. Samakatwid, kailangan tayong "magpakabusog . . . sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin." (2 Ne. 32:3.)

Maliban kung *sundin* natin ang Kanyang mga turo, hindi natin maipapakita ang ating pananampalataya sa Kanya.

Isipin kung gaano maiiba ang mundong ito kung susundin ng buong sangkatauhan ang Kanyang sinabi: "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. . . . Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili." (Mat. 22:37, 39.)

Ano ngayon ang sagot sa tanong na "Ano ang kailangang gawin sa mga problema at suliraning kinakaharap ng mga tao, komunidad, at bansa ngayon?" Narito ang Kanyang simpleng lunas:

"Maniwala sa Diyos; maniwala na siya nga, at na siya ang lumikha ng lahat ng bagay, kapwa sa langit at sa lupa; maniwala na taglay niya ang *lahat* ng karunungan, at *lahat* ng kapangyarihan, kapwa sa langit at sa lupa; maniwalang hindi nauunawaan ng tao ang lahat ng bagay na nauunawaan ng Panginoon. . . .

"Maniwala na kayo ay kinakailangang magsisi ng inyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito, at magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Diyos; at humingi nang taos sa puso nang kayo ay kanyang patawarin; at ngayon, kung kayo ay naniniwala sa lahat ng bagay na ito, *tiyaking ito ay inyong gagawin*." (Mosias 4:9–10; idinagdag ang italics.)[17]

5

## Napakapalad at napakasaya natin kapag nagpunyagi tayong maging katulad ni Jesucristo.

Isa sa mga layunin ng buhay na ito ang subukin tayo upang malaman kung ating "gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos

sa [atin] . . . ng Panginoon" nating Diyos. (Abr. 3:25.) Sa madaling salita, alamin natin ang kalooban ng Panginoon at gawin ito. Sundin natin ang halimbawa ni Jesucristo at tularan natin Siya.

Ang mahalagang tanong ng buhay ay nararapat maging kagaya ng sinabi ni Pablo: "[Panginoon, ano ang nais mong gawin ko]?" (Gawa 9:6.) . . .

Kailangan natin ng mas maraming lalaki at babae na nananalig kay Cristo na laging inaalala Siya, na susunod sa Kanyang mga utos na ibinigay Niya sa kanila. Ang pinakamalaking sukatan ng tagumpay ay ang makita kung gaano kalapit nating matutularan ang Kanyang halimbawa sa bawat sandali.[18]

Ang ilan . . . ay handang mamatay para sa kanilang pananampalataya, ngunit hindi sila handang ipamuhay iyon nang lubusan. Si Cristo ay kapwa nabuhay at namatay para sa atin. Sa pamamagitan ng Kanyang pagbabayad-sala at pagsunod sa Kanyang mga yapak, matatamo natin ang pinakadakilang kaloob sa lahat—ang buhay na walang hanggan, na siyang uri ng buhay ng dakilang Diyos na Walang Hanggan—na ating Ama sa Langit.

Itinanong ni Cristo, "Anong uri ng mga tao ba nararapat [tayo]?" Pagkatapos ay sumagot Siya na dapat tayong maging katulad Niya. (3 Ne. 27:27.)

Pinakadakila at pinakamapalad at pinakamasaya ang [taong] iyon na ang buhay ay napakalapit sa huwaran ni Cristo. Walang kinalaman ito sa kayamanang natamo sa mundo, kapangyarihan, o katanyagan. Ang tanging tunay na sukatan ng kadakilaan, kabanalan, at kagalakan ay kung gaano kalapit nating matutularan ang pamumuhay ng Panginoong Jesucristo. Siya ang tamang daan, lubos na katotohanan, at saganang buhay.

Ang dapat maging pinaka-palagian at paulit-ulit na tanong sa ating isipan, na umaantig sa bawat iniisip at ginagawa natin sa buhay, ay, "Panginoon, ano po ang nais ninyong gawin ko?" (Gawa 9:6.) Ang sagot sa tanong na iyan ay dumarating lamang sa pamamagitan ng Liwanag ni Cristo at ng Espiritu Santo. Mapalad ang mga namumuhay sa paraan na ang buong pagkatao nila ay puno ng dalawang ito. . . .

Kung iisipin natin ang lahat ng nagawa at ginagawa [ni Jesucristo], may maibibigay tayo sa Kanya bilang ganti.

Ang dakilang kaloob sa atin ni Cristo ay ang Kanyang buhay at sakripisyo. Hindi kaya iyan ang nararapat nating ipagkaloob sa Kanya—ang ating buhay at sakripisyo, hindi lamang ngayon kundi maging sa hinaharap?[19]

[Ang mga] inaakay ni Cristo ay magiging bahagi ni Cristo. . . . Ang kanilang kalooban ay nagpapasakop sa Kanyang kalooban. (Tingnan sa Juan 5:30.) Lagi nilang ginagawa ang mga bagay na nakalulugod sa Panginoon. (Tingnan sa Juan 8:29.) Hindi lamang sila handang mamatay para sa Panginoon, ngunit, ang mas mahalaga, nais nilang mabuhay para sa Kanya.

Pumasok sa kanilang tahanan, at ang mga larawang nakasabit sa kanilang mga dingding, mga aklat sa kanilang mga estante, musikang maririnig sa paligid, kanilang mga salita at kilos ay nagpapahayag na sila ay mga Kristiyano. Tumatayo sila bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon, at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar. (Tingnan sa Mosias 18:9.) Nasa isipan nila si Cristo, dahil umaasa sila sa Kanya sa bawat iniisip nila. (Tingnan sa D at T 6:36.) Nasa puso nila si Cristo dahil nasa Kanya ang kanilang pagmamahal magpakailanman. (Tingnan sa Alma 37:36.)

Halos linggu-linggo ay nakikibahagi sila ng sakramento at pinapatunayan muli sa kanilang Amang Walang Hanggan na handa silang taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng Kanyang Anak, lagi Siyang aalalahanin, at susundin ang Kanyang mga utos. (Tingnan sa Moro. 4:3.)

Sa mga salita sa Aklat ni Mormon, sila ay "[nagpapa]kabusog sa mga salita ni Cristo" (2 Ne. 32:3), "nangungusap . . . tungkol kay Cristo" (2 Ne. 25:26), "nagagalak . . . kay Cristo" (2 Ne. 25:26), "buhay . . . kay Cristo" (2 Ne. 25:25), at "nagpupuri sa [kanilang] Jesus" (tingnan sa 2 Ne. 33:6). Sa madaling salita, inuuna nila ang Panginoon at natagpuan ang buhay na walang hanggan. (Tingnan sa Lucas 17:33.)[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Itinuro ni Pangulong Benson na kahit hindi natin lubos na nauunawaan kung *paano* isinagawa ng Tagapagligtas ang Pagbabayad-sala, nauunawaan natin kung *bakit* Niya iyon ginawa (tingnan sa bahagi 1). Sa paanong paraan naiimpluwensyahan ng pagkaunawang ito ang inyong buhay?
- Sa pag-aaral ninyo ng bahagi 2, pag-isipan ang epekto ng Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas. Paano naiimpluwensyahan ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli ang inyong buhay?
- Sa palagay ninyo bakit "pinakamahalagang pagpapala" ang patotoo tungkol kay Jesucristo? (Tingnan sa bahagi 3.) Ano ang kahulugan sa inyo ng maging magiting sa inyong patotoo sa Tagapagligtas?
- Pagnilayan ang mga salita ni Pangulong Benson tungkol sa pananampalataya kay Jesucristo (tingnan sa bahagi 4). Sa paanong paraan naging higit pa sa "simpleng pagtanggap na Siya ay buhay" ang paglalarawang ito tungkol sa pananampalataya kay Cristo?
- Sinabi ni Pangulong Benson na ang mga taong "inaakay ni Cristo" ay handang "mamatay para sa Panginoon, ngunit, ang mas mahalaga, nais nilang mabuhay para sa Kanya" (bahagi 5) Ano ang kahulugan sa inyo ng mabuhay para sa Tagapagligtas?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Juan 10:17–18; 2 Nephi 9:20–24; 31:20–21; Mosias 16:6–11; 3 Nephi 27:20–22; Moroni 7:33; D at T 19:1–3, 16–19; 76:22–24; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3

*Tulong sa Pag-aaral*

"Sa nadarama mong galak na dulot ng pagkaunawa sa ebanghelyo, gugustuhin mong ipamuhay ang natututuhan mo. Sikaping mamuhay ayon sa iyong natutuhan. Sa paggawa nito, mapapalakas ang iyong pananampalataya, kaalaman, at patotoo" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 21).

## *Mga Tala*


1. "The Meaning of Easter," *Ensign,* Abr. 1992, 2.
2. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 10.
3. Tingnan sa "Come unto Christ," *Ensign,* Nob. 1987, 83–85; "I Testify," *Ensign,* Nob. 1988, 86–87.
4. "I Testify," 86.
5. "Come unto Christ," 83; tingnan din sa "Born of God," *Ensign,* Hulyo 1989, 2.
6. "Come unto Christ," 83.
7. "Jesus Christ: Our Savior and Redeemer," *Ensign,* Hunyo 1990, 6.
8. "Life Is Eternal," *Ensign,* Ago. 1991, 4.
9. "Jesus Christ: Our Savior and Redeemer," 4.
10. "Jesus Christ: Our Savior and Redeemer," 2.
11. "Jesus Christ: Our Savior, Our God," *Ensign,* Abr. 1991, 2, 4.
12. "Keeping Christ in Christmas," *Ensign,* Dis. 1993, 4.
13. "Jesus Christ: Our Savior and Redeemer," 4.
14. "The Meaning of Easter," 2, 4.
15. "Jesus Christ: Our Savior, Our God," 4.
16. "Valiant in the Testimony of Jesus," *Ensign,* Peb. 1987, 2.
17. "Jesus Christ: Our Savior and Redeemer," 2, 6.
18. "In His Steps," *Ensign,* Set. 1988, 5, 6.
19. "Jesus Christ—Gifts and Expectations," *Ensign,* Dis. 1988, 2, 4.
20. "Born of God," 4–5.



*Ang mensahe ng Unang Pangitain ay "para sa lahat ng anak ng ating Ama na naninirahan sa ibabaw ng lupa."*

# Joseph Smith, Isang Kasangkapan sa mga Kamay ng Panginoon

*"Si Joseph Smith, ang Propeta sa mga huling araw, ay naging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon sa pagbubukas ng isang bagong dispensasyon ng ebanghelyo, ang huli at pinakadakila sa lahat ng dispensasyon ng ebanghelyo."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Nang maglingkod si Elder Ezra Taft Benson bilang full-time missionary sa England noong mga unang taon ng 1920s, naranasan nila ng kanyang mga kompanyon ang tinatawag niyang "matinding oposisyon sa Simbahan." Ikinuwento niya kalaunan:

"Nagkalat ang mga pahayagan, magasin, maging ang mga pelikulang anti-Mormon [sa sinehan] sa Great Britain." Dahil napakatindi ng oposisyon, itinigil ang ilang uri ng gawaing misyonero, tulad ng pagdaraos ng mga miting sa lansangan at pamimigay ng mga polyeto. "Ngunit sa bandang hilagang England kung saan kami nangangaral," sabi niya, "mayroon kaming isang grupo ng mga tao sa South Shields Branch na napakamasugid at malakas ang pananalig at tapat, at inanyayahan nila kaming magkompanyon na magsalita sa kanilang sacrament meeting. Sabi nila, 'Marami sa aming mga kapitbahay ang hindi naniniwala sa mga kasinungalingang nakalimbag. Kung darating kayo, pupunuin namin ang munting kapilya.'

"Kaya tinanggap namin ang paanyaya at nagsimula kaming maghanda at sinimulan ko ring pag-aralan ang tungkol sa apostasiya. Isang paksa iyon na gusto ko, at inakala kong kailangan nila iyon; at

nag-aral akong mabuti, at inakala kong makapagsasalita ako nang labinlimang minuto tungkol sa paksa.

"Nagtungo kami sa munting kapilya at punung-puno iyon. Lahat ay masaya. At nang magsimula na, nagsalita ang kompanyon ko, pagkatapos ay malaya akong nakapagsalita na noon ko lang naranasan sa buong buhay ko. At nang maupo ako at tumingin sa aking relo, nagsalita pala ako nang dalawampu't limang minuto, at hindi ko nabanggit ang apostasiya, ni hindi ko naisip ito. Ang binanggit ko ay si Joseph Smith, at nagpatotoo ako na siya ay isang propeta ng Diyos at alam ko ito. Binanggit ko ang paglabas ng Aklat ni Mormon bilang bagong saksi para kay Cristo, at nakapagpatotoo ako. Nang matanto ko ang nangyari, hindi ko napigil ang pagluha.

"Sa pagtatapos ng miting, marami sa mga Banal ang lumapit at nagpasalamat na may nagsalita tungkol kay Joseph Smith. Sabi nila, 'Sinabi ng ilang kapitbahay namin, "Matatanggap namin ang lahat tungkol sa Simbahan maliban lang kay Joseph Smith."' Pagkatapos ay lumapit ang ilan sa mga kapitbahay ding iyon at sinabi nila, 'Handa na kami ngayon. Handa na kami ngayong gabi. Napatunayan na namin na si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos.'"[1]

Patuloy na naghanap si Pangulong Benson ng mga pagkakataon sa buhay niya para ibahagi ang kanyang patotoo tungkol sa tungkulin ni Joseph Smith. Halimbawa, nang maglingkod siya bilang secretary of agriculture ng Estados Unidos, pinapili siya ng isang istasyon sa radyo ng isang paboritong talata sa banal na kasulatan na babasahin sa radyo, at pinili niya ang isang bahagi ng Joseph Smith—Kasaysayan sa Mahalagang Perlas.[2]

Higit sa lahat, palagi siyang nagbabahagi ng matibay at malakas na patotoo sa kapwa niya mga Banal. "Si Joseph Smith ay isang propeta ng Buhay na Diyos," pahayag niya, "isa sa mga pinakadakilang propeta na nabuhay sa ibabaw ng lupa. Siya ang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa pagpapasimula sa isang dakilang dispensasyon ng ebanghelyo, ang pinakadakila sa lahat, at ang huli sa lahat sa paghahanda para sa ikalawang pagparito ng Panginoon."[3]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

### Ang Unang Pangitain ni Joseph Smith ang pinakadakilang nangyari sa mundong ito simula noong Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo.

Noong binatilyo si Joseph Smith, hinanap niya ang katotohanan. Nagkaroon ng kalituhan sa mga simbahan noon kaya siya nagtanong sa Diyos kung alin sa mga ito ang totoo. Bilang sagot sa panalanging iyon, ipinahayag niya na isang haligi ng nagniningning na liwanag ang lumitaw. Ito ang sinabi niya:

"Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*" (JS—K 1:17.)

Itinanong ni Joseph sa pangalawang katauhan, na si Jesucristo, kung alin sa mga sektang Kristiyano ang tama. Sinabi ni Jesus sa kanya na huwag siyang sasapi sa alinman sa mga ito, na walang tama sa mga ito.[4]

Nang bumaba sa lupa ang Diyos Ama at ang kanyang Anak na si Jesucristo, nang magpakita sila noong 1820 sa batang propeta na si Joseph Smith, hindi iyon isang bagay na para lamang sa iilang tao. Iyon ay isang mensahe at paghahayag para sa lahat ng anak ng ating Ama na naninirahan sa ibabaw ng lupa. Iyon ang pinakadakilang nangyari sa mundong ito simula noong pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon. Kung minsa'y iniisip ko na napakapamilyar natin doon kaya hindi natin lubos na napapahalagahan ang kahulugan at kahalagahan at lawak nito.[5]

Ang unang pangitain ni Propetang Joseph Smith ay mahalagang doktrina sa Simbahan.[6]

Ang pinakamalinaw na katotohanang nalantad sa karanasan ng Propeta noong 1820 ay na totoong mayroong Diyos at na si Jesucristo ay talagang nabuhay na mag-uli. Nakita niya sila na hiwalay, magkaiba, niluwalhating mga Katauhan na nangusap sa kanya na tulad ng pakikipag-usap ng isang tao sa isa pa.[7]

Mapagpakumbaba akong nagpapasalamat sa aking kaalaman na ang Diyos Ama at ang kanyang Anak na si Jesucristo, bilang niluwalhating mga nilalang, ay muling bumaba rito sa lupa sa ating panahon, sa dispensasyong ito; na sila ay talagang nagpakita sa batang propeta. . . . Ito ang pinakamaluwalhating pagpapakita ng Diyos Ama at ng Anak at mayroon tayong tala nito.[8]

2

**Ayon sa propesiya sa Bagong Tipan, tumanggap si Joseph Smith ng bagong paghahayag at pagbisita ng mga anghel.**

Nauunawaan ng lahat na ang pananampalataya ng mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nakabatay sa pahayag na si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos, at na ipinahayag din niya na ang paglabas ng Aklat ni Mormon ay bunga ng mga pagbisita ng mga anghel sa kanya sa pagitan ng mga taong 1823 at 1827.

Nang malaman ng ilang tao ang pahayag niyang ito, iginiit nila na hindi kapani-paniwala na bibisita ang mga anghel sa lupa sa makabagong panahong ito.

Nasa Biblia ang patotoo na pinatnubayan ng Diyos ang mga gawain ng Kanyang simbahan sa lupa nang mahigit apat na libong taon sa pamamagitan ng paghahayag at, kapag kailangan, sa paglilingkod ng mga sugo ng langit.

Sa paglalarawan ng mga kundisyon sa mga huling araw kaugnay ng ikalawang pagparito ni Jesucristo, ipinropesiya ni Juan sa Bagong Tipan na bago bumalik ang Tagapagligtas, tatanggap ng babala ang mundo na malapit na ang oras ng paghuhukom ng Diyos. Ang babalang iyon ay darating sa pamamagitan ng isang anghel mula sa langit na nagpapahayag ng isang "mabuting balita na walang hanggan." Pakinggan ang kanyang sinabi:

"Nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa't bansa at angkan at wika at bayan;

"At sinasabi niya ng malakas na tinig, Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating ang panahon ng kaniyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng



*Nagpakita si Moroni kay Joseph Smith bilang katuparan ng propesiya.*

langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig." (Apoc. 14:6–7.)

Kung tatanggapin ng isang tao ang patotoo ni Juan na Tagapaghayag, dapat asahan ang bagong paghahayag at pagbisita sa lupa ng isang sugo ng langit.

Taos-puso nating pinatototohanan na itong isinugong anghel ay nagpakita kay Propetang Joseph Smith noong mga unang taon ng ikalabingsiyam na siglo. Ang pahayag na ito na isang anghel mula sa Diyos ang nagpakita sa isang propeta sa ating panahon ay lubos na naaayon sa mga propesiya ng Bagong Tipan at samakatwid ay hihikayat sa bawat masigasig na naghahanap ng katotohanan.[9]

Noong gabi ng Setyembre 21, 1823, isang anghel ang nagpakita kay Propetang Joseph Smith. Ang pangalan ng anghel ay Moroni. Siya ang huli sa mahabang angkan ng mga sinaunang propeta ng dalawang dakilang sibilisasyon na nabuhay . . . sa Kontinente ng Amerika ilang siglo na ang nakararaan.[10]

## 3

## Ang Aklat ni Mormon ang pinakamahalagang katibayan sa pagtawag kay Joseph Smith bilang propeta.

Ang pinakamahalagang katibayan na sumusuporta sa pahayag ni Joseph Smith na pagiging tagapagsalita para sa Makapangyarihang Diyos ay ang pagkalathala ng isang aklat ng banal na kasulatan, ang Aklat ni Mormon.

Ang Aklat ni Mormon ay isang talaan ng mga sinaunang tao na nanirahan sa kontinente ng Amerika at nagtatala ng pagbisita at ministeryo ni Jesucristo sa mga tao sa kontinenteng ito kasunod ng Kanyang pag-akyat sa langit sa Jerusalem. Ang pangunahing layunin ng talaan ay hikayatin ang henerasyong darating na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos. Samakatwid, ang Aklat ni Mormon ay karagdagang saksi, bukod sa Biblia, tungkol sa kabanalan ni Jesucristo.

Natamo ni Joseph Smith ang sinaunang talaang ito mula sa isang sugo ng langit, tulad ng ipinropesiya ni Juan. Nagpakita sa kanya ang anghel na ito at inihayag ang kinaroroonan ng mga sinaunang talaan na nakaukit sa mga laminang metal at nakabaon sa isang stone vault o kahitang bato. Sa takdang panahon, ibinigay sa binatang propeta ang mga lamina at ang paraan ng pagsasalin nito. Pagkatapos ay inilathala sa mundo ang aklat bilang banal na kasulatan.

Gayon din, alinsunod sa patotoo ni Juan, ang aklat ay naglalaman ng "mabuting balita na walang hanggan." Ipinapangaral ito ngayon ng ating mga missionary sa buong mundo.

Inaanyayahan namin kayong subukan ang katumpakan ng aming patotoo tungkol sa pinagmulan ng Aklat ni Mormon. Magagawa ninyo ito sa pagbabasa nito at pagtatanong sa ating Ama sa Langit kung ang mga bagay na ito ay totoo. Ipinapangako ko, kung kayo ay tapat, kayo ay tatanggap ng katibayan na ito ay totoo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Milyun-milyon ang nagpapatotoo, nang taimtim at tapat, na alam nilang nagmula ito sa Diyos.[11]

Kung ang Aklat ni Mormon ay totoo, kung gayon si Jesus ang Cristo, si Joseph Smith ay Kanyang propeta, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay totoo, at ito

ay pinamumunuan ngayon ng isang propetang tumatanggap ng paghahayag.[12]

4

**Muling itinatag ng Diyos ang Kanyang kaharian sa lupa sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.**

Ilang siglo nang ipinagdarasal ng mga simbahang Kristiyano sa buong mundo ang pagdating ng kaharian ng Diyos [tingnan sa Mateo 6:10]. Tapat at hayagan naming ipinapahayag: ang araw na iyon ay dumating na![13]

Ang panalangin ng isang labing-apat na taong gulang na bata, sa Sagradong Kakahuyan, ay nagpasimula ng bagong dispensasyon ng ebanghelyo.[14]

Muling naitatag ng Diyos ang kanyang kaharian sa lupa bilang katuparan ng propesiya. . . .

. . . Tinawag ng Diyos si Joseph Smith para muling itatag ang kahariang iyon—Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Pinatototohanan ko na naisagawa niya ang gawaing ito, na nailatag niya ang mga pundasyon at na ibinigay niya sa Simbahan ang mga susi at kapangyarihang ipagpatuloy ang dakilang gawain sa mga Huling Araw, na kanyang sinimulan sa ilalim ng patnubay ng Diyos na Maykapal.[15]

Nagpakita ang iba pang mga nilalang kay Joseph Smith, pati na si Juan Bautista at sina Pedro, Santiago, at Juan, at inordenan siya nang may awtoridad na kumilos sa pangalan ng Diyos (tingnan sa JS—K 1:68–72; D at T 27:5–13). Ang simbahan at kaharian ng Diyos ay ipinanumbalik sa mga huling araw na ito, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, taglay ang lahat ng mga kaloob, karapatan, kapangyarihan, doktrina, pinuno, at pagpapala ng Simbahan noong unang panahon. (Tingnan sa D at T 65; 115:3–4.)[16]

Iniutos kay Propetang Joseph na humayo bilang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos at itatag ang Simbahan, ipahayag sa mundo bilang karagdagang patotoo sa kabanalan ni Jesucristo, ang Aklat ni Mormon na hinango sa mga sagradong talaan. . . .

Ang panunumbalik ng ebanghelyo, ang pagbalik ng liwanag at katotohanan, ay para sa kabutihan at pagpapala ng lahat ng anak ng Diyos. Kaya nga, mapagpakumbaba at mapagpasalamat na humahayo ang ating mga missionary sa iba't ibang dako ng mundo upang ipahayag na nagkaroon ng apostasiya mula sa katotohanan, ngunit dahil sa kabutihan ng Diyos ay muling nabuksan ang kalangitan at inihayag ang ebanghelyo sa tao sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Propeta.[17]

5

**Si Joseph Smith ay tapat at matatag hanggang kamatayan.**

Kasabay ng pagsisimula ng Simbahan noon ay ang pagkakaroon ng oposisyon at pang-uusig. Saanman maitanim ang munting "binhi ng mustasa," may mga nagtangkang pumigil sa paglago nito.[18]

Ipinagtanggol ng labing-apat-na-taong-gulang na binatilyo ang katotohanan laban sa mundo. Kilala ng Diyos ang kanyang anak nang piliin niya ito. Alam niyang siya'y magiging tapat at matatag hanggang kamatayan.[19]

Hinamak ng ilan ang patotoo ni [Joseph Smith] at nagsimula silang magkalat ng mga maling kuwento at gumawa ng pang-uusig laban sa kanya. Hindi binawi ng batang propeta, gaya ni Apostol Pablo noong unang panahon, ang kanyang patotoo, at sa halip ay pinanindigan niya ang kanyang sinabi sa mga salitang ito:

"Nakakita ako ng pangitain; ito'y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos, at ito'y hindi ko maipagkakaila, ni tangkain kong gawin ito; at nalalaman ko na kung ito'y aking gagawin ay magkakasala ako sa Diyos, at mapapasailalim sa sumpa." (JS—K 1:25.)[20]

Kusang hinarap ni Propetang Joseph Smith ang kanyang kamatayan. Tinatakan niya ang kanyang patotoo ng kanyang buhay—ng sarili niyang dugo. Sa araw na iyon na siya'y nasawi sa Nauvoo, Illinois, nang lingunin niya ang kanyang lungsod at ang mga taong minahal niya, habang patungo siya sa Carthage Jail at sa kanyang kamatayan, ipinahayag niya: "Ito ang pinakamagandang lugar at pinakamabubuting tao sa ilalim ng kalangitan; hindi nila alam ang mga pagsubok na naghihintay sa kanila" [*History of the Church,* 6:554].

Kalaunan ay madamdamin ngunit mahinahon at buong tapang na sinabi ng Propeta, "Ako ay patutungong gaya ng isang kordero sa katayan, subalit ako ay mahinahon gaya ng isang umaga sa tag-araw. Ako ay may budhi na walang kasalanan sa harapan ng Diyos, at sa lahat ng tao. Kung patayin nila ako, ako ay mamamatay na walang kasalanan, at ang aking dugo ay daraing ng paghihiganti mula sa lupa, at ito ang masasabi tungkol sa akin, 'Siya ay pinaslang nang walang habag'" [*History of the Church,* 6:555].[21]

Gayon nga natapos ang buhay ni Propetang Joseph Smith dito sa lupa at isinakatuparan ang mortal na bahagi ng kanyang misyon na iniutos ng langit. Ang mortal na misyong ito, na nilinaw niya, ay hindi matatapos hangga't hindi nagagawa ang lahat. Gaya ng misyon ng Tagapagligtas, isang "Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanlibutan" [tingnan sa Apocalipsis 13:8], si Joseph ay tunay na inorden noon pa man sa kanyang dakilang misyon.[22]

**6**

**Si Joseph Smith ang siya ngayong pinuno nitong huli at pinakadakila sa lahat ng mga dispensasyon ng ebanghelyo.**

Alam ko na si Joseph Smith, bagama't pinatay bilang martir para sa katotohanan, ay buhay pa rin at siyang pinuno ng dispensasyong ito—ang pinakadakila sa lahat ng dispensasyon ng ebanghelyo—mananatiling namumuno sa darating na buong kawalang-hanggan.[23]

Ang mensahe ni Joseph Smith—ang mensahe ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang mensahe ng Mormonismo—ang pinakamahalagang mensahe sa mundong ito. At si Propetang Joseph Smith, na nabubuhay ngayon, ay patuloy na magkakaroon ng mahalagang bahagi sa pamamahala nito dito sa lupa.[24]

Upang maunawaan ang lawak ng misyon ng Propeta sa lupa kailangan natin itong tingnan ayon sa liwanag ng kawalang-hanggan. Siya ay kabilang sa mga "marangal at dakila" na inilarawan ni Abraham sa ganitong paraan:

"Ngayon ipinakita ng Panginoon sa akin, si Abraham, ang mga katalinuhang binuo bago pa ang mundo; at sa lahat ng ito ay marami ang marangal at dakila;

"At nakita ng Diyos ang mga kaluluwang ito na sila ay mabubuti, at siya ay tumayo sa gitna nila, at kanyang sinabi: Ang mga ito ang gagawin kong mga tagapamahala; sapagkat siya ay nakatayo sa mga espiritung yaon, at kanyang nakita na sila ay mabubuti; at kanyang sinabi sa akin: Abraham, isa ka sa kanila; ikaw ay pinili bago ka pa man isinilang." (Abraham 3:22–23.)

Gayon din si Joseph Smith. Siya rin ay naroon. Naupo rin siya sa kapulungan kasama ang mga marangal at dakila. Nasa isang marangal at natatanging lugar, walang-alinlangang tumulong siya sa pagpaplano at pagsasagawa ng dakilang gawain ng Panginoon na "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao," ang kaligtasan ng lahat ng anak ng ating Ama [tingnan sa Moises 1:39]. Ang kanyang misyon ay nagkaroon, at magkakaroon, ng epekto sa lahat ng isinilang sa mundo, sa lahat ng nanirahan noon sa mundo, at sa milyun-milyong hindi pa isinisilang.

Nilinaw ni Propetang Joseph Smith ang walang-hanggang katotohanang ito sa mga salitang ito: "Bawat tao na may tungkuling maglingkod sa mga naninirahan sa mundo ay inorden sa layuning iyon mismo sa malaking kapulungan sa langit bago pa nilikha ang mundong ito. Sa palagay ko inordenan ako sa mismong katungkulang ito sa malaking kapulungang iyon. Ito ang patotoong nais ko, na ako ay tagapaglingkod ng Diyos, at ang mga taong ito ay Kanyang mga tao" [tingnan sa *History of the Church,* 6:364]. . . .

Ang pinakadakilang gawain sa mundong ito o sa mundong darating ay tuwirang nauugnay sa gawain at misyon ni Joseph Smith—taong may tadhana, propeta ng Diyos. Ang gawaing iyan ay ang kaligtasan at buhay na walang hanggan ng tao. Dahil sa dakilang layuning iyan nilikha ang daigdig na ito, tumawag ng mga propeta ng Diyos, nagpadala ng mga sugo ang langit, at sa mga sagrado at mahalagang pagkakataon maging ang Diyos, ang Ama nating lahat, ay bumaba sa lupa at ipinakilala ang kanyang pinakamamahal na Anak.

Si Propetang Joseph Smith ay hindi lamang "isa sa mga marangal at dakila," kanya ring inasikaso at patuloy na inaasikaso ang mahahalagang bagay dito sa lupa kahit ngayon mula sa kalangitan sa itaas. Sa mga mata ng Panginoon, ang Diyos ng mundong ito sa patnubay ng Ama, lahat ng ito ay isang dakila at walang-hanggang

plano kung saan mahalaga ang papel na ginagampanan ni Propetang Joseph, lahat sa pamamagitan ng walang-hanggang priesthood at awtoridad ng Diyos.[25]

Pinatototohanan ko sa inyo na si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos noon at ngayon, isa sa tunay na dakilang mga propeta sa lahat ng panahon, isang taong may tadhana, isang taong mabuti ang pag-uugali, isang taong may tapang, isang taong napakaespirituwal, isang maka-Diyos na propeta ng Panginoon, isang tunay na marangal at dakilang tao sa lahat ng panahon.[26]

Oo, si Joseph Smith, ang Propeta sa mga huling araw, ay naging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon sa pagbubukas ng bagong dispensasyon ng ebanghelyo, ang huli at pinakadakila sa lahat ng mga dispensasyon ng ebanghelyo.[27]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sa palagay ninyo, bakit ang Unang Pangitain ni Joseph Smith ang "pinakadakilang nangyari . . . simula noong pagkabuhay na maguli ng Panginoon"? (Tingnan sa bahagi 1.) Sa paanong paraan naapektuhan ng pangyayaring ito ang inyong buhay?
- Paano nakatutulong sa inyo ang kabatirang ipinropesiya ni Juan na Tagapaghayag ang mga pagbisita ni Moroni kay Joseph Smith? (Tingnan sa bahagi 2.)
- Sinabi ni Pangulong Benson na ang Aklat ni Mormon "ang pinakamahalagang katibayan" na si Joseph Smith ay isang propeta (tingnan sa bahagi 3). Paano naimpluwensyahan ng pag-aaral ninyo ng Aklat ni Mormon ang inyong patotoo tungkol sa misyon ni Joseph Smith?
- Pagnilayan ang patotoo ni Pangulong Benson sa bahagi 4. Ano ang ilang pagpapalang napasainyo ng inyong pamilya dahil sa Panunumbalik ng ebanghelyo?
- Ano ang natutuhan ninyo mula sa bahagi 5 tungkol sa pagharap sa pang-uusig? Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ni Joseph Smith na tutulong sa atin kapag sinubok ng mga tao ang ating patotoo?

- Hinggil sa pagkaorden kay Joseph Smith noon pa man, sinabi ni Pangulong Benson, "Ang kanyang misyon ay nagkaroon, at magkakaroon, ng epekto sa lahat ng isinilang sa mundo, sa lahat ng nanirahan noon sa mundo, at sa milyun-milyong hindi pa isinisilang" (bahagi 6). Paano naapektuhan ng misyon ni Joseph Smith ang lahat ng nabuhay sa mundo? Paano kayo personal na naapektuhan nito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Isaias 29:13–14; 2 Nephi 3:3–15; 3 Nephi 21:9–11; D at T 5:9–10; 135; Joseph Smith—Kasaysayan

*Tulong sa Pagtuturo*

"Ipabahagi sa mga miyembro ng klase ang natutuhan nila mula sa kanilang personal na pag-aaral ng kabanata. Makakatulong na kausapin ang ilang miyembro ng klase sa linggong iyan at hilingin sa kanila na maghandang ibahagi ang natutuhan nila" (pahina viii sa aklat na ito).

## *Mga Tala*


1. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 206, 207.
2. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 292.
3. Sa Conference Report, Abr. 1961, 114.
4. "Joseph Smith: Prophet to Our Generation," *Ensign,* Nob. 1981, 61–62.
5. *God, Family, Country: Our Three Great Loyalties* (1974), 57.
6. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 101.
7. *Come unto Christ* (1983), 74.
8. Sa Conference Report, Abr. 1958, 60.
9. "Joseph Smith: Prophet to Our Generation," 61.
10. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 46.
11. "Joseph Smith: Prophet to Our Generation," 61.
12. "The Book of Mormon Is the Word of God," *Ensign,* Ene. 1988, 4.
13. "May the Kingdom of God Go Forth," *Ensign,* Mayo 1978, 34.
14. Sa Conference Report, Okt. 1956, 108.
15. "A Message to the World," *Ensign,* Nob. 1975, 34.
16. "I Testify," *Ensign,* Nob. 1988, 86.
17. Sa Conference Report, Okt. 1949, 27, 28.
18. *Come unto Christ,* 81.
19. *God, Family, Country,* 38.
20. "Joseph Smith: Prophet to Our Generation," 62.
21. *God, Family, Country,* 37–38.
22. *God, Family, Country,* 29.
23. "A Message to the World," 34.
24. *God, Family, Country,* 40–41.
25. *God, Family, Country,* 30–31.
26. *God, Family, Country,* 37.
27. *God, Family, Country,* 39.

# Ang Kapangyarihan ng Salita

*"Ang salita ng Diyos, na matatagpuan sa mga banal na kasulatan, sa mga salita ng buhay na mga propeta, at sa personal na paghahayag, ay may kapangyarihang patatagin ang mga Banal at protektahan sila ng Espiritu upang mapaglabanan nila ang kasamaan, makapanangan sila sa mabuti, at magkaroon ng kagalakan sa buhay na ito."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Noong naglilingkod si Pangulong Thomas S. Monson bilang Pangalawang Tagapayo ni Pangulong Ezra Taft Benson sa Unang Panguluhan, napuna niya: "Mabilis makaunawa si Pangulong Benson sa mga bagay na napapansin niya. Hindi niya kailangang pag-isipan nang matagal ang isang bagay bago siya makakuha ng inspirasyon ng Panginoon na pinapatnubayan siya sa isang desisyon. Dahil laganap ang Simbahan ngayon, sa buong mundo, at napakaraming bagay ang nakakaharap ng Unang Panguluhan, ang kakayahang ito na iproseso ang lahat ng impormasyon at unawain ang pinakamahalaga sa isyu ay mahalaga sa pangangasiwa sa gawain ng Simbahan."[1]

Noong Abril 4, 1986, kaugnay ng kanyang unang pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan, nangulo si Pangulong Benson sa isang espesyal na miting para sa mga lider ng priesthood. Nakita ng dumalong mga kapatid ang kanyang kakayahang "iproseso ang lahat ng impormasyon at unawain ang pinakamahalagang detalye ng isyu." Nang magsalita siya sa kongregasyon, binanggit niya ang marami sa mga hamong nakaharap ng mga Banal sa mga Huling Araw—tulad ng tukso, mga paghihirap ng pamilya, at mga problema sa pagsunod sa mga kautusan at pagtupad sa



*Madalas patotohanan ni Pangulong Ezra Taft Benson ang kapangyarihan ng salita ng Diyos.*

mga tungkulin sa Simbahan—at ibinahagi niya ang nakita niyang solusyon sa mga hamong ito.

Bahagi lang ng kanyang mensahe ang ibinigay ni Pangulong Benson sa priesthood leadership meeting na iyon, kaya hiniling niyang isama ang buong mensahe sa isyu ng kumperensya sa mga magasin ng Simbahan. Nasa kabanatang ito ang buong mensaheng iyon. Bagama't iniukol ni Pangulong Benson ang kanyang mensahe sa mga lider ng priesthood, nagturo siya ng mga alituntuning angkop sa lahat ng miyembro ng Simbahan.

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

**1**

### Kapag nahaharap tayo sa malaking pagsubok ng ating panahon, kailangan nating kumapit nang mahigpit sa salita ng Diyos.

Mahal kong mga kapatid, nakatutuwang tingnan ang grupong ito ng mga lider ng priesthood at malaman kung ilang libong mga Banal ang pinaglilingkuran ninyo at gaano kasigasig at katapat kayong lahat! Wala nang iba pang grupo saanman sa mundo ngayon na tumutugon sa mabuting layuning ito na tulad ng grupong ito, ni may iba pang grupo—sa pulitika, relihiyon o militar—na mayhawak ng kapangyarihang taglay ninyo, kayong naririto ngayong gabi.

Nabubuhay tayo sa panahong puno ng malalaking pagsubok. Nabubuhay tayo sa panahong binanggit ng Panginoon nang sabihin niyang, "Ang kapayapaan ay aalisin sa mundo, at ang diyablo ay magkakaroon ng kapangyarihan sa kanyang sariling nasasakupan." (D at T 1:35.) Nabubuhay tayo sa panahong iyon na nakinita ni Juan na Tagapaghayag na "nagalit ang dragon sa babae, at umalis upang bumaka sa nalabi sa kanyang binhi, na siyang nagsisitupad sa mga utos ng Dios, at mga may patotoo ni Jesus." (Apoc. 12:17.) Ang dragon ay si Satanas; ang babae ay kumakatawan sa Simbahan ni Jesucristo. Kinakalaban ni Satanas ang mga miyembro ng Simbahan na may patotoo at nagsisikap na sundin ang mga kautusan. At kahit marami sa ating mga miyembro ang nananatiling tapat at matatag, ang ilan ay nag-aalangan. Ang ilan ay natatangay. Ang ilan ay tinutupad ang propesiya ni Juan na sa pakikidigma kay Satanas, madaraig ang ilang Banal. (Tingnan sa Apoc. 13:7.)

Nakita rin ng propetang si Lehi ang ating panahon sa kanyang dakilang pangitain tungkol sa punongkahoy ng buhay. Nakita niya na maraming tao ang maliligaw sa abu-abo ng kadiliman na bumubulag sa mga mata, na sagisag ng mga tukso ng diyablo. (Tingnan sa 1 Ne. 12:17.) Nakita niyang naligaw ang ilan "sa mga ipinagbabawal na landas," ang iba ay nangalunod sa maruruming ilog, at ang iba naman ay nagpagala-gala sa "mga di-kilalang daan." (1 Ne. 8:28, 32.) Kapag nakakabasa tayo tungkol sa kumakalat na sumpa ng mga droga, o tungkol sa kasamaan ng laganap na pornograpiya at imoralidad, nagdududa ba ang sinuman sa atin kung ito nga ang mga ipinagbabawal na landas at maruruming ilog na inilarawan ni Lehi?

Hindi lahat ng nakita ni Lehi na nasawi ay makamundo. Ang ilan ay lumapit sa puno at kumain ng bunga. Sa madaling salita, kasama ang ilang miyembro ng Simbahan ngayon sa mga kaluluwang nakita ni Lehi na naligaw ng landas.

Nakita rin ni Apostol Pablo ang ating panahon. Inilarawan niya ito bilang isang panahon kung saan lalaganap ang mga bagay na tulad ng paglapastangan sa Diyos, pagsisinungaling, kalupitan, pakunwaring pagmamahal, kayabangan, at paghahanap ng kasiyahan. (Tingnan sa 2 Tim. 3:1–7.) Nagbabala rin siya na "ang masasamang tao at mga magdaraya ay lalong sasama [na]ng sasama, na mangagdadaya, at sila rin ang mangadadaya." (2 Tim. 3:13.)

Ang gayon nakakakilabot na pagbabadya ng sinaunang mga propeta ay magdudulot sana ng malaking takot at paghina ng loob kung ang mga propeta ring iyon, kasabay niyon, ay hindi nagbigay ng solusyon. Sa kanilang inspiradong payo makikita natin ang sagot sa mga panganib sa ating espirituwalidad na nasa ating panahon.

Sa kanyang panaginip, nakita ni Lehi ang isang gabay na bakal na gumagaygay sa abu-abo ng kadiliman. Nakita niya na kung kakapit nang mahigpit ang mga tao sa gabay na bakal na iyon, hindi sila mahuhulog sa maruruming ilog, lalayo sa mga ipinagbabawal na landas, titigil sa paggala sa di-kilalang mga daan na patungo sa kapahamakan. Kalauna'y malinaw na ipinaliwanag ng anak niyang si Nephi ang simbolismo ng gabay na bakal. Nang magtanong sina

Laman at Lemuel, "Ano ang kahulugan ng gabay na bakal?" Sagot ni Nephi, "Ito ang salita ng Diyos; at [tandaan ang pangakong ito] *sinuman ang makikinig sa salita ng Diyos, at mahigpit na kakapit dito, kailanman sila ay hindi masasawi; ni ang mga tukso o nag-aapoy na sibat ng kaaway ay makapananaig sa kanila tungo sa pagkabulag, upang akayin sila sa pagkalipol.*" (1 Ne. 15:23–24; idinagdag ang italics.) Hindi lamang tayo aakayin ng salita ng Diyos sa bungang kanais-nais sa lahat, kundi sa salita ng Diyos at sa pamamagitan nito matatagpuan natin ang lakas na labanan ang tukso, lakas na hadlangan ang gawain ni Satanas at ng kanyang mga kampon.

Ang mensahe ni Pablo ay katulad ng kay Lehi. Matapos ipakita ang kakila-kilabot na kasamaan sa hinaharap—hinaharap para sa kanya, ngunit kasalukuyan para sa atin!—ganito ang sabi niya kay Timoteo: "Datapuwa't manatili ka sa mga bagay na iyong pinagaralan. . . .

"Mula sa pagkasanggol ay iyong nalalaman ang mga banal na kasulatan, *na makapagpadunong sa iyo sa ikaliligtas*." (2 Tim. 3:14–15; idinagdag ang italics.)

Mahal kong mga kapatid, ito ang sagot sa malaking pagsubok ng ating panahon. Ang salita ng Diyos, na matatagpuan sa mga banal na kasulatan, sa mga salita ng buhay na mga propeta, at sa personal na paghahayag, ay may kapangyarihang patatagin ang mga Banal at protektahan sila ng Espiritu upang mapaglabanan nila ang kasamaan, makapanangan sila sa mabuti, at magkaroon ng kagalakan sa buhay na ito.[2]

**2**

## Kapag itinuon ng mga miyembro at pamilya ang kanilang sarili sa mga banal na kasulatan, kusang darating ang iba pang mga aspeto ng aktibidad sa Simbahan.

Ngayo'y sinasabi namin sa inyo na mga lider ng priesthood, alamin ang payo ng mga propetang sina Lehi at Pablo at iba pang tulad nila. Sa payo na iyon matatagpuan ninyo ang solusyon sa mga pagsubok na kinakaharap ninyo para mapanatiling ligtas ang inyong mga kawan mula sa "mga lobong maninila" na nakapaligid sa kanila. (Tingnan sa Mat. 7:15; Gawa 20:29.) Alam namin na kayo



*Dumarating ang malalaking pagpapala "kapag itinuon ng mga miyembro at pamilya ang kanilang sarili sa mga banal na kasulatan."*

man ay lubhang nag-aalala para sa mga miyembro ng inyong mga ward at stake at gumugugol ng maraming oras at pagsisikap alang-alang sa kanila. Marami kaming ipinagagawa sa inyo na napiling mamuno. Marami kaming ipinapasan sa inyong mga balikat. Inutusan kayong isagawa ang mga programa ng Simbahan, interbyuhin at payuhan ang mga miyembro, tiyaking maayos ang pangangasiwa sa pananalapi ng mga stake at ward, pamahalaan ang mga proyektong pangkapakanan, magtayo ng mga gusali, at maging abala sa maraming iba pang mga aktibidad na nakakaubos ng oras.

Bagama't wala sa mga aktibidad na iyon ang maaaring balewalain at isantabi, hindi iyon ang pinakamahalagang magagawa ninyo para sa mga pinaglilingkuran ninyo. Nitong nakaraang mga taon, paulit-ulit namin kayong pinayuhan na ang ilang aktibidad ay nagdudulot ng mas malaking espirituwal na kapakinabangan kaysa sa

iba. Noon pang 1970, sinabi ni Pangulong Harold B. Lee sa mga regional representative:

"Kumbinsido kami na ang ating mga miyembro ay gutom sa dalisay na ebanghelyo, pati na sa saganang katotohanan at mga kaalamang naroon. . . . May mga tao na tila nalimutan na, na ang pinakamakapangyarihang mga sandatang ibinigay sa atin ng Panginoon laban sa lahat ng kasamaan ay ang Kanyang sariling mga pahayag, ang mga simpleng doktrina ng kaligtasan na matatagpuan sa mga banal na kasulatan." (Sa Regional Representatives' Seminar, 1 Okt. 1970, p. 6.)

Sa mensahe ng Unang Panguluhan noong 1976, sinabi ng Pangulo [Spencer W. Kimball]:

"Kumbinsido ako na bawat isa sa atin, sa isang punto ng ating buhay, ay kailangang tuklasin ang mga banal na kasulatan—at hindi lamang minsan tuklasin, kundi paulit-ulit itong tuklasin." . . .

"Hindi nagbibiro ang Panginoon kapag ibinibigay niya sa atin ang mga bagay na ito, sapagkat 'sa sinomang pinagkatiwalaan ng marami ay lalo nang marami ang hihingin sa kaniya.' (Lucas 12:48.) Ang pagkakaroon ng mga bagay ito ay may kaakibat na pananagutan. Kailangan nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan ayon sa utos ng Panginoon (tingnan sa 3 Ne. 23:1–5); at hayaan nating gabayan nito ang ating buhay." (*Ensign,* Set. 1976, mga pahina 4–5.)

Noong Abril 1982, nagsalita si Elder Bruce R. McConkie sa mga regional representative na dapat nating unahin ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Sabi niya: "Nakatali tayong masyado sa mga programa at estadistika at kalakaran, sa mga ari-arian, lupain at kayamanan, at sa pagkakamit ng mga mithiing magtatampok sa kahusayan ng ating trabaho, kaya't 'nakakaligtaan nating gawin ang lalong mahahalagang bagay ng kautusan.' . . . Gaano man katalino ang mga tao tungkol sa pangangasiwa; gaano man sila kahusay magpahayag ng kanilang mga pananaw; gaano man karami ang kanilang natamong kaalaman sa mundo—hindi mapapasakanila ang magigiliw na bulong ng Espiritu na napasakanila sana kung kanilang pinag-aralan, pinagnilayan, at ipinagdasal ang mga banal na kasulatan." (Sa Regional Representatives' Seminar, 2 Abr. 1982, mga pahina 1–2.)

Noong araw ding iyon, nagsalita si Elder Boyd K. Packer sa mga stake president at regional representative. Sabi niya: "Ang mga gusali at badyet, at mga ulat at programa at pamamaraan ay napakahalaga. Ngunit wala sa mga ito ang mahalagang espirituwal na pangangalaga at hindi nito magagawa ang ipinagagawa sa atin ng Panginoon. . . . Ang mga tamang bagay, ang may tunay na espirituwal na pangangalaga, ay nasa mga banal na kasulatan." (Sa Meeting with Stake Presidents and Regional Representatives, 2 Abr. 1982, mga pahina 1–2.)

Idinaragdag ko ang aking tinig sa matatalino at inspiradong mga kapatid na ito at sinasabi ko sa inyo na ang isa sa pinakamahahalagang bagay na magagawa ninyo bilang mga lider ng priesthood ay ituon ang inyong sarili sa mga banal na kasulatan. Masigasig na saliksikin ang mga ito. Magpakabusog sa mga salita ni Cristo. Pag-aralan ang doktrina. Alamin ang mga alituntuning naroon. May ilan pang gawaing magdudulot ng mas malalaking pakinabang sa inyong tungkulin. May ilan pang paraan para magtamo ng higit na inspirasyon habang naglilingkod kayo.

Ngunit mahalaga man ito, hindi iyan sapat. Kailangan din ninyong iorganisa ang inyong mga gawain at aktibidad para magkaroon ng makabuluhang pag-aaral ng banal na kasulatan sa mga miyembro ng Simbahan. Kadalasan ay sinisikap nating pagandahin ang aktibidad sa ating mga stake. Masigasig tayong gumagawa upang paramihin ang mga dumadalo sa mga sacrament meeting. Sinisikap nating paramihin ang ating mga kabataang lalaki na pupunta sa misyon. Sinisikap nating palakihin ang bilang ng mga ikinakasal sa templo. Lahat ng ito ay kapuri-puring mga pagsisikap at mahalaga sa paglago ng kaharian. Ngunit kapag itinuon ng mga miyembro at pamilya ang kanilang sarili sa mga banal na kasulatan nang regular at palagian, kusang darating ang iba pang aspetong ito ng aktibidad. Lalago ang mga patotoo. Magiging mas tapat ang pangako. Mapapatatag ang mga pamilya. Dadaloy ang personal na paghahayag.[3]

### 3

**Kapag pinag-aralan natin ang salita ng Diyos, tatanggap tayo ng patnubay sa buhay araw-araw, paghihilom ng kaluluwa, at lakas na maiwasan ang panlilinlang at malabanan ang tukso.**

Sinabi ni Propetang Joseph Smith na "ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at *ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito,* nang higit kaysa sa pamamamagitan ng alin mang aklat." (Aklat ni Mormon, Pambungad, idinagdag ang italics.) Hindi nga ba't iyan ang nais natin para sa mga miyembro ng ating mga ward at stake? Hindi ba't hangad nating mas mapalapit pa sila sa Diyos? Kung gayon ay hikayatin sila sa lahat ng posibleng paraan upang maituon ang kanilang sarili sa kamangha-manghang patotoong ito sa mga huling araw tungkol kay Cristo.

Kailangan ninyong tulungan ang mga Banal na maunawaan na ang pag-aaral at pagsasaliksik ng mga banal na kasulatan ay hindi isang pasaning ibinigay sa kanila ng Panginoon, kundi isang kamangha-manghang pagpapala at oportunidad. Tandaan ang sinabi mismo ng Panginoon tungkol sa mga kabutihang dulot ng pag-aaral ng Kanyang salita. Sa dakilang propeta at lider na si Josue, sinabi Niya:

"Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahihiwalay sa iyong bibig, kundi iyong pagbubulayan araw at gabi, upang iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat na nakasulat dito: sapagka't *kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakasan.*" (Josue 1:8; idinagdag ang italics.)

Hindi nangako ang Panginoon kay Josue ng materyal na kayamanan at katanyagan, kundi ng pag-unlad sa kabutihan ng kanyang buhay at pagtatagumpay sa pinakamahalagang bagay sa buhay, iyon ay ang pagkakaroon ng tunay na kagalakan. (Tingnan sa 2 Ne. 2:25.)

May mga miyembro ba kayo sa inyong stake na ang buhay ay winasak ng kasalanan o trahedya, at nawalan ng pag-asa? Hinangad na ba ninyo na tumulong at paghilumin sa ilang kaparaanan ang kanilang mga sugat, paginhawahin ang naliligalig nilang kaluluwa? Ibinigay ito mismo ng propetang si Jacob sa napakagandang pangakong ito: "Nagtungo sila rito upang makinig sa kasiya-siyang salita ng Diyos, oo, *ang salitang humihilom sa sugatang kaluluwa*." (Jacob 2:8; idinagdag ang italics.)

Ngayon ang mundo ay puno ng nakatutukso at kaakit-akit na mga ideyang maaaring mag-udyok maging sa pinakamabait nating mga miyembro na gumawa ng kamalian at pandaraya. Ang mga estudyante sa mga unibersidad kung minsan ay punung-puno ng mga doktrina ng mundo sa puntong nagdududa na sila sa mga doktrina ng ebanghelyo. Bilang lider ng priesthood, paano ninyo tutulungan ang inyong mga miyembro na labanan ang gayong nakalilinlang na mga turo? Sinagot ito ng Tagapagligtas sa Kanyang dakilang pangangaral sa Bundok ng mga Olivo nang ipangako Niya, *"At sinuman ang magpahalaga sa aking salita ay hindi malilinlang."* (JS—M 1:37; idinagdag ang italics.)

Ang mga banal na kasulatan ay puno ng gayon ding mga pangako tungkol sa kahalagahan ng salita. May mga miyembro ba kayo na umaasam na mapatnubayan at magabayan sa kanilang buhay? Sabi sa atin ng Mang-aawit, "Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas" (Awit 119:105), at nangako si Nephi na ang pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo ay "magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin." (2 Ne. 32:3.)

May mga miyembro ba sa inyong kawan na lubog sa kasalanan at kailangang iahon ang kanilang sarili? Ang pangako ni Helaman ay para sa kanila: "Oo, nakikita natin na sinuman ang magnanais ay makayayakap sa salita ng Diyos, na buhay at makapangyarihan, na maghahati-hati sa lahat ng katusuhan, at mga patibong at panlilinlang ng diyablo." (Hel. 3:29.)

Tagumpay sa kabutihan, lakas na maiwasan ang panlilinlang at malabanan ang tukso, patnubay sa buhay araw-araw, paghihilom ng kaluluwa—ilan lamang ito sa mga pangako ng Panginoon sa mga susunod sa Kanyang salita. Nangangako ba ang Panginoon at

hindi tumutupad? Siguradong kung sasabihin Niya sa atin na ang mga bagay na ito ay darating sa atin kung mananangganan tayo sa Kanyang salita, mapapasaatin ang mga pagpapala. At kung hindi natin gagawin ito, maaaring mawala ang mga pagpapala. Gaano man tayo kasigasig sa ibang mga aspeto, may ilang pagpapalang matatagpuan lamang sa mga banal na kasulatan, tanging sa paglapit sa salita ng Panginoon at pagkapit nang mahigpit dito sa pagdaan natin sa mga abu-abo ng kadiliman hanggang makarating sa punongkahoy ng buhay.[4]

4

**Ang salita ng Panginoon ay isang mahalagang kaloob, at hindi natin ito dapat balewalain.**

At kung babalewalain natin ang ibinigay sa atin ng Panginoon, maaaring mawala sa atin ang mismong kapangyarihan at mga pagpapalang hangad natin. Sa mahigpit na babala sa mga sinaunang Banal, ganito ang sabi ng Panginoon tungkol sa Aklat ni Mormon: "Ang inyong mga isipan sa mga nakaraang panahon ay naging madilim dahil sa kawalan ng paniniwala, at sapagkat inyong pinawalang-kabuluhan ang mga bagay na inyong tinanggap—

"Kung aling kawalang-kabuluhan at kawalan ng paniniwala ay nagdala sa buong simbahan sa ilalim ng kaparusahan.

"At ang kaparusahan na ito ay nasa sa mga anak ng Sion, maging sa lahat.

"At sila ay mananatili sa ilalim ng kaparusahang ito hanggang sa sila ay magsisi at kanilang alalahanin ang bagong tipan, maging ang Aklat ni Mormon." (D at T 84:54–57.)

Mga kapatid, huwag nating balewalain ang mga dakilang bagay na natanggap natin mula sa kamay ng Panginoon! Ang Kanyang salita ay isa sa mga pinakamahalagang kaloob na ibinigay Niya sa atin. Nakikiusap ako na muli kayong mangako na pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Ituon ang inyong sarili sa mga ito araw-araw upang mapasainyo ang kapangyarihan ng Espiritu na tutulong sa inyong mga tungkulin. Basahin ang mga ito sa inyong pamilya at ituro sa inyong mga anak na mahalin at pahalagahan ito. At sa pagdarasal at pagsangguni sa iba, hanapin ang lahat ng posibleng

paraan para mahikayat ang mga miyembro ng Simbahan na tularan ang inyong halimbawa. Kung gagawin ninyo ito, malalaman ninyo, tulad ni Alma, na "[a]ng salita ay may lakas na umakay sa mga tao na gawin yaong matwid—oo, may higit itong malakas na bisa sa isipan ng mga tao kaysa sa espada, o ano pa mang bagay, na nangyari na sa kanila." (Alma 31:5.)

Tulad ni Alma, sinasabi ko sa inyo, "Kapaki-pakinabang na subukan [ninyo] ang bisa ng salita ng Diyos" (Alma 31:5).[5]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Isipin kung ano ang sinabi ni Pangulong Benson na "sagot sa malaking pagsubok ng ating panahon" (bahagi 1). Sa paanong paraan tayo matutulungan ng sagot na ito na tugunan ang mga pagsubok na kinakaharap natin?
- Repasuhin ang mga resultang sinabi ni Pangulong Benson "kapag itinuon ng mga miyembro at pamilya ang kanilang sarili sa mga banal na kasulatan nang regular at palagian" (bahagi 2). Sa palagay ninyo bakit humahantong sa gayong mga resulta ang pag-aaral ng banal na kasulatan?
- Sinabi ni Pangulong Benson na ang pag-aaral ng banal na kasulatan ay isang pagpapala, hindi isang pasanin (tingnan sa bahagi 3). Ano ang mga pagpapalang dumating na sa inyo ng inyong pamilya dahil sa pag-aaral ng banal na kasulatan? Anong payo ang maibibigay ninyo sa isang tao na nadarama na pasanin ang pag-aaral ng banal na kasulatan?
- Ano ang ilang panganib ng pagbabalewala sa salita ng Diyos? (Tingnan sa bahagi 4.) Ano ang ilang bagay na magagawa natin upang higit nating mapahalagahan ang salita ng Diyos?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mga Gawa 17:11; II Kay Timoteo 3:16–17; 1 Nephi 19:23–24; Alma 32:21–43; D at T 18:33–36; 21:4–6; 68:1–4

*Tulong sa Pag-aaral*

"Natuklasan ng marami na ang pinakamagandang oras ng pag-aaral ay sa umaga matapos magpahinga sa gabi. . . . Ang iba ay mas gustong mag-aral sa tahimik na mga oras pagkatapos ng trabaho at mga alalahanin sa buong maghapon. . . . Marahil ang mas mahalaga kaysa sa oras sa maghapon ay ang magtakda ng regular na oras para mag-aral" (Howard W. Hunter, "Reading the Scriptures," *Ensign,* Nob. 1979, 64).

## *Mga Tala*

1. Thomas S. Monson, sa Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 487–88.
2. "The Power of the Word," *Ensign,* Mayo 1986, 79–80.
3. "The Power of the Word," 80–81.
4. "The Power of the Word," 81–82.
5. "The Power of the Word," 82.



*Sinabi ni Propetang Joseph Smith na ang Aklat ni Mormon "ang saligang bato ng ating relihiyon."*

# Ang Aklat ni Mormon—Saligang Bato ng Ating Relihiyon

*"May nadarama ba tayo sa kaibuturan ng ating puso na umaasam na mas mapalapit sa Diyos? . . . Kung gayon, ang Aklat ni Mormon ang tutulong sa atin upang magawa ito nang higit pa sa alinmang aklat."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Noong Enero 5, 1986, namuno si Pangulong Ezra Taft Benson sa isang stake conference sa Annandale, Virginia—ang kanyang unang stake conference bilang Pangulo ng Simbahan. Ang naroong mga Banal sa mga Huling Araw ay "kitang-kitang naantig" nang mapakinggan siyang magsalita. Sa kanyang mensahe, "nagpatotoo siya tungkol sa kapangyarihan ng Aklat ni Mormon na baguhin ang mga buhay at akayin ang mga tao kay Cristo." Naghayag siya ng isang "masiglang hamon [na] pag-aralan ang banal na kasulatang ito."[1]

Ang mensaheng ito ay hindi na bago sa ministeryo ni Pangulong Benson. Bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, madalas niyang hikayatin ang mga Banal sa mga Huling Araw na pag-aralan ang Aklat ni Mormon at sundin ang mga turo nito.[2] Ngunit bilang Pangulo ng Simbahan, nabigyang-inspirasyon siya na mas bigyang-diin pa ang mensahe. Sabi niya: "Binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang Kanyang lingkod na si Lorenzo Snow na muling bigyang-diin ang alituntunin ng ikapu upang tubusin ang Simbahan sa pagkakabaon sa utang. . . . Ngayon, sa ating panahon, inihayag ng Panginoon na kailangang muling bigyang-diin ang Aklat ni Mormon."[3] Pinatotohanan ni Pangulong Benson ang Aklat ni Mormon saanman siya magpunta: sa mga missionary meeting, stake

at regional conference, pangkalahatang kumperensya, at pakikipag-usap sa mga General Authority.[4]

Sa kanyang mensahe sa una niyang pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan, ibinahagi ni Pangulong Benson ang isang dahilan ng kahalagahan ng mensaheng ito. "Maliban kung ating basahin ang Aklat ni Mormon at dinggin ang mga turo nito," pagbabala niya, "sinabi ng Panginoon sa bahagi 84 ng Doktrina at mga Tipan na ang buong Simbahan ay nasa ilalim ng sumpa: 'At ang kaparusahan na ito ay nasa sa mga anak ng Sion, maging sa lahat' [D at T 84:56]. Pagpapatuloy ng Panginoon: 'At sila ay mananatili sa ilalim ng kaparusahang ito hanggang sa sila ay magsisi at kanilang alalahanin ang bagong tipan, maging ang Aklat ni Mormon at ang dating mga kautusan na aking ibinigay sa kanila, hindi lamang upang sabihin, kundi upang gawin alinsunod sa yaong aking isinulat' [D at T 84:57]."[5]

Ang sumusunod na mga sipi, na pawang nagmula sa mga sermon ni Pangulong Benson bilang Pangulo ng Simbahan, ay halimbawa ng kanyang mga babala at pangako ukol sa Aklat ni Mormon:

"Ngayon hindi lamang tayo kailangang *magsabi* ng higit pa tungkol sa Aklat ni Mormon, kundi kailangan din tayong *gumawa* ng higit pa ukol dito. Bakit? Ang sagot ng Panginoon: 'Upang sila ay makapagdala ng bunga na nararapat para sa kaharian ng kanilang Ama; kung hindi ay mananatili sa kanila ang kaparusahan at paghuhukom na ibubuhos sa mga anak ng Sion' [D at T 84:58]. Nadama na natin ang parusa at kahatulang iyon!

". . . Ang Aklat ni Mormon ay hindi naging, ni hindi pa naging, sentro ng ating personal na pag-aaral, pagtuturo sa pamilya, pangangaral, at gawaing misyonero. Kailangan natin itong pagsisihan."[6]

"Hindi natin ginagamit ang Aklat ni Mormon na tulad ng nararapat. Ang ating mga tahanan ay hindi gayon kalakas maliban kung ginagamit natin ito para ilapit ang ating mga anak kay Cristo. Maaaring sirain ng mga makamundong kalakaran at turo ang ating pamilya maliban kung alam natin kung paano gamitin ang aklat para ilantad at masugpo ang mga kabulaanan. . . . Hindi gayon kaepektibo ang ating mga missionary maliban kung [nagtuturo] sila gamit ito. Hindi malalagpasan ng mga nagpabinyag dahil sa pakikisama,

kawastuhan, kultura, o edukasyon ang mga pagsubok sa kanilang pananampalataya maliban kung ang kanilang patotoo ay nag-uugat sa kabuuan ng ebanghelyo na nasa Aklat ni Mormon. Ang mga klaseng dinadaluhan natin sa Simbahan ay hindi mapupuspos ng Espiritu maliban kung ito ang ating pamantayan."[7]

"Binabasbasan ko kayo ng dagdag na pang-unawa sa Aklat ni Mormon. Ipinapangako ko sa inyo na mula sa sandaling ito, kung ating babasahin araw-araw ang mga pahina nito at susundin ang mga tuntunin nito, magbubuhos ang Diyos sa bawat anak ng Sion at sa Simbahan ng isang uri ng pagpapalang hindi pa nakikita kailanman—at sasamo tayo sa Panginoon na alisin na Niya ang sumpa—ang parusa at kahatulan. Taos-puso ko itong pinatototohanan."[8]

"Hindi ko lubos na alam kung bakit iningatan ng Diyos ang aking buhay hanggang sa panahong ito, ngunit ito ang alam ko: Na sa oras na ito ay inihayag Niya sa akin na talagang kailangan nating isulong ngayon ang Aklat ni Mormon sa kagila-gilalas na paraan. Kailangan kayong tumulong sa pasaning ito at sa pagpapalang ito na ibinigay Niya sa buong Simbahan, maging sa lahat ng anak ng Sion.

"Si Moises ay hindi nakapasok sa lupang pangako kailanman. Hindi nakita ni Joseph Smith ang pagkatubos ng Sion kailanman. Maaaring hindi mabuhay nang matagal ang ilan sa atin para makita ang araw na mapupuno ng Aklat ni Mormon ang daigdig at aalisin ng Panginoon ang Kanyang sumpa. (Tingnan sa D at T 84:54–58.) Ngunit, kung loloobin ng Diyos, layon kong iukol ang natitira ko pang buhay sa maluwalhating gawaing iyon."[9]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

**1**

### Ang Aklat ni Mormon ang saligang bato ng ating relihiyon.

Gaano kahalaga ang Aklat ni Mormon? Tinawag ito ni Joseph Smith na "saligang bato ng ating relihiyon." (*History of the Church,* 4:461.) "Alisin ninyo ang Aklat ni Mormon at ang mga paghahayag," wika niya, "at nasaan ang ating relihiyon? Wala tayo niyon." (*History of the Church,* 2:52.)[10]

Ang saligang bato ang gitnang bato sa isang arko. Pinananatili nito ang iba pang mga bato sa kinalalagyan nito, at kung aalisin ito, ang arko ay babagsak.

. . . Tulad ng arko na babagsak kung aalisin ang saligang bato, gayon din naman na ang buong Simbahan ay tatayo o babagsak [na kasama ng] katotohanan ng Aklat ni Mormon. Naiintindihan itong mabuti ng mga kaaway ng Simbahan. Ito ang dahilan kung bakit lubos nilang pinipilit na pabulaanan ang Aklat ni Mormon, sapagkat kung ito ay mapapabulaanan, mapapabulaanan din si Propetang Joseph Smith. Gayon din ang mangyayari sa mga sinasabi natin tungkol sa mga susi ng priesthood, at paghahayag, at sa ipinanumbalik na Simbahan. Ngunit sa gayon ding paraan, kung totoo ang Aklat ni Mormon—at milyun-milyon na ngayon ang nagpapatotoo na pinatunayan sa kanila ng Espiritu na totoo nga ito—kung gayon kailangang tanggapin ng tao ang mga pahayag ng Panunumbalik at lahat ng kaakibat nito.[11]

Marahil wala nang higit na malinaw na patotoo tungkol sa kahalagahan ng aklat na ito ng banal na kasulatan kaysa sa sinabi ng Panginoon mismo tungkol dito.

Sa Kanyang sariling bibig pinatutunayan Niya (1) na ito ay totoo (D at T 17:6), (2) na naglalaman ito ng katotohanan at ng Kanyang mga salita (D at T 19:26), (3) na ito ay isinalin sa pamamagitan ng kapangyarihan mula sa kaitaasan (D at T 20:8), (4) na naglalaman ito ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo (D at T 20:9; 42:12), (5) na ibinigay ito sa pamamagitan ng inspirasyon at pinagtibay sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga anghel (D at T 20:10), (6) na pinatutunayan nito na ang mga banal na kasulatan ay totoo (D at T 20:11), at (7) ang mga tatanggap nito nang may pananampalataya ay makatatanggap ng buhay na walang hanggan (D at T 20:14).[12]

2

## Ang Aklat ni Mormon ay nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo at inilalapit tayo sa Diyos.

Ang pangunahing layunin ng Aklat ni Mormon, tulad ng nakatala sa pahina ng pamagat nito, ay "sa ikahihikayat ng mga Judio at Gentil na si Jesus ang Cristo, ang Diyos na Walang Hanggan, nagpapatunay ng kanyang sarili sa lahat ng bansa."



*Sa Aklat ni Mormon, ang patotoo kay Jesucristo ay "malinaw, dalisay, at puno ng kapangyarihan."*

Ang tapat na naghahanap ng katotohanan ay magkakaroon ng patotoo na si Jesus ang Cristo kapag mapanalangin niyang pinagbubulayan ang mga inspiradong salita ng Aklat ni Mormon.[13]

Naaalala ba natin ang bagong tipan, maging ang Aklat ni Mormon? Sa Biblia mayroon tayong Lumang Tipan at Bagong Tipan. Ang salitang *testamento* ay salin sa wikang Ingles ng salitang Griyego na maaari ding isalin bilang *tipan*. Ito ba ang ibig sabihin ng Panginoon nang tawagin Niya ang Aklat ni Mormon na "bagong tipan"? Tunay na ito ay isa pang tipan o saksi ni Jesus. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit idinagdag natin kamakailan ang mga salitang "Isa Pang Tipan ni Jesucristo" sa pamagat ng Aklat ni Mormon. . . .

Ang Aklat ni Mormon ang saligang bato sa ating patotoo kay Jesucristo, na Siya mismong batong panulok ng lahat ng ginagawa natin. Pinatototohanan nito ang Kanyang katunayan nang may kapangyarihan at kalinawan. Hindi tulad ng Biblia, na nagpasalin-salin sa iba't ibang mga maninipi, tagapagsalin, at masasamang tao na gumawa ng pagbabago sa teksto, ang Aklat ni Mormon ay

nagmula sa manunulat tungo sa mambabasa sa iisang inspiradong hakbang ng pagsasalin. Samakatwid, ang patotoo nito tungkol sa Panginoon ay malinaw, walang bahid-dungis, at puno ng kapangyarihan. Ngunit higit pa rito ang nagagawa nito. Karamihan sa mga Kristiyano sa mundo ngayon ay hindi tinatanggap ang pagiging Diyos o kabanalan ng Tagapagligtas. Pinag-aalinlanganan nila ang Kanyang mahimalang pagsilang, ang Kanyang perpektong buhay, at ang katotohanan ng Kanyang maluwalhating pagkabuhay na maguli. Itinuturo nang malinaw at di-mapag-aalinlanganan ng Aklat ni Mormon ang tungkol sa katotohanan ng lahat ng iyon. Nagbibigay din ito ng pinakakumpletong paliwanag tungkol sa doktrina ng Pagbabayad-sala. Tunay ngang ang banal at inspiradong aklat na ito ay saligang bato sa pagpapatotoo sa mundo na si Jesus ang Cristo.[14]

Sinabi . . . ni Propetang Joseph Smith, "Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat" [*History of the Church,* 4:461]. . . . Hindi ba't may nadarama tayo sa kaibuturan ng ating mga puso na naghahangad na mapalapit sa Diyos, na maging higit na katulad Niya sa ating buhay sa araw-araw, na madama sa tuwina ang Kanyang presensya? Kung gayon, ang Aklat ni Mormon ang tutulong sa atin upang magawa ito nang higit pa sa alinmang aklat. . . .

Ang mahal nating kapatid na si Pangulong Marion G. Romney, . . . na batid sa kanyang sarili ang kapangyarihang taglay ng aklat na ito, ay nagpatotoo tungkol sa mga pagpapalang maaaring dumating sa buhay ng mga taong magbabasa at mag-aaral ng Aklat ni Mormon. Sabi niya:

"Nakatitiyak ako na kung, sa ating mga tahanan, ay babasahin ng mga magulang nang may panalangin at regular ang Aklat ni Mormon nang personal at nang kasama ang kanilang mga anak, mapapasa ating mga tahanan at sa lahat ng nakatira roon ang diwa ng aklat na iyon. Madaragdagan ang pagpipitagan; mag-iibayo ang paggalang at pag-uunawaan sa isa't isa. Mapapawi ang diwa ng pagtatalu-talo. Papayuhan ng mga magulang ang kanilang mga anak

nang may matinding pagmamahal at karunungan. Ang mga anak ay higit na susunod at magpapakumbaba sa payo ng kanilang mga magulang. Mag-iibayo ang kabutihan. Ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa—ang dalisay na pag-ibig ni Cristo—ay mag-iibayo sa ating mga tahanan at buhay, magdudulot ng kapayapaan, kagalakan, at kaligayahan" (*Ensign,* Mayo 1980, p. 67).

Ang mga pangakong ito—ibayong pagmamahal at pagkakasundo sa tahanan, malaking paggalang sa pagitan ng magulang at anak, mas malakas na espirituwalidad at kabutihan—ay hindi mga pangako na walang-kabuluhan, kundi ito ang siyang talagang ibig sabihin ni Propetang Joseph Smith nang sabihin niyang tutulungan tayo ng Aklat ni Mormon na mas mapalapit sa Diyos.[15]

**3**

## Ang Aklat ni Mormon ay nagtuturo ng totoong doktrina, nililito ang mga maling doktrina, at inilalantad ang mga kaaway ni Cristo.

Ipinahayag mismo ng Panginoon na ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng "kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo" (D at T 20:9). Hindi ibig sabihin niyan na naglalaman ito ng lahat ng turo, lahat ng doktrina na ipinahayag. Sa halip, ang ibig sabihin nito ay makikita natin sa Aklat ni Mormon ang kabuuan ng mga doktrinang iyon na kailangan sa ating kaligtasan. At ang mga ito ay itinuturo nang malinaw at simple nang sa gayon matutuhan maging ng mga bata ang paraan ng kaligtasan at kadakilaan. Napakaraming ibinibigay ng Aklat ni Mormon na nagpapalawak ng ating pang-unawa sa mga doktrina ng kaligtasan. Kung wala ito, maraming itinuturo sa iba pang mga banal na kasulatan ang hindi magiging halos napakalinaw at napakahalaga.[16]

Kung pangangaral ng ebanghelyo ang pag-uusapan, nasa Aklat ni Mormon ang pinakamalinaw, pinakamaikli ngunit malaman, at pinakakumpletong paliwanag. Wala nang ibang talaan na maihahambing dito. Saang talaan ninyo makukuha ang gayon kakumpletong pag-unawa sa katangian ng Pagkahulog, katangian ng pisikal at espirituwal na kamatayan, doktrina ng Pagbabayad-sala, doktrina ng katarungan at awa kaugnay ng Pagbabayad-sala, at mga alituntunin

at ordenansa ng ebanghelyo? Nasa Aklat ni Mormon ang pinakakumpletong salaysay tungkol sa mga pangunahing doktrinang ito.[17]

Ang Aklat ni Mormon . . . ay nagpapatunay at nagbibigay-linaw sa Biblia. Pinapalis nito ang mga balakid, ipinanunumbalik nito ang maraming malinaw at mahahalagang bagay. Pinatototohanan namin na kapag magkasamang ginamit, lilituhin ng Biblia at ng Aklat ni Mormon ang mga maling doktrina, aalisin ang mga pagtatalo, at pananatilihin ang kapayapaan. (Tingnan sa 2 Ne. 3:12.)[18]

Dapat . . . mas alam natin ang Aklat ni Mormon kaysa iba pang aklat. Hindi lamang natin dapat alam ang nilalaman nitong kasaysayan at mga kuwento na nagpapalakas ng pananampalataya, kundi dapat nating maunawaan ang mga turo nito. Kung talagang pag-aaralan natin ang Aklat ni Mormon at uunawain natin ang doktrinang itinuturo niyon, mailalantad natin ang mga kamalian at mahahanap ang mga katotohanan upang madaig ang marami sa kasalukuyang mga maling palagay at pilosopiya ng mga tao.

Napansin ko sa loob ng Simbahan ang kaibhan sa pag-unawa, pananaw, pananalig, at sigla ng mga taong alam at mahal ang Aklat ni Mormon sa mga taong walang alam tungkol dito. Ang aklat na iyan ay isang napakagandang pansala.[19]

Inilalantad ng Aklat ni Mormon ang mga kaaway ni Cristo. Nililito nito ang mga maling doktrina at inaalis ang pagtatalo. (Tingnan sa 2 Ne. 3:12.) Pinatitibay nito ang mapagpakumbabang mga disipulo ni Cristo laban sa masasamang balak, mga estratehiya, at mga doktrina ng diyablo sa ating panahon. Ang uri ng mga nag-apostasiya sa Aklat ni Mormon ay katulad ng uring mayroon tayo ngayon. Ang Diyos, sa kanyang walang-hangganang kaalaman noon pa man, ay hinubog nang gayon ang Aklat ni Mormon upang makita natin ang mali at malaman kung paano dadaigin ang mga maling konsepto sa edukasyon, pulitika, relihiyon, at pilosopiya ng ating panahon.[20]

4

**Ang Doktrina at mga Tipan ang nag-uugnay sa Aklat ni Mormon at sa patuloy na gawain ng Panunumbalik.**

Gusto kong magsalita lalo na tungkol sa Aklat ni Mormon at sa Doktrina at mga Tipan. Ang dalawang sagradong aklat na ito

ng banal na kasulatan sa mga huling araw ay binigkis bilang mga paghahayag mula sa Diyos ng Israel upang tipunin at ihanda ang Kanyang mga tao para sa ikalawang pagparito ng Panginoon. . . .

Sinabi ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith, "Ang salinlahing ito ay tatanggap ng aking salita sa pamamagitan mo" (D at T 5:10). Ang Aklat ni Mormon at ang Doktrina at mga Tipan ay bahagi ng katuparan ng pangakong iyon. Ang dalawang sagradong banal na kasulatang ito ay magkasamang nagdudulot ng malalaking pagpapala sa henerasyong ito. . . .

Bawat isa sa dalawang sagradong banal na kasulatang ito sa mga huling araw ay nagbibigay ng makapangyarihan at malinaw na patotoo tungkol sa Panginoong Jesucristo. Tunay na bawat pahina ng Doktrina at mga Tipan at ng Aklat ni Mormon ay nagtuturo tungkol sa Panginoon—sa malaking pagmamahal Niya sa Kanyang mga anak at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo—at nagtuturo sa atin kung paano mamuhay sa paraang maaari tayong makabalik sa Kanya at sa ating Ama sa Langit.

Nasa bawat isa sa dalawang sagradong banal na kasulatang ito sa mga huling araw ang kaalaman at kapangyarihang tulungan tayong mamuhay nang mas mabuti sa panahon ng matinding kasamaan. Yaong mga mapanalanging sinasaliksik na mabuti ang mga pahina ng mga aklat na ito ay makasusumpong ng kapanatagan, payo, patnubay, at kakayahan na mapagbuti ang kanilang buhay.[21]

Ang Doktrina at mga Tipan ang nag-uugnay sa Aklat ni Mormon at sa patuloy na gawain ng Panunumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith at ng mga humalili sa kanya.

Sa Doktrina at mga Tipan natututo tayo tungkol sa gawain sa templo, mga walang-hanggang pamilya, mga antas ng kaluwalhatian, organisasyon ng Simbahan, at marami pang ibang dakilang katotohanan ng Panunumbalik. . . .

Ang Aklat ni Mormon ang "saligang bato" ng ating relihiyon, at ang Doktrina at mga Tipan ang batong pang-ibabaw (capstone), na may patuloy na paghahayag sa mga huling araw. Ibinigay ng Panginoon ang Kanyang pagsang-ayon sa saligang bato at sa batong pang-ibabaw.[22]

Ang Doktrina at mga Tipan ay maluwalhating aklat ng banal na kasulatan na direktang ibinigay sa ating henerasyon. Naglalaman iyon ng kalooban ng Panginoon para sa atin sa mga huling araw na ito bago sumapit ang ikalawang pagparito ni Cristo. Naglalaman iyon ng maraming katotohanan at doktrinang hindi lubos na inihayag sa ibang banal na kasulatan. Gaya ng Aklat ni Mormon, palalakasin nito ang mga tao na pinag-aaralang mabuti at nang may panalangin ang nilalaman ng mga pahina nito.

Pinahahalagahan ba natin, bilang mga Banal ng Kataastaasang Diyos, ang salitang iningatan Niya para sa atin sa napakalaking halaga? Ginagamit ba natin ang mga aklat na ito ng paghahayag sa mga huling araw para mapagpala ang ating buhay at malabanan ang mga puwersa ng kasamaan? Ito ang layunin kaya ibinigay ang mga ito. Paano tayo hindi susumpain sa harap ng Panginoon kung babalewalain natin ang mga ito sa pagpapabayang maalikabukan lang ang mga ito sa ating mga estante?

Mahal kong mga kapatid, taimtim kong pinatototohanan na nasa mga aklat na ito ang kaisipan at kalooban ng Panginoon para sa atin sa mga araw na ito ng pagsubok at kahirapan. Kasama ng mga ito ang Biblia sa pagpapatotoo tungkol sa Panginoon at sa Kanyang gawain. Nasa mga aklat na ito ang tinig ng Panginoon para sa atin sa mga huling araw na ito. Nawa'y bumaling tayo sa mga ito nang may buong layunin ng puso at gamitin ang mga ito sa paraang nais ng Panginoon na magamit ang mga ito.[23]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Kapag binasa ninyo ang mga turo ni Pangulong Benson na ang Aklat ni Mormon ang saligang bato ng ating relihiyon (tingnan sa bahagi 1), pagnilayan ang kahalagahan nito sa inyong buhay. Ano ang magagawa natin para mas maisentro sa Aklat ni Mormon ang ating mga pagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo?
- Sinabi ni Pangulong Benson na ang Aklat ni Mormon ay nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo at inilalapit tayo sa Diyos (tingnan sa bahagi 2). Ano ang ilang bagay na natutuhan ninyo tungkol sa Tagapagligtas nang pag-aralan ninyo ang Aklat ni Mormon?

Paano mas nailapit ng Aklat ni Mormon ang inyong buong pamilya sa Diyos?

- Bakit dapat "mas alam [natin] ang Aklat ni Mormon kaysa iba pang aklat"? Paano kayo napatatag ng mga doktrina sa Aklat ni Mormon laban sa "mga doktrina ng diyablo sa ating panahon"? (Tingnan sa bahagi 3.)
- Sa anong mga paraan nagtutulungan ang Aklat ni Mormon at ang Doktrina at mga Tipan para mapalakas tayo? (Tingnan sa bahagi 4.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Isaias 29:9–18; 1 Nephi 13:35–41; 2 Nephi 25:23, 26; 29:6–9; D at T 1:17–29

*Tulong sa Pagtuturo*

"Halos lahat ng manwal ng mga aralin ay may mga katanungan para mapasimulan ang mga talakayan at maipagpatuloy ang mga ito. Maaari ninyong gamitin ang mga katanungang ito at maghanda ng sariling inyo. Magtanong ng mga katanungang makapaghihikayat ng mga punang [pinag-isipang] mabuti at makatutulong sa bawat isa na tunay na pagbulay-bulayin ang ebanghelyo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 78).

## ***Mga Tala***

1. Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 489.
2. Tingnan, halimbawa, sa "The Book of Mormon Is the Word of God," *Ensign,* Mayo 1975, 63–65; "A New Witness for Christ," *Ensign,* Nob. 1984, 6–8; tingnan din sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 491–93.
3. "A Sacred Responsibility," *Ensign,* Mayo 1986, 78; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (2012), 179–82.
4. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 495.
5. "Cleansing the Inner Vessel," *Ensign,* Mayo 1986, 5.
6. "Cleansing the Inner Vessel," 5–6.
7. "The Book of Mormon Is the Word of God," *Ensign,* Ene. 1988, 5.
8. "A Sacred Responsibility," *Ensign,* Mayo 1986, 78; inalis ang italics mula sa orihinal.
9. "Flooding the Earth with the Book of Mormon," *Ensign,* Nob. 1988, 6.
10. "A New Witness for Christ," 6.
11. "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," *Ensign,* Nob. 1986, 5, 6.
12. "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," 4.
13. "Come unto Christ," *Ensign,* Nob. 1987, 83.
14. "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," 4, 5.
15. "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," 7. Si Pangulong Marion G. Romney ay naglingkod bilang tagapayo sa Unang Panguluhan mula Hulyo 1972 hanggang Nobyembre 1985.
16. "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," 6.
17. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 56.

18. "A New Witness for Christ," 8.
19. "Jesus Christ—Gifts and Expectations," *Ensign,* Dis. 1988, 4.
20. "The Book of Mormon Is the Word of God," *Ensign,* Ene. 1988, 3.
21. "The Gift of Modern Revelation," *Ensign,* Nob. 1986, 79.
22. "The Book of Mormon and the Doctrine and Covenants," *Ensign,* Mayo 1987, 83.
23. "The Gift of Modern Revelation," 80.

# Punuin ang Daigdig at ang Ating Buhay ng Aklat ni Mormon

*"May kapangyarihan sa [Aklat ni Mormon] na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong dibdibang pag-aralan ang aklat."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1989, binasa ni Pangulong Thomas S. Monson ang isang mensahe mula kay Pangulong Ezra Taft Benson sa mga bata sa Simbahan. Sa mensaheng ito, sinabi ni Pangulong Benson:

"Alam kong binabasa ninyo ang Aklat ni Mormon, dahil nakatanggap ako ng daan-daang mga sulat mula sa inyo na nagsasabing binabasa ninyo ang sagradong aklat na ito. Napapaluha ako sa galak kapag naririnig ko ito. . . .

"Tuwang-tuwa akong marinig ang pagmamahal ninyo sa Aklat ni Mormon. Mahal *ko* rin ito, at nais ng Ama sa Langit na patuloy kayong matuto mula sa Aklat ni Mormon araw-araw. Ito ay espesyal na regalo sa inyo ng Ama sa Langit. Sa pagsunod sa mga turo nito, matututuhan ninyong gawin ang kalooban ng ating Ama sa Langit."[1]

Sa buong Simbahan, dininig ng mga Banal sa mga Huling Araw ang payong ito mula sa kanilang propeta. Ang sumusunod na mga salaysay ay nagpapakita ng mga halimbawa ng mga pagpapalang natanggap ng mga tumugon sa panawagan ni Pangulong Benson na "punuin ang mundo at [kanilang] buhay ng Aklat ni Mormon."[2]

"'Nagbibiro lang siya!' naisip ni Margo Merrill . . . nang una niyang marinig ang kahilingan ni Pangulong Ezra Taft Benson na basahin ng mga magulang ang Aklat ni Mormon sa kanilang mga



*Milyun-milyon na ang lumapit kay Cristo dahil sa mga katotohanan sa aklat na ibinigay ni Moroni kay Joseph Smith.*

anak. 'Ang mga anak ko ay anim, lima, at dalawang taong gulang lamang. Magsasayang lang ako ng oras at pasensya.'

"Pero ipinasiya nina Brother at Sister Merrill na subukan pa ring basahin ang Aklat ni Mormon sa kanilang mga anak. Pagdating nila sa kuwento tungkol kay Nephi at sa kanyang nabaling pana, nagkapulmonya ang anim-na-taong-gulang na si Melissa.

"'Nakiusap sa akin si Melissa na payagan ko siyang pumasok sa eskuwela kahit maysakit siya,' [sabi ni] Margo. 'Kung hindi raw siya papasok, hindi malalaman ng kaibigan niyang si Pamela—na miyembro ng ibang simbahan—ang nangyari kay Nephi. Pagkatapos ay nag-iiyak si Melissa at sumubsob sa braso ko. Pinatigil ko siya sa pag-iyak at iminungkahi kong tawagan niya sa telepono si Pamela at ikuwento rito ang nangyari kay Nephi.

"'Nang marinig kong ikinuwento ni Melissa ang detalye tungkol sa nabaling pana ni Nephi, naalala ko ang naisip ko noong una na pagsasayang ko ng oras at pasensya sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon sa mga anak ko. Ah, labis kong minaliit ang kakayahan nilang matutuhan ang mga aral ng Aklat ni Mormon!'"[3]

Pinagbulayan ni Howard J. McOmber II ang panghihikayat ni Pangulong Benson na punuin ang mundo ng Aklat ni Mormon. Naisip niya, "Bilang indibiduwal, paano ako magiging mahalagang bahagi ng gayong pagpupuno?

"Pagkatapos isang gabi," sabi ni Brother McOmber, "habang pinagbubulayan ko ang problemang ito natanto ko na mabibigyan ko ng pagkakataon ang bawat tao sa kalye namin na tumanggap ng kopya ng Aklat ni Mormon.

"Pero may isang problema—kilala nila ako. Alam nila ang tungkol sa aso ko na napakadalas tumahol—nang napakaaga. Alam nilang hindi ang bakuran ko ang pinakamalinis sa lugar namin. Alam nila ang mga pagkukulang ko bilang kapitbahay; malamang na tanggihan nila ako.

"Nagpasiya akong manalig at gawin pa rin iyon. Iaalok ko sa kanila ang aklat—kahit maaaring itapon nila ito, o hayaan itong maalikabukan nang maraming taon sa kanilang estante. Pero napansin kong negatibo ang iniisip ko; muntik ko nang makumbinsi ang sarili ko na mawawalan ng saysay ang pagsisikap ko.

"Pagkatapos ay naalala ko na magkakakilala naman kami ng mga kapitbahay ko. Ang ilan sa kanila ay mahahalay ang biro sa huling community development meeting, at ang ilan naman ay naparami ang inom ng alak sa huling barbecue party naming magkakapitbahay. Ang ilan ay tila halos walang layunin sa buhay. Naisip ko kung ano kaya ang nangyari sa akin kung hindi ako miyembro ng Simbahan, o kung hindi ko pa narinig ang tungkol sa Aklat ni Mormon. Malinaw na makakatulong ang aklat na ito sa mga magbibigay rito ng pagkakataon.

"Kaya kinontak ko ang lahat ng nakatira sa kalye namin at inalok sila ng kopya ng Aklat ni Mormon—at nagpasalamat silang lahat sa akin! Naging maayos ang lahat kaya nagpunta ako sa kasunod na kalye, nilibot ko ang buong subdivision namin, at saka ako nagpunta sa kasunod na subdivision. Nang matapos ako, 104 na bahay ang nabisita ko at apatnapung aklat ang naipamigay ko.

"Naging mas madali nang mag-alok ng mga kopya ng Aklat ni Mormon sa mga kakilala.

"Di-nagtagal nabigyan ko ng mga kopya ng Aklat ni Mormon ang lahat ng pitumpu't limang empleyado sa pinagtatrabahuhan ko. Dalawampu't tatlo sa kanila ang tinuruan ng mga missionary. Pito ang nabinyagan kalaunan, at apat na anak din ng mga katrabaho ko ang sumapi sa Simbahan. Isang lalaki ang tinuruan nang dalawang beses pero nawalan ng interes na siyasatin ang Simbahan. Makalipas ang pitong buwan, matapos siyang lumipat ng trabaho sa ibang kumpanya, tinawagan niya ako para sabihin na binabasa niya ang Aklat ni Mormon at natanto niya na nadarama niya ang banayad at payapang pag-antig ng Espiritu, tulad ng inilarawan ko. Di-nagtagal, natapos din niya ang mga talakayan at siya'y nabinyagan.

"Mahal ko ang Aklat ni Mormon. Itinuturing ko itong calling card ng Panginoon, at namangha ako kung gaano kadaling pasimulan ang espirituwal na pagpapalaganap nito sa sariling paraan. Kapag ginagawa natin ang gawain ng Panginoon, tinutulungan niya tayo."[4]

Isa pang miyembro ang nagkuwento ng pagbabagong naganap sa kanyang patotoo nang sundin niya ang payo ni Pangulong Benson na basahin ang Aklat ni Mormon: "Nang hamunin tayo ni Pangulong Benson na basahin ang Aklat ni Mormon, 15 anyos ako

noon. Palagi na akong nagbabasa ng banal na kasulatan, at karaniwa'y nakatuon ako sa Bagong Tipan. Ngunit sa paghimok ni Pangulong Benson, sinimulan kong pag-aralan ang Aklat ni Mormon araw-araw. Iyon ang gumawa ng malaking pagbabago sa buhay ko. Naituro sa akin ng Bagong Tipan ang paglilingkod ni Jesucristo sa mundo, at lagi ko iyong pasasalamatan. Ngunit kinailangan ko ang lalim ng pang-unawang nagmula sa pag-aaral ng Aklat ni Mormon. Bagama't nakatulong ang Biblia para malaman ko ang ginawa ni Jesus para sa mga tao sa Banal na Lupain, binigyan ako ng Aklat ni Mormon ng mas malalim na pang-unawa sa nagawa Niya para sa akin. Sa pag-aaral ng Aklat ni Mormon, nagkaroon ako ng patotoo sa walang-hanggang Pagbabayad-sala ng aking Tagapagligtas. At kalaunan, nang maharap ako sa mga krisis na sumubok sa aking pananampalataya, bumaling ako sa Aklat ni Mormon para sa kapanatagan at lakas. Ngayo'y hindi ko pinalalagpas ang isang araw nang hindi binabasa ang Aklat ni Mormon."[5]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

### Ang Aklat ni Mormon ay isinulat para sa atin.

Ang Aklat ni Mormon . . . ay isinulat para sa ating panahon. Ang aklat ay hindi napasakamay ng mga Nephita; ni ng mga Lamanita noong unang panahon. Ito ay sadyang para sa atin. Sumulat si Mormon nang malapit nang magwakas ang sibilisasyon ng mga Nephita. Sa inspirasyong mula sa Diyos, na nakakakita sa lahat ng bagay mula sa simula, pinaikli niya ang mga talaan na maraming siglo nang naisulat, pumili ng mga kuwento, mensahe, at pangyayari na lubos na makatutulong sa atin.

Bawat pangunahing manunulat ng Aklat ni Mormon ay nagpatotoo na sumulat siya para sa mga darating na henerasyon. . . . Kung nakita nila ang ating panahon at pinili ang mga bagay na magiging makabuluhan sa atin, hindi ba iyon ang dapat na paraan ng pag-aaral natin ng Aklat ni Mormon? Dapat nating palaging itanong sa ating sarili, "Bakit binigyang-inspirasyon ng Panginoon si Mormon (o si Moroni o si Alma) na isama iyon sa kanyang talaan? Anong aral ang matututuhan ko mula roon na tutulong sa akin na mamuhay sa panahong ito?"

At may mga halimbawa roon kung paano sasagutin ang tanong na iyan. Halimbawa, sa Aklat ni Mormon nakikita natin ang huwaran sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito. Isang malaking bahagi ng aklat ang nakatuon sa ilang dekada bago dumating si Cristo sa Amerika. Sa masusing pag-aaral tungkol sa panahong iyan, malalaman natin kung bakit nilipol ang ilang tao sa kakila-kilabot na paghuhukom na nangyari bago Siya dumating at kung bakit naroon ang iba sa templo sa lupaing Masagana at nahawakan nila ang mga sugat sa Kanyang mga kamay at paa.

Mula sa Aklat ni Mormon nalaman natin kung paano namuhay ang mga disipulo ni Cristo sa panahon ng digmaan. Mula sa Aklat ni Mormon nakita natin ang kasamaan ng mga lihim na pagsasabwatan na inilarawan sa malinaw at kakila-kilabot na katotohanan. Sa Aklat ni Mormon nakita natin ang mga aral sa pagharap sa pang-uusig at apostasiya. Marami tayong natututuhan kung paano gawin ang gawaing misyonero. At higit sa lahat, nakikita natin sa Aklat ni Mormon ang mga panganib ng materyalismo at paglalagak ng ating mga puso sa mga bagay ng mundo. May mag-aalinlangan pa ba na ang aklat na ito ay sadyang isinulat para sa atin at dito ay magkakaroon tayo ng matinding lakas, malaking kapanatagan, at matinding proteksyon?[6]

2

### Kapag araw-araw nating pinag-aralan ang Aklat ni Mormon, dadaloy ang kapangyarihan ng aklat sa ating buhay.

Hindi lamang itinuturo sa atin ng Aklat ni Mormon ang katotohanan, bagama't ito nga ang ginagawa nito. Hindi lamang nagpapatotoo ang Aklat ni Mormon tungkol kay Cristo, bagama't ito nga rin ang ginagawa nito. Ngunit mayroon pang iba. May kapangyarihan sa aklat na iyon na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong dibdibang pag-aralan ang aklat. Magiging mas malakas kayo para labanan ang tukso. Magkakaroon kayo ng kapangyarihang iwasan ang panlilinlang. Magkakaroon kayo ng lakas na manatili sa makipot at makitid na landas. Ang mga banal na kasulatan ay tinatawag na "mga salita ng buhay" (D at T 84:85), at wala nang iba pang aklat na higit na totoo kaysa sa Aklat

ni Mormon. Kapag nagsimula kayong magutom at mauhaw sa mga salitang iyon, makikita ninyo na lubos na sasagana ang buhay.[7]

Maaaring malinlang ng mga tao ang isa't isa, ngunit hindi nililinlang ng Diyos ang mga tao. Samakatwid, ang Aklat ni Mormon ang pinakamainam na panuri sa pag-alam sa katotohanan nito—ibig sabihin, basahin ito at itanong sa Diyos kung ito ay totoo [tingnan sa Moroni 10:4]. . . .

Kung gayon, ito ang lubos na katiyakan sa matatapat ang puso—ang malaman sa pamamagitan ng personal na paghahayag mula sa Diyos na ang Aklat ni Mormon ay totoo. Milyun-milyon na ang sumubok dito at nalaman nila, at milyun-milyon pa ang makakaalam nito.

Ngayon ang espiritu, gayundin ang katawan, ay nangangailangan ng pangangalaga sa tuwina. Ang pagkain kahapon ay hindi sapat para tustusan ang mga pangangailangan ngayon. Gayundin naman ang madalang na pagbabasa ng "pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo," na siyang tawag dito ni Joseph Smith, ay hindi sapat. (*History of the Church,* 4:461.)

Hindi lahat ng katotohanan ay pantay-pantay ang halaga, ni ang lahat ng banal na kasulatan ay magkakasing-halaga. May mas mabuti pa bang paraan na mapapangalagaan ang espiritu kaysa madalas na pagpapakabusog sa aklat na sinabi ni Propetang Joseph Smith na ang isang tao ay "malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat"? (*History of the Church,* 4:461.)[8]

Nakasalalay ba ang mga walang-hanggang bunga sa pagtugon natin sa aklat na ito? Oo, sa ating ikabubuti o kaya'y sa ating ikapapahamak.

Dapat pag-aralan ng bawat Banal sa mga Huling Araw ang aklat na ito nang habambuhay. Kung hindi ay ipinapahamak niya ang kanyang kaluluwa at binabalewala ang makapagtutugma ng espirituwal at intelektuwal na aspeto sa kanyang buong buhay. May pagkakaiba sa miyembrong nakasalig sa bato ni Cristo sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon at nananatiling nakahawak sa gabay na bakal, at sa taong hindi [nakasalig] dito.[9]



*"Nakita ko sa pangitain na napuno ng Aklat ni Mormon ang daigdig."*

Dumarami na ang mga taong naniniwala, sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon, na si Jesus ang Cristo. Ngayon kailangang dumami ang bilang ng gagamit ng Aklat ni Mormon na maging tapat kay Cristo. Kailangan nating maniwala at maging tapat.

. . . Mahal kong mga kapatid, magbasa tayo ng Aklat ni Mormon at maniwala na si Jesus nga ang Cristo. Paulit-ulit nating basahin ang Aklat ni Mormon upang lalo pa tayong mapalapit kay Cristo, maging tapat sa Kanya, nakatuon sa Kanya, at wala nang ibang iisipin kundi Siya.

Nakakaharap natin ang kaaway araw-araw. Ang mga hamon sa panahong ito ay makikipagtagisan sa anumang hamon noong araw, at darami ang mga hamong ito kapwa sa espirituwal at sa temporal. Kailangang maging malapit tayo kay Cristo, kailangan nating taglayin araw-araw ang Kanyang pangalan, lagi Siyang alalahanin, at sundin ang Kanyang mga utos.[10]

3

## Kailangan nating punuin ang mundo at ang ating buhay ng Aklat ni Mormon.

Kailangang magkaroon ang bawat isa sa atin ng sariling patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Pagkatapos ang ating patotoo, pati na ang Aklat ni Mormon, ay dapat ibahagi sa iba upang malaman din nila sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang katotohanan nito.[11]

Nakikinita ba ninyo ang mangyayari sa dumaraming kopya ng Aklat ni Mormon na nasa mga kamay ng dumaraming missionary na nakakaalam kung paano gamitin ito at mga isinilang na sa Diyos? Kapag nangyari ito, sasagana ang pag-ani natin ng mga kaluluwa na ipinangako ng Panginoon.[12]

Ganito ang paniniwala ko: Kapag lalo tayong nagturo at nangaral mula sa Aklat ni Mormon, lalong malulugod sa atin ang Panginoon at magiging mas mabisa ang ating pagsasalita. Sa paggawa nito, mapaparami natin ang mga tao na may malalim at lubos na pananalig, kapwa sa loob ng Simbahan at sa mga taong ating tinuturuan. . . . Ang utos sa atin kung gayon ay ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo na nasa Biblia at sa Aklat ni Mormon. "Ang mga ito ang kanilang magiging mga aral, habang sila ay ginagabayan ng Espiritu" (D at T 42:13).[13]

Ang Aklat ni Mormon ang kasangkapang nilayon ng Diyos na papapangyarihin Niyang "umabot sa buong mundo gaya ng isang baha, upang tipunin ang [Kanyang] mga hinirang." (Moises 7:62.) Kailangang mas isentro natin sa sagradong aklat na ito ng banal na kasulatan ang ating pangangaral, ating pagtuturo, at ating gawaing misyonero.

. . . Sa panahong ito ng electronic media at maramihang pamamahagi ng nakalimbag na salita, pananagutin tayo ng Diyos kung hindi natin isusulong ang Aklat ni Mormon sa pambihirang paraan.

Mayroon tayong Aklat ni Mormon, mayroon tayong mga miyembro, mayroon tayong mga missionary, mayroon tayong mapagkukunan, at may pangangailangan ang mundo. Ngayon na ang panahon!

Mahal kong mga kapatid, hindi natin maaarok ang kapangyarihan ng Aklat ni Mormon, ni ang banal na tungkuling kailangang gampanan nito, ni kung hanggang saan ito kailangang isulong. . . .

Hinahamon ko tayong lahat na mapanalanging pag-isipan ang mga hakbang na personal nating magagawa upang mas lubos na maihatid ang bagong saksing ito ni Cristo sa ating sariling buhay at sa mundo na lubhang nangangailangan nito.

Nakita ko sa pangitain ang mga tahanang nabigyang-babala, mga klaseng nabigyang-buhay, at mga pulpitong nag-aalab sa diwa ng mga mensaheng hatid ng Aklat ni Mormon.

Nakita ko sa pangitain ang mga home teacher at visiting teacher, mga pinuno ng ward at branch, at mga lider ng stake at mission na nagpapayo sa ating mga tao mula sa pinakatumpak sa alinmang aklat sa mundo—ang Aklat ni Mormon.

Nakita ko sa pangitain ang mga alagad ng sining na ginagawan ng pelikula, drama, literatura, musika, at mga painting ang napakagagandang tema at tauhan mula sa Aklat ni Mormon.

Nakita ko sa pangitain ang libu-libong missionary na nagpupunta sa mission field na may daan-daang talatang isinaulo mula sa Aklat ni Mormon upang maibigay nila ang mga pangangailangan ng isang mundo na kulang sa espirituwalidad.

Nakita ko sa pangitain ang buong Simbahan na lalong napapalapit sa Diyos sa pagsunod sa mga tuntunin ng Aklat ni Mormon.

Tunay ngang nakita ko sa pangitain ang paglaganap sa mundo ng Aklat ni Mormon.[14]

Pinupuri ko kayong matatapat na Banal na nagsisikap na punuin ang mundo at ang inyong buhay ng Aklat ni Mormon. Hindi lamang natin dapat isulong sa pambihirang paraan ang mas maraming kopya ng Aklat ni Mormon, kundi kailangan nating isulong nang buong tapang sa ating sariling buhay at sa buong daigdig ang mas marami pang kagila-gilalas na mensahe nito.[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sa bahagi 1, rebyuhin ang payo ni Pangulong Benson kung paano pag-aralan ang Aklat ni Mormon. Paano tayo matutulungan ng payo na ito sa pagharap sa mga hamon? Ano ang ilang talata sa Aklat ni Mormon na nauugnay sa mga hamon na ating kinakaharap?
- Sa anong mga paraan ninyo nakita ang katuparan ng mga pangakong nakalista sa bahagi 2? Ano ang ilang magagawa natin upang maibahagi ang Aklat ni Mormon sa mga taong nangangailangan ng mga pangakong ito sa kanilang buhay?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "punuin ang mundo at ang [ating] buhay ng Aklat ni Mormon"? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa bahagi 3.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

2 Nephi 27:22; Mormon 8:26–41; Moroni 1:4; 10:3–5; tingnan din sa pambungad sa Aklat ni Mormon

*Tulong sa Pag-aaral*

Habang nagbabasa, "guhitan at markahan ang mga salita o parirala para matukoy ninyo ang mga ideya sa iisang [talata]. . . . Sa mga margin isulat ang mga sangguniang banal na kasulatan na naglilinaw sa mga talata na iyong pinag-aaralan" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 25).

### *Mga Tala*

1. "To the Children of the Church," *Ensign,* Mayo 1989, 81–82.
2. "Beware of Pride," *Ensign,* Mayo 1989, 4.
3. LaRene Gaunt, "Does the Book of Mormon Count?" *Ensign,* Hunyo 1991, 20.
4. Howard J. McOmber II, sa "Finding Truth in the Book of Mormon," *Ensign,* Ene. 1996, 10–11.
5. Hindi ibinigay ang pangalan, di-inilathalang manuskrito.
6. "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," *Ensign,* Nob. 1986, 6–7.
7. "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," 7.
8. "A New Witness for Christ," *Ensign,* Nob. 1984, 6–7.
9. "The Book of Mormon Is the Word of God," *Ensign,* Ene. 1988, 5.
10. "Come unto Christ," *Ensign,* Nob. 1987, 84, 85.
11. "The Book of Mormon and the Doctrine and Covenants," *Ensign,* Mayo 1987, 84.
12. "Born of God," *Ensign,* Hulyo 1989, 4.
13. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 58.
14. "Flooding the Earth with the Book of Mormon," *Ensign,* Nob. 1988, 4, 5–6.
15. "Beware of Pride," 4.



*Ngayon, nagtitipon na ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Conference Center at sa iba't ibang panig ng mundo para makinig sa buhay na propeta.*

# Sundin ang Buhay na Propeta

*"Ang pinakamahalagang propeta, para sa atin, ay yaong nabubuhay sa kasalukuyan."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Isang gabi noong si Ezra Taft Benson ay 15 taong gulang, naupo siya sa hapag-kainan kasama ang iba pa niyang kapamilya at nakinig sa pagbabasa ng kanyang ama ng isang sulat mula kay Pangulong Joseph F. Smith at sa kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan. Ganito ang sabi sa isang bahagi ng sulat: "Ipinapayo namin at hinihikayat na pasimulan ang 'Home Evening' sa buong Simbahan, at sa oras na ito ay matitipon ng mga ama at ina ang kanilang mga anak sa tahanan at maituturo sa kanila ang salita ng Panginoon. . . . Kung susundin ng mga Banal ang payong ito, nangangako kami na magbubunga ito ng malalaking pagpapala. Ang pagmamahalan sa tahanan at pagsunod sa mga magulang ay mag-iibayo. Lalakas ang pananampalataya sa puso ng mga kabataan ng Israel, at magtatamo sila ng lakas na labanan ang masasamang impluwensya at tukso sa kanilang paligid."[1]

Naalala ni Pangulong Benson kalaunan: "Nang matapos [ng aking ama] ang liham, sinabi niya, 'Nagsalita ang Panguluhan, at ito ang salita ng Panginoon sa atin!' Simula noon, masigasig na kaming nagdaos ng mga family home evening sa tahanang kinalakhan ko."[2]

Nang magkaroon na ng sariling pamilya si Pangulong Benson, ipinagpatuloy nilang mag-asawa ang tradisyong natutuhan niya sa kanyang mga magulang. Sabi niya, "Pinatototohanan ko mula sa karanasang ito [sa tahanan ng aking mga magulang] at sa karanasan ko sa mga gabi ng pamilya sa sarili kong tahanan na malalaking espirituwal na pagpapala ang ibubunga nito."[3]

Noong 1947 iniutos ng Unang Panguluhan sa mga miyembro ng Simbahan na muling sikaping magdaos ng mga family home evening. Binigyang-diin ni Pangulong Benson, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang paksang iyon sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya. Pinatotohanan niya na ang pamilya ay "isang banal na institusyon,"[4] at ipinaalala sa mga Banal ang mga pagpapalang darating kung susundin nila ang payo ng propeta na patatagin ang kanilang pamilya at magdaos ng mga family home evening. Nagpatotoo siya: "Ang ating kaligayahan sa buhay na ito at sa kabilang-buhay ay nakaugnay sa matagumpay nating pagtupad sa malaking responsibilidad na ito. Kailangan dito, mga kapatid, ang ating mapanalanging pagpaplano at pagbibigay-pansin, at sa puso ko'y tiwala ako na malalaking kabutihan ang ibubunga nito, na darating ang malaking kagalakan at kasiyahan kung diringgin natin ito tulad ng lahat ng iba pang payong ibinigay sa atin ng Panguluhan ng Simbahan."[5]

Sa naranasang mga pagpapala na dulot ng pagsunod sa payo ng mga piniling lingkod ng Panginoon, madalas hikayatin ni Ezra Taft Benson ang mga Banal sa mga Huling Araw na ituon ang kanilang paningin sa buhay na propeta. Matapang niyang pinatotohanan ang banal na tungkulin ng bawat Pangulo ng Simbahan na nakasama niyang maglingkod.[6] Nang ibigay ni Pangulong Spencer W. Kimball, na naorden na Apostol kasabay ni Pangulong Benson, ang kanyang unang mensahe bilang Pangulo ng Simbahan sa isang grupo ng mga lider ng Simbahan, si Pangulong Benson ay "tumayo at sa tinig na puno ng damdamin, na siya ring nadarama ng lahat ng naroon, ay nagsabing: 'Pangulong Kimball, sa lumipas ng mga taon na idinaraos ang mga pulong na ito, hindi pa kami nakarinig ng mensaheng katulad ng ibinigay ninyo ngayon. Tunay ngang may propeta sa Israel.' "[7] At nang dumating ang banal na tawag na iyon kay Pangulong Benson sa pagpanaw ni Pangulong Kimball, tinanggap niya ito nang may pagpapakumbaba at determinasyon. Sabi niya: "Patuloy naming ipinagdasal ng asawa kong si Flora na humaba pa ang buhay ni Pangulong Kimball sa mundong ito at magkaroon ng isa pang himala para sa kanya. Ngayong nagsalita na ang Panginoon, gagawin namin ang lahat, sa ilalim ng kanyang patnubay, para isulong ang gawain sa mundo."[8]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

### Ang Pangulo ng Simbahan ang tagapagsalita ng Panginoon sa mundo.

Matutong ituon ang inyong paningin sa propeta. Siya ang tagapagsalita ng Panginoon at ang tanging lalaking makapagsasalita para sa Panginoon ngayon. Unahin nating sundin ang kanyang inspiradong payo. Gawing batayan ang kanyang mga inspiradong salita sa pag-alam sa payo ng lahat ng may mas mababang awtoridad. Pagkatapos ay mamuhay nang malapit sa Espiritu upang malaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay.[9]

Ang tagapagsalita at propeta ng Panginoon sa balat ng lupa ngayon ay tinanggap ang kanyang awtoridad sa pamamagitan ng hanay ng mga propeta simula kay Joseph Smith, na inorden nina Pedro, Santiago, at Juan, na inorden naman ni Cristo, na siyang pinuno ng Simbahan noon at ngayon, ang Lumikha nitong mundo, at ang Diyos na kung kanino kailangang humarap at managot ang lahat ng tao.[10]

Ang Simbahang ito ay hindi pinamamahalaan ng karunungan ng tao. Alam ko iyan. Ang kapangyarihan at impluwensya ng Diyos na Maykapal ang namamahala sa Kanyang Simbahan.[11]

2

### Ang pinakamahalagang propeta para sa atin ay ang buhay na propeta.

Alam ng Diyos ang lahat ng bagay, ang wakas mula sa simula, at walang tao na nagiging pangulo ng simbahan ni Jesucristo nang hindi sinasadya, o nananatili roon nang nagkataon lang, o pumapanaw nang hindi sinasadya.

Ang pinakamahalagang propeta, para sa atin, ay yaong nabubuhay sa kasalukuyan. Ito ang propetang may mga tagubilin ng Diyos ngayon para sa atin. Ang paghahayag ng Diyos kay Adan ay hindi nagturo kay Noe kung paano gawin ang arka. Bawat henerasyon ay nangangailangan ng sinaunang banal na kasulatan, pati na ng kasalukuyang banal na kasulatan mula sa buhay na propeta. Dahil dito, ang pinakamahalagang dapat ninyong basahin at pagbulayan



*Bilang Pangulo ng Simbahan, nagsalita si Ezra Taft Benson nang buong pagmamahal at paghihikayat.*

ay ang pinakahuling mga inspiradong salita mula sa tagapagsalita ng Panginoon. Kaya nga mahalaga na makuha at mabasa ninyong mabuti ang kanyang mga salita. . . .

Oo, salamat, O Diyos, sa aming propeta; sa huling araw patnubay siya [tingnan sa *Mga Himno,* blg. 15].[12]

Mag-ingat sa mga yaong ginagamit ang mga salita ng mga pumanaw na propeta laban sa mga buhay na propeta, sapagkat ang mga buhay na propeta ang palaging dapat ipriyoridad.[13]

Natatangi ang pagpili sa bawat Pangulo para sa panahon at sitwasyon na kailangan ng mundo at ng Simbahan. Lahat sila'y "mga lalaking naglingkod sa tamang panahon," tulad ng nasaksihan natin kay Pangulong Spencer W. Kimball. Pagbulayin ang himala ng pagoorden noon pa man at paghahandang iyon! Bagama't maraming taon nang tinawag at binigyan ng mga susi bago pa napasakanya ang balabal ng awtoridad, ang Pangulo ang laging tamang tao sa

tamang lugar para sa panahong iyon. Ang himalang ito lamang ay isa na sa mga katibayan ng kabanalan ng Simbahan.[14]

Gusto kong itanong, kailangan ba natin ng totoong propeta ng Panginoon sa daigdig ngayon? Kinailangan ba ng mga tao noong panahon ni Noe ng isang propeta para balaan sila sa espirituwal at sa temporal? Kung hindi sinunod ng isang tao si Noe, naligtas kaya siya mula sa baha? Gayunman sinasabi sa atin sa Biblia na sa mga huling araw kung kailan tayo nabubuhay, ang kasamaan ng mga tao ay maitutulad sa kasamaan ng mga tao noong panahon ni Noe nang linisin ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng baha [tingnan sa Mateo 24:37–39]. Sa palagay ba ninyo ay kailangan natin ng isang propeta ngayon para balaan at ihanda tayo para sa paglilinis na ipinangako ng Diyos na darating, at sa pagkakataong ito sa pamamagitan ng apoy?[15]

Kung nais nating malaman kung ano ang katayuan natin sa harap ng Panginoon itanong natin sa ating sarili kung ano ang katayuan natin sa lider ng Kanyang Simbahan dito sa lupa—gaano ba nakaayon ang ating buhay sa hinirang ng Panginoon—sa buhay na Propeta—sa Pangulo ng Simbahan, at sa Korum ng Unang Panguluhan.[16]

3

## Sinasabi sa atin ng buhay na propeta ang kailangan nating malaman, hindi kung ano ang nais nating marinig.

Ang malinaw na katangian ng isang tunay na propeta ay siya mismo ang naghahayag ng mensahe na mula sa Diyos. Hindi siya humihingi ng paumanhin dahil sa mensahe, ni hindi siya takot sa anumang ibubunga nito sa kanyang katayuan sa lipunan na maaaring humantong sa pangungutya at pang-uusig.[17]

Kung minsan may mga tao na nag-aakala na ang kaalamang natamo nila sa mundo tungkol sa isang paksa ay nakahihigit sa kaalamang ibinibigay ng Diyos sa kanyang propeta tungkol din sa paksang iyon. Pakiramdam nila ay kailangan ding magkaroon ang propeta ng mga kaalaman o pagsasanay na mula sa mundo bago nila tanggapin ang anumang sasabihin ng propeta na maaaring salungat sa pinag-aralan nila sa lupa. Gaano kataas ang pinag-aralan

ni Joseph Smith? Gayunpaman nagbigay siya ng mga paghahayag tungkol sa lahat ng uri ng paksa. . . . Hinihikayat namin ang pagtatamo ng kaalaman sa mundo sa maraming aspeto, ngunit tandaan na kung salungat ang kaalamang natamo sa mundo sa mga salita ng propeta, pumanig kayo sa propeta at kayo ay pagpapalain at kalauna'y magiging malinaw sa inyo na tama ang ginawa ninyo.

. . . Hindi kailangang sabihin ng propeta na "Gayon ang wika ng Panginoon" para ito maging banal na kasulatan.

Kung minsan may mga taong nakikipagtalo tungkol sa mga salita. Maaari nilang sabihin na pinayuhan tayo ng propeta ngunit hindi tayo obligadong sundin ito maliban kung sabihin niya na ito ay isang kautusan. Ngunit sinabi ng Panginoon tungkol sa Propeta, "Kayo ay tatalima sa lahat ng kanyang mga salita at kautusang ibibigay niya sa inyo." (D at T 21:4.)

. . . Sinasabi sa atin ng propeta ang kailangan nating malaman, hindi palagi ang gusto nating malaman.

"Ikaw ay nagpahayag sa amin ng masasakit na bagay, higit kaysa kaya naming tiisin," pagreklamo ng mga kapatid ni Nephi. Ngunit sumagot si Nephi sa pagsasabing, "Ang may kasalanan ay tumatanggap ng katotohanan nang may kahirapan, sapagkat iyon ay sumusugat sa kanila sa kaibuturan." (1 Ne. 16:1–2.)

Sabi ni Pangulong Harold B. Lee:

"Maaaring hindi ninyo magustuhan ang nagmumula sa awtoridad ng Simbahan. Maaaring salungat ito sa pananaw ninyo sa pulitika. Maaaring salungat ito sa pananaw ninyo sa lipunan. Maaaring humadlang ito sa inyong pakikisalamuha. . . . Ang inyong kaligtasan at ang aming kaligtasan ay depende kung susunod tayo o hindi. . . . Ituon natin ang ating paningin sa Pangulo ng Simbahan." (Conference Report, Oktubre 1970, p. 152–153.)

Ngunit ang buhay na propeta ang talagang bumabagabag sa mundo. "Kahit sa Simbahan," sabi ni Pangulong Kimball, "marami ang mahilig gayakan ang mga libingan ng mga nakaraang propeta at sa kanilang isipan ay binabato ang mga buhay na propeta." (*Instructor,* 95:257.)

Bakit? Dahil sinasabi ng buhay na propeta ang kailangan nating malaman ngayon, at mas gusto ng mundo na mamatay na ang mga propeta o kaya'y alalahanin na lang nila ang kanilang sarili. . . .

Ang pagtugon natin sa mga salita ng isang buhay na propeta kapag sinasabi niya sa atin ang kailangan nating malaman, ngunit ayaw nating marinig, ay pagsubok sa ating katapatan. . . .

Maaaring madama ng mga may pinag-aralan na ang propeta ay may inspirasyon lamang kapag sumasang-ayon ito sa kanila, at kung hindi ay nagbibigay lamang ito ng kanyang opinyon—nagsasalita para sa sarili niya. Maaaring madama ng mayayaman na hindi nila kailangan ang payo ng isang abang propeta. . . .

. . . Ang propeta ay hindi kailangang maging popular sa mundo o sa makamundo.

Kapag naghahayag ng katotohanan ang isang propeta nagkakawatak-watak ang mga tao. Ang matatapat ang puso ay dinidinig ang mga salita ng propeta ngunit ang masasama ay binabalewala o kinakalaban siya. Kapag binabanggit ng propeta ang mga kasalanan ng mundo, gusto ng mga makamundo na sarhan ang bibig ng propeta, o kaya'y magkunwaring walang propeta, sa halip na pagsisihan ang kanilang mga kasalanan. Ang popularidad ay hindi kailanman pagsubok sa katotohanan. Marami nang propetang pinaslang o itinaboy. Habang papalapit ang ikalawang pagparito ng Panginoon makakaasa kayo na habang tumitindi ang kasamaan ng mga tao sa mundo, lalo nilang babalewalain ang propeta.[18]

4

**Pagpapalain tayo kapag sinunod natin ang buhay na propeta.**

Para matulungan kayong malagpasan ang mahahalagang pagsubok na darating, bibigyan ko kayo ng . . . isang dakilang susi na magpuputong sa inyo ng kaluwalhatian ng Diyos, kung susundin ninyo, at tutulungan kayong magtagumpay sa kabila ng pagngangalit ni Satanas.

. . . Bilang isang Simbahan kinakanta natin ang himnong, "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta" [*Mga Himno,* blg. 15]. Narito kung gayon ang dakilang susi—Sundin ang propeta. . . .

. . . Ang propeta ang kaisa-isang taong tagapagsalita ng Diyos sa lahat ng bagay.

Sa bahagi 132 talata 7 ng Doktrina at mga Tipan binanggit ng Panginoon ang propeta—ang pangulo—at sinabing:

"Wala kailanman maliban sa isa sa mundo sa panahon kung kanino ang kapangyarihang ito at ang mga susi ng pagkasaserdoteng ito ay iginawad."

Pagkatapos sa bahagi 21 mga talata 4–6, sinabi ng Panginoon:

"Dahil dito, nangangahulugang ang simbahan, kayo ay tatalima sa lahat ng kanyang mga salita at kautusang ibibigay niya sa inyo tuwing siya ay tatanggap ng mga ito, naglalakad nang buong kabanalan sa harapan ko;

"Sapagkat ang kanyang salita ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, nang buong pagtitiis at pananampalataya.

"Sapagkat sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na ito ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa inyo."[19]

Hindi kailanman ililigaw ng propeta ang Simbahan.

Sinabi ni Pangulong Wilford Woodruff: "Sinasabi ko sa Israel, Ang Panginoon kailanman ay hindi ako pahihintulutan o sinupamang tao na nagsisilbing Pangulo ng Simbahang ito na iligaw kayo. Wala ito sa programa. Wala ito sa isipan ng Diyos" [tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2004), 218].

Ikinuwento ni Pangulong Marion G. Romney ang nangyaring ito sa kanya:

"Naaalala ko noong bishop pa ako na pinagsalita ko si Pangulong Heber J. Grant sa ward namin. Pagkatapos ng pulong inihatid ko siya pauwi. . . . Habang nakatayo sa tabi ko, inakbayan niya ako at sinabing: 'Anak, lagi mong ituon ang paningin mo sa Pangulo ng Simbahan at kung may ipagawa siya sa iyo, at mali ito, at ginawa mo ito, pagpapalain ka ng Panginoon dahil dito.' Pagkatapos may kislap sa matang sinabi niya, 'Pero huwag kang mag-alala. Hindi hahayaan ng Panginoon na iligaw ng kanyang tagapagsalita ang mga tao.'" (Conference Report, Oktubre 1960, p. 78.)[20]

May kuwento noon kung paano nakita ni Brigham Young, habang nagmamaneho sa isang komunidad, ang isang lalaking

nagtatayo ng bahay at basta sinabi rito na doblehin ang kapal ng kanyang mga pader. Dahil tanggap niya na propeta si Pangulong Young, binago ng lalaki ang kanyang plano at dinoble ang kapal ng mga pader. Di-nagtagal pagkatapos niyon nagbaha sa bayang iyon, na nagdulot ng malaking pinsala, ngunit hindi gumuho ang mga pader ng lalaking iyon. Habang binububungan ang kanyang bahay, narinig siyang kumakanta ng, "Salamat, Oh Diyos, sa aming propeta!"[21]

Bilang mga miyembro ng Simbahan may mahihirap na panahon tayong pagdaraanan kung nais nating makabalik sa piling ng Ama sa Langit. Bibigyan tayo ng pagkakataong pumili sa magkakasalungat na payo ng ilang tao. Kaya kailangan nating matutuhan—at mas maaga, mas mainam—na ituon ang ating paningin sa Propeta, ang Pangulo ng Simbahan.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sabi ni Pangulong Benson, "Matutong ituon ang inyong paningin sa propeta" (bahagi 1). Ano ang kahulugan nito sa inyo?
- Sa palagay ninyo bakit ang kasalukuyang Pangulo ng Simbahan ang pinakamahalagang propeta para sa atin? (Tingnan sa bahagi 2.) Anong payo ang natanggap natin kamakailan mula sa buhay na propeta?
- Habang nirerebyu ninyo ang bahagi 3, pag-isipan ang isang panahon na sinunod ninyo ang payo ng propeta kahit hindi ninyo ito lubusang naunawaan. Ano ang matututuhan natin mula sa ganitong mga karanasan?
- Isipin ang "dakilang susi" na tinukoy ni Pangulong Benson sa bahagi 4. Ano ang ilang pagpapalang natanggap ninyo nang maging tapat kayo sa dakilang susing ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

II Mga Cronica 20:20; Amos 3:7; Mga Taga Efeso 2:19–20; 4:11–15; D at T 1:14–16, 37–38; 107:91–92; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:6

*Tulong sa Pagtuturo*

"Huwag matakot sa katahimikan. Madalas na nangangailangan ang mga tao ng panahon upang mag-isip at tumugon sa mga tanong o maipahayag ang kanilang nadarama. Maaari kayong tumigil sandali matapos kayong magtanong, matapos maibahagi ang isang espirituwal na karanasan, o kapag nahihirapang ipahayag ng isang tao ang kanyang sarili" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* [2000], 83).

## ***Mga Tala***

1. Joseph F. Smith, Anthon H. Lund, at Charles W. Penrose, "Home Evening," *Improvement Era,* Hunyo 1915, 733–34.
2. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 528.
3. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 528.
4. Sa Conference Report, Okt. 1947, 23.
5. Sa Conference Report, Okt. 1947, 27.
6. Tingnan, halimbawa, sa Conference Report, Okt. 1968, 17; Conference Report, Abr. 1970, 127; *Ensign,* Ene. 1973, 57; *Ensign,* Nob. 1980, 34; *Ensign,* Mayo 1984, 8.
7. W. Grant Bangerter, "A Special Moment in Church History," *Ensign,* Nob. 1977, 27.
8. Sinipi sa Don L. Searle, "President Ezra Taft Benson Ordained Thirteenth President of the Church," *Ensign,* Dis. 1985, 5.
9. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 134.
10. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 132.
11. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 132.
12. "Jesus Christ—Gifts and Expectations," *New Era,* Mayo 1975, 16–17.
13. "Fourteen Fundamentals in Following the Prophet," *Tambuli,* Hunyo 1981, 3.
14. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 142.
15. "Listen to a Prophet's Voice," *Ensign,* Ene. 1973, 59.
16. "Fourteen Fundamentals in Following the Prophet," 8.
17. "Joseph Smith: Prophet to Our Generation," *Ensign,* Nob. 1981, 61.
18. "Fourteen Fundamentals in Following the Prophet," 3–4, 6; inalis ang italics mula sa orihinal.
19. "Fourteen Fundamentals in Following the Prophet," 1–2; inalis ang italics mula sa orihinal.
20. "Fourteen Fundamentals in Following the Prophet," 3; inalis ang italics mula sa orihinal.
21. "Civic Standards for the Faithful Saints," *Ensign,* Hulyo 1972, 61; tingnan din sa Sidney Alvarus Hanks at Ephraim K. Hanks, *Scouting for the Mormons on the Great Frontier* [1948], 78–80.
22. Sa Conference Report, Okt. 1966, 122.

# Hangarin ang Espiritu sa Lahat ng Inyong Ginagawa

*"Kailangan tayong manatiling bukas at madaling makaramdam sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo sa lahat ng aspeto ng ating buhay."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Kapag nagpapayo noon si Pangulong Ezra Taft Benson sa iba pang mga General Authority tungkol sa paglilingkod sa Simbahan, madalas niyang sabihing, "Tandaan, mga Kapatid, na sa gawaing ito ay ang Espiritu ang mahalaga." [1] At nang maglingkod siya at ang mga kapatid na ito nang magkakasama, itinuro niya ang alituntuning ito sa pamamagitan ng halimbawa, na nagpapakita na ang Panginoon "ay napakalapit sa Kanyang mga lingkod na maririnig nila maging ang Kanyang pagbulong." [2] Ikinuwento ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol ang tungkol sa isang pagkakataon na sinamahan niya si Pangulong Benson sa isang stake conference kung saan isang bagong stake president ang tatawagin:

"Matapos manalangin, mag-interbyu, magnilay-nilay, at muling manalangin, nagtanong si Elder Benson kung alam ko na kung sino ang magiging bagong pangulo. Sinabi ko na hindi ko pa natanggap ang inspirasyong iyon. Matagal niya akong tiningnan at sumagot na siya man ay hindi. Gayunman, kami *ay* nabigyang-inspirasyon na pakiusapan ang tatlong karapat-dapat na mga mayhawak ng priesthood na magsalita sa sesyon ng kumperensya sa Sabado ng gabi. Ilang sandali matapos magsimula ang ikatlong tagapagsalita, ipinahiwatig sa akin ng Espiritu na siya ang nararapat maging bagong stake president. Tumingin ako kay Pangulong Benson at nakita ko siyang lumuluha. Ang paghahayag ay ibinigay sa aming dalawa—ngunit iyon ay dahil sa patuloy na pag-alam namin sa



*"Paano natin nakakamtan ang Espiritu? 'Sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya,' sabi ng Panginoon."*

kalooban ng ating Ama sa Langit habang kami'y sumusulong sa pananampalataya."[3]

Sa pagsisimula ng isang kumperensya para sa mga bagong mission president, ibinahagi ni Pangulong Benson ang payong ito:

"Napakaraming beses ko nang sinabi sa aking mga kapatid na ang Espiritu ang pinakamahalagang sangkap sa gawaing ito. Sa pagtulong ng Espiritu at sa pagganap ninyo sa tungkulin, makagagawa kayo ng mga himala para sa Panginoon habang nasa misyon. Kung wala ang Espiritu hindi kayo magtatagumpay kailanman *anuman* ang inyong talento at kakayahan.

"Tatanggap kayo ng pambihirang tagubilin sa susunod na tatlong araw. Mamimigay ng mga hanbuk, tatalakayin ang mga responsibilidad at pamamaraan, susuriin ang mga patakaran, at magiging malaking tulong ang lahat ng ito sa inyo. Ngunit ang pinakamalaking tulong na matatanggap ninyo bilang mission president ay hindi magmumula sa mga hanbuk o manwal. Ang pinakamalaking tulong sa inyo ay magmumula mismo sa Panginoon kapag nagsumamo at nakiusap kayo sa Kanya sa mapakumbabang panalangin. Sa paulit-ulit ninyong pagluhod, para humiling ng banal na tulong sa Kanya sa pangangasiwa sa inyong misyon, madarama ninyo ang Espiritu, matatanggap ninyo ang sagot mula sa itaas, uunlad ang inyong misyon dahil sa pagsandig at pag-asa ninyo sa Kanya."[4]

Ipinaabot ni Pangulong Benson ang payong ito sa lahat ng miyembro ng Simbahan, pati na sa maliliit na bata.[5] Sabi niya: "Sa gawaing ito ang Espiritu ang mahalaga—saanman tayo naglilingkod. Alam ko na kailangan kong umasa sa Espiritu. Kamtin natin ang Espiritung iyan at maging matatapat na miyembro ng Simbahan, matatapat na anak at magulang, epektibong mga home teacher, nagpapasiglang mga tagapagturo, inspiradong mga lider ng ward at stake."[6]

Bagama't hayagan at matapang na itinuro ni Pangulong Benson ang katotohanang ito sa buong mundo, ang pinakamahalagang pagsisikap niyang sundin ito ay pribado at tahimik. Nagsimula iyon sa tahanan, sa tulong ng kanyang asawang si Flora. Ang kapatid ni Flora (sa ina) na si Julia Dalley ay bumisitang minsan sa mga Benson, at kalaunan ay sumulat siya kay Flora, na pinupuri ang

pamilya Benson. "Ano pa ba ang mas uliran kaysa rito?" sabi niya. "Hanga ako sa kasimplihan ng inyong pamumuhay ngunit higit sa lahat hanga ako sa katotohanan na dama ko ang Espiritu ng Panginoon sa inyong tahanan."[7]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

### Dapat nating sikaping mapatnubayan palagi ng Espiritu Santo habang tayo'y nabubuhay.

Ang isang tiyak na paraan para malaman natin kung nasa tuwid at makipot na landas tayo ay kapag taglay natin ang Espiritu ng Panginoon sa ating buhay.

Ang pagtataglay ng Espiritu Santo ay nagdudulot ng ilang bunga.

Sinabi ni Apostol Pablo na "ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, [at] pagpipigil." (Gal. 5:22–23.)

Ang pinakamahalagang bagay sa ating buhay ay ang Espiritu. Nadarama ko na iyan noon pa man. Kailangan tayong manatiling bukas at madaling makaramdam sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo sa lahat ng aspeto ng ating buhay. . . . Ang mga pahiwatig na ito ay madalas dumating kapag wala tayong inaalalang mga appointment at hindi tayo gaanong abala sa pang-araw-araw na mga alalahanin sa buhay.[8]

Espirituwalidad—ang pagiging sensitibo sa Espiritu ng Panginoon—ang kailangang-kailangan nating lahat. Dapat nating sikaping mapatnubayan palagi ng Espiritu Santo habang tayo'y nabubuhay. Kapag sumasaatin ang Espiritu, gugustuhin nating maglingkod, mamahalin natin ang Panginoon, at mamahalin natin ang mga kasama natin sa paglilingkod, at ang mga taong pinaglilingkuran natin.

Ilang taon matapos paslangin si Joseph Smith, nagpakita siya kay Pangulong Brigham Young. Pakinggan ang kanyang mensahe:

"Sabihin mo sa mga tao na maging mapagpakumbaba at matapat at tiyaking nasa kanila ang Espiritu ng Panginoon at sila ay aakayin nito sa tama. Maging maingat at huwag itaboy ang marahan at

banayad na tinig; ituturo nito sa inyo kung ano ang inyong gagawin at patutunguhan; ibibigay nito ang mga bunga ng kaharian. Sabihin mo sa mga kapatid na panatilihing bukas ang kanilang puso sa paniniwala, nang sa gayon kapag dumating sa kanila ang Espiritu Santo, handa ang kanilang puso na tanggapin ito." . . .

Ang gawaing ito sa mga huling araw ay espirituwal. Kailangan ng espirituwalidad para maunawaan ito, mahalin ito, at mahiwatigan ito. Samakatwid hangarin ang Espiritu sa lahat ng inyong ginagawa. Panatilihin itong kasama ninyo. Iyan ang hamon sa atin.[9]

Nabubuhay tayo sa isang napakasamang mundo. Napapalibutan tayo ng propaganda na ang masama ay mabuti at ang mabuti ay masama. Laganap ang mga maling turong nakakaapekto sa atin. Halos lahat ng makabuluhan, mabuti, dalisay, nagpapasigla, at nagpapalakas ay higit na kinakalaban ngayon kaysa noon.

Ang isang dahilan kaya tayo narito sa mundong ito ay para mahiwatigan ang kaibhan ng katotohanan sa kamalian. Ang paghiwatig na ito ay dumarating sa pamamagitan ng Espiritu Santo, hindi lamang sa katalinuhan ng ating isipan.

Kapag masigasig at tapat nating hinangad ang katotohanan, natutupad ang magandang pangakong ito: "Ang Diyos ay magbibigay sa iyo ng kaalaman sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu, oo, sa pamamagitan ng hindi masambit na kaloob na Espiritu Santo." (Doktrina at mga Tipan 121:26.)[10]

**2**

## Kung mapagpakumbaba tayo at madaling makaramdam, hihikayatin tayo ng Panginoon sa pamamagitan ng ating pakiramdam.

Manalangin sa Ama sa Langit na pagpalain kayo ng Kanyang Espiritu sa lahat ng oras. Madalas nating tawaging Espiritu ang Espiritu Santo. . . . Tinutulungan kayo ng Espiritu Santo na piliin ang tama. Poprotektahan kayo ng Espiritu Santo laban sa masama. Bumubulong Siya sa inyo sa marahan at banayad na tinig na gumawa ng tama. Kapag tama ang inyong *ginawa*, maganda ang inyong *pakiramdam*, at iyon ang Espiritu Santo na nagsasalita sa inyo. Ang Espiritu Santo ay magandang kasama. *Lagi* Siyang nariyan para tulungan kayo.[11]

Pagbulayan ang mga bagay na hindi ninyo nauunawaan. Tulad ng utos ng Panginoon kay Oliver Cowdery: "Kailangan mong pag-aralan ito sa iyong isipan; pagkatapos . . . itanong mo sa akin kung ito ay tama, at kung ito ay tama aking papapangyarihin na ang iyong dibdib ay mag-alab; samakatwid, *madarama* mo na ito ay tama." (D at T 9:8, idinagdag ang italics.)

Napansin ba ninyo ang huling parirala? "*Madarama* mo na ito ay tama."

Mas madalas nating marinig ang mga salita ng Panginoon sa isang pakiramdam. Kung mapagpakumbaba tayo at madaling makaramdam, hihikayatin tayo ng Panginoon sa pamamagitan ng ating pakiramdam. Kaya nga paminsan-minsa'y inaantig tayo ng mga espirituwal na pahiwatig na magalak, at kung minsa'y mapaluha. Maraming beses nang napalambot ang aking kalooban at napakadali kong makaramdam kapag inantig ako ng Espiritu.

Ang Espiritu Santo ang higit na nagpapalambot sa ating damdamin. Nagiging mas mapagbigay at mahabagin tayo sa isa't isa. Mas mahinahon tayo sa pakikitungo sa iba. Higit ang kakayahan nating mahalin ang isa't isa. Gusto tayong makasama ng mga tao dahil nababanaag sa ating mukha ang impluwensya ng Espiritu. Mas makadiyos ang ating pag-uugali. Dahil dito, mas madali tayong makaramdam sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo kaya mas malinaw nating nauunawaan ang mga espirituwal na bagay.[12]

3

## Nakakamtan natin ang Espiritu sa pamamagitan ng taimtim na panalangin at pag-aayuno.

Paano natin nakakamtan ang Espiritu? "Sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya," sabi ng Panginoon [D at T 42:14]. Samakatwid, kailangan tayong manalangin nang taimtim at may tunay na layunin. Kailangan nating ipanalangin na mag-ibayo ang ating pananampalataya at patnubayan tayo ng Espiritu sa ating pagtuturo. Dapat tayong humingi ng tawad sa Panginoon.

Ang ating mga panalangin ay kailangang ialay sa diwa at kataimtimang katulad sa panalangin ni Enos sa Aklat ni Mormon. Pamilyar ang karamihan sa nakasisiglang kuwentong iyon, kaya hindi ko na uulitin ang nangyari. Gusto ko lang ituon ang inyong pansin sa



*"Ang araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan ay nag-aanyaya sa Espiritu."*

mga salitang ito. Nagpatotoo si Enos: "At sasabihin ko sa inyo ang pakikipagtunggaling aking ginawa sa harapan ng Diyos, bago ko natanggap ang kapatawaran ng aking mga kasalanan." Nilinaw niya ang pakikipagtunggaling iyon sa Diyos. Pansinin ang kataimtiman sa kanyang pagsamo:

"Ang aking kaluluwa ay nagutom."

"Ako ay lumuhod sa harapan ng aking Lumikha."

"Ako'y nagsumamo sa kanya sa mataimtim na panalangin at hinaing para sa *aking sariling kaluluwa*."

"Sa buong araw ako ay nagsumamo sa kanya."

Pagkatapos ay pinatotohanan ni Enos, "Doon ay nangusap ang isang tinig sa akin, sinasabing: Enos, ang iyong mga kasalanan ay

pinatatawad na, at ikaw ay pagpapalain. . . . Kaya nga, ang aking pagkakasala ay napalis." Nang itanong niya sa Panginoon kung paano nagawa ito, sinagot siya ng Panginoon: "Dahil sa iyong pananampalataya kay Cristo . . . ang iyong pananampalataya ang *nagpagaling sa iyo*." (Enos 1:2, 4–8; idinagdag ang italics.)

Si Enos ay napagaling sa espirituwal. Sa pamamagitan ng kanyang matitinding pagsamo sa Diyos, naranasan niya ang maaaring danasin, dinaranas, at kailangang danasin ng matatapat sa anumang dispensasyon, kung nais nilang makita ang Diyos at mapuspos ng Kanyang Espiritu.[13]

Kung nais ninyong makamit ang diwa ng inyong katungkulan at tungkulin . . . subukang mag-ayuno nang ilang panahon. Hindi ko ibig sabihin na huwag lang kumain sa isang kainan, pagkatapos ay doblehin ang kain sa susunod na kainan. Ang ibig kong sabihin ay talagang mag-ayuno, at manalangin habang nag-aayuno. Mas malaki ang magagawa nito upang mapasainyo ang tunay na diwa ng inyong katungkulan at tungkulin at tulutang kumilos ang Espiritu sa pamamagitan ninyo kaysa anumang alam ko.[14]

4

## Ang araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan, pati na ang pagmumuni-muni tungkol sa mga talata ng banal na kasulatan, ay nag-aanyaya sa Espiritu.

Masigasig na saliksikin ang mga banal na kasulatan sa personal na pag-aaral araw-araw. Ang araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan ay nag-aanyaya sa Espiritu.[15]

Mag-ukol ng panahon na magmuni-muni. Pagmumuni-muni tungkol sa isang talata ng banal na kasulatan—Santiago 1:5—ang umakay sa isang batang lalaki papasok sa kakahuyan para makipag-usap sa kanyang Ama sa Langit. Iyon ang nagbukas ng kalangitan sa dispensasyong ito.

Pagmumuni-muni tungkol sa isang talata ng banal na kasulatan mula sa aklat ni Juan sa Bagong Tipan ang naghatid ng dakilang paghahayag tungkol sa tatlong antas ng kaluwalhatian [tingnan sa Juan 5:29; D at T 76].

Pagmumuni-muni tungkol sa isa pang talata ng banal na kasulatan mula sa Sulat ni Pedro ang nagbukas ng kalangitan kay Pangulong Joseph F. Smith, at nakita niya ang daigdig ng mga espiritu. Ang paghahayag na iyon, na kilala bilang Pangitain ng Pagtubos sa mga Patay, ay bahagi na ngayon ng Doktrina at mga Tipan [tingnan sa I Ni Pedro 3:18–20; 4:6; D at T 138].

Pagbulayan ang kahalagahan ng responsibilidad na ibinigay sa atin ng Panginoon. Ipinayo ng Panginoon, "Hayaang ang mga kataimtiman ng kawalang-hanggan ay manatili sa inyong mga isipan." (D at T 43:34.) Hindi ninyo magagawa iyan kapag abala ang inyong isipan sa mga alalahanin ng mundo.

Basahin at pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Ang mga banal na kasulatan ay dapat pag-aralan sa tahanan na mga ama at ina ang nangunguna at nagpapakita ng halimbawa. Ang mga banal na kasulatan ay dapat unawain sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, sapagkat ipinangako ng Panginoon sa mga tapat at masunurin sa Kanya: "Inyong [malalaman] ang mga hiwaga at mapayapang bagay." (D at T 42:61.)

Nakalarawan sa sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball kung paano tayo magkakaroon ng higit na espirituwalidad sa ating buhay:

"Natuklasan ko na kapag nagiging mababaw ang pakikipagugnayan ko sa kabanalan at kapag tila walang banal na tainga na nakikinig at walang banal na tinig na nagsasalita, na napakalayo ko na. Kapag ibinubuhos kong muli ang sarili ko sa mga banal na kasulatan, lumiliit ang agwat at nagbabalik muli ang espirituwalidad. Natagpuan ko ang sarili ko na mas lalong nagmamahal sa mga dapat kong mahalin nang buong puso at isipan at lakas, at sa higit na pagmamahal ko sa kanila, nagiging mas madali para sa akin ang sumunod sa mga payo nila." . . .

Magandang payo iyan na alam kong totoo batay sa aking karanasan.

Kapag mas pamilyar kayo sa mga banal na kasulatan, nagiging mas malapit kayo sa isip at kalooban ng Panginoon at nagiging mas malapit kayo sa inyong asawa at mga anak. Matutuklasan ninyo na

sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan ang mga katotohanan ng kawalang-hanggan ay mananatili sa inyong isipan.[16]

Hindi gusto ng kaaway na magkaroon ng pag-aaral ng banal na kasulatan sa ating mga tahanan, kaya't lilikha siya ng mga problema kung kaya niya. Ngunit kailangan tayong manindigan.[17]

Hindi natin makikilala ang Diyos at si Jesus nang hindi nag-aaral tungkol sa kanila at pagkatapos ay sinusunod ang kanilang kalooban. Ang ganitong gawain ay humahantong sa karagdagang inihayag na kaalaman na aakay sa atin, kung ating susundin, sa mga katotohanan pa kalaunan. Kung susundin natin ang huwarang ito, tatanggap tayo ng dagdag na liwanag at galak, na hahantong kalaunan sa kinaroroonan ng Diyos, kung saan tayo, kasama Niya, ay magkakaroon ng kaganapan.[18]

5

**Ang Espiritu Santo ay mananahan sa atin kapag iginalang, pinagpitaganan, at sinunod natin ang mga batas ng Diyos.**

Itinuro na sa atin na ang Espiritu ay hindi mananahan sa maruruming tabernakulo [tingnan sa Helaman 4:24]. Samakatwid, isa sa mga dapat nating unahin ang tiyakin na nasa ayos ang sarili nating buhay.[19]

Hayaan ninyong magsalita ako tungkol sa pagsunod. Natututo kayo ngayong sundin ang lahat ng utos ng Panginoon. Kapag ginawa ninyo ito, sasainyo ang Kanyang Espiritu. Gaganda ang pakiramdam ninyo sa inyong sarili. Hindi ninyo maaaring *gawin* ang mali at *madama* na tama ito. Imposible ito![20]

Ang temporal na pangako sa pagsunod [sa Word of Wisdom] ay: Sila "ay tatanggap ng kalusugan sa kanilang pusod at kanilang utak-sa-buto; . . . [sila'y] tatakbo at hindi mapapagod, at lalakad at hindi manghihina." (D at T 89:18, 20.)

Gayunman, nadarama ko na noon pa man na ang mas malaking pagpapala ng pagsunod sa Word of Wisdom at sa lahat ng iba pang kautusan ay espirituwal.

Pakinggan ang espirituwal na pangako: "Lahat ng banal na makatatandang sumunod at gawin ang mga salitang ito, lumalakad sa

pagsunod *sa mga kautusan, ay* . . . makatatagpo ng karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, maging mga natatagong kayamanan." (D at T 89:18, 19; idinagdag ang italics.)

Inakala ng ilan na nakasalalay ang pangakong ito sa pagsunod lamang sa mga kundisyon ng Word of Wisdom. Ngunit mapapansin ninyo na kailangan nating sundin ang *lahat* ng kautusan. Sa gayon ay tatanggap tayo ng partikular na mga espirituwal na pangako. Ibig sabihin ay kailangan nating sundin ang batas ng ikapu, panatilihing banal ang araw ng Sabbath, manatiling malinis at dalisay ang puri, at sundin ang lahat ng iba pang kautusan.

Kapag ginawa natin ang lahat ng ito, ang pangako ay: Sila ay "makatatagpo ng karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, maging mga natatagong kayamanan." (D at T 89:19.)

Sinong ama at ina ang hindi nanaisin ang inspirasyon ng Panginoon sa pagpapalaki sa kanilang mga anak? Pinatototohanan ko na ang mga pagpapalang ito ay maaaring sumainyo. Tiyak na hindi nanaisin ng mga magulang, sa pamamagitan ng pagsuway, na hadlangan ang kanilang mga anak sa pagtanggap ng mga pagpapala ng Panginoon. Lahat ng ama at ina sa Israel ay dapat gawing marapat ang kanilang sarili sa pangakong ito.

Ang pagsunod sa mga utos ng Diyos ay isang kundisyon ng pagkamarapat na pumasok sa Bahay ng Panginoon. Doon ibinibigay ang karunungan at "malaking kayamanan ng kaalaman" kaugnay ng ating kaligayahan sa buhay na ito at kagalakan sa buong kawalang-hanggan. . . .

Hindi ako naniniwala na ang isang miyembro ng Simbahan ay maaaring magkaroon ng malakas at masiglang patotoo tungkol sa ebanghelyo nang hindi sinusunod ang mga kautusan. Ang patotoo ay pagkakaroon ng inspirasyon sa kasalukuyan na malaman na ang gawain ay totoo, hindi isang bagay na minsan lang natin natatanggap. Ang Espiritu Santo ay nananahan sa mga gumagalang, nagpipitagan, at sumusunod sa mga batas ng Diyos. At ang Espiritung iyon ang nagbibigay ng inspirasyon sa tao. Mapakumbaba kong pinatototohanan na totoo ang pangakong ito.[21]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sinabi ni Pangulong Benson na ang mga pahiwatig mula sa Espiritu Santo ay "madalas dumating kapag wala tayong inaalalang mga appointment at hindi tayo gaanong abala sa pang-araw-araw na mga alalahanin sa buhay" (bahagi 1). Paano tayo maaaring manatiling madaling makaramdam sa Espiritu kahit may gayon tayong mga alalahanin?
- Itinuro ni Pangulong Benson, "Kung mapagpakumbaba tayo at madaling makaramdam, hihikayatin tayo ng Panginoon sa pamamagitan ng ating pakiramdam" (bahagi 2). Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa pagkilala sa gayong mga pahiwatig?
- Sa bahagi 3, hinihikayat tayo ni Pangulong Benson na sundin ang halimbawa ni Enos, ayon sa nakatala sa Aklat ni Mormon. Ano ang ilang aral tungkol sa paghahangad sa Espiritu na matututuhan natin mula kay Enos?
- Para sa inyo, ano ang kaibhan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan sa "pagmumuni-muni tungkol sa isang talata ng banal na kasulatan"? (Tingnan sa bahagi 4.) Sa palagay ninyo bakit nakakatulong ang masigasig at araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan na maging bukas tayo sa mga pahiwatig ng Espiritu?
- Sabi ni Pangulong Benson, "Ang Espiritu Santo ay mananahan sa mga gumagalang, nagpipitagan, at sumusunod sa mga batas ng Diyos" (bahagi 5). Sa palagay ninyo bakit nakakaimpluwensya sa kakayahan nating tumanggap ng inspirasyon ang mga pagsisikap nating sundin ang mga kautusan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

1 Nephi 10:17–19; 2 Nephi 4:15–16; Mosias 2:36–37; D at T 8:2–3; 45:56–57; 76:5–10; 121:45–46

*Tulong sa Pag-aaral*

"Sa pag-aaral mo, pansining mabuti ang mga ideya na dumarating sa iyong isipan at damdamin na [dumarating sa] puso mo" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 21). Isiping itala ang mga impresyong natatanggap ninyo, kahit parang wala itong kaugnayan

sa mga salitang binabasa ninyo. Maaaring ang mga ito mismo ang nais ihayag ng Panginoon sa inyo.

## *Mga Tala*


1. Sinipi ni Thomas S. Monson, "A Provident Plan—A Precious Promise," *Ensign,* Mayo 1986, 63.
2. "Seek the Spirit of the Lord," *Ensign,* Abr. 1988, 5
3. Robert D. Hales, "Personal na Paghahayag: Ang mga Turo at Halimbawa ng mga Propeta," *Liahona,* Nob. 2007, 87–88.
4. "My Challenges to Mission Presidents," seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 25, 1986.
5. Tingnan sa "To the Children of the Church," *Ensign,* Mayo 1989, 82.
6. "A Sacred Responsibility," *Ensign,* Mayo 1986, 77.
7. Julia Dalley, sa Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1988), 128.
8. "Seek the Spirit of the Lord," 2.
9. "Seek the Spirit of the Lord," 5; matatagpuan ang pahayag ni Brigham Young sa *Manuscript History of Brigham Young,* Peb. 23, 1947, 2 tomo, inedit ni Elden Jay Watson (1968, 1971), 2:529.
10. *Come unto Christ* (1983), 22.
11. "To the Children of the Church," 82.
12. "Seek the Spirit of the Lord," 4.
13. *Come unto Christ,* 92–93.
14. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 331–32.
15. "My Challenges to Mission Presidents," seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 25, 1986; inalis ang italics mula sa orihinal.
16. "Seek the Spirit of the Lord," 2, 4; matatagpuan ang pahayag ni Spencer W. Kimball sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 83.
17. "A Sacred Responsibility," 78.
18. "In His Steps," *Ensign,* Set. 1988, 5.
19. *Come unto Christ,* 92.
20. "Preparing Yourselves for Missionary Service," *Ensign,* Mayo 1985, 36.
21. "A Principle with a Promise," *Ensign,* Mayo 1983, 54.



*Los Angeles California Temple*

# Walang Katumbas na mga Pagpapala ng Bahay ng Panginoon

*"Sa loob ng mga templo natin nakakamtan ang pinakadakilang mga pagpapalang nauukol sa buhay na walang hanggan. Tunay na ang mga templo ang mga pintuan papasok sa langit."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

"Nagpapasalamat ako sa Panginoon na ang mga alaala ko tungkol sa templo ay mula pa noon—maging noong bata pa ako," sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson. "Tandang-tanda ko pa, noong bata pa ako, na nanggaling ako sa bukid at papunta sa lumang bahay namin sa Whitney, Idaho. Naririnig ko ang pagkanta ni Inay ng 'Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?' (*Mga Himno,* blg. 135.)

"Nakikinita ko pa ang pagpaplantsa niya habang nakalatag ang mga diyaryo sa sahig, at pinaplantsa ang mahahabang puting damit, na may butil-butil na pawis sa kanyang noo. Nang tanungin ko siya kung ano ang ginagawa niya, sabi niya, 'Ito ang kasuotan ko sa templo, anak ko. Pupunta kami ng tatay mo sa templo. . . .'

"Pagkatapos ay ipinatong niya ang plantsa sa ibabaw ng kalan, inilapit ang isang upuan sa tabi ko, at kinuwentuhan ako tungkol sa gawain sa templo—kung gaano kahalaga ang makapasok sa templo at makibahagi sa mga sagradong ordenansang isinasagawa roon. Ipinahayag din niya ang matinding pag-asa na balang-araw ay magkaroon ng pagkakataon ang kanyang mga anak at apo at apo-sa-tuhod na matamasa ang walang katumbas na mga pagpapalang ito.

"Ang masasayang alaalang ito tungkol sa diwa ng gawain sa templo ay isang pagpapala sa aming tahanan sa bukid. . . . Nagbalik

ang mga alaalang ito nang ikasal ko ang bawat isa sa aming mga anak at apo, ang mga mga apo at apo-sa-tuhod ng nanay ko, sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu sa bahay ng Panginoon.

"Napakahalaga ng mga alaalang ito sa akin."[1]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

**Ang mga templo ay simbolo ng lahat ng mahal sa atin.**

Ang templo ang lugar na pinakamalapit sa langit sa mortal na daigdig.[2]

[Ang] templo ay magiging tanglaw sa lahat ng nasa kinaroroonan nito—isang simbolo ng lahat ng mahal sa atin.[3]

Ang templo ay paalala sa tuwina na layon ng Diyos na maging walang hanggan ang pamilya.[4]

[Ang templo ay] isang hindi nagbabago at nakikitang simbolo na hindi pinabayaan ng Diyos ang tao na mangapa sa dilim. Ito ay isang lugar ng paghahayag. Bagama't nabubuhay tayo sa isang makasalanang mundo—isang masamang mundo—ang mga banal na lugar ay itinatalaga at inilalaan para matutuhan ng karapat-dapat na kalalakihan at kababaihan ang patakaran ng langit at sundin ang kalooban ng Diyos.[5]

[Ang templo] ay matibay na saksi na kayang daigin ng kapangyarihan ng Diyos ang mga kapangyarihan ng kasamaan sa ating paligid. Maraming magulang, sa loob at labas ng Simbahan, ang nag-aalala sa proteksyon laban sa patuloy na paglaganap ng kasamaan na nagbabantang dumaig sa mga tuntuning Kristiyano. Lubos akong sumasang-ayon sa sinabi ni Pangulong Harold B. Lee noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sabi niya: "Pinag-uusapan natin ang seguridad sa panahong ito, subalit hindi natin nauunawaan na . . . nakatayo ang banal na templo kung saan makikita natin ang mga simbolo ng kapangyarihang magliligtas sa bansang ito mula sa kapahamakan."[6]

Sa isang party sa Beverly Hills Hilton Hotel sa Los Angeles, [California,] nahilingan ako ng Pangulo ng Estados Unidos [bilang kanyang secretary of agriculture] na batiin ang pangulo ng isa sa mga

pinakabago naming republika, ang pangulo ng walumpu't walong milyong mamamayan na nakakalat sa mga 3,000 isla na isang libong milya ang haba, isang bansa na ilang taon pa lamang umiiral. Habang nakaupo kami sa hapunang ito, na itinaguyod ng industriya ng pelikula at kung saan maraming bantog na artista ang dumalo, tanaw ko ang labas ng isang magandang bintana. Sa dako pa roon, sa tuktok ng isang burol, nakikita ko ang maraming ilaw sa paligid ng napakaganda nating Los Angeles Temple, at nasiyahan akong ituro ito sa aking mga panauhin at sa mga kaibigang nasa aming mesa at sa iba pang mga mesa. Naisip ko, habang nakaupo kami roon, "Karamihan sa nangyayari dito ngayong gabi ay pansamantala lamang at hindi mahalaga. Ang mga bagay na nagtatagal, ang mga bagay na tunay, ang mga bagay na mahalaga ay yaong mga bagay na kinakatawan sa templo ng Diyos."[7]

Nawa'y maging paalala [ang templo] sa tuwina na ang buhay ay walang hanggan at na ang mga tipang ginawa natin sa mortalidad ay maaaring magtagal magpakailanman.[8]

2

**Kailangan natin ang mga ordenansa at tipan sa templo para makapasok sa kaganapan ng priesthood at makapaghandang makabalik sa kinaroroonan ng Diyos.**

Nang ilagay ng ating Ama sa Langit sina Adan at Eva sa daigdig na ito, ginawa Niya ito nang may layunin sa isipan na turuan sila kung paano makabalik sa Kanyang kinaroroonan. Nangako ang ating Ama ng isang Tagapagligtas para tubusin sila mula sa kanilang nahulog na kalagayan. Ibinigay Niya sa kanila ang plano ng kaligtasan at sinabihan silang turuan ang kanilang mga anak ng pananampalataya kay Jesucristo at pagsisisi. Bukod pa rito, inutusan ng Diyos si Adan at ang kanyang mga inapo na magpabinyag, tanggapin ang Espiritu Santo, at pumasok sa orden ng Anak ng Diyos.

Ang pagpasok sa orden ng Anak ng Diyos ay katumbas ngayon ng pagpasok sa kaganapan ng Melchizedek Priesthood, na natatanggap lamang sa bahay ng Panginoon.

Dahil nasunod nina Eva at Adan ang mga kinakailangang ito, sinabi ng Diyos sa kanila, "Ikaw ay alinsunod sa orden niya na walang simula ng mga araw o wakas ng mga taon, mula sa lahat

ng kawalang-hanggan hanggang sa lahat ng kawalang-hanggan." (Moises 6:67.)

Tatlong taon bago namatay si Adan, isang malaking kaganapan ang nangyari. Dinala niya ang anak niyang si Set, kanyang apong si Enos, at iba pang matataas na saserdoteng direkta niyang mga inapo, kasama ang iba pa sa matwid niyang mga inapo, papunta sa lambak na tinatawag na Adan-ondi-Ahman. Doon ibinigay ni Adan sa mabubuting inapo na ito ang kanyang huling basbas.

Pagkatapos ay nagpakita ang Panginoon sa kanila [tingnan sa D at T 107:53–56]. . . .

Paano dinala ni Adan ang kanyang mga inapo sa kinaroroonan ng Panginoon?

Ang sagot: Si Adan at ang kanyang mga inapo ay pumasok sa orden ng priesthood ng Diyos. Sasabihin natin ngayon na nagpunta sila sa Bahay ng Panginoon at tumanggap ng kanilang mga basbas.

Ang orden ng priesthood na binabanggit sa mga banal na kasulatan ay tinatawag kung minsan na orden ng patriyarka dahil ipinasa ito ng ama sa anak. Ngunit maliban dito inilarawan ang orden na ito sa makabagong paghahayag bilang orden ng pamamahala sa pamilya kung saan ang isang lalaki at isang babae ay nakikipagtipan sa Diyos—tulad nina Adan at Eva noon—upang mabuklod sa kawalang-hanggan, magkaroon ng mga inapo, at gawin ang kalooban at gawain ng Diyos habang sila'y nabubuhay.

Kung ang isang mag-asawa ay tapat sa kanilang mga tipan, may karapatan sila sa pagpapala ng pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal. Ang mga tipang ito ngayon ay mapapasok lamang sa pamamagitan ng pagpunta sa Bahay ng Panginoon.

Sinunod ni Adan ang orden na ito at dinala ang kanyang mga inapo sa kinaroroonan ng Diyos. . . .

. . . Ang orden na ito ng priesthood ay mapapasok lamang kapag sumunod tayo sa lahat ng utos ng Diyos at naghangad ng mga pagpapala ng mga ninuno natin tulad ng ginawa ni Abraham [tingnan sa Abraham 1:1–3] sa pamamagitan ng pagpunta sa bahay ng ating Ama. Dito lamang natatanggap ang mga ito sa daigdig na ito!

. . . Magpunta sa templo—sa bahay ng ating Ama—para matanggap ang mga pagpapala ng inyong mga ninuno upang magkaroon kayo ng karapatan sa pinakamatataas na pagpapala ng priesthood. "Sapagkat kung wala nito walang tao ang makakikita sa mukha ng Diyos, maging ng Ama, at mabubuhay." (D at T 84:22.)

Ang bahay ng ating Ama ay bahay ng kaayusan. Pumupunta tayo sa *Kanyang* bahay para pumasok sa orden na iyon ng priesthood na magbibigay sa atin ng karapatan sa lahat ng mayroon ang Ama, kung tayo ay tapat.[9]

3

**Sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan sa templo, matatanggap natin ang proteksyon at pinakadakilang mga pagpapala ng Diyos ukol sa buhay na walang hanggan.**

Ang mga pagpapala ng bahay ng Panginoon ay walang hanggan. Ito ang pinakamahalaga sa atin dahil sa loob ng mga templo natin nakakamtan ang pinakadakilang mga pagpapala ukol sa buhay na walang hanggan. Tunay ngang ang mga templo ang mga pintuan papasok sa langit.[10]

Hangad ng Panginoon na matanggap ng bawat lalaki at babae sa Simbahan na nasa hustong gulang ang mga ordenansa ng templo. Ibig sabihin ay tatanggapin nila ang endowment at lahat ng mag-asawa ay ibubuklod para sa kawalang-hanggan. Ang mga ordenansang ito ay naglalaan ng proteksyon at pagpapala sa kanilang pagsasama bilang mag-asawa. Ang kanilang mga anak ay mapalad ding maisilang sa loob ng tipan. Ang pagsilang sa loob ng tipan ay nagbibigay-karapatan sa mga anak na iyon ng basbas ng pagkapanganay na tumitiyak na may mga magulang sila sa kawalang-hanggan anuman ang mangyari sa mga magulang, basta't manatiling karapat-dapat sa pagpapala ang mga anak.[11]

Hindi ba mahalaga sa inyo na ang mga Banal ay nakakalat ngayon sa lahat ng panig ng mundo at, habang nakakalat sila, ang mga templo ay inilalaan para sa kanila? Sa pamamagitan ng mga ordenansang natatanggap nila sa mga banal na lugar, masasandatahan sila ng kabutihan at pagkakalooban ng kapangyarihan ng Diyos.[12]

May kaugnay na kapangyarihan ang mga ordenansa ng langit—maging ang kapangyarihan ng kabanalan—na maaaring humadlang

at hahadlang sa mga puwersa ng kasamaan kung magiging marapat tayo sa mga sagradong pagpapalang iyon. Ang [ating] komunidad ay poprotektahan, ang ating mga pamilya ay poprotektahan, ang ating mga anak ay pangangalagaan kapag ipinamuhay natin ang ebanghelyo, binisita ang templo, at namuhay nang malapit sa Panginoon. . . . Pagpalain tayo ng Diyos bilang mga Banal na mamuhay nang marapat sa mga tipan at ordenansang isinasagawa sa sagradong lugar na ito.[13]

Ang seremonya sa templo ay ibinigay ng matalinong Ama sa Langit upang tulungan tayong maging higit na katulad ni Cristo.[14]

Hindi tayo makatatahan sa piling ng mga selestiyal na nilalang kung hindi tayo dalisay at banal. Ang mga batas at ordenansang naglalayo sa kalalakihan at kababaihan sa mga makamundong impluwensya at nagpapabanal sa kanila ay isinasagawa lamang sa mga banal na lugar na ito. Ibinigay ito sa pamamagitan ng paghahayag at nauunawaan sa pamamagitan ng paghahayag. Ito ang dahilan kaya tinukoy ng isa sa mga Kapatid ang templo bilang "unibersidad ng Panginoon."[15]

Walang miyembro ng Simbahan ang magiging perpekto kung wala ang mga ordenansa sa templo. Misyon nating tulungan yaong mga hindi pa napagpapalang tanggapin ang mga ito.[16]

4

## Pribilehiyo nating buksan ang mga pintuan ng kaligtasan sa ating mga ninuno.

Ang mga templo ay itinatayo at inilalaan upang, sa pamamagitan ng priesthood, mabuklod ang mga magulang sa kanilang mga anak at ang mga anak sa kanilang mga magulang. Ang mga ordenansang ito ng pagbubuklod ay akma kapwa sa mga buhay at sa mga patay. Kung hindi tayo mabuklod sa ating mga ninuno at inapo, ang layon ng daigdig na ito, ang kadakilaan ng tao, ay tuluyang mawawalan ng saysay para sa atin.[17]

Hindi sapat para sa isang mag-asawa ang mabuklod sa loob ng templo para matiyak ang kanilang kadakilaan—kung sila ay tapat—kailangan ding maiugnay sila nang walang hanggan sa kanilang mga ninuno at tiyakin nilang magawa ang gawain para sa mga ninunong iyon. "Sila kung wala tayo," sabi ni Apostol Pablo,

"ay hindi magagawang ganap—ni tayo kung wala ang ating mga patay ay hindi magagawang ganap" (D at T 128:15). Kung gayon kailangang maunawaan ng ating mga miyembro na mayroon silang kani-kanyang tungkuling tiyakin na nakaugnay sila sa kanilang mga ninuno—o, tulad ng nakasaad sa sagradong kasulatan, ating "mga ninuno." Ito ang ibig sabihin ng bahagi 2, talata 2, sa Doktrina at mga Tipan nang sabihin ni Moroni na si Elijah ay "itatanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay magbabalik-loob sa kanilang mga ama."[18]

Kapag naiisip ko ang genealogy, mga tao ang nakikita ko—mga taong mahal ko na naghihintay sa aming pamilya, sa kanilang mga inapo, na tulungan silang magtamo ng kadakilaan sa kahariang selestiyal.[19]

May pribilehiyo tayong buksan ang mga pintuan ng kaligtasan sa mga kaluluwang maaaring nakabilanggo sa kadiliman sa daigdig ng mga espiritu, upang matanggap nila ang liwanag ng ebanghelyo at mahatulang katulad natin. Oo, "ang mga gawang aking ginagawa"—ang pag-aalok ng nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo sa iba—"ay gagawin din naman [ninyo]" [tingnan sa Juan 14:12]. Ilang libo pa sa ating mga kamag-anak ang naghihintay sa mga ordenansang ito ng pagbubuklod?

Makabubuting itanong, "Nagawa ko na ba ang lahat bilang isang indibiduwal sa panig na ito ng tabing? Ako ba ay magiging tagapagligtas nila—na sarili kong mga ninuno?"

Kung wala sila, hindi tayo magagawang ganap! Ang kadakilaan ay responsibilidad ng buong pamilya.[20]

Napakanipis ng tabing. Nabubuhay tayo ngayon sa kawalang-hanggan. Lahat ay isang araw sa Diyos. Sa wari ko ay walang tabing sa Panginoon. Lahat ng ito ay isang dakilang plano. Natitiyak ko na nagagalak ang kalangitan kapag nagtitipon tayo [sa templo]. Nagagalak ang ating mga ninuno, at inaasam at idinadalangin ko na sasamantalahin natin ang mga pagkakataong ibinigay sa atin ngayon na magpunta nang regular sa templo.[21]

Kayong mga gumawa na ng inyong mga genealogy, na nakaka-alam ng kahalagahan ng gawain at nakadarama ng pananabik na nagmumula sa pagbibigkis ng mga pamilya at natutuklasan ang



*"Pagpalain tayo ng Diyos na maituro sa ating mga anak at apo kung gaano kalaking pagpapala ang naghihintay sa kanila sa pagpasok sa templo."*

inyong marangal na pamana, ay kailangang ibahagi ang kagalakang iyan sa iba. Tulungan silang makita ang kagalakan at katuparang nakikita ninyo sa gawain. Kailangan nating hikayatin ang iba pa nating mga miyembro na gawin ito. Marami pang gagawin, tulad ng alam ninyong lahat, at napakaraming miyembrong makakagawa ng gawain at magagalak na gawin ito kung ang ilan sa atin—kayong lahat—ay hihikayatin sila sa pamamagitan ng inyong kasigasigan, halimbawa, at katapatan.[22]

5

## Kailangang malaman ng mga bata at kabataan ang mga pagpapalang naghihintay sa kanila sa templo.

Ang templo ay isang sagradong lugar, at ang mga ordenansa sa templo ay sagrado. Dahil sa kasagraduhan nito kung minsan ay atubili tayong magsabi ng anuman tungkol sa templo sa ating mga anak at apo.

Dahil dito, maraming hindi nagkakaroon ng tunay na hangaring pumunta sa templo, o kapag nagpupunta sila roon, ginagawa nila iyon nang walang gaanong nauunawaan sa mga bagay na maghahanda sa kanila para sa mga obligasyon at tipan na pinapasukan nila.

Naniniwala ako na ang wastong pagkaunawa o pagkaalam sa mga bagay-bagay ay makakatulong nang malaki sa paghahanda ng ating mga kabataan para sa templo. Naniniwala ako na ang pagkaunawang ito ay maghihikayat sa kanila na hangarin ang mga basbas ng priesthood na tulad ni Abraham [tingnan sa Abraham 1:1–4].[23]

Kapag nagtanong ang inyong mga anak kung bakit tayo ikinakasal sa templo, dapat ninyong ituro sa kanila na ang mga templo ang tanging lugar sa daigdig kung saan maisasagawa ang ilang ordenansa. Dapat din ninyong ibahagi sa inyong mga anak ang damdamin ninyo nang magkasama kayong lumuhod sa harap ng sagradong altar at gumawa ng mga tipan na ginawang posibleng mabuklod sila sa inyo magpakailanman.[24]

Marapat lamang na ituro ng mga ina at ama ang templo at sabihin sa kanilang mga anak, "Diyan kami ikinasal para sa kawalanghanggan." Sa paggawa nito, ang mithiing kasal sa templo ay makikintal sa puso't isipan ng inyong mga anak habang batangbata pa sila.[25]

Dapat nating ibahagi sa ating pamilya ang pagmamahal natin sa ating mga ninuno at ang pasasalamat natin na matulungan silang tanggapin ang nakapagliligtas na mga ordenansa, tulad ng ginawa ng mga magulang ko sa akin. Kapag ginawa natin ito, mag-iibayo ang pagpapahalaga at pagmamahal natin sa ating pamilya.[26]

Naniniwala ako na ang mga kabataan ay hindi lamang handa at may kakayahang magsaliksik ng kanilang genealogy, kundi magandang kasangkapan din sila sa pagbibigay-buhay sa buong programa.[27]

Pagpalain tayo ng Diyos na maituro sa ating mga anak at apo kung gaano kalaking pagpapala ang naghihintay sa kanila sa pagpasok sa templo.[28]

## 6

**Ang mas madalas na pagpunta sa templo ay humahantong sa mas madalas na personal na paghahayag.**

Kinagawian ko, tuwing magkakasal ako, na imungkahi sa batang magkasintahan na bumalik sila sa lalong madaling panahon at muling pumasok sa templo bilang mag-asawa. Imposibleng lubos nilang maunawaan kaagad ang kahulugan ng banal na endowment o ng mga pagbubuklod sa isang puntahan lang sa templo, ngunit sa paulit-ulit nilang pagbisita sa templo, ang kagandahan, kabuluhan, at kahalagahan ng lahat ng ito ay mabibigyang-diin sa kanila. Kalaunan ay nakatanggap ako ng mga liham mula sa mga bata pang mag-asawang ito na nagpapasalamat dahil nabigyang-diin ang bagay na iyon. Sa paulit-ulit nilang pagbisita sa templo, ang kanilang pagmamahalan ay nadaragdagan at ang kanilang pagsasama ay lalong tumitibay.[29]

Sa ating mga pagbisita sa templo, nabibigyan tayo ng mga ideya tungkol sa kahulugan ng walang-hanggang paglalakbay ng tao. Nakikita natin ang magaganda at kahanga-hangang simbolismo ng pinakamahahalagang kaganapan—noon, ngayon, at sa hinaharap—na simbolo ng misyon ng tao na may kaugnayan sa Diyos. Ipinapaalala sa atin ang ating mga obligasyon kapag gumagawa tayo ng mga dakilang tipan ukol sa pagsunod, lubos na paglalaan, sakripisyo, at tapat na paglilingkod sa ating Ama sa Langit.[30]

Ipinapangako ko sa inyo na, sa mas madalas na pagpunta ninyo sa mga templo ng ating Diyos, mas madalas kayong tatanggap ng personal na paghahayag na magpapala sa inyong buhay habang pinagpapala ninyo ang mga yumao na.[31]

Sa kapayapaang nadarama sa magagandang templong ito, kung minsan ay nakikita natin ang mga solusyon sa mabibigat na problema sa buhay. Sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu, kung minsa'y dumadaloy sa atin ang dalisay na kaalaman doon. Ang mga templo ay mga lugar ng personal na paghahayag. Kapag nabibigatan ako sa isang problema o suliranin, nagpupunta ako sa Bahay ng Panginoon na may panalangin sa puso ko na makatanggap ng mga sagot. Ang mga sagot na ito ay dumating sa malinaw at hindi mapag-aalinlanganang mga paraan.[32]

Madalas ba tayong bumalik sa templo para tumanggap ng mga personal na pagpapalang nagmumula sa regular na pagsamba sa templo? Sinasagot ang mga panalangin, nagkakaroon ng mga paghahayag, at nagtatagubilin ang Espiritu sa mga banal na templo ng Panginoon.[33]

Gawin nating isang sagradong tahanan ang templo na katulad, bagama't malayo, sa ating tahanan sa kawalang-hanggan.[34]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sinabi ni Pangulong Benson na ang templo ay "simbolo ng lahat ng mahal sa atin," at tinukoy niya ang ilang katotohanang isinisimbolo ng mga templo (tingnan sa bahagi 1). Ano ang kinakatawan ng mga templo para sa inyo?
- Sa bahagi 2, paano naaangkop sa lahat ng miyembro ng pamilya ang mga turo ni Pangulong Benson tungkol sa mga pagpapala ng priesthood? Habang nirerebyu ninyo ang bahaging ito, pagbulayan ang pribilehiyo at responsibilidad ninyong tulungan ang mga miyembro ng pamilya na maghandang makabalik sa kinaroroonan ng Diyos.
- Habang binabasa ninyo ang bahagi 3, pagbulayan ang mga turo ni Pangulong Benson tungkol sa mga pagpapalang natatanggap natin sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo. Sa anong mga paraan kayo napagpala sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo? Kung hindi pa ninyo natatanggap ang mga ordenansa sa templo, pagbulayan kung ano ang magagawa ninyo para makapaghandang tanggapin ang mga ito.
- Sabi ni Pangulong Benson, "Kapag naiisip ko ang genealogy, mga tao ang nakikita ko—mga taong mahal ko" (bahagi 4). Paano maiimpluwensyahan ng ganitong obserbasyon ang inyong pananaw sa family history? Ano ang magagawa natin upang tulungan ang iba pa nating mga ninuno na tanggapin ang mga pagpapala ng ebanghelyo?
- Ano ang ilang bagay na magagawa natin para tulungan ang mga bata at kabataan na maghanda para sa mga ordenansa at tipan sa templo? Sa anong mga paraan mabibigyan ng mga kabataan

ng "buhay ang buong programa" ng family history? (Tingnan sa bahagi 5.)

- Hinikayat tayo ni Pangulong Benson na "gawin nating isang sagradong tahanan ang templo na katulad, bagama't malayo, sa ating tahanan sa kawalang-hanggan" (bahagi 6). Ano ang kahulugan ng pahayag na ito sa inyo? Pagnilayan ang mga pagpapalang natanggap ninyo nang bumalik kayo sa templo.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Isaias 2:1–3; D at T 97:15–16; 109:8–23; 124:39–41; 138:32–34

*Tulong sa Pagtuturo*

"Kadalasan ang isang aralin ay naglalaman ng [mas maraming] materyal kaysa maituturo ninyo sa ibinigay na oras sa inyo. Sa ganitong mga pangyayari, dapat ninyong piliin ang materyal na pinakamakatutulong sa inyong mga tinuturuan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 128).

## *Mga Tala*


1. "What I Hope You Will Teach Your Children about the Temple," *Ensign,* Ago. 1985, 8.
2. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 260.
3. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 256.
4. "What I Hope You Will Teach Your Children about the Temple," 6.
5. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 252.
6. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 256; ang pahayag ni Harold B. Lee ay matatagpuan sa Conference Report, Abr. 1942, 87.
7. *God, Family, Country: Our Three Great Loyalties* (1974), 85.
8. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 256.
9. "What I Hope You Will Teach Your Children about the Temple," 8–10.
10. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 255.
11. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 259.
12. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 255–56.
13. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 256.
14. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 250.
15. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 252; tingnan din sa ElRay L. Christiansen, sa Conference Report, Abr. 1968, 134.
16. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 252.
17. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 248.
18. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 248–49.
19. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 164.
20. *Come unto Christ* (1983), 126.
21. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 253.
22. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 162.
23. "What I Hope You Will Teach Your Children about the Temple," 8.
24. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 258.
25. "What I Hope You Will Teach Your Children about the Temple," 6, 8.
26. *Come unto Christ through Temple Ordinances and Covenants* (polyeto, 1987), 2.
27. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 163.
28. "What I Hope You Will Teach Your Children about the Temple," 10.
29. *God, Family, Country,* 183.
30. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 251.
31. "The Book of Mormon and the Doctrine and Covenants," *Ensign,* Mayo 1987, 85.
32. "What I Hope You Will Teach Your Children about the Temple," 8.
33. "Come unto Christ, and Be Perfected in Him," *Ensign,* Mayo 1988, 85.
34. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 256.

# Kasal at Pamilya— Inorden ng Diyos

*"Ang pamilya ay isa sa pinakamatatag na mga tanggulan ng Diyos laban sa mga kasamaan ng ating panahon. Tulungan ang inyong pamilya na manatiling matatag at malapit sa isa't isa at karapat-dapat sa mga pagpapala ng ating Ama sa Langit."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Mula nang ikasal sila, ginawa nang pangunahing priyoridad nina Ezra at Flora Benson ang kanilang tahanan at pamilya. Noong maliliit pa ang kanilang mga anak, sinimulan nilang bigyang-diin na gusto nila ay walang "mga bakanteng upuan" sa kanilang pamilya sa mga kawalang-hanggan.[1] Binigyang-diin ni Pangulong Benson ang mensahe ring ito sa kanyang paglilingkod bilang lider ng Simbahan. Sabi niya:

"Nilayon ng Diyos na maging walang hanggan ang pamilya. Buong kaluluwa akong nagpapatotoo sa katotohanan ng pahayag na iyan. Nawa'y pagpalain Niya tayo na mapatatag ang ating mga tahanan at ang buhay ng bawat miyembro ng pamilya upang sa takdang oras ay maiulat natin sa ating Ama sa Langit sa Kanyang selestiyal na tahanan na naroon tayong lahat—ama, ina, kapatid na babae, kapatid na lalaki, lahat tayo na nagmamahalan. Walang bakanteng upuan. Tayong lahat ay nakauwi."[2]

Para kina Pangulo at Sister Benson, ang pagsisikap na patatagin ang kanilang pamilya ay nagsimula sa pangangalaga sa pagsasama nilang mag-asawa. Sila ay mapagmahal at maalalahanin, tapat at tunay. Bagama't hindi sila nag-aaway, madalas silang mag-usap nang tapatan.[3] Parehong lubos ang tiwala nila sa isa't isa, na nadama nilang isa sa matitinding kalakasan ng kanilang pagsasama.



*Sina Pangulo at Sister Benson ay laging tapat at totoo sa isa't isa.*

"*Kailanman* ay hinding-hindi ako nagduda sa katapatan ni Flora," sabi ni Pangulong Benson.[4]

Sinuportahan at pinalakas nina Pangulo at Sister Benson ang isa't isa. "Mas malawak ang pananaw ni Flora para sa akin at sa potensyal ko kaysa sinumang tao sa buhay ko. Ang kanyang pananalig at suporta ay malaking pagpapala," sabi ni Pangulong Benson.[5] Kadalasan, kapag nadama niya na hindi niya kaya ang mabibigat niyang responsibilidad, papahirin ni Sister Benson ang kanyang mga luha at inaalo siya.[6] Hihingi siya ng tulong sa Panginoon sa pag-alalay sa kanya, at hihikayatin ang mga anak na gayon din ang gawin. "Madalas kaming manalangin at mag-ayuno para kay daddy," sabi ng anak nilang si Barbara.[7]

Sa pagsalig sa matibay na pundasyon ng pagsasama nilang mag-asawa, itinuro nina Pangulo at Sister Benson sa kanilang mga anak ang kahalagahan ng mga walang-hanggang ugnayan ng pamilya. "Ikinintal ng aming mga magulang ang matinding katapatan at pagmamahal sa aming magkakapatid," sabi ng anak nilang si Mark. "Sa palagay ko ang gayong kapaligiran ay hindi likas na umiiral sa isang tahanan, ngunit hinihikayat at itinataguyod ito ng mapagmalasakit at mapagmahal na ina at ama."[8]

Ang pamantayan ng pag-uugaling pinagbatayan ng mga Benson, gayundin ang priyoridad na ibinigay nila sa pamilya, ay nakasentro sa ebanghelyo. Tulung-tulong silang bumuo ng isang tahanang pinanaigan ng pagmamahal, kung saan natuto at umunlad ang mga bata, at masaya sila. Nais ng mga Benson na maging kanlungan ang kanilang tahanan mula sa mundo. "Hindi ibig sabihin niyan ay hindi kami dumanas ng hirap," sabi ng anak nilang si Reed. "Hindi kami palaging magkakasundo. Hindi kami palaging gumagawa ng aming mga gawaing-bahay. May mga pagkakataon na nasagad namin ang pasensya ni Inay. Ngunit, sa kabila ng lahat ng ito, sinikap naming magkaroon ng pagkakaisa sa pamilya."[9] Inamin ni Sister Benson na: "Walang taong perpekto. Sa aming pamilya hindi namin layon na magtuon sa mga kahinaan ng isa't isa, kundi hikayatin ang isa't isa na magpakabuti."[10]

Maliliit pa noon ang mga anak ng mga Benson nang paglingkurin ang kanilang ama sa Korum ng Labindalawang Apostol, at

nag-alala siya na baka maapektuhan ng iskedyul ng kanyang biyahe ang oras niya para sa kanila. Isinulat niya sa kanyang journal: "Ang pagbibiyahe sa iba't ibang lugar ukol sa gawain ng Simbahan ay lubhang maglalayo sa akin sa aking pamilya. . . . Tiwala ako na magiging tapat ako sa aking pamilya, mapapanatili ko silang aktibo sa Simbahan, at magagampanan ko pa rin ang aking mga obligasyon bilang isa sa mga General Authority. Alam kong hindi magiging madali ito."[11]

Ang katotohanang hindi iyon madali ay nagtulak kay Pangulong Benson na pagsumikapang manatiling malapit sa kanyang pamilya. "Ang ilan sa mga impresyon at karanasang pinakamasaya at pinakanakalulugod sa kaluluwa sa [aking] buhay ay may kaugnayan sa tahanan at mga ugnayan ng pamilya," wika niya.[12]

Noong 1957, bilang United States secretary of agriculture, naglakbay nang apat na linggo si Pangulong Benson sa iba't ibang panig ng mundo para humanap ng mga pagkakataong makipagkalakalan sa iba. Sinamahan siya ni Sister Benson at ng mga anak nilang sina Beverly at Bonnie. Nagpunta sila sa 12 bansa, kung saan kinausap nila ang mga pinuno ng pamahalaan at dumalaw sila sa mga makasaysayang lugar, refugee settlement, at sakahan. Nadama ni Pangulong Benson na tagumpay ang paglalakbay sa pagpaparami ng mga pagkakataong makipagkalakalan at pagkakaroon din ng mabuting pakikipagkapwa para sa Simbahan. Nang umuwi sila, naghihintay na ang anak nilang si Beth habang papalapag ang eroplano. Nang makita niya ang kanyang mga magulang, nagtatakbo siya palapit sa kanila habang lumuluha. Nilapitan siya ng kanyang ama at buong pagmamahal na niyakap. Sabi niya, "Sa lahat ng kariktan ng mundo [na nakita namin], ang sandaling iyon ang biglang naging pinakamaganda sa buong biyahe."[13]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

### 1

### Ang pamilya ang pinakamahalagang organisasyon sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.

Itinuturing ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pamilya bilang pinakamahalagang organisasyon

sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Itinuturo ng Simbahan na lahat ay dapat isentro at ipalibot sa pamilya. Binibigyang-diin nito na ang pangangalaga sa pamilya sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan ang pinakamahalaga sa lahat.[14]

Walang makakapalit sa tahanan na nakasisiya. Ang pundasyon nito ay kasintanda ng mundo. Ang misyon nito ay inorden ng Diyos.[15]

Ang katatagan ng bansa ay nakasalalay sa katatagan ng mga pamilya rito. Ang katatagan ng Simbahan ay nakasalalay sa katatagan ng mga pamilya rito. Ang ating pagkatao ay nakasalalay sa mga pagtitipon ng ating pamilya, sa ating tahanan. . . . Ang mabuting tahanan ang batong saligan, ang pundasyon ng sibilisasyon. Kailangan itong ingatan. Kailangan itong patatagin.[16]

Ilang tao ang nagtanong sa akin bilang lider ng Simbahan kung bakit masyado tayong nakatuon sa tahanan at pamilya samantalang may mas malalaking problema sa ating paligid? Ang sagot, mangyari pa, ay na ang mas malalaking problema ay salamin lamang ng mga problema ng bawat tao at pamilya.[17]

Ang kasal at buhay-pamilya ay inorden ng Diyos. Sa walang-hanggang kahulugan, ang kaligtasan ay responsibilidad ng buong pamilya. Pinapanagot ng Diyos ang mga magulang para sa tungkuling ipinagkatiwala sa kanila sa pagpapalaki sa kanilang pamilya. Napakasagradong responsibilidad nito.[18]

2

## Sa maliligayang pagsasama, mahal at pinaglilingkuran ng mga mag-asawa ang Diyos at ang isa't isa.

Ang kasal, tahanan, at pamilya ay hindi lamang mga institusyon ng lipunan. Ang mga ito ay banal, hindi gawa ng tao. Inorden ng Diyos ang kasal mula pa sa simula. Sa kasaysayan ng unang kasal na iyon na nakatala sa Genesis, gumawa ang Panginoon ng apat na mahahalagang pahayag: una, na hindi mabuting mapag-isa ang lalaki; ikalawa, na ang babae ay nilikha para makatuwang ng lalaki; ikatlo, na silang dalawa ay dapat maging iisang laman; at ikaapat, na dapat iwanan ng lalaki ang kanyang ama't ina at pumisan sa kanyang asawa. (Tingnan sa Genesis 2:18, 24.)

Kalaunan, upang lalong patibayin ang naunang pahayag, sinabi ng Panginoon: "Ang pinapagsama nga ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao" (Mateo 19:6). Sinabi rin Niya, "Inyong mahalin ang inyong asawa nang buo ninyong puso, at pumisan sa kanya at wala nang iba" (D at T 42:22).[19]

Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan: "Si Adan ay nagsimulang magbungkal ng lupa . . . tulad ng ipinag-utos ko, ang Panginoon, sa kanya. At gayon din si Eva, na kanyang asawa, ay nagpagal na kasama niya. . . . At sila ay nagsimulang dumami at kinalatan ang lupa. . . . At si Adan at si Eva, na kanyang asawa, ay nanawagan sa pangalan ng Panginoon. . . . At pinapurihan nina Adan at Eva ang pangalan ng Diyos, at ipinaalam nila ang lahat ng bagay sa kanilang mga anak na lalaki at babae. . . . At si Adan at si Eva, na kanyang asawa, ay hindi tumigil sa pagtawag sa Diyos." (Moises 5:1–2, 4, 12, 16.)

Mula sa inspiradong kuwentong ito makikita natin na binigyan tayo nina Adan at Eva ng ulirang halimbawa ng ugnayan ng mag-asawang kasal sa loob ng tipan. Magkasama silang nagtrabaho; magkasama silang nagkaanak; magkasama silang nanalangin; at itinuro nila ang ebanghelyo sa kanilang mga anak—nang magkasama. Ito ang huwarang nais ng Diyos na tularan ng lahat ng matwid na kalalakihan at kababaihan.[20]

Ang kasal mismo ay kailangang ituring na isang sagradong tipan sa harap ng Diyos. Ang mag-asawang ikinasal ay may obligasyon hindi lamang sa isa't isa, kundi maging sa Diyos. Nangako Siya ng mga pagpapala sa mga taong gumagalang sa tipang iyon.

Ang katapatan ng isang tao sa mga sumpaan sa kasal ay lubos na kailangan para sa pagmamahal, pagtitiwala, at kapayapaan. Ang pangangalunya ay malinaw na isinusumpa ng Panginoon. . . .

Pagtitimpi at pagpipigil sa sarili ang kailangang mamayani sa pagsasama ng mag-asawa. Kailangang matuto ang mga mag-asawa na pigilin ang kanilang dila gayundin ang mga simbuyo ng kanilang damdamin.

Ang pagdarasal sa tahanan at magkasama nilang pagdarasal ay magpapatibay sa pagsasama ng [isang mag-asawa]. Unti-unting



*"Ang pagmamahal na nadarama natin dito . . . mismo ang nagbibigkis sa mga pamilya para magkasama-sama sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan."*

magkakaisa ang inyong mga isipan, hangarin, at ideya hanggang sa magkaisa kayo sa mga layunin at mithiin.

Umasa sa Panginoon, sa mga turo ng mga propeta, at sa mga banal na kasulatan para sa patnubay at tulong, lalo na kapag may mga di-pagkakaintindihan at problema.

Ang espirituwal na pag-unlad ay dumarating sa magkasamang paglutas ng mga problema—hindi sa pagtakas mula sa mga ito. Ang di-mapigilang pagbibigay-diin ngayon sa pagkakanya-kanya ay nagiging dahilan ng egotismo at paghihiwalay. Ang dalawang taong nagiging "isang laman" ay ang pamantayan pa rin ng Panginoon. (Tingnan sa Gen. 2:24.)

Ang sikreto ng maligayang pagsasama ng mag-asawa ay ang paglingkuran ang Diyos at ang isa't isa. Ang mithiin ng kasal ay pagkakasundo at pagkakaisa, gayundin ang pag-unlad ng sarili. Bagama't salungat sa karaniwang paniniwala, kapag higit nating

pinaglingkuran ang isa't isa, higit na uunlad ang ating espiritu at damdamin.[21]

Napakaganda at tahasan ang payo ni Apostol Pablo. Malinaw niyang sinabi, "Mga lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya naman ni Cristo na umibig sa iglesia" (Mga Taga Efeso 5:25).

Sa paghahayag sa mga huling araw muling binanggit ng Panginoon ang obligasyong ito. Sabi Niya, "Inyong mahalin ang inyong asawa nang buo ninyong puso, at pumisan sa kanya at wala nang iba" (D at T 42:22). Ang alam ko, may isa pa sa buong banal na kasulatan na inutusan tayong mahalin nang buong puso, at iyan ay ang Diyos mismo. Isipin ninyo ang kahulugan niyan!

Ang ganitong uri ng pagmamahal ay maipapakita sa inyo-inyong asawa sa napakaraming paraan. Una sa lahat, wala nang ibang dapat unahin sa buhay ninyo kaysa inyong asawa maliban mismo sa Diyos—hindi trabaho, hindi paglalaro, hindi mga libangan. Ang inyong asawa ang inyong itinatangi at walang-hanggang katuwang—ang inyong kabiyak.

Ano ang ibig sabihin ng mahalin ang isang tao nang buong puso? Ibig sabihin nito ay magmahal nang buong puso at buong katapatan. Tiyak na kapag buong puso ninyong mahal ang inyong asawa, hindi ninyo siya hihiyain, pipintasan, hahanapan ng mali, o pagsasalitaan ng hindi maganda, pagtatampuhan, o pakikitaan ng hindi maganda.

Ano ang ibig sabihin ng "pumisan sa kanya"? Ibig sabihin nito ay manatiling malapit sa kanya, maging tapat sa kanya, makipag-usap sa kanya, at ipakitang mahal ninyo siya.[22]

Makikita ng mag-asawang nagmamahalan na ang pagmamahal at katapatan ay nasusuklian. Ang pagmamahalang ito ang lilikha ng kapaligirang mangangalaga sa emosyonal na pag-unlad ng mga anak. Ang buhay-pamilya ay dapat maging panahon ng kaligayahan at kagalakan na maaaring lingunin ng mga anak nang may magagandang alaala at pagsasamahan.[23]

## 3

## Ang matatag na mga pamilya ay naglilinang ng pagmamahal, pagpipitagan, at suporta para sa bawat miyembro ng pamilya.

Patatagin natin ang pamilya. Ang mga panalangin ng pamilya at personal na panalangin sa umaga't gabi ay maaaring mag-anyaya ng mga pagpapala ng Panginoon sa ating mga tahanan. Ang oras ng pagkain ay naglalaan ng magandang pagkakataong gunitain ang mga ginawa sa maghapon at pakainin hindi lamang ang katawan kundi maging ang espiritu, na naghahalinhinan ang mga miyembro ng pamilya sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan, lalo na ng Aklat ni Mormon. Ang gabi ay magandang pagkakataon para puntahan sa higaan ng abalang ama ang bawat anak niya, kausapin sila, sagutin ang kanilang mga tanong, at sabihin kung gaano niya sila kamahal.[24]

Ang pamilya ay isa sa pinakamatatag na mga tanggulan ng Diyos laban sa mga kasamaan ng ating panahon. Tulungan ang inyong pamilya na manatiling matatag at malapit sa isa't isa at karapat-dapat sa mga pagpapala ng ating Ama sa Langit. Kapag ginawa ninyo ito, tatanggap kayo ng pananampalataya at lakas na magpapala sa inyong buhay magpakailanman.[25]

Ang isang malaking bagay na hinihiling ng Panginoon sa bawat isa sa atin ay ang maglaan ng isang tahanan kung saan umiiral ang masaya at positibong impluwensya sa kabutihan. Sa darating na mga taon ang kamahalan ng mga kasangkapan sa bahay o ang dami ng mga banyo ay hindi na gaanong mahalaga, ang magiging napakahalaga na ay kung nadama ng ating mga anak ang pagmamahal at pagtanggap sa kanila sa tahanan. Magiging napakahalaga kung may kaligayahan at tawanan, o kaya'y may awayan at pagtatalo.[26]

Ang matagumpay na mga pamilya ay may pagmamahal at paggalang sa bawat miyembro ng pamilya. Alam ng mga miyembro ng pamilya na sila ay minamahal at pinahahalagahan. Dama ng mga anak na mahal sila ng kanilang mga magulang. Sa gayon, sila ay matatag at may tiwala sa sarili.

Ang matatag na mga pamilya ay naglilinang ng epektibong komunikasyon. Pinag-uusapan nila ang kanilang mga problema,

sama-sama silang nagpaplano, at nagtutulungan sa iisang mithiin. Ang family home evening at mga family council ay idinaraos at ginagamit bilang mabisang paraan para makamtan ito.

Ang mga ama't ina sa matatag na mga pamilya ay nananatiling malapit sa kanilang mga anak. Nag-uusap-usap sila. Ang ilang ama ay pormal na iniinterbyu ang bawat anak, ang iba naman ay ginagawa ito nang impormal, at ang iba ay regular na nag-uukol ng panahon upang sarilinang makasama ang bawat anak.

Bawat pamilya ay may mga problema at pagsubok. Ngunit sinisikap ng matagumpay na mga pamilya na pagtulungang lutasin ito sa halip na magpintasan at magtalu-talo. Ipinagdarasal nila ang isa't isa, nag-uusap-usap sila, at pinalalakas nila ang loob ng bawat isa. Paminsan-minsan ang mga pamilyang ito ay sama-samang nag-aayuno para suportahan ang isa sa mga miyembro ng pamilya.

Ang matatag na mga pamilya ay sumusuporta sa isa't isa.[27]

4

## Ang tahanan ang pinakamainam na lugar para matutuhan ng mga anak ang mga alituntunin at pamantayan ng ebanghelyo.

Ang pamilya ang pinakamabisang lugar para ikintal sa mga miyembro nito ang mga pinahahalagahan sa kawalang-hanggan. Kapag ang buhay-pamilya ay matatag at nakabatay sa mga alituntunin at pamantayan ng ebanghelyo ni Jesucristo, . . . hindi gayon kadaling magkaroon ng mga problema.[28]

Natuklasan ng matatagumpay na magulang na hindi madaling magpalaki ng mga anak sa isang kapaligirang puno ng kasamaan. Samakatwid, kusa silang gumagawa ng mga hakbang para mailaan ang pinakamabubuting impluwensya sa mga anak. Ang mga alituntunin ng moralidad ay itinuturo. Naglalaan ng mabubuting aklat at binabasa ang mga ito. Kontrolado ang panonood ng telebisyon. May maganda at nakasisiglang musika. Ngunit ang pinakamahalaga, ang mga banal na kasulatan ay binabasa at tinatalakay upang makatulong sa espirituwal na pag-unlad ng isipan.

Sa matatagumpay na tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw, tinuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na

maunawaan ang pananampalataya sa Diyos, pagsisisi, binyag, at ang kaloob na Espiritu Santo. (Tingnan sa D at T 68:25.)

Ang pagdarasal ng pamilya ay laging ginagawa ng mga pamilyang ito. Panalangin ang paraan upang magpasalamat para sa mga pagpapala at mapakumbabang kilalanin ang pag-asa sa Diyos na Maykapal para sa kalakasan, kabuhayan, at suporta.

Mahusay at totoo ang kasabihan na ang mga pamilyang samasamang lumuluhod para manalangin ay nakatayo nang matuwid sa harap ng Panginoon![29]

Kailangang malaman ng mga anak kung sino sila sa walanghanggang kahulugan ng kanilang pagkatao. Kailangan nilang malaman na mayroon silang Ama sa Langit na maaasahan nila, na madarasalan nila, at makapagbibigay sa kanila ng patnubay. Kailangan nilang malaman kung saan sila nanggaling para magkaroon ng kahulugan at layunin ang kanilang buhay.

Ang mga anak ay kailangang turuang manalangin, umasa sa Panginoon para sa patnubay, at magpasalamat para sa mga pagpapala sa kanila. Naaalala ko pang lumuluhod ako sa tabi ng higaan ng maliliit na anak namin, at tinulungan ko silang manalangin.

Kailangang ituro sa mga bata ang kaibhan ng tama sa mali. Kaya nila at kailangan nilang matutuhan ang mga utos ng Diyos. Kailangang ituro sa kanila na mali ang magnakaw, magsinungaling, mandaya, o mag-imbot sa pag-aari ng iba.

Ang mga anak ay kailangang turuang magtrabaho sa bahay. Dapat nilang matutuhan doon na ang matapat na pagtatrabaho ay nagbibigay ng dignidad at paggalang sa sarili. Dapat nilang malaman ang kasiyahan sa pagtatrabaho, sa mahusay na pagtatrabaho.

Ang oras ng paglilibang ng mga bata ay kailangang ituon sa makabuluhan at positibong mga gawain.[30]

Nilayon na patatagin at pangalagaan ang pamilya, ang home evening program ng Simbahan ay nagtalaga ng isang gabi bawat linggo para tipunin ng mga ama't ina ang kanilang mga anak sa paligid nila sa tahanan.[31]

Ang mga alituntunin ng ebanghelyo ay maaaring ikintal sa isipan sa pamamagitan ng epektibong mga family home evening kung

saan mapapatatag ang mga kabataan upang hindi sila matakot para sa kanilang hinaharap. Ang gayong pagtuturo ay kailangang gawin nang may pananampalataya, patotoo, at magandang pananaw.[32]

Ang pagsasaayos sa inyong tahanan ay pagsunod sa mga utos ng Diyos. Naghahatid ito ng pagkakasundo at pagmamahalan. . . . Ito ay araw-araw na pagdarasal ng pamilya. Ito ay pagtuturo sa inyong pamilya na maunawaan ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ito ay pagsunod ng bawat miyembro ng pamilya sa mga utos ng Diyos. Ito ay . . . pagiging marapat na tumanggap ng temple recommend, na lahat ng miyembro ng pamilya ay tumatanggap ng mga ordenansa ng kadakilaan, at ang inyong pamilya ay sama-samang nabubuklod para sa kawalang-hanggan. Ito ay pagiging malaya sa matinding pagkakautang, na ang mga miyembro ng pamilya ay tapat na nagbabayad ng mga ikapu at handog.[33]

5

## Inihayag ng Diyos na ang pamilya ay maaaring magpatuloy hanggang sa kabilang-buhay.

Ang pagmamahal na nadarama natin dito ay hindi panandalian lamang, kundi ito mismo ang nagbibigkis sa mga pamilya para magkasama-sama sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.[34]

Sa pamamagitan ni Joseph Smith inihayag ng Diyos ng Langit ang katotohanan na ang pamilya ay maaaring magpatuloy hanggang sa kabilang-buhay—na ang ating mga pagdamay, malasakit, at pagmamahal sa isa't isa ay maaaring umiral magpakailanman.[35]

Walang sakripisyong napakalaki para matanggap ang mga pagpapala ng walang-hanggang kasal. Para sa karamihan sa atin, malapit lang ang templo, marahil nga ay napakalapit kaya hindi napapahalagahan ang pagpapala. Tulad ng iba pang mga bagay ukol sa katapatan sa pamumuhay ng ebanghelyo, ang makasal sa paraan ng Panginoon ay nangangailangan ng kahandaang ilayo ang inyong sarili sa kasamaan—kamunduhan—at ng determinasyong sundin ang kalooban ng ating Ama. Sa pagpapakitang ito ng pananampalataya, ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Diyos at ang malasakit sa ating mga inapong hindi pa ipinanganganak. Yamang ang ating pamilya ang pinakamalaking pinagmumulan ng kagalakan sa buhay na ito, gayon din ito sa kawalang-hanggan.[36]

Tahanan at pamilya. Nagbabalik ang masasayang alaala mabanggit lang ang katangi-tanging mga salitang ito! Dalangin ko para sa inyo, nang buong kaluluwa ko, na matikman ninyo ang di-masambit na kagalakan at kasiyahan ng maging kagalang-galang na magulang. Hindi ninyo mararanasan ang isa sa pinakamatitinding kagalakan sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan kung sadya ninyong iiwasan ang mga responsibilidad ng pagiging magulang at pagbubuo ng tahanan. Tulad ng inihayag sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ang maluwalhating konsepto ng tahanan at ang tumatagal na ugnayan ng pamilya ay nasa mismong batayan ng ating kaligayahan sa buhay na ito at sa kabilang-buhay.[37]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Itinuro ni Pangulong Benson na, "Sa walang-hanggang kahulugan, ang kaligtasan ay responsibilidad ng buong pamilya" (bahagi 1). Ano ang kahulugan nito sa inyo? Ano ang magagawa ng mga miyembro ng pamilya para sa kaligtasan ng isa't isa?
- Habang pinag-aaralan ninyo ang payo ni Pangulong Benson sa bahagi 2, pagbulayan kung paano ito nauugnay sa tinawag niyang "sikreto ng maligayang pagsasama ng mag-asawa." Sa palagay ninyo bakit humahantong sa kaligayahan ang "sikreto" na ito?
- Sa bahagi 3, isipin ang sinabi ni Pangulong Benson tungkol sa mga gawi ng matatagumpay na pamilya. Sa anong mga paraan pinatitibay ng mga gawing ito ang mga pamilya? Pagbulayan kung ano ang magagawa ninyo para masunod ang payong ito.
- Sa palagay ninyo bakit ang pamilya "ang pinakamabisang lugar para ikintal ang mga pinahahalagahan sa kawalang-hanggan"? (Tingnan sa bahagi 4, na pinapansin ang partikular na payo ni Pangulong Benson tungkol sa pagtuturo sa pamilya.) Kailan kayo nakakita ng mga miyembro ng pamilya na nagtutulungan para matutuhan ang mga alituntunin ng ebanghelyo?
- Pinatotohanan ni Pangulong Benson na ang mga pamilya ay maaaring "magpatuloy hanggang sa kabilang-buhay" (bahagi 5). Ano ang naiisip at nadarama ninyo habang pinagbubulayan ninyo ang

katotohanang ito? Ano ang ilang "masasayang alaala" na dumarating sa inyo mabanggit lang ang tahanan at pamilya?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mga Awit 127:3–5; I Mga Taga Corinto 11:11; 3 Nephi 18:21; D at T 49:15; 132:18–19; tingnan din sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign,* Nob. 2010, 129

*Tulong sa Pag-aaral*

"Napakabisa ng pag-aaral ninyo ng ebanghelyo kapag tinuturuan kayo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Palaging simulan ang pag-aaral mo ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pananalangin na tulungan ka ng Espiritu Santo na matuto" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 20).

## *Mga Tala*

1. Sa Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 363.
2. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 493.
3. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 126.
4. Sa Derin Head Rodriguez, "Flora Amussen Benson: Handmaiden of the Lord, Helpmeet of a Prophet, Mother in Zion," *Ensign,* Mar. 1987, 20.
5. Sa "Flora Amussen Benson: Handmaiden of the Lord, Helpmeet of a Prophet, Mother in Zion," 14.
6. Tingnan sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 179.
7. Barbara Benson Walker, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 179.
8. Mark Amussen Benson, sa "Flora Amussen Benson: Handmaiden of the Lord, Helpmeet of a Prophet, Mother in Zion," 20.
9. Reed Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 140.
10. Flora Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 133.
11. Sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 178.
12. Sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 126.
13. Sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 327.
14. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 489.
15. Sa Conference Report, Abr. 1949, 198.
16. Sa Conference Report, Okt. 1953, 122.
17. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 521.
18. "Fundamentals of Enduring Family Relationships," *Ensign,* Nob. 1982, 59.
19. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 534.
20. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 534.
21. "Fundamentals of Enduring Family Relationships," 59, 60.
22. *Sermons and Writings of President Ezra Taft Benson* (2003), 209–10.
23. "Fundamentals of Enduring Family Relationships," 59.
24. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 491.
25. "To the 'Youth of the Noble Birthright,'" *Ensign,* Mayo 1986, 43.
26. "Great Things Required of Their Fathers," *Ensign,* Mayo 1981, 34.
27. "Counsel to the Saints," *Ensign,* Mayo 1984, 6.
28. "Fundamentals of Enduring Family Relationships," 59.
29. "Counsel to the Saints," 6–7.
30. "Fundamentals of Enduring Family Relationships," 60.
31. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 528.
32. "May the Kingdom of God Go Forth," *Ensign,* Mayo 1978, 33.
33. "Great Things Required of Their Fathers," 36.
34. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 492.
35. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 490.
36. "This Is a Day of Sacrifice," *Ensign,* Mayo 1979, 33–34.
37. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 491–92.

# Ang mga Sagradong Tungkulin ng mga Ama at Ina

*"Nawa'y maging tapat tayo sa dakilang obligasyong ito ng pagiging magulang, sa sagradong obligasyong ito."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Sa salita at halimbawa, sa tahanan at sa iba't ibang panig ng daigdig, sa mga gawain ng Simbahan at ng pamahalaan, itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson ang kahalagahan ng pagiging mabubuting magulang. "Pangalagaan ang inyong mga anak nang may pagmamahal at ayon sa mga payo ng Panginoon," sabi niya.[1] "Pinapanagot ng Diyos ang mga magulang para sa tungkuling ipinagkatiwala sa kanila sa pagpapalaki sa kanilang pamilya. Napakasagradong responsibilidad nito."[2]

Nagtulungang mabuti si Pangulong Benson at ang kanyang asawang si Flora sa pagtupad ng kanilang mga sagradong responsibilidad bilang mga magulang. Sila ay "gumanap sa tungkuling pangalagaan ang kanilang pamilya nang buong lakas at sigla."[3] Madalas silang sumangguni sa isa't isa tungkol sa kanilang mga anak at iba pang mga bagay. "Nakikita ko na espirituwal ang pananaw ng babae sa tabi ko," sabi ni Pangulong Benson.[4]

Nagtulong silang lumikha ng isang tahanan kung saan uunlad at matututo ang kanilang mga anak—at kung saan nanaising lumagi ng kanilang mga anak. "Mas gusto ko sa bahay namin kaysa sa ibang lugar," sabi ng anak nilang si Mark. "Isang kanlungan iyon mula sa bagyo. Si Inay ang nagpoprotekta, at naroon si Itay na ginagamit ang kanyang lakas."[5]

Mapanalanging ginampanan nina Pangulo at Sister Benson ang kanilang mga responsibilidad bilang mga magulang. Sabi ni Mark: "Mas malakas ang pananampalataya ni Inay kaysa sinumang



*Si Ezra Taft Benson kasama ang kanyang mga anak na sina Reed at Mark*

babaeng kilala ko. . . . Noon lang ako nakakita ng gayon kadalas na pagdarasal sa buhay ko. Agad siyang luluhod, ipagdarasal ang mga bata, tungkol man ito sa isang pagsusulit o sa isang pakikipag-away sa eskuwelahan, kahit ano pa iyon. Gayon kasimple ang pananampalataya nila ni Itay."[6]

Madalas mapalayo sa tahanan si Pangulong Benson dahil sa kanyang trabaho at mga tungkulin sa Simbahan, kaya inako ni Flora ang karamihan sa responsibilidad na pangalagaan at turuan ang kanilang anim na anak. Masaya siya sa kanyang pagiging ina. "Ang tahanan ang sentro ng pagmamahal natin sa buhay na ito," wika niya.[7] Paggunita ni Mark, "Talagang mahal na mahal ni Inay ang tahanan. At minahal niya kami—hindi dahil sa tungkulin niya ito, kundi dahil iyon ang buhay niya."[8] Sa pagpapahayag ng kanyang damdamin tungkol sa kahalagahan ng pagiging ina, isinulat ni Flora: "Kung nais mong makatagpo ng kadakilaan, huwag kang tumingin sa trono ng isang haring namumuno, pumunta ka sa duyan na may inang nagmamahal. Malakas ang kapangyarihan ng isang ina. Siya ang umiimpluwensya sa mga puso, sa buhay, at humuhubog sa pagkatao."[9]

Kapag malayo sa tahanan si Pangulong Benson, lagi siyang naghahanap ng mga paraan upang mabantayan at mapatatag ang kanyang pamilya. Lagi niyang kinokontak ang mga ito sa telepono at mga liham. Kapag nasa bahay siya, gumugol siya ng oras sa kanila hangga't maaari. Madalas niyang ikuwento noon ang tungkol sa "isang abalang ama na ipinaliwanag ang mga oras na ginugol niya sa pakikipaglaro ng bola sa kanyang anak na lalaki sa pagsasabing, 'Mas gusto ko nang sumakit ang likod ko ngayon kaysa malungkot kalaunan dahil pinalampas ko ang pagkakataong ito.' "[10]

Pinag-ukulan din niya ng maraming oras ang bawat isa sa kanyang mga anak. Naalala ni Mark nang dalhin siya ng kanyang ama sa Salt Lake City, Utah, para magpatingin sa isang espesyalista: "Ang sarap makasama ni Itay, na kaming dalawa lang! Pinag-usapan namin ang lahat ng gusto kong pag-usapan. Kahit noong bata pa ako, alam kong mahal ako ni Itay, dahil kasama ko siya at tinulungan niya akong gumaling."[11]

Kapag maaari, isinasama ni Pangulong Benson ang kanyang mga anak sa kanyang mga biyahe. Noong Marso 1948 isinama niya ang

anak niyang si Bonnie, na pitong taong gulang noon, sa isang miting tungkol sa agrikultura sa Nebraska. "Masyadong naintriga ang mga mamamahayag sa tindig at kumpiyansa ng batang babae, at sa pambihirang halimbawa ng isang ama na isinama ang munting anak sa gayon kahabang paglalakbay para dumalo sa isang bantog na pagtitipon, kaya isang retrato ni Bonnie ang itinampok sa harapang pahina [ng diyaryo] kinaumagahan. Ngunit para kay Elder Benson hindi pambihira ang pangyayaring iyon. Madalas niyang isama ang mga anak niya sa mga biyahe sa labas ng bansa, upang kapwa patibayin ang kanilang ugnayan at turuan sila."[12]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

### Ang tungkulin ng isang ama ay walang hanggan.

Mga ama, walang hanggan ang inyong tungkulin kung saan hinding-hindi kayo mare-release. Ang mga tungkulin sa Simbahan, bagama't mahalaga, ay pansamantala lamang, at pagkatapos ay angkop na kayong ire-release. Ngunit ang tungkulin ng isang ama ay walang hanggan, at ang kahalagahan nito ay walang katapusan. Ito ay isang tungkulin kapwa sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.[13]

Ang ating huwaran, o modelo, sa pagiging ama ay ang ating Ama sa Langit. Paano Siya nakikipagtulungan sa Kanyang mga anak? Para malaman iyan, mangyari pa, kailangang may alam [ang mga ama] tungkol sa ebanghelyo, ang dakilang plano ng Panginoon.[14]

Para sa isang lalaki, walang tungkuling kapantay ng isang butihing patriyarka, na ikinasal sa bahay ng Panginoon, at namumuno sa Kanyang mga anak. Mismong si Elohim ay gustong tawagin natin siyang "Ama namin na nasa langit" (Mateo 6:9; 3 Nephi 13:9).[15]

2

### Ang mga ama ang maglalaan ng espirituwal na pamumuno sa kanilang pamilya.

Ang ama ay kailangang manabik na lubha at umasam na pagpalain ang kanyang pamilya, lumapit sa Panginoon, pagbulayan ang mga salita ng Panginoon, at mamuhay ayon sa Espiritu upang

malaman ang isipan at kalooban ng Panginoon at ang kailangan niyang gawin para pamunuan ang kanyang pamilya.[16]

[Mga ama,] kayo ay may sagradong responsibilidad na maglaan ng espirituwal na pamumuno sa inyong pamilya.

Sa isang polyetong inilathala ng Kapulungan ng Labindalawa ilang taon na ang nakalilipas, sinabi namin ang sumusunod: "Ang pagiging ama ay pamumuno, ang pinakamahalagang uri ng pamumuno. Noon pa man ay ganito na; at laging magiging ganito. Ama, sa tulong at payo at panghihikayat ng iyong walang-hanggang kabiyak, ikaw ang namumuno sa tahanan" (*Father, Consider Your Ways* [polyeto, 1973], 4–5). . . .

Taglay ang pagmamahal sa puso ko para sa mga ama sa Israel, magmumungkahi ako ng 10 paraan na makapagbibigay ng espirituwal na pamumuno ang mga ama sa kanilang mga anak:

1. Bigyan ng mga basbas ng ama ang inyong mga anak. Binyagan at kumpirmahan ang inyong mga anak. Iorden ang inyong mga anak na lalaki sa priesthood. Magiging mahahalagang espirituwal na karanasan ito sa buhay ng inyong mga anak.

2. Personal na pumatnubay sa mga panalangin ng pamilya, araw-araw na pagbabasa ng banal na kasulatan, at lingguhang mga family home evening. Ang inyong personal na pakikibahagi ay magpapakita sa inyong mga anak kung gaano talaga kahalaga ang mga aktibidad na ito.

3. Hangga't maaari, magkakasamang dumalo sa mga miting ng Simbahan bilang pamilya. Ang pagsamba ng pamilya sa ilalim ng inyong pamumuno ay mahalaga sa espirituwal na kapakanan ng inyong mga anak.

4. Ideyt ang inyong mga anak na babae at ipasyal ang inyong mga anak na lalaki. . . .

5. Magpasimula ng mga tradisyong pagbabakasyon at pagbibiyahe at pamamasyal ng pamilya. Ang mga alaalang ito ay hindi malilimutan ng inyong mga anak kailanman.

6. Regular na kausapin nang sarilinan ang inyong mga anak. Hayaan silang magsalita anuman ang gusto nilang sabihin. Turuan sila ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Turuan sila ng mga tunay na



*"Regular na kausapin nang sarilinan ang inyong mga anak."*

pinahahalagahan. Sabihin sa kanila na mahal ninyo sila. Ang personal na oras sa piling ng inyong mga anak ay nagsasabi sa kanila kung ano ang mga priyoridad ni Itay.

7. Turuan ang inyong mga anak na magtrabaho, at ipakita sa kanila ang kahalagahan ng pagsisikap tungo sa isang karapat-dapat na mithiin. . . .

8. Maghikayat ng pakikinig sa magandang musika at sining at literatura sa inyong mga tahanan. Ang mga tahanan na may kapinuhan at kagandahan ay magpapala sa buhay ng inyong mga anak magpakailanman.

9. Kung di-kalayuan, regular kayong magpunta ng inyong kabiyak sa templo. Sa gayon ay mas mauunawaan ng inyong mga anak ang kahalagahan ng kasal sa templo at ng mga sumpaan sa templo at ng kawalang-hanggan ng pamilya.

10. Ipakita sa inyong mga anak ang kagalakan at kasiyahan sa paglilingkod sa Simbahan. Maaari silang mahawa rito, kaya nanaisin din nilang maglingkod sa Simbahan at mamahalin nila ang kaharian.

O, mga lalaking asawa at ama sa Israel, marami kayong magagawa para sa kaligtasan at kadakilaan ng inyong mga pamilya! Napakahalaga ng inyong mga responsibilidad.[17]

Kung minsan ay naririnig natin ang mga kuwento tungkol sa kalalakihan, maging sa Simbahan, na nag-iisip na ang pagiging pinuno ng tahanan kahit paano ay inilalagay sila sa mas mataas na katungkulan at tinutulutan silang diktahan at utus-utusan ang kanilang pamilya.

Itinuro ni Apostol Pablo na "ang lalake ay pangulo ng kaniyang asawa, *gaya naman ni* Cristo na pangulo ng iglesia" (Mga Taga Efeso 5:23; idinagdag ang italics). Iyan ang huwarang susundin natin sa ating tungkuling mamuno sa tahanan. Hindi natin nakikita ang Tagapagligtas na namumuno nang mabagsik o malupit sa Simbahan. Hindi natin nakikita ang Tagapagligtas na tinatrato ang Kanyang Simbahan nang walang-galang o mapagpabaya. Hindi natin nakikita ang Tagapagligtas na namumuwersa o namimilit sa pagsasagawa ng Kanyang mga layunin. Hindi natin nakikita ang Tagapagligtas na gumagawa ng anuman maliban sa mga bagay na nagpapalakas, nagpapasigla, pumapanatag, at nagpapadakila sa Simbahan. Mga kapatid, taimtim kong sinasabi sa inyo, Siya ang huwarang kailangan nating sundin sa espirituwal na pamumuno natin sa ating mga pamilya.[18]

Bilang patriyarka sa inyong tahanan, mabigat ang responsibilidad ninyo sa pamumuno sa pagpapalaki sa inyong mga anak. Kailangan kayong tumulong sa paglikha ng isang tahanang makapananatili ang Espiritu ng Panginoon. . . .

Ang inyong mga tahanan ay dapat maging mga kanlungan at kapayapaan at kagalakan para sa inyong pamilya. Tiyak na walang anak na dapat matakot sa sarili niyang ama—lalo na sa isang amang may priesthood. Tungkulin ng isang ama na gawing lugar ng kaligayahan at kagalakan ang kanyang tahanan. . . . Ang malakas na epekto ng mabubuting ama sa pagpapakita ng halimbawa, pagdidisiplina at pagpapalaki, pangangalaga at pagmamahal ay mahalaga sa espirituwal na kapakanan ng [kanilang] mga anak.[19]

3

**Ang papel na ginagampanan ng ina ay inorden ng Diyos.**

Ang [mga ina] ang, o dapat maging, pinaka-puso at kaluluwa sa pamilya. Wala nang ibang mas sagradong salita sa sekular o banal na kasulatan kaysa sa salitang *ina*. Wala nang mas marangal na gawain kaysa sa gawain ng isang inang mabait at may takot sa Diyos.

Sa walang-hanggang pamilya, itinakda ng Diyos na mga ama ang mamumuno sa tahanan. Ang mga ama ang maglalaan, magmamahal, magtuturo, at mamamahala. Ang papel na ginagampanan ng ina ay inorden din ng Diyos. Ang mga ina ang maglilihi, magsisilang, mangangalaga, magmamahal, at magpapalaki. Iyan ang nakasaad sa mga paghahayag.[20]

Nalalaman natin na ang ilang kababaihan, bagama't hindi nila kasalanan, ay hindi nagkakaanak. Sa mahal na kababaihang ito, bawat propeta ng Diyos ay nangako na bibiyayaan sila ng mga anak sa mga kawalang-hanggan at hindi sila pagkakaitan ng mga inapo.

Sa pamamagitan ng dalisay na pananampalataya, nagsusumamong mga panalangin, pag-aayuno, at mga espesyal na basbas, marami sa mahal na kababaihang ito, pati na ang mararangal nilang kabiyak sa kanilang tabi, ay napaghimalaan sa kanilang buhay at nabiyayaan ng mga anak. Ang iba ay mapanalanging piniling magampon ng mga bata. Saludo kami sa kahanga-hangang mga magasawang ito sa mga sakripisyo at pagmamahal na ibinigay ninyo sa mga batang napili ninyong ituring na sarili ninyong anak.[21]

Pagpalain nawa ng Diyos ang ating kahanga-hangang mga ina. Ipinagdarasal namin kayo. Sinusuportahan namin kayo. Ikinararangal namin kayo sa inyong panganganak, pangangalaga, pagpapalaki, pagtuturo, at pagmamahal hanggang sa kawalang-hanggan. Ipinapangako ko sa inyo ang mga pagpapala ng langit at "lahat ng mayroon [ang] Ama" (tingnan sa D at T 84:38) habang ginagampanan ninyo ang pinakamarangal na tungkulin sa lahat—isang ina sa Sion.[22]



*"Mag-ukol ng oras na basahan [ng aklat] ang inyong mga anak."*

4

## Ang mga ina ay dapat mahalin, turuan, at pag-ukulan ng panahon ang kanilang mga anak.

Mga ina sa Zion, ang mga tungkuling ibinigay sa inyo ng Diyos ay napakahalaga sa sarili ninyong kadakilaan at sa kaligtasan at kadakilaan ng inyong pamilya. Kailangan ng isang anak ang isang ina nang higit kaysa anumang bagay na mabibili ng pera. Ang pag-uukol ng panahon sa inyong mga anak ang pinakadakilang regalo sa lahat.[23]

Taglay ang pagmamahal sa puso ko para sa mga ina sa Sion, gusto kong magmungkahi ng 10 paraan para epektibong mapag-ukulan ng panahon ng ating mga ina ang kanilang mga anak.

[Una,] hangga't maaari, makisalamuha sa inyong mga anak pag-uwi o pag-alis nila—kapag papunta at pauwi sila mula sa paaralan, kapag papunta o pauwi sila mula sa kanilang deyt, kapag nagsama sila ng mga kaibigan sa bahay. Makisalamuha sa inyong mga anak 6 man o 16 na taong gulang sila. . . .

Ikalawa, mga ina, mag-ukol ng panahon na maging tunay na kaibigan ng inyong mga anak. Pakinggan ang inyong mga anak,

pakinggan silang mabuti. Mag-usap kayo, magtawanan at magbiruan kayo, magkantahan kayo, maglaro kayo, mag-iyakan kayo, magyakapan kayo, taos-puso ninyo silang purihin. Oo, regular na makipagsarilinan sa bawat anak. Maging tunay na kaibigan sa inyong mga anak.

Ikatlo, mag-ukol ng oras na basahan [ng aklat] ang inyong mga anak. Habang nasa kuna pa sila, basahan ang inyong mga anak. . . . Magtatanim kayo ng pagkahilig sa mabuting literatura at tunay na pagmamahal sa mga banal na kasulatan kung regular ninyong babasahan ang inyong mga anak.

Ikaapat, mag-ukol ng oras na manalangin kayo ng inyong mga anak. Ang mga panalangin ng pamilya, sa patnubay ng ama, ay dapat idaos sa araw at gabi. Ipadama sa inyong mga anak ang inyong pananampalataya kapag nanalangin kayo na mapasakanila ang mga pagpapala ng langit. . . . Pasalihin ang inyong mga anak sa mga panalangin ng pamilya at personal na panalangin, at magalak sa malalambing nilang pagsasalita sa kanilang Ama sa Langit.

Ikalima, mag-ukol ng oras na magdaos ng lingguhang home evening. Pasalihin ang inyong mga anak. Turuan sila ng mga tamang alituntunin. Gawin itong isa sa mga tradisyon ng inyong pamilya. . . .

Ikaanim, mag-ukol ng oras na magkasama-sama sa oras ng pagkain hangga't maaari. Isang hamon ito habang lumalaki at nagiging mas abala sa buhay ang mga bata. Ngunit ang masayang pag-uusap, pagkukuwento ng mga plano at nangyari sa maghapon, at mga espesyal na sandaling makapagturo ay nagaganap sa oras ng pagkain dahil pinagsisikapan ng mga magulang at mga anak na mangyari ito.

Ikapito, mag-ukol ng oras araw-araw na sama-samang magbasa ng mga banal na kasulatan bilang pamilya. . . . Ang sama-samang pagbabasa ng Aklat ni Mormon bilang pamilya ay lalong magdaragdag ng espirituwalidad sa inyong tahanan at magbibigay ng lakas kapwa sa mga magulang at mga anak na labanan ang tukso at mapatnubayan palagi ng Espiritu Santo. Ipinapangako ko sa inyo na babaguhin ng Aklat ni Mormon ang buhay ng inyong pamilya.

Ikawalo, mag-ukol ng oras na gawin ang mga bagay-bagay bilang pamilya. Gawing espesyal at di-malilimutang karanasan ng pamilya ang mga pamamasyal at piknik at pagdiriwang ng kaarawan. Hangga't maaari, dumalo, bilang pamilya, sa mga kaganapan kung saan kasali ang isa sa mga miyembro ng pamilya, tulad ng pagtatanghal sa paaralan, ball game, pagsasalita sa isang pulong, recital. Sama-samang dumalo sa mga miting ng Simbahan, at sama-samang maupo bilang pamilya hangga't maaari. Ang mga inang tumutulong na magkasama-sama sa pagdarasal at paglilibang ang mga pamilya ay [tutulong sa kanila na] manatili silang magkakasama at pagpapalain ang buhay ng mga bata magpakailanman.

Ikasiyam, mga ina, mag-ukol ng panahon na turuan ang inyong mga anak. Samantalahin ang mga sandaling makapagturo sa oras ng pagkain, sa mga karaniwang gawain, o sa mga espesyal na oras na nakaupo kayo, sa paanan ng higaan sa pagtatapos ng araw, o sa magkasamang paglalakad sa umaga. . . .

Ang pagmamahal at mapanalanging pag-aalala ng ina sa kanyang mga anak ang pinakamahalagang mga sangkap sa pagtuturo sa kanyang mga anak. Ituro sa mga bata ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ituro sa kanila na sulit ang magpakabuti. Ituro sa kanila na walang kaligtasan sa kasalanan. Turuan silang mahalin ang ebanghelyo ni Jesucristo at magkaroon ng patotoo sa kabanalan nito.

Turuan ang inyong mga anak ng kadisentehan, at turuan silang igalang ang pagkalalaki at pagkababae. Ituro sa inyong mga anak ang kadalisayang seksuwal, mga wastong pamantayan sa pakikipagdeyt, kasal sa templo, paglilingkod sa misyon, at kahalagahan ng pagtanggap at pagganap sa mga tungkulin sa Simbahan.

Ituro sa kanila ang pagmamahal sa trabaho at ang halaga ng mabuting edukasyon.

Ituro sa kanila ang kahalagahan ng tamang uri ng libangan, pati na ang mga angkop na pelikula, video, musika, aklat, at magasin. Talakayin ang mga kasamaan ng pornograpiya at mga droga, at ituro sa kanila ang halaga ng malinis na pamumuhay.

Oo, mga ina, ituro sa inyong mga anak ang ebanghelyo sa sarili ninyong tahanan, sa sarili ninyong pagtitipon. Ito ang pinakamabisang pagtuturong matatanggap ng inyong mga anak. . . .

Ikasampu at pinakahuli, mga ina, mag-ukol ng panahon na tunay na mahalin ang inyong maliliit na anak. Ang walang-kundisyong pagmamahal ng ina ay natutulad sa halimbawa ng pagmamahal ni Cristo.

Kailangan din ng mga tinedyer ninyong anak ang ganitong uri ng pagmamahal at pansin. Parang mas madali para sa maraming ina at ama na magpakita ng pagmamahal sa kanilang mga anak kapag bata pa sila, pero mas mahirap kapag mas matanda na sila. Mapanalanging pagsikapan ito. Hindi kailangang magkaroon ng di-pagkakaunawaan ang dalawang henerasyon. At ang susi ay pagmamahal. Kailangan ng pagmamahal at pansin ng ating mga kabataan, hindi ng pagpapalayaw. Kailangan nila ng pagdamay at pag-unawa, hindi ng pagbabalewala ng mga ama't ina. Kailangan silang pag-ukulan ng oras ng mga magulang. Ang magiliw na pagtuturo ng ina at ang kanyang pagmamahal at tiwala sa isang anak na tinedyer ay literal na magliligtas sa kanya mula sa masamang daigdig.[24]

May alam ba kayong dahilan kung bakit mahal na mahal ng mabubuting ina ang kanilang mga anak? Dahil napakarami nilang isinasakripisyo para sa mga ito. Mahal natin ang pinagsasakripisyuhan natin at nagsasakripisyo tayo para sa mahal natin.[25]

5

## Dapat magtulungan ang mga magulang nang may pagkakaisa at pagmamahal sa pagpapalaki sa kanilang mga anak.

Dapat ay masigasig at mapanalangin at buong pusong tanggapin ng mga mag-asawa, bilang magkatuwang na mga tagalikha, ang mga bata sa kanilang mga tahanan. . . . Mapalad ang mag-asawang may mga anak. Ang pinakamatitinding kagalakan at pagpapala sa buhay ay nauugnay sa pamilya, pagiging magulang, at sakripisyo. Sulit ang anumang sakripisyo para magkaroon ng magigiliw na espiritung iyon sa tahanan.[26]

Kapag ginampanan ng mga magulang, nang magkatuwang, nagmamahalan, at nagkakaisa, ang kanilang responsibilidad na itinakda

ng langit at tumugon ang mga anak nang may pagmamahal at pagsunod, malaking kagalakan ang ibubunga nito.[27]

Tulungan nawa tayo ng Diyos na suportahan ang isa't isa. Nawa'y magsimula ito sa tahanan sa pagsuporta natin sa ating mga pamilya. Nawa'y madama ang diwa ng katapatan, pagkakaisa, pagmamahal, at paggalang sa isa't isa. Ang mga lalaki nawa ay maging tapat sa kanilang kabiyak, maging totoo sa kanila, mahalin sila, sikaping pagaanin ang kanilang mga pasanin, at makihati sa responsibilidad sa pangangalaga, pagtuturo, at pagpapalaki ng mga anak. Ang mga ina at maybahay nawa ay magpakita ng diwa ng pagtulong sa kanilang asawa, itaguyod at tulungan sila sa kanilang mga tungkulin sa priesthood, at maging tapat at totoo sa mga tungkuling ibinibigay sa kanila ng priesthood ng Diyos.[28]

Nawa'y maging tapat tayo sa malaking obligasyong ito ng pagiging magulang, sa sagradong obligasyong ito, upang matibay nating maisalig ang ating mga tahanan sa mga walang-hanggang alituntunin, upang wala tayong panghinayangan. Nawa'y hindi tayo maging taksil [hindi tapat] kailanman sa malaking pagtitiwalang ibinigay sa atin. Nawa'y lagi nating isaisip na ang mga espiritung ito na dumating sa ating tahanan ay mga piling espiritu.[29]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sabi ni Pangulong Benson, "Ang ating huwaran, o modelo, sa pagiging ama, ay ang ating Ama sa Langit" (bahagi 1). Sa anong mga paraan matutularan ng mga ama sa lupa ang huwarang ipinakita ng Ama sa Langit?
- Isipin ang listahan ni Pangulong Benson ng "10 paraan na makapagbibigay ang mga ama ng espirituwal na pamumuno sa kanilang mga anak" (bahagi 2). Sa palagay ninyo paano maiimpluwensyahan ng bawat isa sa mga rekomendasyong ito ang mga anak?
- Sabi ni Pangulong Benson, "Wala nang mas marangal na gawain kaysa sa gawain ng isang mabuting ina na may takot sa Diyos" (bahagi 3). Anong mga halimbawa ng pagiging marangal na ina ang nakita na ninyo? Habang nagbabago ang mga saloobin ng mundo tungkol sa pagiging ina, ano ang magagawa natin upang

maitaguyod ang marangal at sagradong mga responsibilidad ng mga ina?

- Ano ang ilang kabutihang dumarating kapag nagkakasama ang mga magulang at mga anak? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa bahagi 4.)
- Ano ang ilang pagpapalang dumarating sa isang tahanan kapag nagkakaisa ang mga magulang sa kanilang mga responsibilidad? (Tingnan sa bahagi 5.) Ano ang magagawa ng mga ama at ina para lalo silang magkaisa? Sa anong mga paraan matatanggap ng nag-iisang mga magulang ang lakas na kailangan nila upang magampanan ang mga responsibilidad na ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mga Kawikaan 22:6; Mga Taga Efeso 6:4; Mosias 4:14–15; Alma 56:45–48; 3 Nephi 22:13; tingnan din sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign,* Nob. 2010, 129

*Tulong sa Pagtuturo*

"Habang espirituwal ninyong inihahanda ang inyong sarili at binibigyang-halaga ang Panginoon sa inyong pagtuturo, kayo ay magiging instrumento sa Kanyang mga kamay. Palalakasin ng Espiritu Santo ang inyong mga salita nang may kapangyarihan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 51).

## *Mga Tala*


1. "Fundamentals of Enduring Family Relationships," *Ensign,* Nob. 1982, 60; inalis ang italics mula sa orihinal.
2. "Fundamentals of Enduring Family Relationships," 59.
3. Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 127.
4. Sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 141.
5. Mark Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 133.
6. Mark Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 139.
7. Flora Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 134.
8. Mark Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 133.
9. Flora Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 130.
10. Sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 134.
11. Mark Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 138.
12. Francis M. Gibbons, *Ezra Taft Benson: Statesman, Patriot, Prophet of God* (1996), 165.
13. *Sermons and Writings of President Ezra Taft Benson* (2003), 205.
14. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 503.
15. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 496.
16. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 511.
17. *Sermons and Writings of President Ezra Taft Benson,* 208, 212–13.
18. *Sermons and Writings of President Ezra Taft Benson,* 209.
19. *Sermons and Writings of President Ezra Taft Benson,* 211.
20. *Sermons and Writings of President Ezra Taft Benson,* 215.

21. *Sermons and Writings of President Ezra Taft Benson,* 216.
22. *Sermons and Writings of President Ezra Taft Benson,* 222.
23. *Sermons and Writings of President Ezra Taft Benson,* 217.
24. *Sermons and Writings of President Ezra Taft Benson,* 218–21.
25. "Jesus Christ—Gifts and Expectations," *Ensign,* Dis. 1988, 6.
26. *Sermons and Writings of President Ezra Taft Benson,* 216.
27. "Counsel to the Saints," *Ensign,* Mayo 1984, 6.
28. Sa Conference Report, Okt. 1951, 155.
29. Sa Conference Report, Okt. 1953, 123.



*"Espesyal sa akin ang matatanda. . . . Dama ko na kahit paano ay nauunawaan ko sila, sapagkat isa ako sa kanila."*

KABANATA 16

# Ang Matatanda sa Simbahan

*"Ang mga ginintuang taon na ito nawa ang maging pinakamagagandang taon ninyo habang kayo ay nabubuhay nang matiwasay at nagmamahal at naglilingkod. At pagpalain nawa ng Diyos yaong mga tumutugon sa inyong mga pangangailangan—ang inyong pamilya, mga kaibigan, at kapwa mga miyembro at lider ng Simbahan."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Si Ezra Taft Benson ay 86 na taong gulang nang maging Pangulo ng Simbahan. Nadama niya ang kagalakan at mga hamong dumarating sa mga huling yugto ng buhay. Ang isang ikinagalak niya ay ang patuloy na pagsasama nila ng asawa niyang si Flora. Ipinagdiwang ng mag-asawa ang ika-60 taong anibersaryo ng kanilang kasal sa unang taon niya bilang Pangulo. Nasiyahan silang makasama ang isa't isa at magkasama silang dumalo sa templo halos tuwing Biyernes ng umaga. Sa salu-salo sa kanyang ika-87 kaarawan, may nagtanong kay Pangulong Benson ng sikreto niya sa kanyang mahaba at masayang buhay. "Bago pa siya nakasagot, sinabi ni Sister Benson, nang may panunukso ngunit makahulugan, 'Mabait ang kanyang asawa.'"[1]

Sa kanilang katandaan, gustung-gusto nina Pangulo at Sister Benson na mag-ukol ng oras sa piling ng kanilang mga anak at apo, at patuloy na natuto ang kanilang pamilya sa kanilang halimbawa. "Isang apong babae ang tumira sa kanyang lolo't lola sa halos buong unang labingwalong buwan niya bilang pangulo, at sa kanilang kahilingan ay madalas niya silang samahan sa paglalakbay para alalayan sila at asikasuhin ang kanilang personal na mga pangangailangan. At namasdan niya mismo ang kanyang lolo't lola sa

bahay—ang mga deyt nila sa isang ice cream parlor; pag-upo nila sa sopa na magkahawak-kamay habang magkasamang ginugunita ang nakaraan, kumakanta, at nagtatawanan; ang magiliw nilang pakikipag-usap sa mga home teacher at iba pang bisita."[2]

Natanto ng mga apo na malaking pagpapala ang maimpluwensyahan ng matalino at mapagmahal na mga lolo't lola. "Isang apong babae ang sumulat ng pasasalamat matapos magbigay ng payo si Pangulong Benson sa kanilang mag-asawa tungkol sa isang mahirap na desisyon. 'Tinanong po namin ang inyong opinyon at sabi ninyo, "Ipagdasal ninyo ito. Nananalig ako na tama ang gagawin ninyong desisyon." Ang pananalig ninyo sa amin ay nagbigay sa amin ng dagdag na tiwala sa aming sarili.'"[3]

Para sa pangkalahatang kumperensya na kasunod kaagad ng kanyang ika-90 kaarawan, naghanda ng isang mensahe si Pangulong Benson patungkol "sa matatanda sa Simbahan at sa kanilang mga pamilya at sa mga yaong tumutugon sa kanilang mga pangangailangan." Sa pambungad, ipinahayag niya ang kanyang personal na kaugnayan sa paksa: "Espesyal sa akin ang matatanda—sa kahanga-hangang grupong ito ng kalalakihan at kababaihan. Dama ko na kahit paano ay nauunawaan ko sila, sapagkat isa ako sa kanila."[4]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

### Kilala at mahal ng Panginoon ang matatanda at ipinagkaloob sa kanila ang marami sa Kanyang pinakamalalaking responsibilidad.

Kilala at mahal ng Panginoon ang matatanda sa Kanyang mga tao. Ganito na noon pa man, at ipinagkaloob Niya sa kanila ang marami sa Kanyang pinakamalalaking responsibilidad. Sa iba't ibang dispensasyon ginabayan Niya ang Kanyang mga tao sa pamamagitan ng mga propetang may edad na. Kailangan Niya ang karunungan at karanasan ng matatanda, ang inspiradong patnubay ng maraming taon ng subok na katapatan sa Kanyang ebanghelyo.

Pinagpala ng Panginoon si Sara, sa kanyang katandaan, na mabigyan ng anak si Abraham. Marahil ang pinakadakilang sermon ni

Haring Benjamin ay ibinigay noong matandang-matanda na siya at malapit nang mamatay. Tunay na siya ay isang kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon dahil nagawa niyang pamunuan at payapain ang kanyang mga tao.

Maraming iba pang kalalakihan at kababaihan sa kasaysayan ng mundo na nakagawa ng mga dakilang bagay nang humayo sila upang maglingkod sa Panginoon at sa Kanyang mga anak, kahit matatanda na sila.

Sa ating dispensasyon, sa [mga] propetang tinawag ng Panginoon, maraming tinawag na mga pitumpu o walumpung taon ang edad, o mas matanda pa. Kilalang-kilala at mahal na mahal ng Panginoon ang Kanyang mga anak na maraming naiambag dahil sa mga taon ng kanilang karanasan!

Mahal namin kayo na matatanda sa Simbahan. Kayo ang pinakamabilis dumami sa ating populasyon sa mundo ngayon, gayundin sa loob ng Simbahan.

Hangad namin na ang mga ginintuang taon ng inyong buhay ay maging maganda at kapaki-pakinabang. Dalangin namin na madama ninyo ang kagalakan ng mainam na pamumuhay at puno ng magagandang alaala at mas malalaki pang inaasahan dahil sa pagbabayad-sala ni Cristo. Umaasa kami na madarama ninyo ang kapayapaang ipinangako ng Panginoon sa mga patuloy na nagsisikap na sundin ang Kanyang mga utos at tularan ang Kanyang halimbawa. Umaasa kami na ang inyong mga araw ay puno ng mga bagay na gagawin at ng mga paraan na makapaglilingkod kayo sa iba na hindi naging mapalad na katulad ninyo. Halos sa tuwina ang ibig sabihin ng mas matanda ay mas mabuti, sapagkat ang yaman ng inyong karunungan at karanasan ay maaaring patuloy na lumawak at maragdagan kapag tumulong kayo sa iba.[5]

**2**

## Maaari nating mapakinabangan nang husto ang ating katandaan.

Magmumungkahi kami ng walong aspeto kung paano natin mapapakinabangan nang husto ang ating katandaan:

1. *Magtrabaho sa templo at magpunta rito nang madalas.* Tayong mas matatanda ay dapat gamitin ang ating lakas hindi lamang para tulungan ang mga sinundan natin, kundi para tiyakin, hangga't maaari, na matanggap ng lahat ng ating inapo ang mga ordenansa ng kadakilaan sa templo. Makipagtulungan sa inyong mga pamilya; payuhan at ipagdasal yaong mga ayaw pang ihanda ang kanilang sarili.

Hinihimok namin ang lahat ng may kakayahan na pumunta nang madalas sa templo at tumanggap ng mga tawag na maglingkod sa templo kapag kaya ng kanilang kalusugan at lakas na gawin ito at hindi ito kalayuan. Umaasa kaming tutulong kayo sa paglilingkod sa templo. Sa dumaraming mga templo, kailangan nating ipahanda sa mas marami nating miyembro ang kanilang sarili para sa kapakipakinabang na paglilingkod na ito. Nagpapasalamat kami ni Sister Benson na halos bawat linggo ay magkasama kaming nakakapunta sa templo. Napakalaking pagpapala nito sa aming buhay!

2. *Mangolekta at sumulat ng mga kasaysayan ng pamilya.* Hinihiling namin sa inyo na patuloy na masigasig na magtipon at sumulat ng mga personal na kasaysayan at kasaysayan ng pamilya. Sa napakaraming pagkakataon, kayo lamang ang nakakaalam ng kasaysayan, ng alaala ng mga mahal sa buhay, ng mga petsa at kaganapan. Sa ilang sitwasyon kayo *ang* kasaysayan ng pamilya. May iilang paraan lamang para mas maingatan ang inyong pamana kaysa magkolekta at sumulat kayo ng inyong mga kasaysayan.

3. *Makibahagi sa paglilingkod sa misyon.* Kailangan natin ng mas marami pang senior missionary na maglilingkod sa misyon. Kapag mabuti ang kalusugan at may panustos, nananawagan kami sa daan-daan pa nating mga mag-asawa na ayusin ang kanilang buhay at mga alalahanin at magmisyon. Kailangang-kailangan namin kayo sa mission field! Nakapaglilingkod kayo sa misyon sa mga paraang hindi kaya ng nakababata nating mga missionary.

Nagpapasalamat ako na dalawa sa sarili kong mga kapatid na biyuda ang magkasamang nakapaglingkod sa misyon sa England. Sila ay animnapu't walo at pitumpu't tatlong taong gulang na nang tawagin sila, at kapwa sila nagkaroon ng napakagandang karanasan.



*"Ang mga ginintuang taon na ito nawa ang maging pinakamagagandang taon ninyo habang kayo ay nabubuhay nang matiwasay at nagmamahal at naglilingkod."*

Napakagandang halimbawa at pagpapala sa mga inapo ng isang pamilya kapag nagmisyon ang mga lolo't lola. Karamihan sa mga senior couple na nagmimisyon ay lumalakas at muling sumisigla sa paglilingkod sa misyon. Sa pamamagitan ng banal na paraang ito ng paglilingkod, maraming napapabanal at nakadarama ng galak na ipaalam sa iba ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo. . . .

4. *Pamunuan ang pagkakaroon ng pagsasama-sama ng pamilya*. Hinihimok namin ang lahat ng senior member, kapag maaari, na tipunin ang kanilang mga pamilya. Ayusin sila sa nagkakaisang mga grupo. Mamuno sa mga pagtitipon ng pamilya. Magtakda ng mga family reunion kung saan madarama at matututuhan ang pakikisalamuha at pamana ng pamilya. Ang ilan sa masasaya kong alaala ay ang mga family reunion at pagtitipon namin sa pamilya. Magsulong ng magagandang tradisyon ng pamilya na magbibigkis sa inyo sa kawalang-hanggan. Sa paggawa nito, makalilikha tayo ng kapirasong langit dito sa lupa sa ating sari-sariling pamilya. Tutal,

ang kawalang-hanggan ay pagpapatuloy lamang ng matwid na pamumuhay ng pamilya.

5. *Tumanggap at gumanap ng mga tungkulin sa Simbahan.* Tiwala kami na lahat ng senior member na may kakayahan ay tatanggap ng mga katungkulan sa Simbahan at gagampanan ito nang may dignidad. Nagpapasalamat akong makilala nang personal ang mga kapatid na mga pitumpu at walumpung taong gulang na naglilingkod bilang mga bishop at branch president. Kailangang-kailangan namin ang payo at impluwensya ninyo na marami nang karanasan sa buhay! Kailangan naming lahat na marinig ang inyong mga tagumpay at kung paano ninyo nalagpasan ang kalungkutan, pasakit, o kabiguan, at naging mas matatag pa kayo sa pagdanas ng mga ito.

Marami kayong pagkakataong makapaglingkod sa halos lahat ng organisasyon ng Simbahan. Mayroon kayong panahon at matibay na pundasyon ng ebanghelyo para makapaglingkod. Sa napakaraming paraan kayo ang nangunguna sa tapat na paglilingkod sa Simbahan. Salamat sa lahat ng nagawa ninyo at dalangin namin na palakasin kayo ng Panginoon upang marami pa kayong magawa.

6. *Planuhin na maging matatag ang inyong pinansyal sa hinaharap.* Habang papalapit na kayo sa pagreretiro at sa susunod pang mga dekada, inaanyayahan namin ang lahat ng ating senior member na planuhing magtipid para sa susunod na mga taon kapag nagretiro na kayo. Iwasan natin ang di-kailangang pangungutang. Pinapayuhan din namin kayong mag-ingat sa pagpirma (cosigning) sa mga utang ng iba, kahit pa mga miyembro ng pamilya, kapag nakataya ang kikitain ninyo sa pagreretiro.

Lalo pang mag-ingat habang tumatanda sa mga pakanang "biglaang pagyaman," pagsasangla ng bahay, o pamumuhunan sa walang-katiyakang mga negosyo. Mamuhay nang maingat para hindi masira ng isa o sunud-sunod na mga maling desisyon sa paghawak ng pera ang mga plano ninyo sa buhay. Planuhin nang maaga na maging matatag ang inyong pinansyal sa hinaharap, pagkatapos ay sundin ang plano.

7. *Maglingkod na tulad ni Cristo.* Ang paglilingkod na tulad ni Cristo ay nagpapadakila. Nababatid ito, nananawagan kami sa lahat ng senior member na may kakayahang humayo para maglingkod

sa iba. Maaari itong maging bahagi ng pagpapadalisay. Nangako ang Panginoon na ang mga mawawalan ng buhay sa paglilingkod sa iba ay masusumpungan iyon. Sinabi sa atin ni Propetang Joseph Smith na dapat nating "ilaan ang ating buhay" sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Panginoon (D at T 123:13).

Magkakamit ng kapayapaan at kagalakan at mga pagpapala ang mga taong naglilingkod sa iba. Oo, pinupuri namin ang paglilingkod na tulad ni Cristo sa lahat, ngunit mas masaya ito sa buhay ng matatanda.

8. *Manatiling malakas, malusog, at aktibo.* Tuwang-tuwa kami sa mga pagsisikap ng napakaraming matatanda upang matiyak ang kanilang mabuting kalusugan sa kanilang pagtanda. . . .

Natutuwa kaming makita na nananatiling masigla at aktibo ang ating matatanda! Sa pananatiling aktibo, kapwa gumagana nang mas maayos ang isip at katawan.[6]

3

**Ang paglilingkod sa kapwa ay nakatutulong sa paghilom ng mga taong nawalan ng mga mahal sa buhay o natatakot na mapag-isa.**

Sa inyo na nawalan na ng asawa, gusto rin naming ipahayag ang aming pagmamahal. Kung minsan nadarama ng ilan sa inyo ang kawalan ng silbi at lumbay na halos hindi ninyo malabanan. Sa maraming pagkakataon, hindi kailangang magkaganito. Bukod pa sa walong mungkahing nabanggit, narito ang halimbawa ng mga aktibidad na napatunayang nakatulong sa iba.

Ang ilang tao na nag-iisa ay nananatiling abala sa pagtatahi ng mga kubrekama para sa bawat apong ikakasal o sa bawat bagong sanggol na isinisilang sa pamilya. Ang iba ay sumusulat ng mga liham sa may-kaarawan o dumadalo sa mga kaganapan sa paaralan at mga palaro kapag kaya nila. Ang ilan naman ay inilalagay sa album ang mga retrato ng bawat apo para ibigay sa kanilang kaarawan. . . .

Nakikita natin ang marami pang iba sa ating mga biyuda na nagboboluntaryo . . . sa mga hospital o sa iba pang mga uri ng

paglilingkod sa komunidad. Napakaraming nasisiyahan sa pagtulong sa ganitong mga paraan.

Ang susi para malabanan ang pag-iisa at damdamin ng kawalan ng silbi ng isang taong malusog ang pangangatawan ay kalimutan ang inyong sarili sa pamamagitan ng pagtulong sa iba na talagang nangangailangan. Nangangako kami sa mga maglilingkod sa ganitong paraan na, kahit paano, mawawala ang lungkot ninyo sa pagkawala ng mga mahal ninyo sa buhay o ang takot ninyong mapag-isa. Ang paraan para bumuti ang pakiramdam tungkol sa sarili ninyong sitwasyon ay ang pagandahin ang sitwasyon ng ibang tao.[7]

4

**Sa panahon ng karamdaman at pasakit, maaari tayong manatiling matatag at masigla.**

Sa mga taong may karamdaman at nagdaranas ng sakit at malalaking pagbabago sa buhay na ito, ipinaaabot namin ang aming pagmamahal at malasakit. Inaalala at ipinagdarasal namin kayo. Alalahanin ang sinabi ni amang Lehi nang basbasan niya ang kanyang anak na si Jacob, na pinahirapan ng kanyang mga kuya na sina Laman at Lemuel. Sabi niya, "Nalalaman mo ang kadakilaan ng Diyos; at kanyang ilalaan ang iyong mga paghihirap para sa iyong kapakinabangan" (2 Nephi 2:2). At gagawin niya rin iyon para sa inyo.

Dalangin namin na patuloy ninyong sisikaping manatiling matatag at masigla. Alam namin na hindi ito palaging madali. Dalangin namin na yaong mga gumagawa ng mga gawaing hindi na ninyo magawa para sa inyong sarili ay gagawin ito nang may pagmamahal, kahinahunan, at pagmamalasakit.

Umaasa kami na patuloy kayong magkakaroon ng mabubuting kaisipan at damdamin sa inyong puso't isipan at mabilis ninyong iwawaksi yaong mga makasasama at magpapahamak sa inyo. Tiwala kami na araw-araw at oras-oras kayong nagdarasal, kung kailangan. Gaya ng itinuturo sa Aklat ni Mormon, "Mabuhay na nagpapasalamat araw-araw, sa maraming awa at pagpapalang ipinagkaloob [ng Diyos] sa inyo" (Alma 34:38).

Makikita ninyo na ang araw-araw na pagbabasa ng Aklat ni Mormon ay magpapasigla sa inyong espiritu, mas maglalapit sa inyo

sa Tagapagligtas, at tutulungan kayong maging mag-aaral ng ebanghelyo na makapagbabahagi ng mga dakilang katotohanan sa iba.[8]

5

**Mahalagang ipakita ng mga pamilya sa kanilang matatanda nang magulang at lolo't lola ang pagmamahal, pag-aaruga, at paggalang na nararapat sa kanila.**

Ngayo'y ilang minuto akong magsasalita sa mga kapamilya ng matatanda. Uulitin namin ang talata mula sa Mga Awit: "Huwag mo akong itakuwil sa katandaan; huwag mo akong pabayaan pagka ang aking kalakasan ay manglupaypay" (Mga Awit 71:9).

Hinihikayat namin ang mga pamilya na ipakita sa kanilang matatanda nang magulang at lolo't lola ang pagmamahal, pag-aaruga, at pag-aasikasong nararapat sa kanila. Tandaan natin ang utos sa banal na kasulatan na kailangan nating arugain yaong mga nasa sarili nating bahay nang tayo'y hindi ituring na "lalong masama kay sa hindi sumasampalataya" (I Kay Timoteo 5:8). Labis akong nagpapasalamat sa sarili kong mahal na pamilya at sa mapagmahal na pag-aaruga nila sa kanilang mga magulang sa loob ng napakaraming taon.

Tandaan na responsibilidad natin ang mga magulang at lolo't lola, at kailangan natin silang arugain sa abot ng ating makakaya. Kapag ang matatanda ay walang mga pamilyang mag-aaruga sa kanila, dapat gawin ng mga lider ng priesthood at Relief Society ang lahat para matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa gayong mapagmahal na paraan. Narito ang ilang mungkahi namin sa mga kapamilya ng matatanda.

Mula nang ukitin ng Panginoon ang Sampung Utos sa mga tapyas ng bato, inulit-ulit na ang Kanyang mga salita sa paglipas ng mga siglo na "igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina" (Exodo 20:12).

Ang ibig sabihin ng igalang at pagpitaganan ang ating mga magulang ay na mataas ang pagpapahalaga natin sa kanila. Minamahal at pinahahalagahan natin sila at inaalala natin ang kaligayahan at kapakanan nila. Tinatrato natin sila nang may paggalang at maingat na pagsasaalang-alang. Hinahangad nating maunawaan ang kanilang pananaw. Tiyak na ang pagsunod sa mabubuting hangarin at kagustuhan ng mga magulang ay bahagi ng paggalang.



*"Maaaring magkaroon ng malaking impluwensya ang mga lolo't lola sa kanilang mga apo."*

At ang isa pa, nararapat nating igalang at pagpitaganan ang ating mga magulang dahil sila ang nagbigay sa atin ng buhay. Bukod dito halos sa tuwina ay marami silang ginawang sakripisyo sa pag-aaruga at pag-aalaga sa atin noong sanggol tayo at sa ating pagkabata, binigyan nila tayo ng mga pangangailangan natin sa buhay, at inalagaan tayo sa mga karamdaman at sakit ng damdamin sa ating paglaki. Sa maraming pagkakataon, binigyan nila tayo ng pagkakataong makapag-aral, at, kahit paano, tinuruan nila tayo. Karamihan sa nalalaman at ginagawa natin ay natutuhan natin mula sa kanilang halimbawa. Nawa'y tumanaw tayo ng utang na loob sa kanila at ipakita natin iyon.

Matuto rin tayong magpatawad sa ating mga magulang, na, nakagawa man ng mga pagkakamali habang pinalalaki tayo, ay ginawa halos sa tuwina ang lahat ng alam nilang pinakamainam. Nawa'y lagi natin silang patawarin tulad ng pagnanais nating mapatawad ng sarili nating mga anak sa nagagawa nating mga pagkakamali.

Kahit tumanda na ang mga magulang, dapat natin silang igalang sa pagbibigay sa kanila ng kalayaang pumili at ng pagkakataong magsarili hangga't maaari. Huwag nating alisin sa kanila ang mga pagpiling kaya pa nilang gawin. Kaya pa ng ilang magulang na mabuhay mag-isa at alagaan ang kanilang sarili hanggang sa tumanda sila at mas gugustuhin nilang gawin iyon. Kapag kaya nila, hayaan sila.

Kung hindi na nila gaanong makayanang mabuhay mag-isa, maaaring kailanganin nila ang tulong ng pamilya, Simbahan, at komunidad. Kapag hindi na makaya ng matatanda na alagaan ang kanilang sarili, kahit may tulong, maaari silang paalagaan sa bahay ng isang miyembro ng pamilya hangga't maaari. Maaari ding kailanganin ang tulong ng Simbahan at komunidad sa sitwasyong ito.

Ang papel ng tagapag-alaga ay mahalaga. Malaki ang pangangailangang suportahan at tulungan ang taong ito. Karaniwan ay isa itong matandang asawa o anak na babaing nasa katanghalian ang gulang na may sariling mga anak na aalagaan at nag-aalaga pa ng matanda nang magulang.[9]

6

**Ang mga taong pinalad na mapalapit sa mga lolo't lola at iba pang matatanda ay pinagpala na makasama at makahalubilo sila.**

Umaasa rin kami na isasali ninyo ang matatanda sa mga aktibidad ng pamilya hangga't maaari. Nakakatuwang makita namin ang masisigla at malalambing na mga apo na may kasamang isang mapagmahal na lolo o lola. Gustung-gusto ng mga bata ang gayong mga okasyon. Gustung-gusto nilang bisitahin sila ng mga lolo't lola nila at makasama sila sa pagkain, sa mga family home evening, at sa iba pang mga espesyal na kaganapan. Nagbibigay ito ng mga pagkakataong magturo ng mga paraan ng paggalang, pagmamahal, pagpipitagan, at pag-aaruga sa matatanda.

Maaaring magkaroon ng malaking impluwensya ang mga lolo't lola sa kanilang mga apo. Karaniwan ay mas marami silang oras at hindi sila gaanong abala na tulad ng mga magulang, kaya maaari silang magbuklat at magbasa ng mga aklat, magkuwentuhan, at magturo kung paano ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Sa gayon ay nagkakaroon ng pananaw sa buhay ang mga bata na hindi lamang kapaki-pakinabang kundi maaaring magdulot sa kanila ng seguridad, kapayapaan, at lakas. Maaaring magpadala ng mga liham, [recording], at retrato, lalo na kapag napakalayo ng lugar at hindi posibleng magkita-kita nang madalas. Ang mga taong pinalad na mapalapit sa mga lolo't lola at sa iba pang matatanda ay pinagpala na makasama at makahalubilo sila. Maaaring may mga pagkakataon silang makadalo sa mga graduation, kasalan, temple excursion, . . . at iba pang espesyal na mga kaganapang kasama ang mga miyembro ng pamilya.

Masaya naming minamasdan ang aming mga anak at apo na lumalaki at nagtatagumpay sa espesyal na mga paraan habang kabahagi kami sa marami sa kanilang mga kagalakan at nagagalak kami sa kanilang mga tagumpay. Puno ng kaligayahan ang aming buhay habang nagsisikap at nagtatagumpay ang aming mga anak sa sarili nilang buhay. Sa III Ni Juan 1:4 mababasa natin, "Wala nang dakilang kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan." At ang malaman ito ay maaaring maghatid ng panibagong pagmamahal at lakas-ng-loob na magpatuloy sa sarili naming mga pakikibaka.[10]

7

## Dapat ay mapanalanging hangarin ng mga lider ng Simbahan ang Espiritu sa pagtulong sa mga miyembro na tugunan ang mga pangangailangan ng matatanda.

Hinihimok namin . . . ang mga lider ng priesthood ng matatanda na maging sensitibo sa Espiritu ng ating Ama sa Langit sa pag-alam at pagtugon sa espirituwal, pisikal, emosyonal, at pinansyal na mga pangangailangan ng matatanda. Tiwala kami na gagamitin ninyo ang inyong mga tagapayo, mga lider ng korum sa Melchizedek Priesthood, at mga lider sa Relief Society, mga home teacher, at mga visiting teacher sa malaking responsibilidad na ito, sapagkat kailangan nating gampanan ang mga tungkuling ito nang walang pag-aatubili o pag-aalangan.

Umaasa kami na patuloy na bibigyan ng mga lider ng priesthood at auxiliary ng mga tungkulin ang matatanda kung saan magagamit nila ang kanilang imbak na karunungan at payo. Umaasa kami,

hangga't maaari, na bawat isa ay maging home teacher o visiting teacher. Kahit yaong mga hindi makaalis sa kanilang higaan at bahay ay makakatulong sa pag-aalagang ito kung minsan sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, pagsulat ng maiikling liham, o iba pang espesyal na mga tungkulin.

Maraming magagawa ang isang lider ng priesthood para matulungan at mahikayat ang mga indibiduwal at mag-asawa sa paghahanda nilang magmisyon. Ang temple extraction [na tinatawag ngayong family history indexing] at mga welfare program ay natutulungan nang malaki ng mga taong may-edad na at may pagkakataong maglingkod dito.

Umaasa kami na ang matatanda at mga mag-asawa ay may magigiliw at mapagmalasakit na mga home teacher at visiting teacher na nakatalaga sa kanila. Malaking kapanatagan at kapayapaan ang maaaring dumating sa mga taong nakakaalam na mayroon silang malalapitan sa oras ng emergency o pangangailangan. Mahalaga ang pag-unawa, diplomasya, at katapatan sa pagtaya at pagtugon sa mga pangangailangang iyon.

Umaasa kami na isasali ninyo ang matatandang nabubuhay nang mag-isa sa mga compassionate service assignment o paglilingkod. Isali rin sila sa mga kasayahan sa stake at ward, lalo na ang mga miyembrong walang asawa at yaong mga may asawang umaasa sa kanila. Madalas silang makalimutan. Lalo na sa panahong yumao ang asawa, maaari silang pakitaan ng mapagmahal na paglingap. Napakalungkot na sandali ito para sa karamihan.

Kung minsan ang pansamantalang ginhawa ay kailangang-kailangan at pinasasalamatan ng mga miyembro ng pamilya na palaging nagbibigay ng pisikal at emosyonal na pangangalaga sa mga yaong may espesyal na mga pangangailangan. Mahalagang tulungan ang pamilya na makakilos pa rin bilang pamilya na may paminsan-minsang paglaya sa mabibigat na responsibilidad na kaakibat ng matagalan o walang-lunas na karamdaman. Lahat ay nangangailangan ng mapagmahal na suporta at ginhawa mula sa napakaraming tungkuling dulot ng malubhang karamdaman o mga problema.

Ang transportasyon kadalasan ay malaking problema sa matatanda. Maaari tayong tumulong sa paglalaan ng paraan para makadalo sila sa kanilang mga miting sa araw ng Linggo, pagbisita sa mga mahal sa buhay, pamimili, at pagpunta sa doktor o klinika.

Muli, dapat nating mapanalanging hangarin ang inspirasyon at patnubay sa pag-aalaga sa matatanda. Laging may malaking pagkakaiba ang mga tao at ang mga pangangailangan nila.[11]

**8**

**Maaaring katandaan ang pinakamagandang panahon sa ating buhay.**

Pagpalain nawa ng Diyos ang matatanda sa Simbahan. Mahal na mahal ko kayo. Isa ako sa inyo.

Napakaraming dahilan para mabuhay kayo. Ang mga ginintuang taon na ito nawa ang maging pinakamagagandang taon ninyo habang kayo ay nabubuhay nang matiwasay at nagmamahal at naglilingkod. At pagpalain nawa ng Diyos yaong mga tumutugon sa inyong mga pangangailangan—ang inyong pamilya, mga kaibigan, at kapwa mga miyembro at lider ng Simbahan.

Iniiwan ko sa inyo ang aking patotoo tungkol sa saya ng mabuhay—ang saya ng *ganap* na pamumuhay sa ebanghelyo at pagdaan sa apoy ng isang Manlalantay at sa proseso ng pagpapadalisay. Tulad ng malinaw na pagkasabi ni Apostol Pablo, "Nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios" (Mga Taga Roma 8:28).

Iniiwan ko sa inyo ang aking basbas. Ang Tagapagligtas ay buhay. Ito ang Kanyang Simbahan. Ang gawain ay totoo, at sa mga salita ng ating Panginoon at Tagapagligtas, "Tumingin kayo sa akin, at magtiis hanggang wakas, at kayo ay mabubuhay; sapagkat siya na makapagtitiis hanggang wakas ay bibigyan ko ng buhay na walang hanggan" (3 Nephi 15:9).[12]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Paano kayo nakinabang sa "karunungan at karanasan" ng mga taong mas matanda sa inyo? (Tingnan sa bahagi 1.)

- Sa bahagi 2, naglista si Pangulong Benson ng walong bagay na magagawa ng matatanda para "mapakinabangan nang husto ang [kanilang] katandaan." Isipin ang bawat mungkahi. Paano mapagyayaman ng mga mungkahing ito ang ating buhay anuman ang edad natin?
- Sa palagay ninyo bakit paglilingkod "ang susi para malabanan ang pag-iisa at damdamin ng kawalan ng silbi"? (Tingnan sa bahagi 3.) Kailan ninyo nakitang totoo ito?
- Pagbulayan ang payo sa atin ni Pangulong Benson kapag dumaranas tayo ng karamdaman at pasakit (tingnan sa bahagi 4). Paano tayo matutulungan ng payong ito na "manatiling matatag at masigla"?
- Isipin ang mga turo ni Pangulong Benson sa bahagi 5. Sa anong mga paraan maigagalang ng mga anak at apo ang kanilang matatanda nang magulang at lolo't lola?
- Kailan ninyo nakita ang mga kabataan at matatanda na masayang magkasama? (Tingnan sa bahagi 6.) Ano ang magagawa natin sa ating mga pamilya at sa Simbahan upang mapangalagaan ang gayong mga ugnayan?
- Ano ang ilang paraan na makatutulong ang mga lider ng Simbahan at mga miyembro ng ward o branch na matugunan ang mga pangangailangan ng matatanda? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa bahagi 7.)
- Ano ang kahulugan sa inyo ng maranasan "ang saya ng ganap na pamumuhay sa ebanghelyo"? (Tingnan sa bahagi 8.) Anong mga halimbawa ng mga taong tapat na nagtiis hanggang wakas ang nakita na ninyo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mga Kawikaan 20:29; Isaias 46:3–4; Lucas 2:36–38; Mga Taga Efeso 6:1–3; Kay Tito 2:1–5; Santiago 1:27; D at T 121:7–8

*Tulong sa Pag-aaral*

"Ang paggawa ayon sa iyong natutuhan ay magdudulot ng karagdagan at matatag na kaalaman (tingnan sa Juan 7:17)" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 21). Isiping itanong sa inyong sarili

kung paano ninyo maipamumuhay ang mga turo ng ebanghelyo sa tahanan, sa trabaho, at sa inyong mga responsibilidad sa Simbahan.

## *Mga Tala*

1. Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 502.
2. Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography,* 504.
3. Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography,* 504–5.
4. Sa Conference Report, Okt. 1989, 3; tingnan din sa *Ensign,* Nob. 1989, 4.
5. Sa Conference Report, Okt. 1989, 3; tingnan din sa *Ensign,* Nob. 1989, 4.
6. Sa Conference Report, Okt. 1989, 3–5; tingnan din sa *Ensign,* Nob. 1989, 4–6.
7. Sa Conference Report, Okt. 1989, 5; tingnan din sa *Ensign,* Nob. 1989, 6.
8. Sa Conference Report, Okt. 1989, 5–6; tingnan din sa *Ensign,* Nob. 1989, 6.
9. Sa Conference Report, Okt. 1989, 6–7; tingnan din sa *Ensign,* Nob. 1989, 6–7.
10. Sa Conference Report, Okt. 1989, 7; tingnan din sa *Ensign,* Nob. 1989, 7.
11. Sa Conference Report, Okt. 1989, 7–8; tingnan din sa *Ensign,* Nob. 1989, 7–8.
12. Sa Conference Report, Okt. 1989, 8; tingnan din sa *Ensign,* Nob. 1989, 8.

# Pagsunod sa Batas ng Kalinisang-puri

*"Ang batas ng moralidad ng langit kapwa para sa kalalakihan at sa kababaihan ay ganap na kalinisan ng puri bago ikasal at lubos na katapatan matapos ikasal."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Sa paglalakbay sa maraming lugar bilang lider ng simbahan at pamahalaan, alam na alam ni Pangulong Ezra Taft Benson ang patuloy na pagbaba ng moralidad sa iba't ibang dako ng mundo, lalo na tungkol sa batas ng kalinisang-puri. Tinuligsa niya ang pagbabang ito, at itinuro na "ang batas ng kalinisang-puri ay isang alituntuning walang hanggan ang kahalagahan."[1] Ipinahayag niya na "sa Simbahan at kaharian ng Diyos, ang kalinisang-puri ay hindi kailanman mawawala sa uso, anuman ang gawin o sabihin ng mundo."[2] Itinuro pa niya: "Kailangan nating manirahan *sa* mundong walang moralidad at imoral, . . . ngunit hindi natin kailangang *maging* makamundo. Dapat ay madali tayong makatulog sa gabi nang hindi nag-aalala na nakagawa tayo ng mga bagay na imoral."[3]

Para maipakita ang kahalagahan ng pananatiling malinis mula sa mga imoral na impluwensya ng mundo, ikinuwento ni Pangulong Benson ang sumusunod:

"Naalala ko ang kuwento tungkol sa isang dalagitang papunta, kasama ang kanyang kadeyt, sa isang lugar na hindi nararapat, salungat sa matalinong payo ng kanyang mga magulang. Ang kanyang tanong ay, 'Ano ang masama kung pumunta ako roon para tingnan lang ang nangyayari doon?' Maliwanag na hinayaan siya ng kanyang mga magulang at iminungkahing isuot niya ang kanyang maganda at puting bestida para sa okasyon. Bago dumating ang kanyang



*Ang pagsunod sa batas ng kalinisang-puri ay naghahatid ng "malaking galak at kaligayahan."*

kadeyt, sinabi ng kanyang ama, "Puwede bang pumunta ka muna sa tapahan bago ka umalis at dalhan mo ako ng bacon?'

"Nabigla ang dalagita sa hiling na ito at sinabi, 'Suot ang pinakamaganda kong damit? Didikit po sa akin ang masamang amoy roon.' Sabi ng kanyang ina, 'Tama, hindi ka makakapasok sa tapahan nang hindi dumidikit sa iyo ang masamang amoy roon. Alam naming sapat ang talino mo para hindi pumunta sa lugar na paglabas mo ay hindi ka na kasingganda at kasinglinis nang pumasok ka roon.' Dahil sa matalinong payong iyon, tama ang naging pasiya ng dalagitang ito na manatiling walang bahid-dungis at malinis mula sa masasamang impluwensya ng mundo."[4]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

### Itinatag ng Diyos ang pamantayan ng kalinisang-puri para sa Kanyang mga anak.

Sa dispensasyong ito inulit ng Panginoon ang kautusang ibinigay sa Sinai nang sabihin Niyang, "Huwag kayong . . . makiapid, . . . *ni gumawa ng anumang bagay tulad nito*" (D at T 59:6, idinagdag ang pagbibigay-diin). Sa simula pa lang, nagtakda na ang Panginoon ng malinaw at maliwanag na pamantayan ng kadalisayan ng puri. Noon pa man, maging ngayon, at magpakailanman ay hindi ito magbabago. Ang pamantayang iyan ay ang batas ng kalinisang-puri. Ito ay para sa lahat—para sa mga lalaki at babae, matanda at bata, mayaman at mahirap.[5]

Hindi paiba-iba ang pamantayan ng moralidad ng Simbahan. Ang batas ng moralidad ng langit kapwa para sa kalalakihan at sa kababaihan ay ganap na kalinisan ng puri bago ikasal at lubos na katapatan matapos ikasal.[6]

Sa Aklat ni Mormon, sinabi sa atin ng propetang si Jacob na ang Panginoon ay nalulugod sa kalinisang-puri ng Kanyang mga anak (tingnan sa Jacob 2:28). Naririnig ba ninyo iyan, mga kapatid? Hindi lamang natutuwa ang Panginoon kapag malinis ang puri natin; *nalulugod* Siya sa kalinisang-puri. Gayon din ang itinuro ni Mormon sa kanyang anak na si Moroni nang isulat niya na ang kalinisang-puri

at dangal ay “pinakamahal at pinakamahalaga sa ibabaw ng lahat ng bagay” (Moroni 9:9).[7]

Ang likas na hangarin ng kalalakihan at kababaihan na magsama ay nagmumula sa Diyos. Ngunit ang gayong pagsasama ay nasasaklaw ng kanyang mga batas. Ang mga bagay na iyon na sadyang nakalaan sa mag-asawa, kapag isinagawa sa loob ng bigkis ng kasal, ay tama at nakalulugod sa harap ng Diyos at nagsasakatuparan sa utos na magpakarami at kalatan ang lupa. Ngunit ang mga bagay ring iyon kapag ginawa sa labas ng bigkis ng kasal ay kasumpa-sumpa.[8]

Magpakasal sa harap ng altar nang dalisay at malinis. Ilaan sa asawa ang matamis at matalik na mga pag-uugnayang iyon na nilayon ng Diyos ng Langit na maging bahagi ng pag-aasawa at huwag itong gawin sa labas ng tipan ng kasal. Wala akong pakialam sa sinasabi ng mundo, ngunit ito ang mga pamantayan ng kaharian ng Diyos.[9]

**2**

## Ang nakababahalang kasalanan ng henerasyong ito ay ang kahalayang seksuwal.

Ang nakababahalang kasalanan ng henerasyong ito ay ang kahalayang seksuwal. Ito, sabi ni Propetang Joseph, ang pagmumulan ng mas maraming tukso, mas maraming pananakit, at mas maraming paghihirap para sa mga elder ng Israel kaysa sa iba.[10]

Ang kahalayang seksuwal ay parang ulupong na nanunuklaw hindi lamang sa mundo, kundi maging sa Simbahan ngayon. Ang hindi pag-amin dito ay pagiging kampante o pagwawalang-bahala sa panganib na dulot nito. Sa kategorya ng mga krimen, tanging pagpatay at pagtatwa sa Espiritu Santo ang nauuna sa mga ipinagbabawal na relasyong seksuwal, na tinatawag nating pakikipagtalik nang di-kasal kapag walang asawa ang taong sangkot, o ang mas mabigat na kasalanang pangangalunya kapag siya ay may asawa. Alam ko na hindi itinuturing ng mga batas ng lupain ang imoralidad na mabigat na kasalanan na katulad ng turing dito ng Diyos, ni hindi ito nagpaparusa nang kasintindi ng Diyos, ngunit hindi niyan binabago ang katotohanan na kasuklam-suklam ito. Sa mga mata ng Diyos iisa lang ang pamantayang moral para sa kalalakihan at

kababaihan. Sa mga mata ng Diyos ang kalinisang-puri ay hindi kailanman mawawala sa uso. . . .

Walang kasalanang higit na nagtataboy sa Espiritu ng Panginoon sa ating mga tao ngayon maliban sa kawalan ng ingat o delikadesa pagdating sa seks. Nagiging dahilan ito ng pag-aalinlangan ng ating mga tao, hadlang sa kanilang paglago, paghina ng kanilang espirituwalidad, at pagpapatangay nila sa iba pang mga kasalanan.[11]

May malaking panganib kapag pisikal ang naging batayan ng relasyon ninyo bilang magkasintahan. . . . Ang mga nakapipinsalang epekto ng gayong mga ugnayang labag sa batas ay nagpapatuloy sa buhay may-asawa, na naghahatid ng kabiguan, pighati, at paghina ng istruktura ng tahanan.[12]

Ang kadalisayan ng puri ay isang walang-hanggang alituntunin. Ang Espiritu ng Diyos ay "hindi nananahanan sa mga hindi banal na templo" [tingnan sa Helaman 4:24]. Ang kadalisayan ay nagbibigay-buhay; ang karumihan ay nakamamatay. Ang mga banal na batas ng Diyos ay hindi maaaring labagin nang walang kaparusahan. Bumagsak ang malalaking bansa nang maging imoral sila, dahil ang mga kasalanan ng imoralidad ay nakapinsala sa mga mamamayan nito na hindi nakayanang harapin ang hamon ng kanilang panahon.[13]

Imoralidad ang pinaka-nagpapahamak sa lahat ng kasamaan, samantalang kalinisan ng puri ang isa sa pinakamatitibay na muog ng matagumpay na tahanan. Ang masasaya at matatagumpay na tahanan ay hindi maaaring sumandig sa imoralidad.[14]

Pangangatwiranan ng ilan ang kanilang imoralidad sa pagsasabi na ang mga paghihigpit dito ay mga patakaran lamang ng simbahan, mga patakarang walang-kabuluhan dahil ang totoo ay wala namang Diyos. Mauunawaan ninyo na pagdadahilan lang ito para mapangatwiranan ang makamundong hangarin, pagnanasa, at simbuyo ng damdamin ng tao. Ang batas ng Diyos ay hindi mababawi. Ito ay para sa lahat, naniniwala man sila sa Diyos o hindi. Lahat ay sasailalim sa mga kaparusahan nito, kahit mangatwiran man dito ang tao o balewalain ito.

Ang imoralidad . . . ay laging nagdudulot ng matinding kalungkutan. Ang isang tao ay hindi maaaring magpasasa sa mga walang-ingat na pakikipagrelasyon nang hindi dinaranas ang masasamang

epekto nito. Hindi siya maaaring gumawa ng mali at pagkatapos ay madama niyang tama ito—imposible iyan. Kapag nilabag ng tao ang isang batas ng Diyos, pinarurusahan siya sa kapighatian, kalungkutan, pagsisisi, kawalan ng respeto sa sarili, at inilalayo niya ang sarili sa Espiritu ng Diyos.[15]

3

**Upang manatiling malinis ang puri, kailangan nating ihanda ang ating sarili na labanan ang tukso.**

Maraming taong nakakagawa ng kasalanang seksuwal dahil sa maling pagtatangkang tugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng tao. Kailangan nating lahat ng pagmamahal at pagpapahalaga. Hangad nating lahat na magalak at lumigaya sa ating buhay. Dahil alam ito ni Satanas, madalas niyang akitin ang mga tao na maging imoral sa pagsasamantala sa kanilang mga pangunahing pangangailangan. Nangangako siya ng kasiyahan, kaligayahan, at kaganapan.

Ngunit mangyari pa, ito ay isang panlilinlang. Tulad ng sinabi ng sumulat ng Mga Kawikaan: "Siyang nagkakamit ng pangangalunya sa isang babae ay walang bait: ang gumagawa niyaon ay nagpapahamak sa kaniyang sariling kaluluwa" (Mga Kawikaan 6:32). Iyon din ang itinuro ni Samuel, ang Lamanita, nang sabihin niya, "Kayo ay naghangad ng kaligayahan sa paggawa ng kasamaan, kung aling bagay ay salungat sa kalikasan ng . . . kabutihan" (Helaman 13:38). Mas simple ang pagkasabi rito ni Alma: "Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan" (Alma 41:10).[16]

Sabi ng isang matandang kasabihan: Mas mabuting maghanda at iwasang magkamali kaysa itama at pagsisihan ang pagkakamali. Totoo ito sa batas ng kalinisang-puri. Ang unang paraan para mapanatiling malinis ang ating puri ay ihanda ang ating sarili na labanan ang tukso at iwasan nating magkasala.[17]

*Malinis na kaisipan*

Kontrolin ang inyong pag-iisip. Walang sinumang gumagawa ng imoralidad sa isang iglap. Ang imoralidad ay laging nagsisimula kapag pumasok ito sa isipan. Kapag hinayaan nating matuon ang ating isipan sa mga bagay na imoral, nasa unang hakbang na tayo

tungo sa imoralidad. Binabalaan ko kayo lalo na sa mga kasamaang dulot ng pornograpiya. Paulit-ulit nating naririnig mula sa mga nakagawa ng mabigat na kasalanan na ang unang hakbang tungo sa paglabag ay nagsimula sa malalaswang materyal. Itinuro ng Tagapagligtas na kapag ang isang lalaki ay tumingin sa isang babae nang may pagnanasa, o sa madaling salita, kapag hinayaan niyang gumala ang kanyang isipan, nagkasala na siya ng pangangalunya sa kanyang puso (tingnan sa Mat. 5:28; D at T 63:16).[18]

Ang mga taong malinis ang kaisipan ay hindi gumagawa ng maruruming gawain. Hindi lamang ninyo pananagutan sa harap ng Diyos ang inyong mga kilos kundi pati na rin ang pagpipigil sa inyong pag-iisip. Kaya't mamuhay sa paraang hindi kayo mamumula sa hiya kung ipalabas sa screen sa inyong simbahan ang inyong mga iniisip at ginagawa. Totoo pa rin ang lumang kasabihan na ang iniisip ninyo ang ginagawa ninyo, ang ginagawa ninyo ang kinauugalian ninyo, ang kinauugalian ninyo ang nagiging pagkatao ninyo, at ang pagkatao ninyo ang nagtatakda ng inyong walang-hanggang tadhana. "Kung ano ang iniisip [ng tao] sa loob niya, ay gayon siya." (Tingnan sa Mga Kawikaan 23:7.)[19]

Isiping mabuti ang mga salita ng propetang si Alma sa kanyang anak na si Corianton na nalihis ng landas, "Talikuran ang iyong mga kasalanan, at huwag nang sundin pa ang pagnanasa ng iyong mga mata." (Alma 39:9.)

"Ang pagnanasa ng iyong mga mata." Sa ating panahon, ano ang ibig sabihin ng mga salitang iyan?

Mga pelikula, programa sa telebisyon, at video recording na kapwa mahalay at imoral.

Mga magasin at aklat na bastos at malaswa.

Pinapayuhan namin kayo . . . na huwag dumihan ang inyong isipan sa nakahihiyang bagay na iyon, sapagkat ang isipang nabahiran ng karumihang ito ay hindi na katulad ng dati kailanman.[20]

Maging malinis. Maging marangal sa inyong pag-iisip at kilos. Magbasa ng mabubuting aklat. Huwag kailanman pasukan ng pornograpiya ang inyong isipan. . . . Sa mga salita ng Panginoon, "Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos.



*"Sa mga walang asawa at nakikipagdeyt, maingat na magplano ng positibo at makabuluhang mga aktibidad."*

Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina." (D at T 121:45–46.)[21]

### *Mga panalangin para magkaroon ng lakas*

Manalangin sa tuwina na makayanang labanan ang tukso. Darating ang tukso sa ating lahat. Marami itong anyo at lumilitaw sa maraming balatkayo, ngunit binigyan tayo ng Panginoon ng paraan para mapaglabanan ito. Sinabi Niya kay Propetang Joseph Smith: "Manalangin tuwina, nang ikaw ay magtagumpay; oo, nang iyong mapagtagumpayan si Satanas, at nang iyong matakasan ang kamay ng mga tagapaglingkod ni Satanas na tumatangkilik sa kanyang gawain" (D at T 10:5). Dapat maging bahagi ng ating araw-araw na mga panalangin ang paghiling sa Panginoon na magkaroon ng lakas sa tuwina na mapaglabanan ang tukso, lalo na ang mga tuksong may kinalaman sa batas ng kalinisang-puri.[22]

Walang tuksong darating sa inyo na hindi ninyo kayang paglabanan. Huwag tulutan ang inyong sarili na malagay sa sitwasyon kung saan madali kayong matutukso. Makinig sa mga paramdam ng Espiritu. Kung may ginagawa kayo na hindi ninyo nadarama na

maaari ninyong ipagdasal na basbasan ng Panginoon ang inyong ginagawa, mali ang inyong ginagawa.[23]

*Pag-iwas sa mga sitwasyong hindi angkop*

Ang mga lalaki at babaeng may asawa kung minsan ay nakikipagharutan at nanunukso sa mga miyembro ng opposite sex o hindi nila kapareho ang kasarian. Nagkakasundo silang magkita nang walang masamang layon, o napakaraming oras na magkasama sila. Sa lahat ng sitwasyong ito, ikinakatwiran ng mga tao na natural lang ito sa magkaibigan. Ngunit ang tila pagtutuksuhan nang walang masamang balak o simpleng katuwaan lang ninyo ng taong hindi ninyo kapareho ang kasarian ay maaaring humantong kaagad sa mas seryosong relasyon at pagtataksil kalaunan.

Ang magandang itanong sa ating sarili ay ito: Masisiyahan ba ang asawa ko kung malaman niya na ginagawa ko ito?[24]

Kung kayo ay may asawa, iwasang mapag-isa na kasama ang mga hindi ninyo kapareho ang kasarian hangga't maaari. Maraming malulungkot na karanasan ng imoralidad na nagsisimula kapag napag-isa ang isang lalaki at isang babae sa opisina, o simbahan, o sakay ng kotse. Sa una maaaring wala silang binabalak o ni hindi iniisip na magkasala. Ngunit ang mga sitwasyon ay naglalaan ng magandang pagkakataon para sa tukso. Ang isang bagay ay humahantong sa isa pang bagay, at napakabilis nitong hahantong sa kapahamakan. Mas madaling iwasan ang gayong mga sitwasyon sa simula pa lang para wala nang pagkakataon pang tumindi ang tukso.[25]

*Pagiging Disente*

Maging disente. Ang pagiging disente sa pananamit at pananalita at pagkilos ay tunay na tanda ng kapinuhan ng pag-uugali at kadalisayan ng isang marangal na Banal sa mga Huling Araw. . . . Iwasan ang masama at mahalay at malaswa.[26]

*Nakalulusog at positibong mga aktibidad*

Labanan ng kabutihan ang kasamaan. Malalabanan ninyo ang maraming masasamang hilig sa pamamagitan ng mabuting pag-eehersisyo at nakalulusog na mga aktibidad. Ang malusog na kaluluwa, na walang impluwensya ng alak at sigarilyo na nagpapahina



*Pinayuhan ni Pangulong Ezra Taft Benson ang mga magulang na turuan ang kanilang mga anak tungkol sa batas ng kalinisang-puri.*

ng katawan at espiritu, ay nasa mas mabuting kalagayan para daigin ang diyablo.[27]

Sa mga walang asawa at nakikipagdeyt, maingat na magplano ng positibo at makabuluhang mga aktibidad para hindi kayo mapag-isa nang walang ginagawa kundi magpakita ng pisikal na pagmamahal sa isa't isa. . . . Ito ang alituntunin ng punuin ng positibong mga aktibidad ang buhay ng isang tao para mawalan ng pagkakataong manaig ang negatibo.[28]

Punuin ng mga positibong mapagkukunan ng lakas ang inyong buhay. Hindi sapat ang sikapin lamang na paglabanan ang kasamaan o alisin ang lahat ng kasalanan sa ating buhay. Kailangan din nating punuin ng kabutihan ang ating buhay. Kailangan tayong maging abala sa mga aktibidad na nagbibigay ng espirituwal na lakas.

Ang tinutukoy ko ay ang mga aktibidad na tulad ng dibdibang pag-aaral natin sa mga banal na kasulatan. May kapangyarihang dumadaloy sa ating buhay kapag binabasa at pinag-aaralan natin ang mga banal na kasulatan araw-araw na hindi matatagpuan sa ibang paraan. Araw-araw na pagdarasal ang isa pang mapagkukunan ng

matinding lakas. Ang pag-aayuno para sa partikular na katatagan o espesyal na mga pagpapala ay makapagpapatatag sa atin nang higit sa normal nating kakayahan. Ang paglilingkod nang may pagmamahal bilang Kristiyano, pagsisimba, paglilingkod sa kaharian—lahat ay maaaring makaragdag sa natipon nating katatagan at lakas.

Higit pa sa simpleng pagwawaksi ng mga negatibong impluwensya sa ating buhay ang kailangan nating gawin. Kailangan nating palitan ang mga ito ng mabubuting aktibidad na pupuspos sa atin ng lakas at determinasyong mabuhay gaya nang nararapat.[29]

4

**Sa wastong paraan ng pagsisisi, ang mga taong nabulid sa seksuwal na kasalanan ay magiging malinis muli.**

Maaaring para sa ilan ay huli na ang payo na maghanda at umiwas. Maaaring nabulid na kayo sa mabigat na kasalanan. Kung ganito ang sitwasyon, walang ibang pagpipilian ngayon kundi ayusin ang buhay ninyo at pagsisihan ang inyong mga kasalanan. Imumungkahi ko sa inyo ang limang mahahalagang bagay na magagawa ninyo para manumbalik ang kadalisayang moral. Agad lumayo sa anumang sitwasyong pinasukan ninyo na nag-uudyok sa inyong magkasala o kaya'y magiging dahilan para magkasala kayo. Sumamo sa Panginoon na bigyan kayo ng lakas na paglabanan ito. Magpatulong sa inyong mga lider ng priesthood para mapagsisihan ninyo ang kasalanan at makabalik kayo sa lubos na pagtanggap ng Panginoon. Tumanggap ng tulong mula sa langit at punuin ng mga positibong mapagkukunan ng lakas ang inyong buhay. Alalahanin na sa wastong paraan ng pagsisisi, maaari kayong maging malinis muli.

Para sa mga taong ginagawa ang lahat para tunay na makapagsisi, tiyak ang pangako. Maaari kayong maging malinis muli. Maaaring mapawi ang kalungkutan. Ang tamis ng kapayapaang dulot ng kapatawaran ay dadaloy sa inyong buhay. Sa dispensasyong ito malinaw na sinabi ng Panginoon, "Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito" (D at T 58:42).[30]

## 5

### Dapat ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak na ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri.

Ang mga magulang ay dapat magbigay ng malilinaw na tagubilin sa kanilang mga anak tungkol sa kalinisang-puri habang bata pa sila, kapwa para maprotektahan ang kanilang katawan at dangal o puri.[31]

Kung mahal at iginagalang ng mga magulang ang isa't isa, at kung sa kanilang sagradong pagsasama ay lubos ang suporta at katapatan nila, ang mahahalagang bagay na ito ay makikita sa mga tahanan ng susunod na mga henerasyon. Sa kabilang banda, kung mayroong bungangaan, pag-aawayan, at hindi pagkakasundo sa tahanan, pakikibahagi sa mapanganib na pakikipagharutan sa iba kapag malayo sa tahanan, magiging mahina ang mga tahanan ng susunod na mga henerasyon dahil dito. . . .

. . . Ang ating mga tahanan ay dapat maging mga muog ng katatagan sa pamamagitan ng pagkikintal ng kabutihan sa isipan at pagpapasok dito ng kapayapaan, pagkakaisa, at kabaitan sa iba bunga ng personal na kadalisayan, lubos na katapatan, at simpleng debosyon sa pamilya. Kailangang tanggapin ng mga magulang na banal na institusyon ang kasal, at ikarangal ang pagiging magulang. Kailangang mabigyang-inspirasyon ang mga anak sa tuntunin at halimbawa sa paghahanda sa pag-aasawa, upang iwasan ang imoralidad na parang nakakadiring sakit, at magkaroon ng iba pang mabubuting kaugaliang Kristiyano.[32]

## 6

### Ibinigay sa atin ng Diyos ang batas ng kalinisang-puri upang maghatid ng kagalakan sa atin.

Walang hangad ang ating Ama sa Langit kundi ang maging maligaya tayo. Sinasabi Niya sa atin ang mga bagay lamang na magbibigay sa atin ng kagalakan. At ang isa sa pinakatiyak na mga alituntuning ibinigay ng Diyos para tulungan tayong masumpungan ang kagalakang iyon ay ang batas ng kalinisang-puri. Buong puso kong dalangin na isipin ninyong mabuti ang masasayang bunga ng pagsunod sa batas na ito, at ang masasamang idudulot ng paglabag dito.[33]

Kaya kailangan tayong magpakabanal—na kinabibilangan ng personal na kalinisang-puri, malilinis na isipan at gawi, at integridad—dahil kailangan natin ng patnubay ng Espiritu at kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay para magawa ang gawain ng Diyos. Kung wala ang kapangyarihan at impluwensyang iyan wala tayong ipinagkaiba sa mga tao sa ibang mga organisasyon. Ang kabanalang iyan ay magniningning at iimpluwensya sa iba tungo sa mas mabuting buhay at dahil diyan ay magiging interesado ang mga hindi miyembro sa ating relihiyon.[34]

Maging tapat sa mga banal na batas ng Diyos. Tandaan, hindi maaaring labagin ang mga ito nang walang kaparusahan. Kung nais ninyong maging masaya at matagumpay sa inyong pakikihalubilo, panliligaw, at pagbubuo ng pamilya, mamuhay ayon sa mga walang-hanggang batas ng langit. Wala nang iba pang paraan.[35]

Walang nagtatagal na kaligayahan sa imoralidad. Walang matatagpuang kagalakan sa paglabag sa batas ng kalinisang-puri. Kabaligtaran nito ang totoo. Maaaring may panandaliang kasiyahan. Sa maikling panahon maaaring parang lahat ay napakaganda. Ngunit mabilis na papangit ang pagsasama o relasyon. Makadarama ng panunurot ng budhi at kahihiyan. Natatakot tayong matuklasan ang ating mga kasalanan. Kailangan tayong sumilip-silip at magtago, magsinungaling at manloko. Nagsisimulang maglaho ang pag-ibig. Umuusbong ang kapaitan, selos, galit, at maging ang pagkapoot. Lahat ng ito ay mga likas na bunga ng kasalanan at paglabag.

Sa kabilang dako, kapag sinunod natin ang batas ng kalinisang-puri at nanatiling malinis ang ating dangal, mararanasan natin ang mga pagpapala ng ibayong pagmamahal at kapayapaan, mas malaking tiwala at paggalang sa ating asawa, higit na katapatan sa isa't isa, at sa gayon ay magkakaroon tayo ng matindi at malaking galak at kaligayahan.[36]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sinabi ni Pangulong Benson na ang pamantayan ng Panginoon sa kadalisayan ng puri ay "malinaw at maliwanag" (bahagi 1). Paano naiiba ang pamantayang ito sa mga mensahe ng mundo?

- Ano ang ilan sa mga bunga ng paglabag sa batas ng kalinisang-puri? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa bahagi 2.)
- Ano ang ilang partikular na mga bagay na magagawa natin para mapangalagaan ang ating sarili at ating pamilya mula sa tuksong seksuwal? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa bahagi 3.)
- Repasuhin ang payo ni Pangulong Benson sa mga taong nakagawa ng "mabigat na kasalanan" (bahagi 4). Ano ang naiisip at nadarama ninyo kapag pinagninilayan ninyo ang pangako ng Panginoon na hayaang "makabalik sa lubos na pagtanggap" ang mga nagsisi?
- Sa palagay ninyo bakit mahalaga para sa mga magulang na "bigyan ng malilinaw na tagubilin ang kanilang mga anak tungkol sa kalinisang-puri habang bata pa sila"? Paano naiimpluwensyahan ng katapatan ng mga magulang sa isa't isa ang damdamin ng kanilang mga anak tungkol sa pag-aasawa at batas ng kalinisang-puri? (Tingnan sa bahagi 5.)
- Ano ang ilang "masasayang bunga" ng pagsunod sa batas ng kalinisang-puri? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa bahagi 6.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Genesis 39:7–21; I Mga Taga Corinto 6:18–20; Mga Taga Galacia 5:16; Alma 38:12; 39:3–5; 3 Nephi 12:27–30; D at T 42:22–25


*Tulong sa Pagtuturo*

"Hikayatin ang inyong mga tinuturuan na dumating sa klase na handa upang matuto at makilahok sa klase. Kapag ang bawat isa ay nagsisikap na matutuhan ang ebanghelyo, sila ay malamang na makatulong sa kapaligiran ng pagkatuto habang nagkaklase" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 100).

## *Mga Tala*

1. "The Law of Chastity," *New Era,* Ene. 1988, 4.
2. "To 'the Rising Generation,'" *New Era,* Hunyo 1986, 6.
3. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 285.
4. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 282–83.
5. "The Law of Chastity," 4.
6. "To 'the Rising Generation,'" 5–6.
7. "The Law of Chastity," 4.
8. Sa Conference Report, Okt. 1964, 59.
9. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 281.
10. "Cleansing the Inner Vessel," *Ensign,* Mayo 1986, 4; ang pahayag ni Joseph Smith ay binanggit sa Brigham Young, "Instructions to Missionaries," *Deseret News,* Hunyo 13, 1860, 113.
11. Sa Conference Report, Okt. 1964, 59.

12. "Your Charge: To Increase in Wisdom and Favor with God and Man," *New Era,* Set. 1979, 43.
13. Sa Conference Report, Okt. 1959, 113.
14. Sa Conference Report, Abr. 1949, 196.
15. *This Nation Shall Endure* (1977), 97.
16. "The Law of Chastity," 4–5.
17. "The Law of Chastity," 6.
18. "The Law of Chastity," 6.
19. Sa Conference Report, Okt. 1964, 60.
20. "To the 'Youth of the Noble Birthright,'" *Ensign,* Mayo 1986, 45; tingnan din sa "To the Young Women of the Church," *Ensign,* Nob. 1986, 81.
21. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 285.
22. "The Law of Chastity," 6.
23. Sa Conference Report, Okt. 1964, 60.
24. "The Law of Chastity," 6.
25. "The Law of Chastity," 6.
26. "To the Young Women of the Church," *Ensign,* Nob. 1986, 83.
27. Sa Conference Report, Okt. 1964, 60.
28. "The Law of Chastity," 6.
29. "The Law of Chastity," 7.
30. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 284.
31. Sa Conference Report, Okt. 1964, 59.
32. Sa Conference Report, Abr. 1949, 197, 198.
33. "The Law of Chastity," 7.
34. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 278.
35. "Your Charge: To Increase in Wisdom and Favor with God and Man," 43.
36. "The Law of Chastity," 5.



*Ang Tagapagligtas, na may "maamo at mapagpakumbabang puso" (Mateo 11:29), ang ating dakilang halimbawa ng pagpapakumbaba.*

# Mag-ingat sa Kapalaluan

*"Ang kapalaluan ay kasalanan ng buong sansinukob, ang napakasamang pag-uugali. Ang lunas sa kapalaluan ay pagpapakumbaba."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Sa kanyang unang mensahe sa pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan, itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson ang mga kaibhan ng kapalaluan sa pagpapakumbaba:

"Ang kapalaluan ay kawalang-paggalang sa Diyos at hindi pagpapahalaga sa tama. Hindi ito makatingin nang tuwid sa tao at nakikipagtalo kung sino ang tama. . . .

"Ang kapalaluan ay nakikilala sa pagsasabing 'Ano ang gusto ko sa buhay?' sa halip na 'Ano ang gustong ipagawa sa akin ng Diyos sa buhay ko?' Ito ay sariling kalooban laban sa kalooban ng Diyos. Ito ay takot sa tao kaysa takot sa Diyos.

"Ang pagpapakumbaba ay tumutugon sa kalooban ng Diyos—sa takot sa Kanyang mga paghatol at sa mga pangangailangan ng mga tao sa ating paligid. Sa mga palalo, hangad nila ang papuri ng sanlibutan; sa mapagpakumbaba, papuri ng langit ang nagpapasigla sa kanilang puso."[1]

Ang mga turong ito ay pamilyar sa kalalakihang naglingkod na kasama ni Pangulong Benson sa Korum ng Labindalawang Apostol. Alam nila na bilang Pangulo ng kanilang korum, hindi niya inisip kailanman ang sarili niyang mga pananaw—tanging ang malaman at masunod ang kalooban ng Diyos. Ikinuwento ni Pangulong Boyd K. Packer, na kalaunan ay naglingkod bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa, ang paraan ni Pangulong Benson sa pagtalakay sa mga miting ng korum: "Puwede kang hindi sumang-ayon kay Pangulong Benson nang hindi nag-aalala na iisipin niyang

kinakalaban mo siya. Buung-buo naming tinalakay ang mga bagay-bagay nang hindi inaalala kung ano ang opinyon niya."[2] Sinabi ni Elder Russell M. Nelson, na naglingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol nang dalawang taon sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong Benson: "Sa anumang bagay, kahit hindi niya opinyon, isang pamantayan lang ang ginagamit si Pangulong Benson—Ano ang pinakamabuti para sa kaharian? Kung kailangang gawin ang ilang bagay nang taliwas sa kanyang paraan, gagawin niya ito. Ang hangad lamang niya ay ang pinakamabuti para sa kaharian."[3]

Bilang lider ng pamahalaan, masigasig din si Pangulong Benson na gawin ang pinakamainam para sa kaharian ng Diyos. Nang maglingkod siya bilang kalihim ng agrikultura sa Estados Unidos, tumanggap siya ng maraming "papuri ng sanlibutan,"[4] pati na ng matinding pambabatikos. Hindi siya nagpaapekto sa kanyang mga narinig. Sa halip, sinunod niya ang mga paalalang madalas ibigay ng kanyang asawang si Flora: "Huwag mong alalahanin ang opinyon ng tao tungkol sa iyo basta't ginagawa mo ang tama sa harap ng Panginoon."[5] Kuntento sa tahimik na "papuri ng langit,"[6] hinangad niyang laging sundin ang kalooban ng Diyos.

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

**1**

### Binalaan na tayo ng Panginoon na mag-ingat sa kapalaluan.

Sinasabi sa atin sa Doktrina at mga Tipan na ang Aklat ni Mormon ay "tala ng mga taong nahulog." (D at T 20:9.) Bakit sila nahulog? Ito ang isa sa mahahalagang mensahe ng Aklat ni Mormon. Ibinigay ni Mormon ang sagot sa mga huling kabanata ng aklat sa mga salitang ito: "Masdan, ang kapalaluan ng bansang ito, o ng mga tao ng mga Nephita, ang magpapatunay sa kanilang pagkalipol." (Moro. 8:27.) Pagkatapos, para maunawaan natin ang napakahalagang mensahe ng Aklat ni Mormon mula sa mga taong iyon na nahulog, binalaan tayo ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan, "Mag-ingat sa kapalaluan, at baka kayo ay maging katulad ng mga Nephita noong sinauna." (D at T 38:39.)

Taos kong hinahangad ang inyong pananampalataya at mga panalangin habang sinisikap kong ipaliwanag ang mensaheng ito ng Aklat ni Mormon—ang kasalanan ng kapalaluan. Ang mensaheng ito ay matagal nang bumabagabag sa aking kaluluwa. Alam kong nais ng Panginoon na iparating ang mensaheng ito ngayon.

Sa kapulungan sa langit bago tayo isinilang, kapalaluan ang nagpabagsak kay Lucifer, na "anak ng umaga." (2 Ne. 24:12–15; tingnan din sa D at T 76:25–27; Moises 4:3.) Sa katapusan ng mundong ito, kapag nalinis na ng Diyos ng apoy ang mundo, ang palalo ay susunugin na parang dayami at mamanahin ng maaamo ang lupa. (Tingnan sa 3 Ne. 12:5; 25:1; D at T 29:9; JS—K 1:37; Mal. 4:1.)

Tatlong beses ginamit ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan ang mga katagang "mag-ingat sa kapalaluan," pati na ang babala sa pangalawang elder ng Simbahan, si Oliver Cowdery, at kay Emma Smith, ang asawa ng Propeta. (D at T 23:1; tingnan din sa 25:14; 38:39.)[7]

2

## Ang pangunahing tanda ng kapalaluan ay pagkapoot sa Diyos at sa ating kapwa.

Maling-mali ang pagkaunawa sa kasalanan ng kapalaluan, at marami ang nagkakasala nang walang kamalay-malay. (Tingnan sa Mosias 3:11; 3 Ne. 6:18.) Sa mga banal na kasulatan walang nakasulat na matwid na kapalaluan—lagi itong itinuturing na kasalanan. Kung gayon, paano man gamitin ng mundo ang katagang ito, kailangan nating maunawaan kung paano ginagamit ng Diyos ang katagang ito upang maunawaan natin ang pananalita ng banal na kasulatan at makinabang tayo rito. (Tingnan sa 2 Ne. 4:15; Mosias 1:3–7; Alma 5:61.)

Iniisip ng karamihan sa atin na ang kapalaluan ay pagkamakasarili, pagmamagaling, pagyayabang, pagmamataas, o pagmamalaki. Lahat ng ito ay mga sangkap ng kasalanan, ngunit ang sentro, o buod, ay wala pa rito.

Ang pinakatanda ng kapalaluan ay pagkapoot—pagkapoot sa Diyos at sa ating kapwa. Ang kahulugan ng *pagkapoot* ay "pagkamuhi, pagiging masungit, o pagsalungat." Ito ang kapangyarihang hangad ni Satanas para mapagharian tayo.

Ang kapalaluan ay talagang likas na pakikipagkumpitensya. Sinasalungat natin ang kalooban ng Diyos. Kapag nagmamataas tayo sa Diyos, iyon ay dahil sa ugaling "ang aking kalooban ang masusunod at hindi ang inyo." Tulad ng sabi ni Pablo, "pinagsisikapan nilang lahat ang sa kanilang sarili, hindi ang mga bagay ni Jesucristo." (Fil. 2:21.)

Kapag sinalungat natin ang kalooban ng Diyos, hindi natin mapipigil ang ating mga pagnanasa, gana, at silakbo ng damdamin. (Tingnan sa Alma 38:12; 3 Ne. 12:30.)

Hindi matatanggap ng palalo ang awtoridad ng Diyos na papatnubay sa kanilang buhay. (Tingnan sa Hel. 12:6.) Iginigiit nila ang pagkaunawa nila sa katotohanan laban sa dakilang kaalaman ng Diyos, ang kanilang mga kakayahan laban sa kapangyarihan ng priesthood ng Diyos, ang kanilang mga nagawa laban sa Kanyang mga makapangyarihang gawa.

Maraming tawag sa ating pagkapoot sa Diyos, tulad ng paghihimagsik, katigasan ng puso, katigasan ng ulo (o leeg), kawalan ng pagsisisi, pagmamalaki, paghihinanakit, at paghahanap ng mga palatandaan. Nais ng mga palalo na sumang-ayon sa kanila ang Diyos. Ayaw nilang baguhin ang kanilang mga opinyon para umayon ito sa Diyos.

Isa pang malaking bahagi ng laganap na kasalanang ito ng kapalaluan ang pagkapoot sa ating kapwa. Natutukso tayo araw-araw na mas iangat ang ating sarili kaysa sa iba at hamakin sila. (Tingnan sa Hel. 6:17; D at T 58:41.)

Nagiging kaaway ng palalo ang lahat ng tao sa pamamagitan ng paggigiit ng kanilang talino, opinyon, trabaho, yaman, talento, o iba pang panukat ng mundo laban sa ibang tao. Sa mga salita ni C. S. Lewis: "Ang kapalaluan ay hindi nasisiyahan sa pagkakamit ng isang bagay kundi sa pagkakaroon ng mas marami nito kaysa sa iba. . . . Pagkukumpara ang dahilan kaya ka nagmamalaki: ang kasiyahan ng pagiging angat mo kaysa sa iba. Kapag wala nang pakikipagkumpitensya, wala nang kapalaluan." (*Mere Christianity,* New York: Macmillan, 1952, mga pahina 109–10.)

Sa kapulungan sa langit bago tayo isinilang, nagmungkahi si Lucifer para kumpitensyahin ang plano ng Ama na sinunod ni



*Ang kapalaluan ni Haring Noe ay humantong sa kamatayan ni Abinadi at sa sarili niyang kamatayan.*

Jesucristo. (Tingnan sa Moises 4:1–3.) Hinangad niyang mas mapuri siya kaysa sa iba. (Tingnan sa 2 Ne. 24:13.) Sa madaling salita, ang kanyang palalong hangarin ay agawan ng trono ang Diyos. (Tingnan sa D at T 29:36; 76:28.)

Laganap ang katibayan sa mga banal na kasulatan tungkol sa masasamang bunga ng kapalaluan sa mga tao, grupo, lungsod, at bansa. "Ang kapalaluan ay nauuna sa kapahamakan." (Kaw. 16:18.) Winasak nito ang bansang Nephita at ang lungsod ng Sodoma. (Tingnan sa Moro. 8:27; Ezek. 16:49–50.)[8]

3

## Ang palalo ay mas takot sa paghatol ng tao kaysa paghatol ng Diyos.

Kapalaluan ang nagpako kay Cristo sa krus. Labis na napoot ang mga Fariseo dahil sinabi ni Jesus na Siya ang Anak ng Diyos, na

isang banta sa kanilang katungkulan, kaya't nagplano silang patayin Siya. (Tingnan sa Juan 11:53.)

Naging kaaway ni David si Saul dahil sa kapalaluan. Nagselos siya dahil inawit ng kababaihang Israelita na "Pinatay ni Saul ang kaniyang libolibo, at ni David ang kaniyang laksa-laksa." (1 Sam. 18:6–8.)

Ang palalo ay mas takot sa paghatol ng tao kaysa paghatol ng Diyos. (Tingnan sa D at T 3:6–7; 30:1–2; 60:2.) Ang "Ano ang iisipin ng mga tao tungkol sa akin?" ay mas pinahahalagahan nila kaysa sa "Ano ang iisipin ng Diyos tungkol sa akin?"

Palalayain na sana ni Haring Noe ang propetang si Abinadi, ngunit dahil sa kanyang kapalaluan ay nagpasulsol siya sa kanyang masasamang saserdote na ipasunog si Abinadi. (Tingnan sa Mosias 17:11–12.) Nalungkot si Herodes sa hiling ng kanyang asawa na pugutan ng ulo si Juan Bautista. Ngunit dahil sa kanyang palalong hangarin na maging maganda ang tingin sa kanya ng "nangakaupong kasalo niya sa dulang" ay ipinapatay niya si Juan. (Mat. 14:9; tingnan din sa Marcos 6:26.)

Ang takot sa paghatol ng tao ay nakikita mismo sa pakikipagkumpitensya para sa papuri ng mga tao. Higit na mahal ng palalo "ang kaluwalhatian sa mga tao kay sa kaluwalhatian sa Dios." (Juan 12:42–43.) Sa mga motibo natin sa ating mga ginagawa nakikita ang kasalanan. Sinabi ni Jesus na ginawa Niya "lagi ang mga bagay" na nagpalugod sa Diyos. (Juan 8:29.) Hindi ba mas makabubuti na hangarin nating malugod sa atin ang Diyos kaysa tangkaing mas umangat ang ating sarili kaysa sa ating kapatid at higitan ang iba?

Hindi gaanong nag-aalala ang ilang palalong tao kung natutugunan ng suweldo nila ang kanilang mga pangangailangan basta't mas malaki ang suweldo nila kaysa iba. Ang kanilang gantimpala ay ang nahigitan nila ang iba. Ito ang pagkapoot na lakip ng kapalaluan.

Kapag naimpluwensyahan ng kapalaluan ang ating puso, nawawalan tayo ng kalayaan sa mundo at nagpapaalipin tayo sa paghatol ng mga tao. Mas malakas ang sigaw ng mundo kaysa mga pagbulong ng Espiritu Santo. Binabalewala ng pangangatwiran ng mga tao ang mga paghahayag ng Diyos, at bumibitiw ang palalo sa gabay na bakal. (Tingnan sa 1 Ne. 8:19–28; 11:25; 15:23–24.)[9]

## 4

**Ang kapalaluan ay nakikita sa maraming paraan.**

Ang kapalaluan ay isang kasalanang madaling makita sa iba ngunit bihirang aminin sa ating sarili. Itinuturing ng karamihan sa atin ang kapalaluan na pagkakasala ng mga taong angat sa buhay, tulad ng mayayaman at nakapag-aral, na humahamak sa atin. (Tingnan sa 2 Ne. 9:42.) Gayunman, may isang mas karaniwang problema sa atin—at iyon ay ang kapalaluan mula sa ibaba na nakatingin sa itaas. Nakikita ito sa napakaraming paraan, tulad ng paghahanap ng mali, pagtsitsismis, paninirang-puri, pagbubulung-bulong, pamumuhay nang higit pa sa ating kinikita, inggit, pag-iimbot, hindi pasasalamat at pagbibigay ng papuri na maaaring magpasigla sa iba, at hindi pagpapatawad at pagseselos.

Ang pagsuway ay palalong pakikipagtalo sa isang taong nakasasakop sa atin. Maaaring ito ay sa isang magulang, lider ng priesthood, guro, o maging sa Diyos. Ang taong palalo ay namumuhi sa katotohanan na may nakahihigit sa kanya. Iniisip niya na nakakahamak ito sa kanyang katayuan.

Ang kasakiman ay isa sa mas karaniwang mga anyo ng kapalaluan. "Kung paano ako naaapektuhan ng lahat ng bagay" ang pinakamahalaga sa lahat—pagpapahalaga sa sarili, awa sa sarili, sariling tagumpay sa mga bagay na makamundo, pagbibigay-kasiyahan sa sarili, at pagiging maramot.

Ang kapalaluan ay nauuwi sa mga lihim na pagsasabwatan na binubuo upang magkaroon ng kapangyarihan, makinabang, at papurihan ng mundo. (Tingnan sa Hel. 7:5; Eter 8:9, 16, 22–23; Moises 5:31.) Ang bungang ito ng kapalaluan, na tinatawag na lihim na pagsasabwatan, ang nagpabagsak sa mga Jaredita at Nephita at naging at magiging dahilan ng pagbagsak ng maraming bansa. (Tingnan sa Eter 8:18–25.)

Isa pang anyo ng kapalaluan ang pagtatalo. Ang mga argumento, awayan, di-makatwirang pamamahala, di-pagkakaunawaan ng magkaibang henerasyon, diborsyo, pang-aabuso sa asawa, kaguluhan, at kaligaligan ay pawang nasa kategoryang ito ng kapalaluan.

Ang pagtatalo sa ating pamilya ay nagtataboy sa Espiritu ng Panginoon. Itinataboy rin nito ang marami sa mga miyembro ng ating



*Ang pagpapakumbaba ay naghahatid ng pagkakaisa at katatagan sa pagsasama ng mga mag-asawa at mga pamilya.*

pamilya. Ang pagtatalo ay maaaring magmula sa masasakit na salita hanggang sa di-pagkakasundo ng mga bansa sa buong mundo. Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na "sa kapalaluan, ang dumarating ay pagtatalo lamang." (Kawikaan 13:10; tingnan din sa Kawikaan 28:25.)

Pinatutunayan sa mga banal na kasulatan na ang mga palalo ay madaling masaktan at nagtatanim ng sama-ng-loob. (Tingnan sa 1 Ne. 16:1–3.) Ayaw nilang magpatawad para magkaroon ng utang-na-loob sa kanila ang iba at mapangatwiranan ang nasaktan nilang damdamin.

Ang mga palalo ay hindi madaling payuhan o iwasto. (Tingnan sa Kawikaan 15:10; Amos 5:10.) Ipinagtatanggol nila ang kanilang sarili para pangatwiranan at bigyang-dahilan ang kanilang mga kahinaan at pagkukulang. (Tingnan sa Mat. 3:9; Juan 6:30–59.)

Umaasa ang palalo na sabihin sa kanila ng mundo kung sila ay may halaga o wala. Ang pagpapahalaga nila sa sarili ay nakabatay sa paghatol ng iba kung gaano sila katagumpay sa mundo. Nadarama

nila na makabuluhan sila kung maraming tao silang nahigitan sa tagumpay, talento, kagandahan, o katalinuhan. Hindi maganda ang kapalaluan. Sinasabi nitong, "Kung magtatagumpay ka, bigo ako."

Kung mahal natin ang Diyos, ginagawa natin ang Kanyang kalooban, at natatakot tayo sa Kanyang paghatol nang higit kaysa sa paghatol ng tao, magkakaroon tayo ng pagpapahalaga sa ating sarili.[10]

5

## Nililimita o pinipigil ng kapalaluan ang pag-unlad.

Ang kapalaluan ay nakapipinsalang kasalanan sa tunay na kahulugan ng salitang iyan. Nililimita o pinipigil nito ang pag-unlad. (Tingnan sa Alma 12:10–11.) Ang palalo ay hindi madaling turuan. (Tingnan sa 1 Ne. 15:3, 7–11.) Hindi sila magbabago ng isip para tumanggap ng mga katotohanan, dahil ang paggawa niyon ay pagamin na mali sila.

Masama ang epekto ng kapalaluan sa lahat ng ating pakikipagugnayan—sa kaugnayan natin sa Diyos at sa Kanyang mga lingkod, sa pagitan ng mag-asawa, magulang at anak, amo at empleyado, guro at estudyante, at buong sangkatauhan. Ang tindi ng ating kapalaluan ay nakikita sa pakikitungo natin sa ating Diyos at mga kapatid. Nais ni Cristo na isama tayo sa Kanyang kinaroroonan. Hinahangad ba nating gawin din iyon sa iba?

Sa kapalaluan ay naglalaho ang damdamin natin na tayo ay anak ng Diyos at na magkakapatid tayo. Pinaghihiwalay at winawatakwatak tayo nito ayon sa ating "mga katayuan sa buhay," "yaman" at "mga pagkakataong matuto." (3 Ne. 6:12.) Imposibleng magkaisa ang mga palalong tao, at kung hindi tayo magkakaisa hindi tayo sa Panginoon. (Tingnan sa Mosias 18:21; D at T 38:27; 105:2–4; Moises 7:18.)

Isipin ang idinulot sa atin ng kapalaluan noong una at kung ano ang idinudulot nito ngayon sa sarili nating buhay, sa ating pamilya, at sa Simbahan.

Isipin ang pagsisising maaaring magpabago ng buhay, magpanatili sa pagsasama ng mag-asawa, at magpatatag ng mga tahanan, kung hindi tayo hinadlangan ng kapalaluan na ipagtapat ang ating mga kasalanan at talikuran ang mga ito. (Tingnan sa D at T 58:43.)

Isipin ang maraming miyembrong di-gaanong aktibo sa Simbahan dahil sila ay nasaktan at sa kanilang kapalaluan ay hindi nagpatawad o lubos na nakibahagi sa hapag ng Panginoon.

Isipin ang libu-libo pang binata at mag-asawang maaaring magmisyon kung hindi lang sila hinahadlangan ng kapalaluan na isuko ang kanilang puso sa Diyos. (Tingnan sa Alma 10:6; Hel. 3:34–35.)

Isipin kung gaano mag-iibayo ang gawain sa templo kung mas pinahahalagahan ang oras na iniuukol sa banal na paglilingkod na ito kaysa sa maraming palalong hangaring umaagaw sa ating oras.[11]

6

**Ang lunas sa kapalaluan ay pagpapakumbaba.**

May epekto ang kapalaluan sa ating lahat sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang antas. Nauunawaan na ninyo ngayon kung bakit ang gusali sa panaginip ni Lehi na kumakatawan sa kapalaluan ng mundo ay malaki at maluwang at napakaraming pumapasok doon. (Tingnan sa 1 Ne. 8:26, 33; 11:35–36.)

Ang kapalaluan ay kasalanan ng buong sansinukob, ang napakasamang ugali. Oo, ang kapalaluan *ay* kasalanan ng buong sansinukob, ang napakasamang ugali.

Ang lunas sa kapalaluan ay pagpapakumbaba—kaamuan, pagkamasunurin. (Tingnan sa Alma 7:23.) Ito ang bagbag na puso at nagsisising espiritu. (Tingnan sa 3 Ne. 9:20; 12:19; D at T 20:37; 59:8; Mga Awit 34:18; Isa. 57:15; 66:2.) Tulad ng napakagandang pagkasabi ni Rudyard Kipling:

*Napawi na ang kaguluhan at sigawan;*
*Mga kapitan at hari'y nagsilisan.*
*Ngunit naroon pa rin ang sinaunang alay,*
*Isang pusong mapagpakumbaba at nagsisising tunay.*
*Panginoong Diyos ng mga Hukbo, sa ami'y manatili,*
*Baka makalimot, makalimot kami. . . .*

Ang Diyos ay magkakaroon ng mapagpakumbabang mga tao. Maaari nating piliing magpakumbaba o kaya'y piliting magpakumbaba tayo. Sinabi ni Alma, "Pinagpala sila na nagpapakumbaba ng kanilang sarili na hindi kailangang piliting magpakumbaba." (Alma 32:16.)

Piliin nating magpakumbaba.

Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagdaig sa pagkapoot sa ating mga kapatid, pagpapahalaga sa kanila na tulad sa ating sarili, at pag-aangat sa kanila nang kasingtaas o mas mataas pa sa atin. (Tingnan sa D at T 38:24; 81:5; 84:106.)

Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagtanggap ng payo at disiplina. (Tingnan sa Jacob 4:10; Hel. 15:3; D at T 63:55; 101:4–5; 108:1; 124:61, 84; 136:31; Kawikaan 9:8.)

Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagpapatawad sa mga nakasakit sa atin. (Tingnan sa 3 Ne. 13:11, 14; D at T 64:10.)

Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng taos-pusong paglilingkod. (Tingnan sa Mosias 2:16–17.)

Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagmimisyon at pangangaral ng salita na magpapakumbaba sa iba. (Tingnan sa Alma 4:19; 31:5; 48:20.)

Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagpunta sa templo nang mas madalas.

Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagtatapat ng ating mga kasalanan at pagtalikod sa mga ito at pagsilang sa Diyos. (Tingnan sa D at T 58:43; Mosias 27:25–26; Alma 5:7–14, 49.)

Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagmamahal sa Diyos, pagpapailalim ng ating kalooban sa Kanya, at pag-una sa Kanya sa ating buhay. (Tingnan sa 3 Ne. 11:11; 13:33; Moro. 10:32.)

Piliin nating magpakumbaba. Magagawa natin ito. Alam kong kaya natin.

Mahal kong mga kapatid, dapat tayong maghandang tubusin ang Sion. Tunay ngang kapalaluan ang humadlang sa atin sa pagtatatag ng Sion noong panahon ni Propetang Joseph Smith. Dahil din sa kasalanan ng kapalaluan kaya nagwakas ang lubos na paglalaan ng mga ari-arian at kabuhayan ng mga Nephita. (Tingnan sa 4 Nephi 1:24–25.)

Ang kapalaluan ay malaking hadlang sa Sion. Inuulit ko: Ang kapalaluan *ay* malaking hadlang sa Sion.

Dapat nating linisin ang loob ng sisidlan sa pamamagitan ng pagdaig sa kapalaluan. (Tingnan sa Alma 6:2–4; Mateo 23:25–26.)

Kailangan nating sundin ang mga "panghihikayat ng Banal na Espiritu,' hubarin ang palalong "likas na tao," maging "banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon," at maging "tulad ng isang bata, masunurin, maamo, mapagpakumbaba." (Mosias 3:19; tingnan din sa Alma 13:28.)

Nawa'y magawa natin ito at patuloy nating maisakatuparan ang ating banal na tadhana ang taimtim kong dalangin.[12]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Binigyang-diin ni Pangulong Benson na ang kapalaluan ang naging sanhi ng pagkalipol ng mga Nephita (tingnan sa bahagi 1.) Sa palagay ninyo bakit napakalakas ng mapanirang kapangyarihan ng kapalaluan?
- Sa paanong paraan maaaring "sinasalungat [ng mga tao] ang kalooban ng Diyos"? (Tingnan sa bahagi 2.) Ano ang ilang pagpapalang dumarating sa atin kapag sinusunod natin ang kalooban ng Diyos?
- Sa palagay ninyo bakit natin itinatanong kung minsan na "Ano ang iisipin ng ibang tao tungkol sa akin?" sa halip na "Ano ang iisipin ng Diyos tungkol sa akin?" (Tingnan sa bahagi 3.) Paano nagbabago ang ating buhay kapag ang pinakamalaking hangarin natin ay maging kalugud-lugod sa Diyos?
- Repasuhin ang mga tanda ng kapalaluan na nakatala sa bahagi 4. Paano natin maiiwasan ang mga tandang ito ng kapalaluan sa ating buhay?
- Sinabi ni Pangulong Benson, "Masama ang epekto ng kapalaluan sa lahat ng ating pakikipag-ugnayan"—sa Diyos at sa iba (bahagi 5). Bakit ito totoo? Sa anong mga paraan tumitibay ang ating mga kaugnayan kapag mapagpakumbaba tayo?
- Sa bahagi 6, naglista si Pangulong Benson ng mga paraan na mapipili nating magpakumbaba. Sa palagay ninyo bakit mas mabuti na piliing magpakumbaba kaysa piliting magpakumbaba?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mateo 23:12; Lucas 18:9–14; Santiago 4:6; Alma 5:27–28; D at T 112:10; 121:34–40

*Tulong sa Pag-aaral*

Para maihalintulad ang mga salita ng isang propeta sa inyong sarili, pag-isipan kung paano nauugnay sa inyo ang kanyang mga turo (tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 225). Isiping tanungin ang inyong sarili kung paano makakatulong ang mga turong iyon sa inyong mga problema, tanong, at pagsubok sa buhay.

## ***Mga Tala***

1. "Cleansing the Inner Vessel," *Ensign,* Mayo 1986, 6–7.
2. Boyd K. Packer, sa Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 429–30.
3. Russell M. Nelson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 430.
4. "Cleansing the Inner Vessel," 7.
5. Flora Amussen Benson, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 293.
6. "Cleansing the Inner Vessel," 7.
7. "Beware of Pride," *Ensign,* Mayo 1989, 4.
8. "Beware of Pride," 4–5.
9. "Beware of Pride," 5.
10. "Beware of Pride," 5–6.
11. "Beware of Pride," 6.
12. "Beware of Pride," 6–7; teksto ng himno para sa "God of Our Fathers, Known of Old" ni Rudyard Kipling sa *Hymns,* blg. 80.



*Si Pangulong Ezra Taft Benson at ang kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan: sina Pangulong Gordon B. Hinckley (kaliwa) at Pangulong Thomas S. Monson (kanan)*

# Pamumuno

*"Kung nais ninyong maging pinuno ng Simbahan, ng [inyong] bansa, at ng sarili ninyong tahanan, kailangang maging matatag ang inyong pananampalataya, na di-natitinag sa harap ng kasamaan."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Nagsimulang matutong mamuno si Ezra Taft Benson noong kabataan niya. Noong siya ay halos 13 taong gulang, natawag na magmisyon ang kanyang ama. Bilang panganay na anak sa pamilya, inako niya ang maraming responsibilidad sa pamumuno sa bukirin ng pamilya habang wala ang kanyang ama. Pagkaraan ng ilang taon, nang tawagin siya sa British Mission, naglingkod siya bilang branch president at bilang president ng Newcastle Conference (kahalintulad ng district ngayon). Kalaunan, naglingkod siya sa tatlong stake presidency—minsang naging counselor, minsang naging stake president sa loob ng maikling panahon, at minsang naging stake president nang mahaba-habang panahon. Sa kanyang propesyon, naglingkod siya sa maraming katungkulan sa pamumuno sa industriya ng agrikultura. Dahil naging lider siya at eksperto sa larangan ng agrikultura, pinakiusapan siya ni Pangulong Dwight D. Eisenhower na maglingkod sa pinakamataas na katungkulan sa agrikultura sa Estados Unidos. Walong taon siyang nakipagtulungan kay Pangulong Eisenhower bilang kalihim ng agrikultura ng Estados Unidos.

Bago naging Pangulo ng Simbahan, naglingkod si Pangulong Benson nang 12 taon bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. Malaki ang paggalang sa kanya ng mga miyembro ng korum bilang kanilang lider. Si Elder Bruce R. McConkie ay "madalas magsabi sa mga miyembro ng pamilya na wala siyang nakita

kailanman na nakapantay sa kahusayan ni Pangulong Benson sa pamamahala sa Simbahan."[1]

Sa pamumuno sa Labindalawa, hinikayat ni Pangulong Benson ang mga miyembro ng korum na tahasang ipahayag ang kanilang mga ideya, kahit iba ang kanyang opinyon. Noong si Elder Russell M. Nelson ay bagong miyembro ng korum, naisip niya na marahil ay hindi siya dapat magbigay ng kanyang opinyon. "Ngunit ayaw [ni Pangulong Benson] ng ganoon," sabi niya. "Katunayan, kung wala akong imik tungkol sa isang bagay hinihikayat niya akong magsalita."[2]

Bagama't humingi ng opinyon si Pangulong Benson sa lahat, hindi niya hinayaang mapalayo sa paksa ang mga talakayan. Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter na "alam [niya] kung paano magpasimula ng hayagan at prangkahang talakayan mula sa Mga Kapatid at pamahalaan at kontrolin ito at magkaisa ang desisyon ng lahat."[3] Kapag "nadama niya na sapat na ang natalakay nila, karaniwa'y sinasabi niyang, 'Palagay ko sapat na ang natalakay natin. Magkaisa na tayo,' at humahantong ito sa kanilang pagpapasiya."[4]

May malasakit noon si Pangulong Benson sa kanyang mga pinamunuan, at nagturo siya sa pamamagitan ng halimbawa. "Wala akong ibang kilala na mas maunawain sa kanyang mga kasamahan o mas mapagmalasakit sa kanilang kapakanan," sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley. "Hindi niya ipinagagawa sa iba ang ayaw niyang gawin mismo, sa halip ay nagpapakita siya ng halimbawa ng paglilingkod na tutularan ng iba."[5] Si Pangulong Benson ay mahusay rin sa pagtatalaga ng gawain sa iba, pagtuturo at pagpapatatag sa kanila sa pamamagitan ng prosesong iyan.

Nang sang-ayunan si Pangulong Benson sa pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan, ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang kanyang paniniwala na napili at naihanda ng Panginoon si Pangulong Benson na mamuno sa Simbahan:

"Nagpapatotoo ako sa inyo na ang Panginoon ang pumili kay Ezra Taft Benson na maging miyembro ng Kapulungan ng Labindalawa halos apatnapu't tatlong taon na ang nakararaan. Ang Panginoon ang sumubok at nagdisiplina sa kanya, nagturo at naghanda sa kanya sa nagdaang mga taon. . . .

"Bilang isang taong nakakakilala sa kanya at nakasama niya, pinatototohanan ko na siya ay may pananampalataya, subok na sa pamumuno, may malaking pagmamahal sa Panginoon at sa Kanyang gawain, may pagmamahal sa mga anak na lalaki at babae ng Diyos sa lahat ng dako. Siya ay isang taong subok na ang kakayahan."[6]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

### Ang mahuhusay na lider ay matatag ang pananampalataya at nagpapakita ng mabuting halimbawa.

Ang bisa ng pamumuno ni Cristo ay nagmula sa pagsubok na tularan ang Kanyang halimbawa. Ang malinaw na panawagan ay, "Pumarito ka, sumunod ka sa akin!" . . . Ang Kanyang [pagtatagumpay na makamit] ang katapatan at pagmamahal ng mga tao sa mga alituntunin ng kabutihan ay nakabatay sa pagmamahal na siyang labis na umantig sa kanila. Tinulungan Niya tayong matanto na ang mga banal na katangiang nasa bawat isa sa atin na naghihintay na maipahayag ay maaaring magkatotoo. Ang Kanyang halimbawa ang nananatiling malaking pag-asa at lakas ng sangkatauhan.[7]

Kung nais ninyong maging pinuno ng Simbahan, ng [inyong] bansa, at ng sarili ninyong tahanan, kailangang maging matatag ang inyong pananampalataya, na di-natitinag sa harap ng kasamaan, at tulad ng sabi ni Pablo, "Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo. Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan." (Mga Taga Efeso 6:11–12.)[8]

Kailangan ng ating mga kabataan ng mas kaunting pagpuna at mas maraming huwaran. Kayo ang mga huwarang tutularan nila sa buhay na kanilang masusunod at makakapitan. Kakailanganin nila ng inspirasyon na darating sa inyo habang lubos ninyong ipinamumuhay ang mga turo ng ebanghelyo.[9]

## 2

**Tumutugon ang mga tao sa mahusay na pamumuno.**

*Pagpapakumbaba*

Isa sa mga tanda ng mahusay na pamumuno noon pa man at magpakailanman ang pagpapakumbaba.[10]

*Espirituwal na lakas*

Ang espirituwal na lakas ay naghihikayat ng positibong pag-iisip, mga hangarin, gawi, saloobin, at pagsisikap. Ito ang mga katangiang nagtataguyod ng karunungan, kalusugan ng katawan at isipan, at masayang pagtanggap at pagtugon ng iba.[11]

Mabubuting tao lamang ang may kakayahang magpasigla at maghikayat sa isa't isa sa higit na paglilingkod, tagumpay, at kalakasan.[12]

Mahalaga ang inspirasyon sa wastong pamumuno. . . . Dapat tayong magkaroon ng inspirasyon nagtuturo man tayo (D at T 50:13–14) o nangangasiwa sa mga gawain ng kaharian (D at T 46:2).[13]

Walang makahahalili sa Espiritu.[14]

*Kaalaman*

Ang tunay na lider ay nagsisikap na makaalam nang husto. Isa siyang taong kumikilos ayon sa alituntunin sa halip na kumilos ayon sa kapakinabangan. Sinisikap niyang matuto mula sa lahat ng karanasan ng tao batay sa inihayag na mga alituntunin ng karunungan ng Diyos.[15]

Ang isa sa pinakamabubuting paraan para maunawaan ng mga pinuno ang mga tamang alituntunin ay magkaroon ng lubos na kaalaman at pang-unawa tungkol sa mga banal na kasulatan at angkop na hanbuk. Karamihan sa mga sitwasyon ay nangyari na noon, marahil maraming beses na, at ang tuntunin at pamamaraan ay natukoy na para malutas ang problema. Samakatwid, laging makabubuting sumangguni at maging pamilyar sa nakasulat na mga tagubilin at tuntunin ng Simbahan tungkol sa mga katanungang maaaring dumating.[16]



*"Ang pagmamahal sa tao ay mahalaga sa mahusay na pamumuno."*

Pinapayuhan ang mga lider na pag-aralan ang mga doktrina ng Simbahan para sapat nilang maituro ang ating mga doktrina sa iba. Sabi nga ni Apostol Pablo, inaasahan namin kayong maging "manggagawang walang anomang ikahihiya" (II Kay Timoteo 2:15).[17]

## *Katapatan*

Ang isang mabuting lider ay umaasa sa katapatan ng iba. Sinusuklian niya ito ng kanyang katapatan. Tinutulungan niya ang mga taong binigyan niya ng gawain. Ang katapatan ay hindi lamang dahil sa tawag ng tungkulin. Siya ay tapat kapag naparangalan ang kanyang mga pinaglilingkuran. Ipinagmamalaki niya ang kanilang tagumpay. Hindi niya pinawawalang-saysay ang desisyon ng isang tao nang hindi niya ito ipinaaalam sa taong iyon. Hindi niya hinihiya ang isang kasamahan sa harap ng iba. Siya ay prangka at hayagang magsalita sa tao.[18]

## *Pagkakaisa*

Mayroong "pagkakaisang hinihingi ng batas ng kahariang selestiyal; At ang Sion ay hindi maitatayo kung hindi ito ayon sa mga alituntunin ng batas ng kahariang selestiyal." (D at T 105:4–5.) Kabilang sa hinihinging mga alituntunin at katangian ang pagkakaisa ng

puso't isipan. "Sinasabi ko sa inyo, maging isa; at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin," ang utos ng Tagapagligtas sa Kanyang Simbahan sa makabagong panahon (D at T 38:27; Juan 17:20–23). Mas mahalaga ang kahilingang ito sa mga taong tinawag Niyang mangulo sa Kanyang buong kaharian.[19]

### *Pagmamahal at pagpapakita ng tiwala*

Ang pagmamahal sa tao ay mahalaga sa mahusay na pamumuno. Mahal ba ninyo ang mga kasama ninyo sa gawain? Nauunawaan ba ninyo na napakahalaga ng mga kaluluwa sa paningin ng Diyos (tingnan sa D at T 18:10)? May tiwala ba kayo sa mga kabataan? Pinupuri ba ninyo ang mabubuti nilang ugali, ang kanilang mga tagumpay? O pinipintasan ninyo sila dahil sa kanilang mga pagkakamali?[20]

Kadalasan, mas mahirap tiisin ang pananahimik ng ating lider tungkol sa gawaing iniatas sa atin kaysa kanyang pamimintas. Ang maiikling komento o sulat, na tapat at malinaw, ay lubhang makahihikayat sa atin.[21]

Alam namin. . .na ang oras na iniuukol ng isang lider sa personal na pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ay mas kapaki-pakinabang kaysa oras na iniukol sa mga miting at tungkuling administratibo. Personal na pakikipag-ugnayan ang susi sa pagbabalik ng di-aktibong miyembro.[22]

Sa Simbahan lalo na, mas maganda ang mga bunga ng pagtatanong kaysa pag-uutos—mas maganda rin ito sa pakiramdam. Alalahaning sabihin kung bakit. Mag-follow up o sumubaybay upang malaman ang nangyayari. Magpakita ng pasasalamat kapag mahusay na nasunod ng mga tao ang inyong mga tagubilin. Magpakita ng tiwala kapag magagawa ito nang buong katapatan. Kapag hindi maganda ang nangyari, makabubuting tingnan ang nangyari at alamin kung saan kayo nagkamali—at huwag matakot na aminin ito. Tandaan, ang ating mga tao ay boluntaryo at kusang gumagawa. Mahal din nila ang Panginoon at ang Kanyang gawain. Mahalin sila. Pahalagahan sila. Kapag natutukso kang pagalitan ang kasama mo sa gawain, huwag gawin ito. Sa halip ay tanggapin ang mungkahing tapikin sila sa balikat bilang pagsuporta. Ang mga anak ng ating



*Sa Kanyang mortal na paglilingkod, nagkaloob ng awtoridad si Jesucristo sa Kanyang Labindalawang Apostol.*

Ama sa buong mundo ay tunay na mababait. Mahal Niya sila. Dapat din natin silang mahalin.[23]

Ayaw ng mga tao na pilitin silang gawin ang anumang bagay, kahit ito ay para sa sarili nilang kabutihan. Ngunit tumutugon ang mga tao sa mahusay na pamumuno.[24]

3

## Ang mahuhusay na lider ay nagtatalaga ng gawain nang may katalinuhan.

### *Ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagtatalaga ng gawain*

Ang mismong pundasyon ng mundo ay inilatag sa pamamagitan ng ipinagkaloob na awtoridad. Maraming beses na ipinaalala ni Jesus sa mga tao na ang Kanyang misyon sa lupa ay ibinigay sa pamamagitan ng ipinagkaloob na awtoridad. Ang panunumbalik ng Kanyang Simbahan ay nagsimula sa ipinagkaloob na awtoridad.

Nang magsalita si Jesus sa mga Judio sa sinagoga, sinabi ni Jesus sa kanila na Siya ay isinugo ng Kanyang Ama: “Sapagka’t bumaba

akong mula sa langit, hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin" (Juan 6:38).[25]

Si Jesus ang ating sakdal na halimbawa ng mahusay na pamamahala sa pamamagitan ng wastong pagtatalaga ng gawain. . . . Marami sa Kanyang isinugong mga missionary ang naglakbay nang walang dalang supot ng salapi o pagkain. Matitinding hirap ang dinanas ng kalalakihan sa pagsunod sa Kanyang mga tagubilin. Ilan sa kanila ang dumanas ng malupit na kamatayan sa paglilingkod sa Kanya. Ngunit ang isinugo niyang mga disipulo ay humayo sa mundo na kasingtapang ng mga leon sa pagsunod sa Kanyang utos. Naisagawa nila ang mga bagay na hindi nila pinangarap gawin kailanman. Wala nang ibang lider na mas nakahikayat sa kalalakihan at kababaihan na katulad Niya.[26]

Ang Simbahan ni Jesucristo ay humuhubog ng mga lider sa pamamagitan ng mga taong itinalaga gamit ang awtoridad. Noong [si Jesus] ay nasa lupa, tumawag siya ng labindalawang apostol para tulungan siyang pamahalaan ang simbahan. Tumawag din Siya ng pitumpu. Nagtalaga Siya ng tungkulin [sa] iba. Hindi dapat nakatunganga lang ang mga tao sa kanyang simbahan. Lahat ay pinatulong sa pagtatayo ng kaharian. At habang itinatayo nila ang kaharian, napatatag nila ang kanilang sarili.

Nilayon ni Jesus na mapadakila ang tao. . . .

Layon ni Jesus na maging hari ang bawat lalaki, na hubugin siya sa pamumuno sa kawalang-hanggan. Sa di-malilimutang gabing iyon matapos ang huling hapunan, sinabi Niya sa labing-isa . . . , "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya; sapagka't ako'y paroroon sa Ama." (Juan 14:12.) Sa pagtatalaga, hinangad ni Jesus na palakasin, sa halip na kontrolin, ang tao. At sa buong Simbahan ngayon, ang kalalakihan at kababaihan ay lumalakas dahil sa mga katungkulang itinalaga sa kanila.[27]

### *Pagtatalaga sa ating mga organisasyon*

Ang ibig sabihin ng mahusay na pamamahala ay pagtatalaga ng awtoridad. Ang pagtatalaga ng bahagi ng gawain ay nakakatulong sa inyo at sa inyong organisasyon. Ang mahusay na pamamahala

ay ang kakayahang magtalaga ng bahagi ng gawain ninyo sa iba para maisagawa ito.[28]

Ang matalinong pagtatalaga ay nangangailangan ng mapanalanging paghahanda, tulad sa epektibong pagtuturo o pangangaral. Nilinaw ito ng Panginoon sa mga salitang ito: "At ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo" (D at T 42:14). At maidaragdag natin, huwag kayong magtalaga kapag wala ang Espiritu.[29]

Ang isang matalinong lider sa Simbahan ngayon ay hindi tatangkaing gawing mag-isa ang gawain, para ipakita na walang ibang karapat-dapat na gumawa nito. At sa kanyang pagtatalaga, titiyakin niya na lubos niyang susuportahan ang kanyang itinalaga.[30]

Kapag naibigay na ang responsibilidad, hindi kinalilimutan ng lider ang taong itinalaga ni ang tungkulin nito. Interesado siyang sumusubaybay ngunit hindi niya "inaalam ang bawat detalye ng ginagawa nito." Pinupuri niya ito kapag nararapat siyang purihin. Pinalalakas niya ang loob nito kapag kailangan. Kapag nadama niya na hindi nagagawa ang gawain at kailangan ng pagbabago, kumikilos siya nang may katapangan at kahigpitan ngunit may kabaitan. Kapag natapos na ang panunungkulan, kinikilala at pinasasalamatan niya ito.[31]

Walang matalinong lider na naniniwala na lahat ng magagandang ideya ay nanggagaling sa kanya. Humihingi siya ng mga mungkahi sa mga taong kanyang pinamumunuan. Ipinadarama niya sa kanila na mahalaga sila sa paggawa ng desisyon. Ipinadarama niya sa kanila na sinusunod nila ang kanilang mga patakaran, hindi lamang ang kanya.[32]

**4**

## Ang mga lider ng Simbahan ay mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos at dapat nilang hangarin ang Espiritu sa pamumuno at paghubog sa iba.

Sa Simbahan ngayon karaniwang nakukuha ng lider ang talagang inaasahan niyang magawa. Kailangan niyang itaas ang kanyang pamantayan. Dapat niyang tiyakin sa mga taong inatasan niya ng mga tungkulin na higit ang kakayahan nilang maglingkod sa Panginoon

kaysa mga ordinaryong responsibilidad. Walang kabiguan sa gawain ng Panginoon kapag ginawa [natin] ang [ating] makakaya. Tayo ay mga kasangkapan lamang; ito ang gawain ng Panginoon. Ito ang Kanyang simbahan, ang Kanyang plano ng ebanghelyo. Ang pinaglilingkuran natin ay Kanyang mga anak. Hindi Niya tayo hahayaang mabigo kung gagawin natin ang ating tungkulin. Gagawin Niya tayong mahusay nang higit pa sa sarili nating mga talino at kakayahan kung kailangan. Alam ko ito.[33]

Dapat nating tandaan na . . . ang Simbahan . . . ay hindi isang negosyo. Ang tagumpay nito ay nasusukat ayon sa mga kaluluwang naligtas, hindi sa kinita at nalugi. Mangyari pa, kailangan nating maging mahusay at kapaki-pakinabang, ngunit kailangan din nating manatiling nakatuon sa mga walang-hanggang layunin. Mag-ingat sa paglalapat ng mga pamamaraan at terminolohiyang sekular sa mga sagradong tungkulin ng priesthood. Tandaan na ang makatwirang pamamaraan sa paglutas ng problema, bagama't nakakatulong, ay hindi magiging sapat sa gawain ng kaharian. Ang gawain ng Diyos ay kailangang isagawa nang may pananampalataya, panalangin, at sa pamamagitan ng Espiritu, "at kung ito ay sa ibang pamamaraan ito ay hindi sa Diyos" (D at T 50:18).[34]

Ang buong layunin ng Simbahan ay humubog ng kalalakihan at kababaihan na magiging tulad ng Diyos sa kanilang mga ugali at katangian at mithiin.[35]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Itinuro ni Pangulong Benson na ang mga lider ay dapat magpakita ng mabuting halimbawa (tingnan sa bahagi 1). Bakit napakalakas ng impluwensya ng halimbawa? Paano nakaimpluwensya sa inyo ang mabubuting halimbawa ng mga lider?
- Pag-aralan ang mga katangian ng mabubuting lider na ipinaliwanag sa bahagi 2. Sa palagay ninyo bakit "tumutugon sa [gayong] pamumuno" ang mga tao? Pag-isipan ang magagawa ninyo para magkaroon ng mga katangiang ito.
- Itinuro ni Pangulong Benson na dapat sundan ng mga lider ng Simbahan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagtatalaga ng

gawain (tingnan sa bahagi 3). Paano nakakatulong ang pagtatalaga sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos? Sa paanong paraan kayo nakinabang sa mga responsibilidad na itinalaga sa inyo?

- Paano maaaring magbago ang paglilingkod natin sa Simbahan kapag naalala natin na "ito ay gawain ng Panginoon" at na "ang pinaglilingkuran natin ay Kanyang mga anak"? (Tingnan sa bahagi 4.) Ano ang naranasan ninyo nang kumilos kayo bilang kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon para tulungan ang ibang tao?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Exodo 18:13–26; Mateo 5:13–16; Lucas 22:31–32; Alma 17:1–11; D at T 38:23–27

*Tulong sa Pagtuturo*

"Bawat isa ay naaantig kapag ang kanilang mga kontribusyon ay pinahalagahan. Maaari kayong gumawa ng natatanging pagsisikap na pahalagahan ang mga puna ng bawat tao at, kung maaari, gawing bahagi ng mga talakayan sa klase ang mga puna" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* [2000], 44).

## *Mga Tala*

1. Sa Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 429.
2. Sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 430.
3. Sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 430.
4. Sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 429.
5. Sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 474–75.
6. Gordon B. Hinckley, "Come and Partake," *Ensign,* Mayo 1986, 47.
7. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 345.
8. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 372.
9. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 375–76.
10. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 371.
11. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 371.
12. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 455.
13. *God, Family, Country: Our Three Great Loyalties* (1974), 126.
14. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 375.
15. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 377.
16. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 375.
17. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 375.
18. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 371.
19. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 372.
20. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 370.
21. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 371.
22. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 147.
23. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 376–77.
24. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 345.
25. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 378.
26. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 378.
27. *God, Family, Country,* 135–36.
28. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 379.
29. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 379–80.
30. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 379.
31. *God, Family, Country,* 140.
32. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 371.
33. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 372.
34. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 372–73.
35. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 373.



*"Panahon na para sundin ang turo ng Tagapagligtas tungkol sa mabuting pastol."*

# "Alagaan Mo ang Aking mga Tupa"

*"Kailangan tayong matutong lahat na maging tunay na mga pastol. Kailangan nating ipakita sa iba ang pagmamahal ng Mabuting Pastol sa ating lahat. Bawat kaluluwa ay mahalaga sa Kanya."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Nagkuwento si Pangulong Ezra Taft Benson ng karanasan niya nang maglingkod siya bilang tagapayo sa stake presidency:

"Sa isang stake presidency meeting sa Boise, Idaho, ilang taon na ang nakararaan, sinisikap naming pumili ng pangulo noon para sa pinakamahina at pinakamaliit na elders quorum sa stake. Dinala ng aming clerk ang listahan ng lahat ng elder sa korum na iyon, at nasa listahang iyon ang pangalan ng isang lalaking ilang taon ko nang kilala. Nagmula siya sa matatag na pamilyang Banal sa mga Huling Araw, ngunit wala siyang gaanong ginagawa sa Simbahan.

"Kung nanawagan ang bishop na may gagawin sa chapel, karaniwa'y tutugon siya, at kung gustong mag-softball ng mga elder, kung minsa'y makikita ninyo siyang kalaro nila. May kakayahan siya talagang mamuno; presidente siya ng isang service club at mahusay niya itong ginampanan.

"Sabi ko sa stake president, 'Papayagan po ba ninyo akong puntahan at kausapin ang lalaking ito at hamunin siyang iayon ang kanyang buhay sa mga pamantayan ng Simbahan at mamuno sa kanyang korum? Alam kong medyo delikado iyon, pero may kakayahan siya.'

"Sabi ng stake president, 'Sige, at pagpalain ka ng Panginoon.'

". . . Nagpunta ako sa bahay ng lalaking ito. Hindi ko malilimutan kailanman ang hitsura ng mukha niya nang buksan niya ang pinto at makitang nakatayo roon ang isang miyembro ng kanyang stake presidency. Atubiling pinapasok niya ako; naghahanda ng hapunan ang kanyang asawa, at naaamoy ko ang bango ng kape mula sa kusina. Hiniling kong pasalihin niya ang kanyang asawa sa pag-uusap namin, at nang makaupo na kami, sinabi ko sa kanya ang pakay ko. 'Hindi kita hihingan ng sagot ngayon,' sabi ko sa kanya. 'Ang gusto ko lang ay ipangako mo sa akin na pag-iisipan mo ito, ipagdasal mo ito, at pag-isipan ayon sa magiging halaga nito sa pamilya mo, pagkatapos ay babalikan kita sa isang linggo. Kung ipasiya mong huwag itong tanggapin, mamahalin ka pa rin namin,' dagdag ko pa.

"Nang sumunod na Linggo, pagkabukas niya ng pinto nakita kong may nagbago. Masaya siyang makita ako, at agad niya akong pinapasok at pinasali niya sa aming pag-uusap ang kanyang asawa. Sabi niya, 'Brother Benson, ginawa na namin ang sinabi mo. Pinag-isipan namin ito at ipinagdasal, at nagpasiya kaming tanggapin ang tungkulin. Kung gayon kalaki ang tiwala ninyong mga kapatid sa akin, handa akong iayon ang buhay ko sa mga pamantayan ng Simbahan, isang bagay na dapat sana'y matagal ko nang ginawa.'

"Sinabi rin niya, 'Hindi na ako uminom ng kape simula nang magpunta kayo rito noong nakaraang linggo, at hindi na ako iinom pa nito.'

"Siya ay itinalaga bilang elders quorum president, at nagsimulang dumami ang mga dumadalo sa kanyang korum—at patuloy pa itong dumarami. Lumabas siya, nagpakita ng habag at malasakit sa mga di-gaanong aktibong elder, at tinulungan silang maging aktibong muli sa korum. Makaraan ang ilang buwan umalis na ako sa stake.

"Lumipas ang mga taon, at isang araw sa Temple Square sa Salt Lake City, nilapitan ako ng isang lalaki, kinamayan ako, at sinabing, 'Brother Benson, naaalala mo pa ba ako?'

"'Oo naman,' sabi ko, 'pero hindi ko maalala ang pangalan mo.'

"Sabi niya, 'Naaalala mo ba na pumunta ka sa bahay ng isang pabayang elder sa Boise pitong taon na ang nakararaan?' At siyempre, naalala ko ang lahat. Pagkatapos ay sinabi niya, 'Brother Benson, buong buhay kitang pasasalamatan sa pagpunta mo sa

bahay ko noong Linggo ng hapon na iyon. Bishop na ako ngayon. Dati akala ko masaya ako, pero hindi ko alam kung ano ang tunay na kaligayahan.' "[1]

Nabigyang-inspirasyon ng karanasang ito at ng iba pa, hinikayat ni Pangulong Benson ang matatapat na Banal sa mga Huling Araw na tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na namuhay nang "malayo sa Simbahan at sa impluwensya ng ebanghelyo."[2] Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1984, sinabi niya: "Natutuwa kami sa pagiging aktibo ng marami sa ating mga kapatid. Hinihikayat namin ang mga lider ng priesthood at auxiliary na ipagpatuloy ang dakilang gawaing ito."[3] Nang linggo ring iyon, nagsalita siya sa isang grupo ng mga lider ng priesthood tungkol sa pangangailangang makisalamuha sa kalalakihan sa Simbahan na hindi pa naoorden bilang mga elder:

"Nahahabag ako sa kalalakihang iyon, na mga padre-de-pamilya. . . . Hindi ako naniniwala na may mas malaki pa tayong hamon sa Simbahan ngayon kaysa sa pagpapaaktibong muli sa mga lalaking iyon hanggang sa madala nila ang kanilang pamilya sa bahay ng Panginoon at mapasakanila ang pinakamalalaking pagpapalang makakamtan ng mga lalaki at babae sa mundong ito at sa mundong darating.

"Mga kapatid, inaasam at dalangin namin na maunawaan ninyo na ang gawaing ito ng pagpapaaktibo ay hindi lamang isang pansamantalang programa. Umaasa kami na kapag naitala ang panahong ito sa kasaysayan ng ating Simbahan, masasabi na ito ang panahon na maraming kaluluwang gumala at naligaw ng landas na naibalik sa Simbahan ng Diyos."[4]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

**1**

### Bilang mga tagasunod ng Panginoon, bahagi ng ating misyon ang tulungan ang ating mga kapatid na nagsilayo sa Simbahan.

Ang layunin ng simbahan ng Panginoon ay paunlarin pa ang bawat anak na lalaki at anak na babae ng Diyos tungo sa sukdulang pagpapala ng buhay na walang hanggan. . . .

Nais kong talakayin ang ating misyon na gawing perpekto ang mga Banal, lalo na ang hamon na gawing aktibo ang mga humiwalay sa pagiging lubos na aktibo sa Simbahan. Ang mga miyembrong ito, na ating mga kapatid, ay kasalukuyang namumuhay na malayo sa Simbahan at sa impluwensya ng ebanghelyo.

Marami sa grupong ito ng mga di-gaanong aktibong miyembro ang hindi na nagsisimba at maaaring walang pakialam at walang malasakit. Kabilang din dito ang mga pansamantalang nawala dahil hindi natin alam kung nasaan sila. Ang ilan sa mga ito ay mga bagong miyembrong tila hindi nakatanggap ng pangangalaga at pagtuturo na naging dahilan sana upang sila ay maging "mga kababayan na kasama ng mga Banal." (Tingnan sa Ef. 2:19.) Marami ang mga binata't dalaga.

Sa lahat ng ganitong uri ng mga tao, kailangan nating muling ipadama, bilang mga miyembro ng Simbahan at mga alagad ng Panginoon, ang ating pagmamahal at taos-pusong pag-anyaya na magbalik sila. "Magsibalik kayo. Magsibalik kayo at magsikain sa hapag ng Panginoon, at damhin muli ang magiliw at kasiya-siyang mga bunga ng pakikipagkapatiran sa mga Banal." (*Ensign,* Marso 1986, p. 88.)

Napakahirap ng hamon na kinakaharap natin. . . . Kailangan nating lubos na sumampalataya, maging masigasig, at tapat kung nais nating tulungan ang mga kapatid na ito. Ngunit kailangan nating gawin ito. Umaasa ang Panginoon na gagawin natin ito. At gagawin natin ito![5]

2

## Sa paghahangad nating pangalagaan ang mga taong naligaw ng landas, sundin natin ang turo ng Tagapagligtas tungkol sa mabuting pastol.

Panahon na para sundin ang turo ng Tagapagligtas tungkol sa mabuting pastol sa hamon sa atin na ibalik ang nawawalang mga tupa at suwail na mga kordero.

"Ano ang akala ninyo? kung ang isang tao ay may isang daang tupa, at maligaw ang isa sa mga yaon, hindi baga iiwan niya ang siyam na pu't siyam, at pasasa kabundukan, at hahanapin ang naligaw?



*Sa pagpapatibay natin sa ating pakikipagkaibigan sa ating mga ward at branch, tinutulungan natin ang isa't isa na manatili sa kawan ng Mabuting Pastol.*

"At kung mangyaring nasumpungan niya [ito], ay katotohanang sinasabi ko sa inyo, na magagalak ng higit dahil dito kay sa siyam na pu't siyam na hindi nangaligaw." (Mat. 18:12–13.)

Noong panahon ni Jesus, kilala ng pastol na Palestino ang bawat isa sa kanyang mga tupa. Kilala ng mga tupa ang kanyang tinig at tiwala sila sa kanya. Hindi nila susundin ang isang dayuhan. Kaya, kapag tinawag, lumalapit ang mga tupa sa kanya. (Tingnan sa Juan 10:1–5, 14.)

Sa gabi, inaakay ng mga pastol ang kanilang mga tupa papunta sa kulungan o sa kawan. Mataas ang mga pader na nakapalibot sa kawan, at may mga tinik sa ibabaw ng mga pader para hindi maka-akyat ang mababangis na hayop at mga magnanakaw. Gayunman, kung minsan ay may mabangis na hayop na dahil sa gutom ay lumulundag sa mga pader papunta sa mga tupa, na sumisindak at tumatakot sa mga ito.

Sa gayong sitwasyon nakikilala ang kaibhan ng tunay na pastol—isang taong nagmamahal sa kanyang mga tupa—sa upahang tao

na nagtatrabaho lamang para sa suweldo. Ang tunay na pastol ay handang ibigay ang kanyang buhay para sa mga tupa. Paroroon siya sa mga tupa at makikipaglaban para sa kanilang kapakanan. Ang upahang tao, sa kabilang dako, ay pinahahalagahan ang sarili niyang kaligtasan kaysa kaligtasan ng mga tupa at karaniwang tumatakas kapag may panganib.

Ginamit ni Jesus ang karaniwang paglalarawang ito sa Kanyang panahon upang ipahayag na Siya ang Mabuting Pastol, ang Tunay na Pastol. Dahil sa pagmamahal Niya sa Kanyang mga kapatid, handa Siyang kusang ibigay ang Kanyang buhay para sa kanila. (Tingnan sa Juan 10:11–18.)

Sa huli ibinigay ng Mabuting Pastol ang Kanyang buhay para sa mga tupa—para sa inyo at sa akin, para sa ating lahat.

Ang simbolismo ng mabuting pastol ay may mahalagang pagkakatulad sa Simbahan ngayon. Ang mga tupa ay kailangang akayin ng maalagang mga pastol. Napakaraming nalilihis o naliligaw. Ang ilan ay naaakit palayo ng mga panandaliang panggagambala. Ang iba naman ay tuluyan nang nawala.

Nalalaman namin, tulad noong nakalipas na mga panahon, na ilan sa mga tupa ang magrerebelde at "para silang mga ligaw na kawan na nagsisitakas mula sa pastol." (Mosias 8:21.) Ngunit karamihan sa ating mga problema ay nagmumula sa kawalan ng mapagmahal at maasikasong pamamastol, at kailangang humubog pa ng mas maraming pastol.

Sa pangangalaga ng pastol, ang ating mga bagong miyembro, ang mga kailan lang tinanggap ang ebanghelyo, ay kailangang pangalagaan ng maasikasong mga kaibigan habang nadaragdagan ang kaalaman nila sa ebanghelyo at sinisimulan nilang ipamuhay ang mga bagong pamantayan. Ang gayong pag-aasikaso ay makatutulong upang matiyak na hindi nila babalikan ang dati nilang pamumuhay.

Sa mapagmahal na pangangalaga ng isang pastol, ang ating mga kabataan, ang ating mga batang kordero, ay hindi na malilihis ng landas. At kung malihis man sila, ang baluktot na hawakan ng tungkod ng pastol—ang mapagmahal na bisig at maunawaing puso—ay tutulong para ibalik sila.

Sa pangangalaga ng isang pastol, marami sa mga taong nawalay sa kawan ang maaari pang ibalik. Marami sa mga nagpakasal sa hindi miyembro ng Simbahan at namuhay sa makamundong paraan ang maaaring tumugon sa paanyayang bumalik sa kawan.[6]

3

**Ang mga Banal sa mga Huling Araw na naligaw ng landas ay nangangailangan ng tunay at taos-pusong malasakit ng tunay at mapagmahal na mga pastol.**

Walang mga *bagong* solusyon sa *lumang* problemang ito tungkol sa mga tupang naliligaw sa paghahanap ng pagkain. Ang utos ni Jesus kay Pedro, na binigyang-diin Niya sa pag-uulit dito nang tatlong beses, ang subok nang solusyon: "Pakanin mo ang aking mga kordero. Alagaan mo ang aking mga tupa. Pakainin mo ang aking mga tupa." (Tingnan sa Juan 21:15–17.)

Tulad sa napakagandang payo sa Aklat ni Mormon, ang mga nabinyagan sa simbahan ni Cristo ay kailangang palaging "maalaala at mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos." (Moro. 6:4.)

Ang sagot, kung gayon, ay matatagpuan sa mapanalanging pangangalaga at pagpapakain ng pastol sa kawan—sa madaling salita, personal na pangangalaga. Kailangan ang tunay at taos-pusong pagmamalasakit ng isang tunay at mapagmahal na pastol, hindi lamang ang paimbabaw na pagmamalasakit na maaaring ipakita ng upahang pastol.

Habang tinatalakay natin ang konsepto ng tunay na pastol, nauunawaan natin na ibinigay na ng Panginoon ang responsibilidad na ito sa mga mayhawak ng priesthood. Ngunit ang kababaihan ay may tungkulin ding "mangalaga" sa mapagkawanggawa at mapagmahal na paglilingkod na ibinibigay nila sa isa't isa, at sa iba. Sa gayon, kailangang matuto tayong lahat na maging tunay na mga pastol. Kailangan nating ipakita sa iba ang pagmamahal ng Mabuting Pastol para sa ating lahat. Bawat kaluluwa ay mahalaga sa Kanya. Ang Kanyang paanyaya ay nananawagan sa bawat miyembro—bawat anak na lalaki at anak na babae ng Diyos.

"Masdan, siya ay nagpadala ng paanyaya sa lahat ng tao, sapagkat ang mga bisig ng awa ay nakaunat sa kanila, at kanyang sinabi: Magsisi, at akin kayong tatanggapin. . . .

"Lumapit sa akin at kayo ay makababahagi sa bunga ng punungkahoy ng buhay; . . .

"Oo, lumapit sa akin at gumawa ng mga gawa ng kabutihan." (Alma 5:33–35.)

Wala Siyang hindi inanyayahan. Malugod na tatanggapin ang lahat ng tatanggap sa Kanyang magiliw na paanyayang makibahagi sa Kanyang ebanghelyo. Ang mga tupa—ang ilan ay naguguluhan, ang ilan ay walang pakialam, may ilang abala—ay kailangang matagpuan at mapagmahal na ibalik sa pagiging aktibo. Lahat ng paraang alam ng priesthood at auxiliary ay kailangang gamitin para makatulong sa gawaing ito.

Ang hamong ito ay hindi kailanman matutugunan hangga't hindi nagkukusa at nananampalataya ang mga lider ng stake, ward, korum, at auxiliary at matatapat na miyembro sa lahat ng dako na maibalik ang mga di-gaanong aktibo sa lubos na pagkaaktibo sa Simbahan.

Sa masigasig ninyong pagsisikap na isakatuparan ang mabuting mithiing ito, hinihimok namin kayo na muling bigyang-diin ang epektibong priesthood home teaching at Relief Society visiting teaching. Ang home teaching at visiting teaching ay mga programang binigyang-inspirasyon. Layon ng mga ito na tulungan ang bawat miyembro ng Simbahan bawat buwan, kapwa ang aktibo at ang di-gaanong aktibo. Bigyan sana ninyo ng karagdagang pagpapahalaga ang home teaching at visiting teaching.[7]

4

## Kapag patuloy tayong naglingkod sa ating mga kapatid, matutulungan natin silang matanggap ang lahat ng mga pagpapala at ordenansa ng ebanghelyo.

Ang ating mga dalangin ngayon ay kailangang maging kasintindi ng pag-aalala sa mga dalangin ni Alma nang hangarin niyang maibalik ang nangaligaw na mga Zoramita na lumayo sa Panginoon:

"O Panginoon, nawa'y ipagkaloob ninyo sa amin na ang tagumpay ay matamo namin sa *muling* pagdadala sa kanila sa inyo sa pamamagitan ni Cristo.

"Masdan, O Panginoon, ang kanilang mga kaluluwa ay mahahalaga, at marami sa kanila ay aming mga kapatid; kaya nga, ipagkaloob ninyo sa amin, O Panginoon, ang kapangyarihan at karunungan, upang madala naming *muli* sila, na aming mga kapatid, sa inyo." (Alma 31:34–35; idinagdag ang italics.) . . .

Ang mga alituntunin sa pagpapaaktibo ng mga kaluluwa ay hindi nagbabago. Ang mga ito ay:

1. Ang nawala o di-gaanong aktibo ay kailangang matagpuan at makaugnayan.

2. Kailangang magpakita ng magiliw na malasakit. Kailangan nilang madama ang ating pagmamahal.

3. Kailangang ituro sa kanila ang ebanghelyo. Kailangan nilang madama ang kapangyarihan ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng mga guro.

4. Kailangan silang isama sa ating fellowship o kapatiran.

5. Kailangan silang magkaroon ng makabuluhang mga responsibilidad sa Simbahan.

Sa mga salita sa Aklat ni Mormon, tayo ay kailangang "patuloy na maglingkod." (3 Ne. 18:32.)

Lalo nating iniisip na lubusang makisalamuha ang mga bagong miyembro sa Simbahan. Kailangan silang mainit na tanggapin.

Magkaisa tayo sa ating mga pagsisikap na ibalik ang mga di-gaanong aktibong miyembro sa lubusang pagiging aktibo sa Simbahan. Sa paggawa nito, lahat tayo ay lalong magkakaisa sa sama-samang pagsasakatuparan ng misyon ng Simbahan—na mas lubos na dalhin ang ebanghelyo, lakip ang lahat ng mga pagpapala at ordenansa nito, sa buhay ng lahat ng miyembro ng Simbahan. "Kailangan" ng Simbahan "ang bawat bahagi" (D at T 84:110), at kailangan ng bawat miyembro ang ebanghelyo, ang Simbahan, at ang lahat ng mga ordenansa nito.

Nawa'y hilingin nating lahat na basbasan tayo ng Panginoon upang tumatag tayo at magkaroon ng lakas at impluwensyang kailangan natin sa ating pagtutulungan sa dakilang gawaing ito dahil sa pagmamahal.[8]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Ano ang nadarama ninyo kapag naiisip ninyo ang mga miyembro ng inyong pamilya o mga kaibigan na "namumuhay nang malayo sa Simbahan at sa impluwensya ng ebanghelyo"? Ano ang magagawa natin para matulungan sila? (Tingnan sa bahagi 1.)
- Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Benson tungkol sa mga kaibhan ng upahang pastol at ng tunay na pastol (tingnan sa bahagi 2). Ano ang magagawa natin para maging mas mabubuting pastol?
- Ipinaalala sa atin ni Pangulong Benson na kailangan ng mga tao ng "tunay at taos-pusong malasakit ng isang tunay at mapagmahal na pastol" (bahagi 3). Paano tayo magkakaroon ng taos-pusong malasakit sa iba? Kapag pinagnilayan ninyo ang tanong na ito, pag-isipan ang inyong paglilingkod bilang home teacher o visiting teacher.
- Sa palagay ninyo ano ang ibig sabihin ng "patuloy na maglingkod"? (3 Nephi 18:32). Isipin ang limang alituntuning ibinahagi ni Pangulong Benson para matulungan tayong paglingkuran ang mga taong kailangang ibalik sa pagiging aktibo sa Simbahan (tingnan sa bahagi 4). Sa paanong paraan makakatulong ang bawat isa sa mga alituntuning ito para matanggap ng isang tao ang mga pagpapala ng ebanghelyo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mateo 9:10–12; Lucas 15; 22:32; I Ni Pedro 5:2–4; Moroni 6:4; D at T 18:10–16; 84:106

*Tulong sa Pag-aaral*

"Ang pagbabasa, pag-aaral, at pagbubulay ay hindi magkakapareho. Nababasa natin ang mga salita at maaari tayong makakuha ng mga ideya. Nag-aaral tayo at maaari nating matuklasan ang mga huwaran at pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya sa banal na kasulatan. Ngunit kapag nagbulay-bulay tayo, nag-aanyaya tayo ng paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu. Ang pagbubulay, para sa akin, ay ang pag-iisip at pagdarasal na ginagawa ko matapos basahin at

pag-aralang mabuti ang mga banal na kasulatan" (Henry B. Eyring, "Maglingkod nang May Espiritu," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2010, 60).

## *Mga Tala*

1. "Feed My Sheep," *Ensign,* Set. 1987, 4–5.
2. "Feed My Sheep," 3.
3. "Counsel to the Saints," *Ensign,* Mayo 1984, 8.
4. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 234.
5. "Feed My Sheep," 3.
6. "Feed My Sheep," 3–4.
7. "Feed My Sheep," 4.
8. "Feed My Sheep," 4, 5.



*Tinitingnan nina Elder Ezra Taft Benson, kanan, kasama si President Max Zimmer, gumaganap na pangulo ng Swiss Mission, ang ipamamahaging mga welfare supply sa Geneva, Switzerland, 1946*

# Mga Alituntunin ng Temporal at Espirituwal na Kapakanan

*"Lahat ng bagay na nauukol sa pangkabuhayan, pakikihalubilo sa lipunan, at espirituwal na kapakanan ng pamilya ng tao ay inaalala at laging aalalahanin ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Noong 1936, dahil nahirapan ang mga tao sa buong mundo sa mga problemang pang-ekonomiya dahil sa Great Depression, naglahad ng bagong welfare program ang Unang Panguluhan. Ang programang ito, na tinatawag na Church Security Plan, ay itinatag hindi para bigyan ng libreng pagkain at kabuhayan ang mga taong nangangailangan kundi para "tulungan ang mga tao na tulungan ang kanilang sarili."[1] Nang itatag ng Unang Panguluhan at iba pang mga lider ng Simbahan ang programang ito, itinuro nila ang mga batayang alituntunin ng kasipagan, pag-asa sa sarili, at paglilingkod. Hinikayat nila ang mga miyembro ng Simbahan na magbayad ng ikapu at mga handog-ayuno, gumawa at mag-imbak ng pagkain, umiwas sa di-kinakailangang pangungutang, at mag-impok ng pera para sa mga pangangailangan sa hinaharap.

Sa panahong iyon, si Pangulong Ezra Taft Benson ay naglilingkod bilang tagapayo sa isang stake presidency sa Boise, Idaho. Siya ay isa ring economist, marketing specialist, at farm management specialist para sa estado ng Idaho. Tinanggap niya ang atas ng kanyang stake president na dumalo sa isang miting kung saan ilalahad ang Church Security Plan. Paggunita niya kalaunan: "Buong-pusong sumunod ang aking kaluluwa sa lahat ng bagay na narinig ko nang araw na iyon. Nagbalik ako sa Boise Stake at sinabi ko sa aking mga

kapatid na ang ibinalitang programang ito ay kapaki-pakinabang sa ekonomiya, sa pakikihalubilo sa lipunan, at sa espirituwal, at nagpahayag ako ng tiwala na buong-pusong tutugon dito ang mga miyembro ng Simbahan dahil hindi lamang ito kapaki-pakinabang kundi kinakailangan din."[2]

Dalawang buwan matapos ilahad ni Pangulong Benson ang programa sa kanyang stake, "maraming proyektong pangkapakanan ang binuo: isang ward ang nagtanim sa ekta-ektaryang halamanan, isa pang ward ang nagtanim ng labinlimang akre ng sugar beets, at ang Relief Society sa isa pang ward ay nagde-lata ng pagkain at gumawa ng mga kubrekama at damit. Nagtayo pa nga ang [isang ward] ng maliit na pagawaan ng mga de-latang pagkain."[3]

Nakita ni Pangulong Benson ang malaking impluwensya ng welfare program pagkaraan ng 10 taon. Bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, inatasan siyang mangulo sa Simbahan sa Europa pagkatapos lang ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa mga lupaing iyon na winasak ng digmaan, pinamunuan niya ang gawain ng Simbahan na maglaan ng mga kalakal na tutulong sa mga tao na muling tumayo sa sarili nilang mga paa. Ikinuwento niya ang kanyang karanasan nang dumating sa Berlin, Germany, ang unang kargamento ng mga welfare supply ng Simbahan:

"Isinama ko ang gumaganap na pangulo ng mission na si President Richard Ranglack. Pumasok kami sa lumang-lumang bodega, na binabantayan ng guwardiyang may sandata, na kinaroroonan ng mahalagang welfare goods. Sa dulo ng bodega nakita namin ang patung-patong na mga kahon na halos umabot na sa kisame.

" 'Mga kahon ba ng pagkain ang mga iyon?' tanong ni Richard. 'Ibig mong sabihin, mga kahon ng pagkain ang mga iyon?'

" 'Oo, kapatid ko,' sagot ko, 'pagkain at damit at gamit sa pagtulog—at, sana, mayroon ding mga gamot.'

"Ibinaba namin ni Richard ang isa sa mga kahon. Binuksan namin ito. Puno ito ng pinaka-karaniwang mga pagkain—dried beans. Nang makita ito ng butihing lalaking iyon, hinahawak-hawakan niya ito, pagkatapos ay umiyak siyang parang bata sa pasasalamat.

"Binuksan namin ang isa pang kahon, na puno ng dinurog na trigo, walang dagdag o kulang, tulad ng pagkalikha at layon dito

ng Panginoon. Tinikman niya ang isang kurot nito. Pagkaraan ng isang sandali tumingin siya sa akin na may luha sa kanyang mga mata—at basa na rin ng luha ang aking mga mata—at sinabi niya, habang marahang umiiling-iling, 'Brother Benson, mahirap paniwalaan na tutulungan kami ng mga taong ni hindi pa kami nakikita o nakikilala.'

"Iyan ang pamamaraan ng Panginoon! Kusang pagbibigay dahil sa pagmamahal sa kapatid at kahandaang magsakripisyo, at pagtulong sa iba na tulungan ang kanilang mga sarili. Napapanatili niyon ang dangal at respeto sa sarili."[4]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

**1**

### Ang Panginoon ay nasasabik at handang pagpalain ang Kanyang mga tao sa temporal at espirituwal.

Nalalaman ko, mga kapatid, na sa pagtalakay sa mga temporal na bagay, sinabi ng Panginoon:

". . . lahat ng bagay sa akin ay espirituwal, at hindi kailanman ako nagbigay ng batas sa inyo na temporal. . . ." [D at T 29:34.]

Ang layunin, mangyari pa, ay espirituwal. Gayunman, nabubuhay tayo sa isang materyal, pisikal, at temporal na mundo. . . .

. . . Ang tao ay may dalawang bahagi, temporal at espirituwal, at sa mga paghahayag sa mga taong ito noong araw, maraming beses na nagbilin at nag-utos ang Panginoon hinggil sa mga temporal na bagay. Iniutos Niya sa mga Banal at mga lider ng Simbahan na bumili ng lupain at iba pang ari-arian; na magtayo ng mga templo; pati na rin ng isang palimbagan, at isang tindahan, at ng gusaling paupahan para sa "nangalupaypay na manlalakbay" [tingnan sa D at T 124:22–23]. Sa dakilang paghahayag na kilala bilang Word of Wisdom, hindi lamang niya tinukoy ang mabuti at hindi mabuti para sa tao, kundi ibinalangkas niya ang isang plano para sa pagpapakain ng mga alagang hayop, na, sa nakalipas na mahigit isandaang taon, ay unti-unting sinuportahan sa pamamagitan ng pag-aaral ng tao sa siyensya [tingnan sa D at T 89]. Anumang nakakaapekto sa kapakanan ng tao ay inaalala at aalalahanin ng Simbahan noon pa

man. Pinayuhan na ang ating mga tao noon pa man tungkol sa mga gawaing temporal. . . .

Mahalaga na lagi tayong mag-isip nang tuwid, mga kapatid. Lagi nating isaisip na lahat ng materyal na bagay ay kasangkapan lamang para maisakatuparan ang mas mabuting layunin, na ang layuning iyon ay espirituwal, bagama't ang Panginoon ay nasasabik at handang pagpalain ang kanyang mga tao sa temporal. Ipinahiwatig Niya ito sa maraming paghahayag. Itinuro Niya, nang paulit-ulit, na dapat nating ipagdasal ang ating mga pananim, alagang hayop, sambahayan, tahanan, at hilingin na basbasan tayo ng Panginoon sa ating mga temporal na gawain. At nangako siya na paroroon siya at handa at kusa niya tayong pagpapalain. . . .

. . . Hindi gagawin ng Panginoon para sa atin ang kaya at dapat nating gawin para sa ating sarili. Ngunit layunin niyang pangalagaan ang kanyang mga Banal. Lahat ng bagay na nauukol sa pangkabuhayan, pakikihalubilo sa lipunan, at espirituwal na kapakanan ng pamilya ng tao ay inaalala at laging aalalahanin ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.[5]

Kapag pinangasiwaan natin ang anumang aspeto ng welfare program, kailangan nating tandaan ang pangunahing layunin ng pagkakatatag nito. Ang ipinahayag na layuning iyan ay "upang bumuo, hangga't maaari, ng isang sistema na magwawaksi sa sumpa ng katamaran, papawi sa kasamaan ng paglilimos, at muling pasimulan sa ating mga tao ang pagtayo sa sariling mga paa, kasipagan, pagtitipid, at paggalang sa sarili. Layunin ng Simbahan na tulungan ang mga tao na tulungan ang kanilang sarili. Dapat muling bigyang-diin na pagtatrabaho ang namamayaning alituntunin sa buhay ng mga miyembro ng ating Simbahan."[6]

Ang bisa ng welfare program ng Simbahan ay nakasalalay sa bawat pamilyang sumusunod sa inspiradong tagubilin ng mga lider ng Simbahan na matustusan ang sarili sa pamamagitan ng sapat na paghahanda. Layon ng Diyos na ihanda ng kanyang mga Banal ang kanilang sarili sa paraan "na ang simbahan [tulad ng sinabi ng Panginoon] ay makatayong malaya sa ibabaw ng lahat ng iba pang mga nilalang sa ilalim ng selestiyal na daigdig." (D at T 78:14.)[7]

Ang talinghaga sa mga banal na kasulatan tungkol sa limang matalino at limang mangmang na mga dalaga [tingnan sa Mateo 25:1–13] ay isang paalala na hindi kailangang maghintay nang matagal ang isang tao bago niya isaayos sa espirituwal at temporal ang kanyang tahanan. Handa ba tayo?[8]

2

**Sa masigasig, may layunin, at di-makasariling pagtatrabaho, natatamo natin ang mga pangangailangan sa buhay at nag-iibayo ang ating mga banal na katangian.**

Narito ang isa sa mga unang alituntuning inihayag kay amang Adan nang siya ay paalisin sa Halamanan ng Eden: "Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa" (Gen. 3:19). Lahat ng natatamo nating materyal na bagay sa buhay ay nagmumula sa ating pagsisikap at sa awa at tulong ng Diyos. Pagtatrabaho lamang ang nagdudulot ng mga pangangailangan sa buhay.[9]

Inutusan ng Diyos ang tao na mabuhay sa sarili niyang pagsisikap, at hindi sa pagsisikap ng iba.[10]

Ang atin ay isang ebanghelyo ng pagtatrabaho—nang may layunin, di-makasarili at isinasagawa sa diwa ng tunay na pagmamahal ni Cristo. Sa gayon lamang natin mapag-iibayo ang ating mga banal na katangian. Sa gayon lamang tayo magiging karapat-dapat na mga kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon para mabasbasan ang iba sa pamamagitan ng kapangyarihang iyon na maaaring humantong sa pagbabagumbuhay ng kalalakihan at kababaihan tungo sa kabutihan.

Dapat mapagpakumbaba nating pasalamatan ang hamong ito, ang pamanang ito, ang pagkakataong ito na maglingkod at sa saganang gantimpala nito. Napakapalad ng mga taong maaaring sumunod sa plano ng Panginoon para magkaroon ng kakayahang ito at gamitin ito para mabasbasan ang iba. Iyan ang ginawa ni Cristo. Iyan ang pribilehiyo nating gawin.[11]

Ang mga tumatanggap ng welfare ay dapat magtrabaho sa abot ng kanilang makakaya para mabigyan sila ng tulong mula sa fast offering. Kapag hindi binigyan ng makabuluhang trabaho, kapag hindi hinikayat ang mga tao na magtrabaho, magiging sistema ng



*Lahat ng miyembro ng pamilya ay maaaring makibahagi sa paggawa ng pagkain.*

Simbahan ang pamimigay ng pera sa mga tao nang walang kapalit na pagsisikap, at hindi magiging epektibo ang layunin ng pagkatatag ng welfare program. Isang batas ng langit, at hindi natin lubos na natutuhan dito sa lupa, na hindi mo permanenteng matutulungan ang mga tao kapag ginawa mo para sa kanila ang mga bagay na kaya nilang gawin, at dapat nilang gawin, para sa kanilang sarili.[12]

Dapat nating hilingin na basbasan ng Panginoon ang lahat ng ating ginagawa at huwag tayong gumawa kailanman ng anumang bagay na hindi natin mahihiling ang Kanyang pagbabasbas. Huwag tayong umasa na gagawin ng Panginoon ang magagawa natin para sa ating sarili. Naniniwala ako sa pananampalataya at paggawa, at mas lubos na pagpapalain ng Panginoon ang taong nagsisikap na makamtan ang ipinagdarasal niya kaysa sa taong dasal lang nang dasal.[13]

Ang masigasig at may layuning pagtatrabaho ay humahantong sa malusog na pangangatawan, kapuri-puring tagumpay, malinis na budhi, at mahimbing na pagtulog. Ang pagtatrabaho ay kapaki-pakinabang na sa tao noon pa man. Nawa'y magkaroon kayo ng

lubos na paggalang sa pagtatrabaho gamit man ninyo rito ang inyong pag-iisip, puso, o kamay. Nawa'y matamasa ninyo magpakailanman ang kasiyahan ng matapat na pagsisikap. . . . Hindi kayo makararating sa langit sa puro pangangarap lamang. Kailangan ninyong magsikap, magsakripisyo, at mamuhay nang matwid para dito.[14]

3

**Kapag gumagawa at nag-iimbak tayo ng pagkain, agad tayong nakikinabang at nagiging handa sa mga pangangailangan natin sa hinaharap.**

Napag-isipan na ba ninyo kung ano ang mangyayari sa inyong komunidad o bansa kung maparalisa ang transportasyon o magkaroon ng digmaan o bumagsak ang ekonomiya. Paano kayo kukuha ng pagkain at maging ang inyong mga kapitbahay? Gaano katagal makakayang tugunan ng tindahan sa kanto—o supermarket—ang mga pangangailangan ng komunidad?

Halos katatapos lang ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pinapunta ako ng Unang Panguluhan sa Europa para muling itatag ang ating mga mission at bumuo ng isang programa para sa pamamahagi ng pagkain at mga damit sa mga Banal. Tandang-tanda ko pa ang mga taong sumasakay sa tren tuwing umaga na may dalang iba't ibang uri ng maliliit na hiyas para lumabas ng bayan at ipagpalit ng pagkain ang mga ari-arian nila. Pagsapit ng gabi, puno ang istasyon ng tren ng mga tao na may bitbit na mga gulay at prutas, at napakaraming maiingay na mga baboy at manok. Nakakabingi ang ingay. Mangyari pa, ang mga taong ito ay handang ipagpalit ang anuman para sa bagay na nagbibigay-buhay—pagkain.

Ang halos nalimutan nang paraan ng pagtugon sa sariling pangangailangan ay ang produksyon ng sariling pagkain sa tahanan. Masyado tayong nasanay sa pagpunta sa mga tindahan at pagbili ng kailangan natin. Sa paggawa ng ilan sa pagkain natin, nababawasan nang malaki ang epekto ng pagbaba ng halaga ng pera natin. Ang mas mahalaga, natututo tayong gumawa ng sarili nating pagkain at isali ang lahat ng miyembro ng pamilya sa kapaki-pakinabang na proyektong ito. . . .

. . . Iminumungkahi kong gawin ninyo ang ginawa ng iba. Makitipon sa iba at humingi ng pahintulot na gamitin ang isang bakanteng lote para pagtaniman, o umupa ng kapirasong lupa at magtanim dito. Ilang elders quorum na ang nakagawa nito bilang isang korum, at lahat ng nakasali ay nakaani ng gulay at prutas at napagpala sa pagtulong at pakikibahagi ng pamilya. Maraming pamilyang nagbungkal sa kanilang bakuran para makapagtanim.

Hinihikayat namin kayo na mas umasa sa inyong sarili upang, tulad ng pahayag ng Panginoon, "sa kabila ng maraming kahirapan na pasasainyo, . . . ang simbahan ay makatayong malaya sa ibabaw ng lahat ng iba pang mga nilalang sa ilalim ng selestiyal na daigdig" (D at T 78:14). Nais ng Panginoon na tumayo tayo sa sarili nating mga paa at umasa sa ating sarili dahil ito ang mga panahon ng paghihirap. Binalaan Niya tayo ngayon at noon pa man tungkol sa mangyayari. . . .

Ang produksyon o paggawa ng pagkain ay bahagi lamang ng paulit-ulit na pagbibigay-diin na mag-imbak kayo ng pagkain . . . saanman ito pinahihintulutan ng batas. Hindi sinabi sa inyo ng Simbahan kung anong mga pagkain ang dapat ninyong imbakin. Mga miyembro na ang magpapasiya nito. . . .

. . . Ang paghahayag na gumawa at mag-imbak ng pagkain ay maaaring mahalaga sa ating temporal na kapakanan ngayon na tulad ng pagsakay sa arka ng mga tao noong panahon ni Noe. . . .

. . . Planuhing magkaroon ng suplay ng pagkain tulad ng pagiimpok ninyo ng pera sa bangko. Mag-imbak ng kaunti kada suweldo. I-de-lata o i-bote ang prutas at mga gulay mula sa inyong hardin at halamanan. Pag-aralan kung paano magpreserba ng pagkain sa pamamagitan ng pagpapatuyo at paglalagay nito sa freezer. Gawing bahagi ng inyong badyet ang pag-iimbak ng pagkain. Mag-imbak ng mga binhi at magkaroon ng sapat na kagamitan para magawa ito. Kung kayo ay nag-iimpok ng pera at nagpaplanong bumili ng pangalawang kotse o TV o ilang bagay na para sa inyong kaginhawahan o kasiyahan, maaaring kailanganin ninyong baguhin ang inyong mga priyoridad. Hinihimok namin kayo na mapanalanging gawin ito at *gawin ito ngayon din*. . . .



*Ang pamumuhay nang lampas o higit sa ating kinikita ay maaaring lumikha ng "matinding kalungkutan."*

Kadalasan ay kampante tayong nagpapahinga at nangangatwiran na hindi maaaring magkaroon dito ng digmaan, pagbagsak ng ekonomiya, taggutom, at lindol. Ang mga naniniwala rito ay hindi nababatid ang mga paghahayag ng Panginoon, o kaya'y hindi nila ito pinaniniwalaan. Ang mayayabang na nag-iisip na hindi mangyayari ang mga kalamidad na ito, na kahit paano ay maliligtas sila dahil sa kabutihan ng mga Banal, ay nalilinlang at magsisisi na naniwala sila sa kahibangang iyon.

Binalaan na tayo ng Panginoon noon pa man tungkol sa panahon ng matinding paghihirap at pinayuhan tayo, sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, kung paano natin mapaghahandaan ang mahihirap na panahong ito. Nasunod ba natin ang Kanyang payo? . . .

Maging tapat, mga kapatid, sa payong ito at kayo ay pagpapalain—oo, ang pinakamapalad na mga tao sa buong mundo. Kayo ay mabubuting tao. Alam ko iyan. Ngunit kailangan nating lahat na maging mas mabuti kaysa dati. Ilagay natin ang ating sarili sa kalagayan na hindi lamang sarili natin ang ating mapapakain sa

pamamagitan ng paggawa at pag-iimbak ng pagkain sa tahanan, kundi maging ang ating kapwa.

Nawa'y pagpalain tayo ng Diyos na maging handa para sa mga panahong darating, na maaaring siyang pinakamahirap sa lahat.[15]

4

## Sumasapuso natin ang kapayapan at kapanatagan kapag inimpok natin ang bahagi ng ating kita at iniwasan ang di-kailangang pangungutang.

Buong paggalang ko kayong hihimuking mamuhay ayon sa mga pangunahing alituntunin ng pagtatrabaho, pagtitipid, at pag-asa sa sarili at turuan ang inyong mga anak sa pamamagitan ng inyong mabuting halimbawa. . . . Mamuhay ayon sa inyong sariling kinikita. Regular na mag-impok ng bahagi ng inyong kinikita. Iwasan ang di-kailangang pangungutang. Maging matalino na huwag magpundar nang napakabilis. Matutong pamahalaang mabuti kung anuman ang mayroon kayo bago ninyo isiping magpundar ng iba pa.[16]

Ang malungkot, nakatatak na sa isipan ng iba na kapag dumaranas tayo ng paghihirap, kapag hindi tayo naging matalino at naging gastador tayo at namuhay tayo nang higit sa ating kinikita, dapat tayong umasa sa tulong ng Simbahan o pamahalaan. Nalimutan ng ilan sa ating mga miyembro ang batayang alituntunin ng welfare program ng Simbahan na "walang tunay na Banal sa Huling Araw, samantalang kaya ng katawan, ang kusang ipauubaya sa iba ang responsibilidad na tustusan ang kanyang sarili." . . .

Higit kailanman, kailangan nating matutuhan at maipamuhay ang mga alituntunin ng pag-asa sa sarili. Hindi natin alam kung kailan maaaring maapektuhan ng karamdaman o kawalan ng trabaho ang ating sariling kalagayan. Alam naman natin na ang Panginoon ay nagbadya ng mga kalamidad sa buong daigdig sa hinaharap at binalaan tayo ngayon at noon pa man na maging handa. Dahil dito paulit-ulit na binigyang-diin ng Mga Kapatid ang programang "balikan ang mahahalagang alituntunin" para sa temporal at espirituwal na kapakanan.[17]

Nais ng Panginoon na maging malaya at makatayo sa sariling mga paa ang Kanyang mga banal sa mahihirap na panahong

darating. At walang sinumang tunay na malaya kapag siya ay baon sa utang.[18]

Sa aklat ng Mga Hari mababasa natin ang tungkol sa isang babaeng umiiyak na lumapit kay Eliseo, ang propeta. Patay na ang kanyang asawa, at may utang siya na hindi niya kayang bayaran. Parating na ang nagpautang para kunin at ipagbili ang kanyang dalawang anak na lalaki bilang mga alipin.

Mahimalang nagawa ni Eliseo na magkaroon siya ng maraming langis. Pagkatapos ay sinabi niya rito: "Ikaw ay yumaon, ipagbili mo ang langis, at bayaran mo ang iyong utang, at mabuhay ka at ang iyong mga anak sa nalabi." (Tingnan sa 2 Mga Hari 4:1–7.)

"Bayaran mo ang iyong utang at mabuhay ka." Kayganda ng mga salitang ito noon pa man! Napakatalinong payo nito para sa ating lahat ngayon! . . .

Maraming taong hindi naniniwala na muling babagsak ang ekonomiya. Panatag sa kanilang inaasahan na patuloy na trabaho at regular na pagkita, umuutang sila nang hindi iniisip kung ano ang gagawin kung mawalan sila ng trabaho o tumigil ang kanilang pagkita sa ibang kadahilanan. Ngunit paulit-ulit na sinabi ng pinakamahuhusay na awtoridad na hindi pa sapat ang talino natin para kontrolin ang ating ekonomiya nang hindi ito bumabagsak. Sa malao't madali ang mga pagbabagong ito ay darating.

Ang isa pang dahilan ng paglaki ng utang ay mas matindi pa at nagdudulot ng malaking problema. Ito'y ang pagtindi ng materyalismo, kumpara sa katapatan sa mga bagay na espirituwal. Maraming pamilya, para "makapagpasikat" sa iba, ang kukuha ng mas malaki at mas mamahaling bahay kaysa kailangan, sa isang mamahaling lugar. . . . Sa tumataas na klase ng pamumuhay, tumitindi ang tuksong bilhin ang bawat bagong gadget na lumalabas sa pamilihan. Ang tusong mga kaparaanan na ipinlanong mabuti ng makabagong pag-aanunsyo ay nakatuon sa mga kahinaan ng mamimili. Dahil dito, nakakalungkot na tumitindi ang pagnanais na dapat makamtan ang mga materyal na bagay na iyon ngayon din, nang hindi na naghihintay, hindi nag-iimpok, at hindi pinagkakaitan ang sarili.

Ang mas masama pa, napakaraming pamilyang may personal na pagkakautang ang walang pera [impok] na magagamit kapag kinailangan. Magkakaroon sila ng malaking problema kung biglang matigil o mabawasan ang kanilang kinikita! Lahat tayo ay may kilalang mga pamilya na nangutang nang higit kaysa kaya nilang bayaran. Matinding dusa ang dinaranas ng mga taong ganito ang sitwasyon.[19]

Ngayon hindi ko sinasabi na lahat ng pangungutang ay masama. Hindi lahat. Ang pag-utang para ipuhunan sa magandang negosyo ay bahagi ng pag-unlad ng kabuhayan. Ang tamang pag-utang para bumili ng bahay ay malaking tulong sa pamilya.[20]

Sa huli, mas madaling mamuhay ayon sa ating kinikita at pigilang hiramin ang mga inimpok para sa hinaharap maliban kung kailangan—huwag kailanman para sa mga luho. Hindi makatarungan sa ating sarili o sa ating komunidad na hindi isipin ang hinaharap sa ating paggastos na kapag dumating ang panahon na wala na tayong kita ay kailanganin nating humingi ng tulong-pinansyal sa mga ahensya o sa Simbahan.

Taimtim akong nakikiusap sa inyo, huwag ninyong itali ang inyong sarili sa mga utang na kadalasan ay labis-labis ang patubo. Mag-impok ngayon at bumili kalaunan, at mas uunlad kayo. Maililigtas ninyo ang inyong sarili sa mataas na patubo at iba pang mga bayarin, at ang perang naimpok ninyo ay maaaring magbigay ng oportunidad para makabili kayo kalaunan nang may malaking diskuwento.

. . . Labanan ang tuksong mangutang para bumili ng ari-ariang mas marangya o maluwang kaysa talagang kailangan ninyo.

Mas uunlad ang buhay ninyo, lalo na ang mga pamilyang nagsisimula pa lamang, kung bibili muna kayo ng maliit na bahay na alam ninyong kaya ninyong bayaran sa maikling panahon. . . .

Huwag hayaang magipit kayo o ang inyong pamilya sa pera. Iwasan ang mga luho, kahit pansamantala lamang, para makapag-impok. Malaking katalinuhan ang maglaan para sa edukasyon ng inyong mga anak sa hinaharap at para sa inyong pagtanda. . . .

Mga kapatid, sasapuso natin ang kapayapaan at kapanatagan kapag namuhay tayo ayon sa ating kinikita. Nawa'y pagkalooban tayo ng Diyos ng karunungan at pananampalatayang sundin ang

inspiradong payo ng priesthood na huwag mangutang, mamuhay ayon sa ating kinikita, at magbayad kaagad—sa madaling salita, “bayaran mo ang iyong utang, at mabuhay ka.”[21]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sa bahagi 1, binanggit ni Pangulong Benson ang mga batayang alituntunin ng welfare program ng Simbahan. Sa paanong paraan nakakatulong ang mga alituntuning ito sa ating temporal na kapakanan? Sa paanong paraan nakakatulong ang mga ito sa ating espirituwal na kapakanan?
- Ano ang ilang pakinabang ng “masigasig at may layuning pagtatrabaho”? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa bahagi 2.) Ano ang ilang bagay na ikinatutuwa ninyo sa pagtatrabaho? Ano ang magagawa natin para matulungan ang mga bata at kabataan na matutong masiyahan sa pagtatrabaho?
- Ano ang ilang pagpapalang darating kapag sinunod natin ang payo ni Pangulong Benson sa bahagi 3? Isipin kung ano ang gagawin ninyo, na iniisip ang inyong kasalukuyang sitwasyon, para masunod ang payong ito.
- Sa palagay ninyo bakit humahantong sa “kapayapaan at kapanatagan” ang matalinong paggastos ng pera? Sa kabilang banda, ano ang mararanasan natin kapag hindi tayo “[na]muhay ayon sa [ating] sariling kita”? (Tingnan sa bahagi 4.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Jacob 2:17–19; Alma 34:19–29; D at T 19:35; 42:42; 75:28–29; 104:78; Moises 5:1

*Tulong sa Pagtuturo*

“Upang matulungan ang mga mag-aaral na makapaghanda sa pagsagot sa mga katanungan, maaari ninyong naising sabihin sa kanila bago magbasa o maglahad ng isang bagay na hihingin ninyo ang kanilang mga katugunan. . . . Halimbawa, maaari ninyong sabihing, ‘Makinig habang binabasa ko ang talatang ito nang sa gayon ay makapagbahagi kayo ng mga bagay na nakapagbigay-interes sa inyo hinggil dito’” (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 86).

## *Mga Tala*


1. Heber J. Grant, sa Conference Report, Okt. 1936, 3.
2. "Church Welfare—Economically Socially Spiritually Sound," sa Welfare Agricultural Meeting, Okt. 7, 1972, 5.
3. Sheri Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 119.
4. "Ministering to Needs through the Lord's Storehouse System," *Ensign,* Mayo 1977, 84.
5. Sa Conference Report, Okt. 1945, 160, 163, 164.
6. "Ministering to Needs through the Lord's Storehouse System," 83; binanggit ni Heber J. Grant, sa Conference Report, Okt. 1936, 3.
7. "Prepare Ye," *Ensign,* Ene. 1974, 81.
8. Sa Conference Report, Abr. 1967, 61.
9. "Prepare for the Days of Tribulation," *Ensign,* Nob. 1980, 32.
10. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 481.
11. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 484.
12. "Ministering to Needs through the Lord's Storehouse System," 83.
13. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 485.
14. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 481.
15. "Prepare for the Days of Tribulation," 32–33, 34.
16. "The Ten Commandments: America at the Crossroads," *New Era,* Hulyo 1978, 39.
17. "Prepare for the Days of Tribulation," 32; binanggit sa *Welfare Plan Handbook* (1952), 2, ayon sa pagkabanggit ni Marion G. Romney, sa "Church Welfare—Some Fundamentals," *Ensign,* Ene. 1974, 91.
18. "Prepare Ye," 69.
19. "Pay Thy Debt, and Live," *Ensign,* Hunyo 1987, 3–4.
20. Sa Conference Report, Abr. 1957, 54.
21. "Pay Thy Debt, and Live," 4, 5.

# Pagdadala ng Ebanghelyo sa Mundo

*"Masaya tayong makatuwang ng ating Ama sa Langit sa dakilang gawain ng kaligtasan at kadakilaan ng kanyang mga anak."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Para kay Pangulong Ezra Taft Benson, ang gawaing misyonero ay isang tradisyon ng pamilya. "Ang pamilya ng aking ama ay binubuo ng labing-isang anak," paliwanag niya. "Lahat kaming labing-isa ay nagmisyon. Ang asawa ko ay nagmisyon din at masayang nakasama ang kanyang biyudang ina sa pagmimisyon sa huling anim na buwan [ng kanyang misyon]. Nang magmisyon ang sarili kong ama, naaalala ko, bilang panganay na anak, ang mga sulat niya mula sa mission field sa Midwest. Nadama sa tahanang iyon ang diwa ng gawaing misyonero na namamayani roon, na mapagpakumbaba kong pinasasalamatan."[1]

Naglingkod si Pangulong Benson bilang full-time missionary sa British Mission mula 1921 hanggang 1923, at nanatili sa kanya ang "diwa ng gawaing misyonero" matapos ang dalawa't kalahating taong iyon. Halimbawa, bilang United States secretary of agriculture mula 1953 hanggang 1961, nakisalamuha siya sa maraming miyembro ng iba't ibang relihiyon. Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1961, sinabi niya sa mga Banal: "Nasa akin ang mga pangalan ng mga 9,000 kalalakihan, humigit-kumulang, na personal kong nakausap sa aking panunungkulan. Umaasa akong makapagbigay ng mga referral card para sa kanila. Gusto kong mapakinggan ng bawat isa sa kanila ang ebanghelyo. Sana'y matamasa ng lahat ng anak ng ating Ama ang mga pagpapalang dulot ng pagtanggap at pagsunod sa ebanghelyo ni Jesucristo."[2]



*"Handa tayong magsakripisyo ng ating panahon at kabuhayan na maaaring ipagkaloob sa atin [ng Panginoon] para maitatag ang kanyang kaharian sa lupa."*

Ang kasigasigan ni Pangulong Benson sa gawaing misyonero ay nagpatuloy sa kanyang pagtanda, at sabik siyang maging gayon din kasigasig ang lahat ng miyembro ng Simbahan. Tuwiran siyang nangusap sa mga kabataang lalaki tungkol sa paghahanda ng kanilang sarili sa paglilingkod sa full-time mission. "Maghanda na kayo ngayon," sabi niya. "Ihanda ang inyong sarili sa pisikal, sa pangkaisipan, sa pakikihalubilo sa kapwa, at sa espirituwal."[3] Hinikayat niya ang mga magulang na gabayan ang kanilang mga anak na lalaki sa paghahandang ito. Pinayuhan din niya ang mga kabataang babae at mas matatandang miyembro ng Simbahan na pag-isipang mabuti ang pagmimisyon. At hinikayat niya ang lahat ng miyembro ng Simbahan na ibahagi ang ebanghelyo sa kanilang mga kapitbahay.

Ikinuwento ni Pangulong Thomas S. Monson nang magbigay-inspirasyon sa mga magiging missionary ang pagmamahal ni Pangulong Benson sa gawaing misyonero: "Isang araw ng Biyernes, nagpunta sila ni Sister Benson para dumalo sa session sa Jordan River Temple na karaniwan nilang ginagawa. Habang naroroon, nilapitan si Pangulong Benson ng isang binata na masayang bumati sa kanya at nagsabing tinawag na siya na magmisyon. Hinawakan ni Pangulong Benson sa kamay ang bagong tawag na missionary, may ngiti sa kanyang mga labi ay sinabing, 'Isama mo ako! Isama mo ako!' Nagpatotoo ang missionary na iyon, na para na rin niyang *isinama* si Pangulong Benson sa kanyang mission, yamang ang pag-uusap na ito ay nagpakita ng walang hanggang pagmamahal ni Pangulong Benson, kanyang katapatan sa gawaing misyonero, at sa kanyang hangarin na palaging matagpuan sa paglilingkod sa Panginoon."[4]

Ang pagmamahal sa lahat ng anak ng Ama sa Langit ang sentro ng katapatan ni Pangulong Benson sa pagbabahagi ng ebanghelyo: "Kailangan ng mga anak ng ating Ama ang ebanghelyo. . . . Alam ko na mahal sila ng Panginoon, at bilang kanyang abang lingkod mahal ko ang milyun-milyong tao sa mundong ito."[5] Iniisip ang tungkol sa kapangyarihan ng pagmamahal ng Tagapagligtas, pinatotohanan niya, "Dumarami ang ating pagpapala kapag ibinahagi natin ang kanyang pagmamahal sa ating kapwa."[6]

Mula sa pakikibahagi sa gawaing misyonero sa buong buhay niya at paghihikayat sa kanyang kapwa mga Banal na gawin din ang gayon, sinabi ni Pangulong Benson: "Nadama ko ang kagalakang dulot ng gawaing misyonero. Wala nang iba pang gawain sa buong mundo na makapagdudulot sa tao ng mas malaking kagalakan at kaligayahan."[7]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

**1**

### Minimithi ng mundo ang totoong relihiyon, at nasa atin ito.

Matapos ang maluwalhating pagpapakita ng Diyos Ama at ng kanyang Anak na si Jesucristo kay Joseph Smith, malinaw na ang unang malaking responsibilidad na iniatang sa ipinanumbalik na Simbahan ay dalhin ang ebanghelyo sa mundo—sa lahat ng anak ng ating Ama.

Ito ay tunay na nakaaantig na kaganapan na napakahalaga—kaganapan na puno ng sakripisyo, kagalakan, paghihirap, katapangan, at higit sa lahat, pagmamahal sa kapwa-tao. Wala kayong makikitang kaganapan sa balat ng lupa na makapapantay dito. Oo, kinailangan ng dugo, pawis, at luha upang maisakatuparan ang gawaing ito ng pagmamahal. At bakit natin ito ginagawa? Dahil iniutos ito ng Diyos ng langit; dahil mahal niya ang kanyang mga anak, at hangad niyang magkaroon ang milyun-milyong tao sa mundo ng pagkakataong mapakinggan, ayon sa sarili nilang pasiya, tanggapin at ipamuhay ang maluwalhati at nakapagliligtas at nagpapadakilang mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo.[8]

Naniniwala ako na kailangan ng mundo ang ebanghelyo ni Jesucristo, nang higit kaysa anupamang bagay, at gusto ng mga tao ang maibibigay ng ebanghelyo, ngunit hindi nila ito alam. Nais nila ang angkla na inilalaan ng ebanghelyo, na nagbibigay ng mga kasagutan sa mga problemang nararanasan nila; na nagpapadama ng kapanatagan at kapayapaan ng kalooban. Ang ebanghelyo ang tanging kasagutan sa mga problema ng mundo, mga kapatid ko.[9]

Tanging ang ebanghelyo ang makapagliligtas sa mundo sa kalamidad na dulot ng sarili nitong pagkawasak. Tanging ebanghelyo

ang magbibigkis sa mga tao sa lahat ng lahi at nasyonalidad sa kapayapaan. Ang ebanghelyo lamang ang magdadala ng kagalakan, kaligayahan, at kaligtasan sa pamilya ng tao.[10]

Minimithi ng mundo ang totoong relihiyon, at nasa atin ito.[11]

Ito ang maluwalhating mensahe na nais nating ibahagi sa mundo, na dahil sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo, ang kaharian ng Diyos ay naipanumbalik. Ito ang pinakadakilang mensahe mula noong mabuhay na muli si Jesucristo.[12]

Mapagpakumbaba nating tinatanggap, nang may pasasalamat, ang malaking responsibilidad na ito na iniatang sa Simbahan. Masaya tayo na makatuwang ng ating Ama sa Langit sa dakilang gawain ng kaligtasan at kadakilaan ng kanyang mga anak. Handa tayong magsakripisyo ng ating panahon at kabuhayang maaari niyang ipagkaloob sa atin para maitatag ang kanyang kaharian sa lupa. Ito ang alam nating pinakamahalagang tungkulin natin at malaking oportunidad natin. Ang diwang ito ang naglalarawan sa gawaing misyonero ng Simbahan ni Jesucristo sa lahat ng panahon. Ito ay napakagandang palatandaan ng pagsisimula ng dispensasyon ng kaganapan ng panahon—ating panahon. Saanman may matatapat na Banal sa mga Huling Araw, naroroon ang diwa ng di-makasariling pagsasakripisyong ito para sa pinakadakilang mithiin sa buong mundo.[13]

Tayo ay may dakilang misyon. Dapat tayong maghanda, mga bata at matatanda. Dapat tayong magsilbing pagpapala sa mga bansa, tapat sa mga alituntunin ng kabutihan.[14]

2

## Lahat tayo ay maaaring maging missionary, anuman ang ating kalagayan o sitwasyon sa buhay.

Bilang mga miyembro ng Simbahan ng Panginoon, dapat nating lalong pagbutihin ang gawaing misyonero. Kung kayo ay gumagawa tulad ng nararapat, kung mahal ninyo ang gawaing ito, kayo ay makatutulong sa pagliligtas ng mga kaluluwa ng mga anak ng tao.[15]

Hindi lamang tungkulin ng priesthood ang pagbabahagi ng ebanghelyo, kundi dapat nating ituring ang karanasang ito nang may malaking kagalakan at pag-asa. Ang tunay na layunin ng

pagbabahagi ng ebanghelyo ay magdala ng mga kaluluwa kay Cristo, turuan at binyagan ang mga anak ng ating Ama sa Langit nang sa gayon ay magalak tayo na kasama nila (tingnan sa D at T 18:15) sa kaharian ng ating Ama.[16]

Lahat tayo ay bahagi ng malaking responsibilidad na ito. Hindi natin ito maiiwasan. Huwag isipin ng sinumang lalaki o babae na dahil sa lugar na tinitirhan natin, o dahil sa katayuan natin sa lipunan, o dahil sa ating trabaho o estado, ay hindi na tayo kasama sa responsibilidad na ito.[17]

### *Mga kabataang lalaki at babae*

Umaasa kami na lahat ng kabataang lalaki ay nagpaplano na maging sugo ng Panginoon.[18]

Paano ninyo itinatanim sa puso ng mga batang lalaki ang malaking hangaring maglingkod? Huwag maghintay nang matagal . . . upang tulungan silang magpasiyang magmisyon. Tulungan ninyo silang magpasiyang magmisyon kapag sila ay siyam, sampu, o labing-isang taong gulang! Sa tahanan nagsisimula ang paghahanda ng mga kabataang lalaki. At *lahat* ng kabataang lalaki ay dapat maghanda sa kanyang tahanan na maglingkod.

Ang maagang paghahanda ay kinapapalooban ng pagtuturo sa batang lalaki kung paano manalangin, pagbabasa sa kanya ng mga kuwento mula sa Aklat ni Mormon at iba pang mga banal na kasulatan, pagdaraos ng mga family home evening at pagbibigay sa kanya ng bahagi sa lesson [na kanyang ituturo], pagtuturo sa kanya ng mga alituntunin ng kalinisan ng puri, pagsisimulang mag-impok ng pera para sa kanyang pagmimisyon, pagtuturo kung paano magtrabaho, at paglalaan ng mga oportunidad na makapaglingkod sa kapwa.[19]

Gusto natin na "handa at masigasig sa paggawa" ang mga kabataang lalaki na magmimisyon, na may pananampalataya na nagmumula sa personal na kabutihan at malinis na pamumuhay upang magkaroon sila ng maganda at makabuluhang misyon.[20]

Nais ng Panginoon na magmisyon nang full-time ang lahat ng kabataang lalaki. . . . Wala nang magagawa pang mas mahalaga ang kabataang lalaki maliban dito. Makapaghihintay ang pag-aaral. Ang



*"Umaasa ang Panginoon na magiging mga missionary tayo."*

iskolarsip ay maipagpapaliban. Ang mga mithiin sa pagtatrabaho ay maaaring iantala. Oo, maging ang kasal sa templo ay dapat maghintay hanggang sa makatapos ang kabataang lalaki sa pagmimisyon nang marangal para sa Panginoon.

. . . Ang mga kabataang babae . . . ay maaari ding magkaroon ng oportunidad na magmisyon nang full-time. Nagpapasalamat ako na ang aking asawa na makakasama ko sa kawalang-hanggan ay nagmisyon sa Hawaii bago kami nagpakasal sa Salt Lake Temple, at natutuwa ako na mayroon akong tatlong apong babae na nagmisyon nang full-time. Ilan sa pinakamahuhusay nating missionary ay mga kadalagahan.[21]

*Mga senior missionary*

Kailangan natin ng mas maraming senior missionary sa gawaing misyonero.[22]

Maraming nakatatandang mag-asawa ang maaaring magmisyon. Sa paggawa nito, makikita nila na napagpala ng kanilang misyon ang kanilang mga anak, mga apo, at kanilang mga apo-sa-tuhod na hindi nila matatamo sa ibang paraan. Ito ay magpapakita ng mabuting halimbawa sa kanilang mga inapo.[23]

Maraming mag-asawa ang makapagsasabi na ang kanilang pagmimisyon ay isa sa pinakamasasayang panahon na magkasama sila dahil sila ay lubos na nakatuon sa isang layunin—gawaing misyonero.[24]

### *Mga miyembrong missionary*

Dapat nating bigyang-diin na kailangan ang mas maraming miyembro sa gawaing misyonero. Nalaman natin mula sa karanasan na ito ang pinakaproduktibong gawaing misyonero. Ang gawaing misyonero ng mga miyembro ay isa sa pinakamahahalagang susi sa indibiduwal na pag-unlad ng ating mga miyembro. Naniniwala ako na mapapataas ng gawaing misyonero ng mga miyembro ang espirituwalidad ng alinmang ward kung ginagawa ito.[25]

Gaano na katagal mula noong niyaya ninyo ang inyong kapitbahay na dumalo sa sacrament meeting o sa kumperensya ng stake, sa inyong tahanan para sa home evening? Gaano na katagal mula nang pag-usapan ninyo nang husto [ng inyong kaibigan] ang ebanghelyo? Ang mga ito ay piling mga karanasan.[26]

Tutulungan ng Panginoon ang mga miyembro sa kanilang responsibilidad sa gawaing misyonero kung mananampalataya lang sila na gawin ito.[27]

Panahon na para hangarin ang mas mabubuting bagay, upang maunawaan ang kahalagahan ng dakilang gawaing ito. Inaasahan ito ng Panginoon sa atin. Hindi sapat na maging miyembro lang ng Simbahan at dumalo sa sacrament meeting, magbayad ng ating ikapu, at suportahan ang welfare program. Lahat ng iyan ay mabuti—ngunit hindi sapat. Umaasa ang Panginoon na magiging mga missionary tayo, ipamumuhay ang ebanghelyo—oo, nang lubusan, at tutulong sa pagtatayo ng Kanyang kaharian.[28]

3

## Ang Aklat ni Mormon ay dakilang pamantayan na gagamitin natin sa ating gawaing misyonero.

Ang Aklat ni Mormon ay para sa miyembro at hindi miyembro. Kasama ang Espiritu ng Panginoon, ang Aklat ni Mormon ang pinakamagandang kasangkapang ibinigay ng Diyos sa atin upang baguhin ang mundo. Kung tutulungan natin ang mga tao na tanggapin ang ebanghelyo, dapat nating gamitin ang kasangkapan na nilayon ng Diyos para sa gawaing ito—ang Aklat ni Mormon.

At ang pagbabasa ng Aklat ni Mormon ay isa sa mga pinakamalakas na maghihikayat sa atin na magmisyon. Kailangan natin ng mas maraming missionary. Ngunit kailangan din natin ng mga missionary na mas handa mula sa mga ward at branch at tahanan na nalalaman at mahal nila ang Aklat ni Mormon. Kailangan natin ng mga missionary na may malakas na patotoo tungkol sa kabanalan nito, at na sa pamamagitan ng Espiritu ay maaanyayahan nila ang kanilang mga investigator na basahin at pagnilayan ang mga nilalaman nito, nalalaman nang may lubos na katiyakan na ipaaalam ng Panginoon ang katotohanan nito sa kanila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Kailangan natin ng mga missionary na tutugma sa ating mensahe.[29]

Ang Aklat ni Mormon ay dakilang pamantayan na gagamitin natin sa ating gawaing misyonero. Ipinapakita nito na si Joseph Smith ay propeta. Naglalaman ito ng mga salita ni Cristo, at ang dakilang misyon nito ay dalhin ang mga tao kay Cristo. Lahat ng iba pang mga bagay ay pangalawa na lamang. Ang napakagandang tanong ng Aklat ni Mormon ay "Gusto mo bang malaman pa ang tungkol kay Cristo?" Ang Aklat ni Mormon ay pinakamabisang kasangkapan sa paghahanap ng mga tao na handang tumanggap sa ebanghelyo. Hindi ito naglalaman ng mga bagay na "nakasisiya sa sanlibutan," kaya hindi interesado rito ang mga makamundo. Ito ang naghihiwalay sa mga tao. (Tingnan sa 1 Nephi 6:5.)

May pagkakaiba sa miyembrong nakasalig sa bato ni Cristo sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon at nananatiling nakahawak sa gabay na bakal, at sa taong hindi.[30]

Huwag nating kalimutan na ang Panginoon mismo ang naglaan ng Aklat ni Mormon bilang Kanyang pangunahing saksi. Ang Aklat ni Mormon ang pinakamabisa pa ring kasangkapan natin sa gawaing misyonero. Gamitin natin ito.[31]

4

## Upang magtagumpay sa gawaing misyonero, kailangang nasa atin ang Espiritu, maging mapagpakumbaba, mahalin ang mga tao, at masigasig na gumawa.

Kung minsan ay itinatanong ng mga missionary, "Paano ako magtatagumpay? Paano nagiging epektibo ang isang tao sa gawaing misyonero?" Narito ang apat na epektibong paraan para magtagumpay sa gawaing misyonero kapwa ang mga missionary at mga miyembro.

*Una, sikaping mapasainyo ang Espiritu.*

Upang magtagumpay, dapat nasa atin ang Espiritu ng Panginoon. Itinuro sa atin na hindi mananahanan ang Espiritu sa mga templong hindi banal. Kung gayon, ang isa sa mga unang priyoridad natin ay tiyakin na ang ating sariling buhay ay nasa ayos. Ipinahayag ng Panginoon, "Maging malinis kayo na nagtataglay ng sisidlan ng Panginoon." (Doktrina at mga Tipan 38:42.)

Ibinigay sa atin ng Tagapagligtas ang Kanyang batas tungkol sa pagtuturo ng Kanyang ebanghelyo: "At ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo." (Doktrina at mga Tipan 42:14.)[32]

Kung may isang mensahe akong inulit-ulit sa aking mga kapatid sa Labindalawa, iyon ay na ang Espiritu ang mahalaga. Ang Espiritu ang mahalaga. Hindi ko alam kung gaano kadalas ko na itong nasabi—ang Espiritu ang pinakamahalaga.[33]

*Pangalawa, maging mapagpakumbaba.*

Sinabi ng Panginoon na walang makatutulong sa gawaing ito maliban kung siya ay mapagpakumbaba at puno ng pagmamahal. (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 12:8.) At ang kababaang-loob ay hindi nangangahulugan ng kahinaan. Hindi ito pagiging mahiyain; hindi pagkatakot. Maaari [tayong] maging mapagpakumbaba

at wala ring pagkatakot. Maaari [tayong] maging mapagpakumbaba at matapang din. Ang pagpapakumbaba ay pagkilala sa ating pag-asa sa mas mataas na kapangyarihan, pangangailangan sa tuwina sa tulong ng Panginoon sa Kanyang gawain.[34]

Hindi natin magagawang mag-isa ang gawaing ito. Ito ang Kanyang gawain. Ito ang Kanyang ebanghelyo. Kailangan natin ang Kanyang tulong. Magsumamo para dito, pagsikapang matamo ito, taimtim na manalangin sa Panginoon na matanggap ito.[35]

*Pangatlo, mahalin ang mga tao.*

Dapat magkaroon tayo ng pagmamahal sa mga tao. Dapat tayong makadama ng pagkahahabag sa kanila sa dalisay na pagmamahal ng ebanghelyo, sa hangaring iangat sila, patatagin sila, akayin sila sa mas mabuti, mas dalisay na buhay at sa huli ay sa kadakilaan sa kahariang selestiyal ng Diyos. Binibigyang-diin natin ang mabubuting katangian ng mga taong nakakahalubilo natin, at minamahal sila bilang mga anak ng Diyos na mahal ng Panginoon. . . .

Hindi tayo kailanman magiging epektibo hangga't hindi tayo natututong dumamay sa lahat ng anak ng ating Ama—hangga't hindi natin sila natututuhang mahalin. Madarama ng tao kapag minamahal sila. Marami ang nananabik dito. Kapag nakiramay tayo sa nararamdaman nila, magpapakita rin sila ng kabutihan sa atin. Magkakaroon tayo ng kaibigan.[36]

Tayo . . . ay may malaking obligasyon na mahalin ang ating kapwa. Ito ang pangalawa sa dalawang dakilang utos. Marami sa ating mga kapitbahay ang hindi pa miyembro ng Simbahan. Kailangan tayong maging mabubuting kapitbahay. Kailangan nating mahalin ang lahat ng anak ng ating Ama at makihalubilo tayo sa kanila.

Dalangin ko na mapuspos tayo ng pagmamahal ng Diyos para sa ating kapwa-tao![37]

*Pang-apat, masigasig na magtrabaho.*

Kung nais nating mapanatili ang Espiritu, kailangan tayong *magtrabaho.* Wala nang higit pang kagalakan o kasiyahan kaysa malaman, matapos ang maghapong pagtatrabaho, na nagawa natin ang lahat sa abot-kaya natin.

Ang isa sa pinakamagagandang sikreto ng gawaing misyonero ay pagtatrabaho. Kung [nagtatrabaho] ang missionary, mapapasakanya ang Espiritu; kung mapapasakanya ang Espiritu, magtuturo siya sa pamamagitan ng Espiritu; at kung magtuturo siya sa pamamagitan ng Espiritu, maaantig Niya ang mga puso ng mga tao at magagalak siya. . . . [Magtrabaho, magtrabaho, magtrabaho]—walang makakahalili dito na mas makasisiya, lalo na sa gawaing misyonero.[38]

Alam ko na ang Diyos ay buhay. Ito ang Kanyang gawain. Muli Siyang nangusap mula sa kalangitan na may mensahe para sa buong mundo; hindi para sa iilang Banal sa mga Huling Araw lamang, kundi para sa lahat ng ating mga kapatid, kapwa sa loob at labas ng Simbahan. Nawa'y bigyan tayo ng Diyos ng lakas na maihatid ang mensaheng iyan sa mundo, ipamuhay ang Ebanghelyo, sundin ang mga pamantayan ng Simbahan, nang sa gayo'y magkaroon tayo ng karapatan sa ipinangakong mga pagpapala.[39]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Bakit kailangan ng mundo ang ebanghelyo "nang higit kaysa anupamang bagay"? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa bahagi 1.) Ano ang ilang ipinanumbalik na katotohanan na pinaniniwalaan ninyong "minimithi ng mundo"?
- Sa pagrerepaso ninyo ng bahagi 2, isipin ang payong angkop sa inyo at sa inyong pamilya. Sa paanong paraan maibabahagi ng bawat isa sa atin ang ebanghelyo, anuman ang ating sitwayon? Ano ang magagawa natin para makapaghandang maglingkod sa full-time mission? Ano ang magagawa natin para tulungan ang iba na makapaghandang maglingkod sa full-time mission?
- Sinabi ni Pangulong Benson na ang Aklat ni Mormon ang "pinakamagandang kasangkapang ibinigay ng Diyos sa atin upang baguhin ang mundo" (bahagi 3). Kailan ninyo nakitang nagbago ang mga tao sa pamamagitan ng pag-aaral ng Aklat ni Mormon? Sa paanong paraan natin mapag-iibayo ang ating mga pagsisikap na ibahagi ang Aklat ni Mormon?
- Nagbahagi si Pangulong Benson ng "apat na epektibong paraan para magtagumpay sa gawaing misyonero" (bahagi 4). Sa palagay

ninyo bakit humahantong ang mga paraang ito sa matagumpay na gawaing misyonero? Anong mga halimbawa ang nakita na ninyo sa mga taong sumusunod sa mga alituntuning ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Marcos 16:15; I Kay Timoteo 4:12; Alma 17:2–3; 26:1–16; D[nb} at T 4; 12:7–9; 15:4–6; 88:81; 123:12–17

*Tulong sa Pag-aaral*

"Ibahagi ang natutuhan ninyo. Kapag ginagawa ninyo ito, ang inyong kaisipan ay magiging mas malinaw at madaragdagan ang inyong kakayahang mapanatili ang inyong natutuhan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 19).

## *Mga Tala*

1. "Our Responsibility to Share the Gospel," *Ensign,* Mayo 1985, 8.
2. Sa Conference Report, Abr. 1961, 112–13.
3. "Preparing Yourselves for Missionary Service," *Ensign,* Mayo 1985, 37.
4. Thomas S. Monson, "God Be with You Till We Meet Again," *Ensign,* Nob. 1990, 87.
5. Sa Conference Report, Abr. 1970, 129.
6. "Life Is Eternal," *Ensign,* Hunyo 1971, 34.
7. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 213.
8. Sa Conference Report, Abr. 1970, 128.
9. Sa Conference Report, Abr. 1961, 113.
10. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 188.
11. Sa Conference Report, Abr. 1955, 49.
12. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 110.
13. *God, Family, Country: Our Three Great Loyalties* (1974), 49–50.
14. Sa Conference Report, Okt. 1950, 147.
15. "Of the Most Worth," *New Era,* Hunyo 1989, 4.
16. "Of the Most Worth," 6.
17. "Our Responsibility to Share the Gospel," 8.
18. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 189.
19. "Our Responsibility to Share the Gospel," 7.
20. "To the 'Youth of the Noble Birthright,'" *Ensign,* Mayo 1986, 45.
21. "To the Young Women of the Church," *Ensign,* Nob. 1986, 83.
22. "To the Elderly in the Church," *Ensign,* Nob. 1989, 5.
23. "A Sacred Responsibility," *Ensign,* Mayo 1986, 78.
24. "Our Responsibility to Share the Gospel," 8.
25. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 208–9.
26. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 210.
27. "Of the Most Worth," 4–6.
28. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 211.
29. "Of the Most Worth," 6.
30. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 203–4.
31. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 204.
32. *Come unto Christ* (1983), 91–92.
33. Seminar for New Mission Presidents, Abr. 3, 1985.
34. *Come unto Christ,* 94.
35. "Principles for Performing Miracles in Missionary Work," seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 21, 1988.
36. *Come unto Christ,* 96.
37. "Our Responsibility to Share the Gospel," 8.
38. *Come unto Christ,* 96, 97.
39. Sa Conference Report, Okt. 1943, 21.



*Ang isang layunin ng stake ay "pagkaisahin at gawing ganap ang mga miyembro . . . sa pamamagitan ng pagpapabatid sa kanila ng mga programa, ordenansa ng Simbahan, at tagubilin ng ebanghelyo."*

# “Patibayin Mo ang Iyong mga Tulos”

*“Ang mga stake at district ng Sion ay simbolo ng mga banal na dako na tinukoy ng Panginoon kung saan ang Kanyang mga Banal ay magtitipon sa mga huling araw bilang kanlungan mula sa bagyo.”*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Noong Enero 13, 1935, sinang-ayunan ng mga miyembro ng Boise Idaho Stake ang 35-taong-gulang na si Ezra Taft Benson bilang unang tagapayo sa kanilang stake presidency. Sa ilalim ng pamumuno ni President Scott S. Brown, tumanggap si Pangulong Benson ng maraming pagkakataong maglingkod, mamuno, at magturo. Halimbawa, naging kasangkapan siya sa pagtulong sa isang mayhawak ng Melchizedek Priesthood na bumalik sa pagkaaktibo sa Simbahan,[1] at tinulungan niya ang stake sa pagsisikap na ipatupad ang welfare program ng Simbahan.[2]

Noong 1938 nagkaroon ng mahigit 8,000 miyembro ang stake, kaya’t iniutos ng Unang Panguluhan na hatiin ito sa tatlong stake. Sinabi ni Pangulong Benson na “nabigla” siya, noong Nobyembre 27, 1938, nang tawagin siyang mangulo sa isa sa mga stake na iyon. Sinabi ng kanyang asawang si Flora sa kanilang mga anak na isang pagpapala sa kanilang ama na matawag sa tungkuling iyon.[3]

Ang paglilingkod ni Pangulong Benson bilang stake president ay isang pagpapala sa buong stake. Patuloy siyang nagturo ng mga alituntuning pangkapakanan, at nagtuong mabuti sa mga kabataan. Bago nagsimula ang sesyon ng isang stake conference, napansin niya ang grupo ng mga binatilyo na palihim na tatakas mula sa meetinghouse. “Nagsimula silang maglakad nang dahan-dahan sa pasilyo papunta sa pintuan sa likod, na nakatingin sa pasukan para

matiyak na walang nakapansin sa kanilang paglabas. Sa sandaling iyon lumabas [siya] sa kanyang opisina, pinag-isipan ang nangyayari, at iniunat ang kanyang mga bisig para harangan ang mga binatilyo. 'Natutuwa akong makita kayo, mga bata,' sabi niya. 'Halina kayo't sabay-sabay na tayong dumalo sa kumperensya.' Inakay niya sila sa unahang upuan, at tinawag sila kalaunan para magpatotoo."[4]

Wala pang dalawang buwan simula nang maglingkod si Pangulong Benson bilang stake president, isa pang bagay ang ikinabigla niya. Inalok siyang magtrabaho bilang executive secretary ng National Council of Farmer Cooperatives, at kailangan niyang magtrabaho sa Washington, D.C. Noong una tinanggihan niya ang alok, ngunit matapos kausapin si Flora at ang Unang Panguluhan, ipinasiya niyang tanggapin ito.[5] Nang i-release siya bilang stake president noong Marso 26, 1939, isinulat niya na iyon ang "pinakamahirap na araw na naranasan ko. . . . Sa aking mensahe [sa mga miyembro ng stake] labis akong pinagpala ng Panginoon ngunit hirap na hirap akong magpigil ng damdamin. Wala nang mas bubuti pang mga tao kaysa kanila sa buong mundo [at] mahal ko silang lahat."[6]

Lumipat ang mga Benson sa Bethesda, Maryland, malapit sa Washington, D.C. Pagkaraan ng mahigit isang taon, bumisita sa area sina President Rudger Clawson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, at Elder Albert E. Bowen, na miyembro din ng Korum ng Labindalawa, para mag-organisa ng bagong stake. Kinausap ni President Clawson si Ezra Taft Benson at sinabing, "Brother Benson, nais ng Panginoon na ikaw ang maging pangulo ng stake na ito. Ano ang masasabi mo tungkol dito?" Muling nabigla si Pangulong Benson. Sabi niya, "Hindi ko ho kilala ang mga taong ito. Wala pang isang taon akong naninirahan dito."[7] Ngunit mapagpakumbaba niyang tinanggap ang tungkulin at pinamunuan ang mahigit 2,000 mga miyembro ng stake sa malawak na lugar. Ang sabi ni Flora tungkol sa kanyang paglilingkod bilang stake president: "Gustung-gusto niya ito. Hindi titulo ang mahalaga sa kanya kundi ang kagalakang matulungan ang maraming tao hangga't maaari na makita ang katotohanan ng ebanghelyo."[8]

Kalaunan, bilang Apostol, bumisita si Pangulong Benson sa mga stake sa iba't ibang dako ng mundo. Sabi niya: "Kung minsan sinasabi ko sa asawa ko, pagbalik ko mula sa pagbisita sa mga stake,

na hindi ko alam kung ano talaga ang magiging buhay sa langit, ngunit wala na akong iba pang mahihiling na mas maganda kundi ang magkaroon ng kasiyahan at kagalakan na makasama ang uri ng kalalakihan at kababaihang nakikilala ko sa pamunuan ng mga stake at ward ng Sion at mga mission sa buong daigdig. Tunay ngang tayo ay lubos na pinagpala."[9]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

### Bilang mga miyembro ng Simbahan, nagtitipon tayo sa mga stake ng Sion.

Kung minsan ay itinatanong ng mga hindi miyembro, "Ano ang stake?" Itinatanong din ng mga miyembro, "Ano ang kahalagahan ng stake? Ano ang kabuluhan nito sa ating mga miyembro?"

Sa mga hindi miyembro, ang stake ay katulad ng isang obispado sa ibang mga simbahan. Ang stake ay isang lugar na may mga hangganan na binubuo ng mga ward (mga kongregasyon sa lugar) at pinamumunuan ng isang panguluhan.

Sa mga miyembro, ang katagang *stake* ay isang simbolikong pahayag. Ilarawan sa inyong isipan ang isang malaking toldang nasusuportahan ng mga lubid na nakatali sa maraming tulos [stake] na matibay na nakabaon sa lupa. Inihalintulad ng mga propeta ang Sion sa huling araw sa isang malaking toldang nakapalibot sa daigdig [tingnan sa Isaias 54:2; 3 Nephi 22:2]. Ang tolda ay sinusuportahan ng mga lubid na nakatali sa mga tulos. Ang mga tulos na iyon, mangyari pa, ay iba't ibang organisasyong nakakalat sa buong daigdig. Sa kasalukuyan ay tinitipon ang Israel sa iba't ibang stake ng Sion.[10]

Ang isang stake ay may di-kukulangin sa apat na layunin:

1. Ang bawat stake, na pinamumunuan ng tatlong high priest, at sinusuportahan ng labindalawang lalaki na kilala bilang high council, ay kumakatawan sa isang buong Simbahan sa isang partikular na lugar. Ang layunin ay pagkaisahin at gawing ganap ang mga miyembro na naninirahan sa mga hangganan niyon sa pamamagitan ng pagpapabatid sa kanila ng mga programa, ordenansa ng Simbahan, at tagubilin ng ebanghelyo.

2. Ang mga miyembro ng mga stake ay dapat maging huwaran o sagisag ng kabutihan.

3. Ang mga stake ay dapat maging tanggulan. Ginagawa ito ng mga miyembro kapag nagkakaisa sila sa ilalim ng mga pinuno ng priesthood sa kanilang lugar at lubos na inilalaan ang kanilang sarili sa kanilang tungkulin at tinutupad ang kanilang mga tipan. Ang mga tipang iyon, kung natutupad, ay nagiging proteksyon laban sa kamalian, kasamaan, o kalamidad.

Nagtatayo lamang tayo ng mga templo kung saan tayo may mga stake. Ang mga pagpapala at ordenansa ng templo ay naghahanda sa isang tao para sa kadakilaan. Mangyari pa, hindi posible sa lahat ng stake na magkaroon ng templo, ngunit nasasaksihan natin sa kasalukuyan ang ilang kahanga-hangang pangyayari, oo, mga mahimalang pangyayari, sa pagtatayo ng mga templo sa iba't ibang dako ng mundo. Ang gayong gawain ay nagtutulot sa mga miyembro ng Simbahan na matanggap ang buong pagpapala ng Panginoon.

4. Ang mga stake ay kanlungan mula sa bagyong ibubuhos sa buong daigdig.[11]

2

**Inoorganisa ang mga stake para tulungan ang mga magulang na ituro ang ebanghelyo at akayin ang kanilang mga anak sa mga ordenansa ng kaligtasan.**

Mababasa natin sa Doktrina at mga Tipan:

"Yayamang ang mga magulang ay may mga anak sa Sion, o *sa alinman sa kanyang mga istaka* na naitatag, na hindi nagtuturo sa kanila na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, pagsapit ng walong taong gulang, ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang. Sapagkat ito ay magiging batas sa mga naninirahan sa Sion, o *sa alinman sa kanyang mga istaka na naitatag.*" (68:25–26; idinagdag ang italics.)

Dito ay nakikita ninyo ang isa sa mga pangunahing layunin ng mga stake. Inoorganisa ang mga ito para tulungan ang mga magulang na "may mga anak sa Sion" na ituro sa kanila ang ebanghelyo

ni Jesucristo at isagawa ang mga ordenansa ng kaligtasan. Binubuo ang mga stake para gawing ganap ang mga Banal, at ang pag-unlad na iyan ay nagsisimula sa tahanan kung saan may epektibong pagtuturo ng ebanghelyo.[12]

3

**Kapag ipinamumuhay ng mga miyembro ng stake ang pamantayan ng kabanalan ng Panginoon, ang stake ay nagiging magandang sagisag na makikita ng buong mundo.**

Sinabi ng Panginoon: "Sapagkat ang Sion ay kinakailangang maragdagan sa kagandahan, at sa kabanalan; ang kanyang mga hangganan ay kinakailangang mapalawak; ang kanyang mga istaka ay kinakailangang mapalakas; oo, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang Sion ay kinakailangang bumangon at magsuot ng kanyang magagarang damit." (Doktrina at mga Tipan 82:14.)

Dito ay ipinahayag ng Panginoon ang isa pang dakilang layunin ng isang stake: maging isang magandang sagisag na makikita ng buong mundo. Ang mga katagang "magsuot ng kanyang magagarang damit" ay tumutukoy, mangyari pa, sa kabanalan ng kalooban na kailangang taglayin ng lahat ng miyembro na tinatawag ang kanyang sarili na isang Banal. Ang Sion ay "ang may dalisay na puso." (Doktrina at mga Tipan 97:21.)

Ang mga stake ng Sion ay tumitibay at ang mga hangganan ng Sion ay lumalawak kapag nababanaag sa buhay ng mga miyembro ang pamantayan ng kabanalan na inaasahan ng Panginoon sa Kanyang mga piling tao.[13]

4

**Bawat stake ay nagsisilbing tanggulan at kanlungan mula sa mga kaaway na nakikita at hindi nakikita.**

Ganito ang paliwanag ng isa pang paghahayag mula sa Panginoon tungkol sa layunin ng mga stake: "Katotohanang sinasabi ko sa inyong lahat: Bumangon at magliwanag, nang ang inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa; at nang ang pagtitipong sama-sama sa lupain ng Sion, at sa kanyang mga istaka, ay maaaring maging isang tanggulan, at isang kanlungan mula sa



*Sa pakikipagtipon sa mga kapwa Banal, nakikita natin na ang isang stake ay maaaring "maging isang tanggulan, at isang kanlungan mula sa bagyo" (D at T 115:6).*

bagyo, at mula sa poot [na] sa panahong ito ay ibubuhos nang walang halo sa buong lupa." (Doktrina at mga Tipan 115:5–6.)

Nasa paghahayag na ito ang isang utos na hayaang magliwanag ang ating ilaw upang ito ay maging sagisag sa mga bansa. Ang sagisag ay isang pamantayang batayan ng isang tao sa kawastuhan o kasakdalan. Ang mga Banal ay dapat maging sagisag ng kabanalan na makikita ng buong mundo. Iyan ang kagandahan ng Sion.

Pagkatapos ay inihayag ng Panginoon na ang mga stake ng Sion ay dapat maging "isang tanggulan, at isang kanlungan mula sa bagyo, at mula sa poot [na] sa panahong ito ay ibubuhos nang walang halo sa buong lupa." Ang mga stake ay isang tanggulan para sa mga Banal mula sa mga kaaway na nakikita at hindi nakikita. Ang tanggulan ay patnubay na ibinibigay sa pamamagitan ng mga lider ng priesthood na nagpapalakas ng patotoo at nagtataguyod ng pagkakaisa sa pamilya at kabutihan sa bawat isa.

Sa Kanyang paunang salita sa Kanyang mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan, nagbabala ang Panginoon: "Ang araw ay mabilis

na darating; ang oras ay hindi pa, subalit nalalapit na, kung kailan ang kapayapaan ay aalisin sa mundo, at ang diyablo ay magkakaroon ng kapangyarihan sa kanyang sariling nasasakupan" [Doktrina at mga Tipan 1:35].

Ngayon . . . nakikita natin ang katuparan ng babalang ito kung saan si Satanas, sa matinding galit, ay nagpapakita ng kanyang kapangyarihan sa "kanyang sariling nasasakupan"—ang daigdig. Ngayon lamang naging ganito katindi ang impluwensya ni Satanas, at ang mga tao lamang na nagpagabay sa Banal na Espiritu—at sumunod sa payo ng mga lider ng priesthood—ang maliligtas mula sa pangwawasak ng kanyang masamang impluwensya.

Ipinahayag din ng Panginoon sa panimulang paghahayag na iyon na magkakaroon Siya ng kapangyarihan sa Kanyang mga Banal, "at maghahari sa gitna nila" [Doktrina at mga Tipan 1:36]. Ginagawa Niya ito sa tulong ng Kanyang piling mga lingkod at mga awtoridad sa stake at ward.[14]

Habang lumalago ang Simbahan, napakahalaga na maging matibay tayo at di-natitinag, at nasa magiging mga stake natin ang mahahalagang bagay na kailangan para magtagumpay at masigasig na pagsikapan ng umiiral na mga stake na maging ganap silang aktibo sa espirituwal. Sa mga stake na ito magtitipon ang Sion ng panahong ito, at kailangan silang maging espirituwal na mga santuwaryo at makaya nilang tumayo sa sarili nilang mga paa sa maraming paraan hangga't maaari.[15]

Ang mga stake at district ng Sion ay simbolo ng mga banal na dako na tinukoy ng Panginoon kung saan ang Kanyang mga Banal ay magtitipon sa mga huling araw bilang kanlungan mula sa bagyo. Kayo at ang inyong mga anak ay magtitipon dito upang sumamba, magsagawa ng mga sagradong ordenansa, makihalubilo, matuto, magtanghal ng musika, sayaw, drama, isport, at paunlarin ang sarili at ang isa't isa sa pangkalahatan. Madalas akalain na mahalagang magkaroon ng mga tore ang ating mga chapel, na ang mga taluktok na nakatutok sa langit ay simbolo na dapat nating laging ituon ang ating buhay sa Diyos.[16]

Nakita ng propetang si Nephi sa Aklat ni Mormon ang araw na ikakalat ang mga Banal sa mga stake sa lahat ng dako ng mundo.

Nakita niya ang panahon na poprotektahan sila ng Panginoon kapag dumanas sila ng mabibigat na pagsubok na nagbanta sa kanilang buhay. Ipinropesiya ni Nephi: "At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay namasdan ang kapangyarihan ng Kordero ng Diyos, na ito ay napasa mga banal ng simbahan ng Kordero, at sa mga pinagtipanang tao ng Panginoon, na nakakalat sa lahat ng dako ng mundo; at nasasandatahan sila ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos sa dakilang kaluwalhatian." (Aklat ni Mormon, 1 Nephi 14:14.)

Sa pamamagitan ng paghahayag nalalaman natin na magkakaroon ng mga panganib, kalamidad, at pag-uusig sa mga huling araw, ngunit kung magpapakabuti ang mga Banal maaari silang maligtas. Tiyak ang pangako ng Panginoon sa Aklat ni Mormon: "Pangangalagaan niya ang mabubuti sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan." (1 Nephi 22:17.)[17]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Matapos basahin ang bahagi 1, paano ninyo sasagutin ang tanong ng isang tao kung bakit inoorganisa sa mga stake ang mga miyembro ng Simbahan?
- Ipinaalala sa atin ni Pangulong Benson na tinutulungan ng mga stake ang mga magulang na ituro ang ebanghelyo sa kanilang mga anak at ilaan sa kanila ang mga ordenansa ng priesthood (tingnan sa bahagi 2). Sa paanong paraan napalakas ng inyong stake ang mga pagsisikap ninyo sa tahanan?
- Kailan ninyo nakitang nagsama-sama ang mga miyembro ng stake para magpakita ng halimbawa "na makikita ng buong mundo"? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano kayo nakinabang sa mga aktibidad na ito?
- Sa paanong paraan nagpoprotekta ang stake "mula sa mga kaaway na nakikita at hindi nakikita"? (Tingnan sa bahagi 4.) Ano ang mga pagkakataon nating makibahagi sa ating stake? Ano ang ilang pagpapalang matatanggap natin kapag ginawa natin ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*


Isaias 25:3–5; Mateo 5:14–16; Moroni 10:31–33; D at T 101:17–21; 133:7–9

*Tulong sa Pagtuturo*

"Ang isang mahusay na guro ay hindi nag-iisip ng, 'Ano ang gagawin ko ngayon sa klase?' kundi nagtatanong ng, 'Ano ang gagawin ng estudyante ko sa klase ngayon?'; hindi, 'Ano ang ituturo ko ngayon?' kundi,'Paano ko matutulungan ang mga estudyante ko na matuklasan ang kailangan nilang malaman?' " (Virginia H. Pearce, "The Ordinary Classroom—a Powerful Place for Steady and Continued Growth," *Ensign,* Nob. 1996, 12; sa pagsipi sa *Teaching the Gospel: A Handbook for CES Teachers and Leaders* [1994], 13).

## *Mga Tala*

1. Tingnan ang kabanata 20 sa aklat na ito.
2. Tingnan ang kabanata 21 sa aklat na ito.
3. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 122; Francis M. Gibbons, *Ezra Taft Benson: Statesman, Patriot, Prophet of God* (1996), 104.
4. Sheri L. Dew, batay sa pagsasalaysay ni Don Schlurf, sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 122.
5. Tingnan ang kabanata 1 sa aklat na ito.
6. Sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 144.
7. Sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 156–57.
8. Flora Amussen Benson, binanggit sa *Ezra Taft Benson: A Biography,* 159.
9. Sa Conference Report, Okt. 1948, 98.
10. *Come unto Christ* (1983), 101.
11. *Come unto Christ,* 104–5.
12. *Come unto Christ,* 101–2.
13. *Come unto Christ,* 102.
14. *Come unto Christ,* 103–4.
15. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 151.
16. *The Teachings of Ezra Taft Benson,* 151–52.
17. *Come unto Christ,* 104.



*"Sinabi . . . ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan,
at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama,
kundi sa pamamagitan ko" (Juan 14:6).*

# Pamumuhay na Nakatuon kay Cristo

*"Ang pinakamataas na sukatan ng tunay na kadakilaan ay kung gaano tayo katulad ni Cristo."*

## Mula sa Buhay ni Ezra Taft Benson

Madalas banggitin noon ni Pangulong Ezra Taft Benson ang payo ng Tagapagligtas sa labindalawang disipulong Nephita: "Maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo? Katotohanang sinasabi ko sa inyo, maging katulad ko" (3 Nephi 27:27).[1] Ang alituntuning ito—ang pangangailangang maging higit na katulad ni Cristo—ay isang paulit-ulit na paksa sa ministeryo ni Pangulong Benson, lalo na sa kanyang paglilingkod bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at bilang Pangulo ng Simbahan.

Dahil inilaan niya ang kanyang buhay sa paglilingkod sa Panginoon, ibinahagi ni Pangulong Benson nang may kapangyarihan at katapatan ang sumusunod na patotoo:

"Pinatototohanan ko sa inyo na walang hamon sa buhay na mas nagpapabuti, mas kasiya-siya, at mas nagpapadakila sa kaluluwa kaysa sikaping makilala si Cristo at sundan ang Kanyang mga yapak. Ang ating tutularan, si Jesucristo, ay nabuhay sa mundo bilang 'Huwaran.' Siya ang ating Tagapamagitan sa Ama. Isinagawa Niya ang dakila at nagbabayad-salang sakripisyo upang magkaroon tayo ng ganap na kagalakan at mapadakila alinsunod sa Kanyang biyaya at sa ating pagsisisi at kabutihan. Ginawa Niya nang perpekto ang lahat ng bagay at iniutos na maging ganap tayong tulad Niya at ng Kanyang Ama. (Tingnan sa 3 Ne. 12:48.)

"Ang 'Ano ang gagawin ni Jesus?' o 'Ano ang gusto Niyang gawin ko?' ang pinakamahahalagang personal na tanong sa buhay na ito. Ang mamuhay sa Kanyang paraan ang pinakadakilang magagawa

sa buhay. Ang talagang pinaka-matagumpay na lalaki o babae ay yaong ang pamumuhay ay halos katulad ng sa Panginoon."[2]

Nang hikayatin ni Pangulong Benson ang mga Banal na sundan ang perpektong halimbawa ng Tagapagligtas, ipinaalala niya sa kanila na magagawa lamang nila ito sa tulong ng Tagapagligtas. Sinabi niya:

"Alam kong buhay ang Panginoon. Alam kong mahal Niya tayo. Alam kong walang sinumang magtatagumpay kung wala Siya, ngunit kung Siya ang kasama walang sinumang mabibigo.

"Alam kong mas maraming magagawa ang Diyos sa buhay natin kaysa sa makakaya natin.

"Nawa'y magkaroon tayong lahat ng paninindigan simula sa sandaling ito na mas sikapin pa bawat araw na isipin si Cristo, kilalanin Siya, sumunod sa Kanyang mga yapak, at gawin ang gusto Niyang ipagawa sa atin."[3]

## Mga Turo ni Ezra Taft Benson

1

**Ang halimbawa at mga turo ni Jesucristo ay naglalaan ng dakilang pamantayan para sa buong sangkatauhan.**

Dalawang libong taon na ang nakararaan isang sakdal na lalaki ang nabuhay sa mundo: si Jesucristo. Siya ang anak ng isang ama sa langit at isang ina sa lupa. Siya ang Diyos ng mundong ito, sa ilalim ng patnubay ng Ama. Itinuro Niya sa mga tao ang katotohanan, upang sila ay maging malaya. Ang Kanyang halimbawa at mga tuntunin ang nagbigay ng dakilang pamantayan, ng tanging tiyak na paraan, para sa buong sangkatauhan.[4]

Wala nang iba pang impluwensyang nagkaroon ng napakalaking epekto sa daigdig na ito na tulad ng buhay ni Cristo Jesus. Hindi natin maiisip ang buhay natin na wala ang kanyang mga turo. Kung wala siya malilito tayo sa nakikita nating mga maling paniniwala at pagsamba, bunga ng takot at kadiliman kung saan nananaig ang sensuwalidad at materyalismo. Napakalayo natin sa minimithi niya para sa atin, ngunit hindi dapat maalis ang tuon natin dito; ni hindi natin dapat kalimutan na ang pagpupunyagi nating maliwanagan, maging perpekto, ay hindi mangyayari kung wala ang kanyang mga

turo, kanyang buhay, kanyang kamatayan, at kanyang pagkabuhay na mag-uli.

. . . Kailangan nating paulit-ulit na matutuhan na tanging sa pagtanggap at pamumuhay ng ebanghelyo ng pagmamahal na itinuro ng Panginoon at tanging sa pagsunod sa kanyang kalooban tayo makakalaya sa kamangmangan at pag-aalinlangang gumagapos sa atin. Kailangan nating matutuhan ang simple at maluwalhating katotohanang ito upang maranasan natin ang matatamis na kagalakang dulot ng espiritu ngayon at magpasawalang-hanggan. Kailangan nating kalimutan ang ating sarili sa pagsunod sa kanyang kalooban. Kailangan natin siyang unahin sa ating buhay.[5]

Sa ika-14 na kabanata ng Juan, magiliw na nagpaalam si Jesus sa kanyang mga disipulo pagkatapos ng huling hapunan. Sinabi niya sa kanila na siya ay lilisan upang maghanda ng lugar para sa kanila sa bahay ng kanyang Ama; upang kung saan siya naroroon, ay maparoon din sila. At sinabi sa kanya ni Tomas:

"Panginoon, hindi namin nalalaman kung saan ka paroroon; paano ngang malalaman namin ang daan?

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko." (Juan 14:5–6.) Ang landas na tatahakin ay nasa ating harapan. Ito ay may malinaw na palatandaan.[6]

**2**

## Lumalapit tayo kay Cristo kapag isinaalang-alang natin Siya sa bawat pag-iisip at tinularan natin ang Kanyang mga katangian.

Sa mga salita sa Aklat ni Mormon, kailangan nating "maniwala kay Cristo at huwag siyang itatwa." (2 Ne. 25:28.) Kailangan nating magtiwala kay Cristo at hindi sa bisig ng laman. (Tingnan sa 2 Ne. 4:34.) Kailangan nating "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya." (Moro. 10:32.) Kailangan nating lumapit nang "may pusong bagbag at nagsisising espiritu" (3 Ne. 12:19), nagugutom at nauuhaw sa kabutihan (tingnan sa 3 Ne. 12:6). Kailangan tayong lumapit na "nagpapakabusog sa salita ni Cristo" (2 Ne. 31:20), kapag natanggap natin ito sa pamamagitan ng Kanyang mga banal na kasulatan, Kanyang hinirang, at Kanyang Banal na Espiritu.

Sa madaling salita, kailangan nating sundan "ang halimbawa ng Anak ng Diyos na buhay" (2 Ne. 31:16).[7]

Sabi ng Panginoon, "Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip." (D at T 6:36.) Ang pagsasaalang-alang sa Panginoon sa bawat pag-iisip ang tanging posibleng paraan para maging tulad tayo ng uri ng kalalakihan at kababaihang dapat nating kahinatnan.

Itinanong ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo, "Kung gayon, maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?" Pagkatapos ay sinagot Niya ang Kanyang sariling tanong sa pagsasabing, "Maging katulad ko." (3 Ne. 27:27.) Upang maging katulad Niya, kailangan ay nasa isipan natin Siya—sa ating pag-iisip sa tuwina. Tuwing makikibahagi tayo ng sakramento, nangangako tayo na "lagi siyang aalalahanin." (Moro. 4:3; 5:2; D at T 20:77, 79.)

Kung ang mga iniisip natin ang bumubuo sa ating pagkatao, at nais nating maging katulad ni Cristo, dapat tayong mag-isip na katulad ni Cristo. Hayaan ninyong ulitin ko iyan: Kung ang mga iniisip natin ang bumubuo sa ating pagkatao, at nais nating maging katulad ni Cristo, dapat tayong mag-isip na katulad ni Cristo.

. . . Dapat nating ituon ang ating mga pag-iisip sa Panginoon. Dapat nating isipin si Cristo.[8]

Hayaang mabanaag sa ating personal na buhay, tahanan, at pagtatrabaho ang katangian ni Cristo. Kaya mamuhay sa paraang masasabi ng iba sa inyo, "Iyan ang tunay na Kristiyano!"

Oo, naniniwala tayo kay Jesucristo, ngunit hindi lang iyan—umaasa tayo sa Kanya, nagtitiwala tayo sa Kanya at nagsisikap tayong tularan ang Kanyang mga katangian.[9]

Si Cristo ang ating uliran. Siya ang ating huwaran. . . . Ang pinakamataas na sukatan ng tunay na kadakilaan ay kung gaano tayo katulad ni Cristo.[10]

Maging katulad ng Tagapagligtas—kaylaking hamon para sa sinumang tao! Siya ay miyembro ng Panguluhang Diyos. Siya ang Tagapagligtas at Manunubos. Siya ay perpekto sa bawat aspeto ng Kanyang buhay. Walang mali o kulang sa Kanya. Maaari ba tayong . . . maging katulad Niya? Ang sagot ay oo. Hindi lamang natin *makakaya*, kundi iyan ang utos sa atin, ang responsibilidad natin.



*Itinuro ni Apostol Pedro, na nakalarawan dito na kasama ng nabuhay na mag-uling si Jesucristo, kung paano natin matutularan ang katangian ng Tagapagligtas.*

Hindi Niya ibibigay sa atin ang kautusang iyan kung hindi Niya talaga nais itong ipagawa sa atin [tingnan sa Mateo 5:48; 3 Nephi 12:48].

Nagsalita si Apostol Pedro tungkol sa proseso kung paano magiging kabahagi ang isang tao "sa kabanalang mula sa Dios" (II Ni Pedro 1:4). Ito ay mahalaga, dahil kung talagang naging kabahagi tayo sa kabanalang mula sa Diyos, magiging katulad Niya tayo. Pag-aralan nating mabuti ang itinuturo ni Pedro sa atin tungkol sa prosesong ito. Narito ang kanyang sinabi:

"At dahil din dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman;

"At sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa pagtitiis ay ang kabanalan;

"At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabuting kalooban sa kapatid ay ang pagibig" (II Pedro 1:5–7).

Ang mabubuting katangiang inisa-isa ni Pedro ay bahagi ng banal na katangian, o pagkatao ng Tagapagligtas. Ito ang mga katangiang dapat nating tularan kung nais nating maging higit na katulad Niya. Talakayin natin ang ilan sa mahahalagang katangiang ito.

Ang unang katangian, na kung saan idinagdag ang lahat ng iba pa, ay *pananampalataya.* Pananampalataya ang pundasyong pinagsasaligan ng katangiang katulad ni Cristo. . . .

Sinabi pa ni Pedro na kailangan nating idagdag sa ating pananampalataya ang *kabanalan.* . . . Ang banal na pag-uugali ay nagpapahiwatig na [ang isang tao] ay dalisay ang pag-iisip at malinis ang mga kilos. Hindi siya magkakaroon ng pagnanasa sa kanyang puso, dahil ang paggawa nito ay "magtatatwa sa pananampalataya" at magtataboy sa Espiritu (D at T 42:23)—at wala nang mas mahalaga sa gawaing ito kaysa sa Espiritu. . . .

Ang kabanalan ay katulad ng kasagraduhan, isang katangian ng pagka-makadiyos. Dapat [nating] pagsikapang hanapin yaong mabuti at kalugud-lugod at hindi yaong nakakababa o nakaririmarim. Ang kabanalan ay pupuspos sa [ating] mga iniisip nang walang humpay (tingnan sa D at T 121:45). Paano nakakaya ng sinumang lalaki na magpasasa sa kasamaan ng pornograpiya, kalapastanganan, o kahalayan at ituring ang kanyang sarili na lubos na banal? . . .

Ang susunod na hakbang na inilarawan ni Pedro sa proseso ng pag-unlad ay ang idagdag ang *kaalaman* sa ating pananampalataya at kabanalan. Sinabi sa atin ng Panginoon na "hindi maaari para sa isang tao na maligtas dahil sa kamangmangan" (D at T 131:6). Sa ibang lugar iniutos pa ng Diyos, "Maghanap kayo sa mga pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (D at T 88:118). . . . Bagama't mahalaga ang anumang pag-aaral ng katotohanan, mga katotohanan ng kaligtasan ang pinakamahahalagang katotohanang maaaring matutuhan ng sinumang tao. Ang tanong ng Panginoon, "Sapagka't ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang buong sanglibutan at mawawalan siya ng kaniyang buhay?" Ang (Mateo 16:26) ay maaaring iangkop sa paghahangad na makapag-aral gayundin sa paghahangad sa mga makamundong bagay. Maaaring itanong din ng Panginoon, "Sapagka't ano ang pakikinabangin ng tao, kung

makamtan niya ang buong sanglibutan at mawawalan siya ng kaniyang buhay?” . . .

Ang pagsasama ng ating espirituwal na edukasyon at ng ating sekular na pag-aaral ay tutulong sa ating magtuon sa mga bagay na pinakamahalaga sa buhay na ito. . . .

Ang isa pang katangiang inilarawan ni Pedro bilang bahagi ng banal na katangian ay *pagpipigil.* [Ang mapagpigil na tao] ay sinusupil ang kanyang damdamin at pananalita. Ginagawa niya ang mga bagay-bagay nang may kahinahunan at hindi siya nagpapasasa sa anuman. Sa madaling salita, may pagpipigil siya sa sarili. Napipigil niya ang kanyang damdamin, at hindi nagpapatangay rito. . . .

Sa ating pagpipigil idagdag natin ang *pagpapasensya*. . . . Ang pagpapasensya ay isa pang uri ng pagpipigil sa sarili. Ito ang kakayahang isantabi ang sariling kasiyahan at pigilan ang silakbo ng damdamin. Sa relasyon niya sa kanyang mga mahal sa buhay, ang mapagpasensyang tao ay hindi nagpapakita ng kapusukan na pagsisisihan niya kalaunan. Ang pagpapasensya ay kahinahunan sa gitna ng problema. Ang mapagpasensyang tao ay maunawain sa mga pagkakamali ng iba.

Ang mapagpasensyang tao ay naghihintay rin sa Panginoon. Kung minsan ay may nababasa o naririnig tayo tungkol sa mga taong humihingi ng biyaya sa Panginoon, at nawawalan ng pasensya kapag hindi ito dumarating kaagad. Bahagi ng banal na katangian ang magtiwala nang sapat sa Panginoon upang “mapanatag at malaman na [siya] ang Diyos” (D at T 101:16).

Ang [tao] na mapagpasensya ay mapagparaya sa mga pagkakamali at pagkukulang ng kanyang mga mahal sa buhay. Dahil mahal niya sila, hindi siya maghahanap ng mali ni mamimintas o maninisi.

Ang isa pang katangiang binanggit ni Pedro ay *kabaitan*. . . . Ang mabait na tao ay maawain at magiliw sa iba. Isinasaalang-alang niya ang damdamin ng iba at magalang siya. Likas siyang matulungin. Ang may kabaitan ay nagpapatawad sa mga kahinaan at pagkakamali ng iba. Ang kabaitan ay ipinadarama sa lahat—sa matatanda at mga bata, sa mga hayop, sa mga mababa ang katayuan at sa mga nakatataas.

Ito ang tunay na mga katangian ng kabanalang mula sa Diyos. Nakikita ba ninyo kung paano tayo nagiging higit na katulad ni Cristo kung tayo ay mas banal, mas mabait, mas mapagpasensya, at mas mapagpigil sa ating damdamin?

Gumamit si Apostol Pablo ng ilang malinaw na pahayag upang ilarawan na ang isang miyembro ng Simbahan ay dapat maiba sa mundo. Pinagbilinan niya tayo na "[ibihis] si Cristo" (Mga Taga-Galacia 3:27), "iwan . . . ang dating pagkatao," at "mangagbihis ng bagong pagkatao" (Mga Taga-Efeso 4:22, 24).

Ang huli at pinakamahalagang kabutihan ng banal na katangian ay *pag-ibig sa kapwa-tao,* o ang dalisay na pag-ibig ni Cristo (tingnan sa Moroni 7:47). Kung talagang hangad nating maging higit na katulad ng ating Tagapagligtas at Panginoon, ang matutong magmahal na tulad Niya ang dapat maging pinakamataas nating mithiin. Tinawag ni Mormon ang pag-ibig sa kapwa-tao na "pinakadakila sa lahat" (Moroni 7:46).

Ang daigdig ngayon ay maraming sinasabi tungkol sa pag-ibig, at ito ay hangad ng marami. Ngunit malaki ang kaibhan ng dalisay na pag-ibig ni Cristo sa iniisip ng mundo tungkol sa pag-ibig. Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi kailanman naghahangad ng pansariling kasiyahan. Ang hangad lamang ng dalisay na pag-ibig ni Cristo ay ang walang-hanggang pag-unlad at kagalakan ng iba. . . .

Sinabi ng Tagapagligtas na ang buhay na walang hanggan ay ang makilala ang iisang Diyos na tunay at ang Kanyang Anak na si Jesucristo (tingnan sa Juan 17:3). Kung ito ay totoo, at pinatototohanan ko nang taimtim na ito *ay* totoo, dapat lamang nating itanong kung paano natin makikilala ang Diyos. Ang paisa-isang pagdaragdag ng mabubuting katangian, tulad ng inilarawan ni Pedro, ay nagiging susi sa pagtatamo ng kaalamang ito na humahantong sa buhay na walang hanggan. Pansinin ang pangako ni Pedro, na kasunod ng inilarawang proseso:

"Sapagka't kung nasa inyo ang mga bagay na ito *at sumasagana,* ay hindi kayo pababayaang maging mga tamad o mga walang bunga sa pagkakilala sa ating Panginoong Jesucristo" (II Pedro 1:8; idinagdag ang italics).

. . . Dalangin ko na ang mga kagalingan at katangiang ito ng Tagapagligtas ay managana sa atin upang sa pagharap natin sa Paghuhukom at itanong Niya sa bawat isa sa atin na, “Anong uri ka ba ng tao?” ay maiaangat natin ang ating mga ulo nang may pasasalamat at galak at sasagot ng, “Katulad po ninyo.”[11]

3

## Bibigyan tayo ng kapanatagan ng Tagapagligtas at tutulungan tayo sa ating pagsisikap na manatili sa landas na inihanda Niya para sa atin.

Dahil nalilihis tayo sa landas na inihanda sa atin ng Taong Taga-Galilea, nadaraig tayo ng kani-kanyang hamon sa buhay. . . . Ngunit nariyan siya para tulungan tayo. Muli’t muli niyang sinabi sa kanyang mga disipulo, at sa ating lahat, “Huwag magulumihanan ang inyong puso. . . .”

“Kung kayo’y magsisihingi ng anoman sa pangalan ko, ay yaon ang aking gagawin.”

“Hindi ko kayo iiwang magisa. . . .”

“Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo, ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo. . . .” (Juan 14:1, 14, 18, 27.)[12]

Bumaling tayong muli sa Aklat ni Mormon . . . upang malaman ang ilang alituntunin tungkol sa pagparito ni Cristo, pagiging tapat sa Kanya, pagtuon sa Kanya, at pagpapasakop sa Kanya. Babanggit lang tayo ng ilan sa napakaraming talata tungkol sa bagay na ito.

Una, kailangan nating malaman na inaanyayahan tayo ni Cristo na lumapit sa Kanya. “Masdan, siya ay nagpadala ng paanyaya sa lahat ng tao, sapagkat ang mga bisig ng awa ay nakaunat sa kanila . . . Oo, kanyang sinabi: Lumapit sa akin at kayo ay makababahagi sa bunga ng punungkahoy ng buhay” (Alma 5:33–34).

Halikayo, sapagka’t siya ay nakatayong “bukas ang mga bisig upang kayo ay tanggapin” (Mormon 6:17).

Halikayo, dahil “kanya kayong aaluin sa inyong mga paghihirap, at kanyang isasamo ang inyong kapakanan” (Jacob 3:1).

“Lumapit sa kanya, at ialay ang inyong buong kaluluwa bilang handog sa kanya” (Omni 1:26).

Nang tapusin ni Moroni ang talaan ng sibilisasyon ng mga Jaredita, isinulat niya, "At ngayon, ipinapayo ko sa inyo na hanapin ang Jesus na ito na siyang isinulat ng mga propeta at apostol" (Eter 12:41).

Sa pangwakas na mga salita ni Moroni na isinulat sa katapusan ng sibilisasyon ng mga Nephita, sinabi niya, "Oo, lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, . . . at kung inyong pagkakaitan ang sarili ng lahat ng kasamaan, at iibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon ang kanyang biyaya ay sapat sa inyo" (Moroni 10:32).

Ang matatapat kay Cristo ay " tuma[ta]yo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar" na maaaring naroroon sila, "maging hanggang kamatayan" (Mosias 18:9). Kanilang "[pinapanatiling] laging nakasulat ang pangalan" ni Cristo sa kanilang mga puso (Mosias 5:12). Tinataglay nila sa kanilang sarili "ang pangalan ni Cristo, nang may matibay na hangaring maglingkod sa kanya hanggang wakas" (Moroni 6:3).

Kapag namumuhay tayo nang nakatuon kay Cristo, "nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo" (2 Nephi 25:26). "[Tinatanggap natin] ang kasiya-siyang salita ng Diyos, at [nagpapakabusog tayo] sa kanyang pagmamahal" (Jacob 3:2). Maging sa sandaling nagdadalamhati si Nephi dahil sa kanyang mga kasalanan, sinabi niya, "Alam ko kung kanino ako nagtiwala. Ang aking Diyos ang aking naging tagapagtaguyod" (2 Nephi 4:19–20).

Naaalala natin ang payo ni Alma: "Hayaang ang lahat ng iyong gawain ay para sa Panginoon, at saan ka man magtungo ay hayaang sa Panginoon; oo, lahat ng iyong nasasaisip ay ituon sa Panginoon; oo, ang pagmamahal sa iyong puso ay mapasa-Panginoon magpakailanman. Makipagsanggunian sa Panginoon sa lahat ng iyong mga gawain" (Alma 37:36–37).

"Tandaan, tandaan," sabi ni Helaman, "na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, . . . ninyo kailangang itayo ang inyong saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, . . . [ang mga ito ay] hindi magkakaroon ng

kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan" (Helaman 5:12).

Sabi ni Nephi, ang Panginoon ay "pinuspos ako ng kanyang pag-ibig, maging hanggang sa madaig ang aking laman" (2 Nephi 4:21). Ang mga nagpapasakop kay Cristo ay "buhay . . . kay Cristo" (2 Nephi 25:25). Sila ay "hindi [nagdaranas] ng ano mang uri ng paghihirap, maliban sa malulon sa kagalakan dahil kay Cristo" (Alma 31:38). Sila ay "niyakap . . . ng mga bisig ni Jesus" (Mormon 5:11). Sabi ni Nephi, "Ako ay nagpupuri sa aking Jesus, sapagkat kanyang tinubos ang aking kaluluwa" (2 Nephi 33:6. Sabi ni Lehi, "Ako ay nayayakap magpakailanman ng mga bisig ng kanyang pagmamahal" (2 Nephi 1:15). . . .

. . . Ang dakilang tao na si Mormon ay [sumulat] ng liham sa kanyang pinakamamahal na anak, si Moroni, sa ganitong mga salita:

"Anak ko, maging matapat kay Cristo; at nawa ay huwag makapagpadalamhati sa iyo ang mga bagay na aking isinulat, na makapagpapabigat sa iyo tungo sa kamatayan; kundi nawa ay dakilain ka ni Cristo, at nawa ang kanyang pagdurusa at kamatayan, at ang pagpapakita ng kanyang katawan sa ating mga ama, at ang kanyang awa at mahabang pagtitiis, at ang pag-asa ng kanyang kaluwalhatian at ng buhay na walang hanggan, ay mamalagi sa iyong isipan magpakailanman.

"At nawa ang biyaya ng Diyos Ama, na ang trono ay mataas sa kalangitan, at ng ating Panginoong Jesucristo, na nakaluklok sa kanang kamay ng kanyang kapangyarihan, hanggang sa ang lahat ng bagay ay mapasakop sa kanya, ay manatiling kasama mo magpakailanman" (Moroni 9:25–26).

Dalangin ko para sa bawat isa sa atin na sundin din natin ang magandang payong iyan na: "Maging matapat kay Cristo." At tayo ay Kanyang dadakilain at ang Kanyang biyaya ay mananatili sa atin magpakailanman.[13]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Ipinahayag ni Pangulong Benson, "Wala nang iba pang impluwensyang nagkaroon ng napakalaking epekto sa daigdig na ito

na tulad ng buhay ni Jesucristo" (bahagi 1). Sa anong mga paraan nagkaroon ng epekto sa daigdig ang buhay ng Tagapagligtas? Sa anong mga paraan nakaimpluwensya sa inyo ang Kanyang buhay?

- Paano nagbabago ang buhay natin kapag "iniisip natin si Cristo"? Paano nakaugnay ang ating mga iniisip sa ating mga katangian? Habang pinag-aaralan ninyo ang bahagi 2, pagnilayan ang magagawa ninyo para lalo kayong magkaroon ng mga katangian ni Cristo na binanggit doon.
- Paano tayo mabibigyan ng pag-asa ng mga turo sa bahagi 3 habang sinisikap nating maging higit na katulad ng Tagapagligtas? Paano kayo natulungan ng Tagapagligtas sa inyong mga pagsisikap na sundin Siya?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Marcos 8:34; Mga Taga-Filipos 4:13; I Juan 3:23–24; 2 Nephi 25:23, 26; Mosias 3:19; Alma 7:11–13; Moroni 7:48

*Tulong sa Pag-aaral*

"Magplano ng mga aktibiti sa pag-aaral na magpapatatag ng iyong pananampalataya sa Tagapagligtas" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 24). Halimbawa, habang nag-aaral kayo maaaring itanong ninyo sa inyong sarili ang mga sumusunod: "Paano ako matutulungan ng mga turong ito na maragdagan ang pang-unawa ko sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo? Paano ako matutulungan ng mga turong ito na maging higit na katulad ng Tagapagligtas?"

## *Mga Tala*

1. Tingnan, halimbawa, ang, "Strengthen Thy Stakes," *Ensign,* Ene. 1991, 5; "Think on Christ," *Ensign,* Mar. 1989, 4; "In His Steps," *Ensign,* Set. 1988, 4.
2. "Think on Christ," *Ensign,* Abr. 1984, 13.
3. "Think on Christ," *Ensign,* Abr. 1984, 13.
4. Sa Conference Report, Abr. 1967, 58.
5. "Life Is Eternal," *Ensign,* Hunyo 1971, 34.
6. Sa Conference Report, Abr. 1966, 128.
7. "Joy in Christ," *Ensign,* Mar. 1986, 5.
8. "Think on Christ," *Ensign,* Abr. 1984, 11, 13.
9. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 328.
10. "A Sacred Responsibility," *Ensign,* Mayo 1986, 78.
11. Sa Conference Report, Okt. 1986, 59, 60–62, 63; o *Ensign,* Nob. 1986, 45, 46–47, 48.
12. "Life Is Eternal," 34.
13. "Come unto Christ," *Ensign,* Nob. 1987, 84–85.

# Listahan ng mga Larawan

Pabalat: Background © Artbeats

Pabalat: Retrato ni Ezra Taft Benson © Busath.com

Pahina 42: Detalye mula sa *Si Cristo at ang Mayamang Batang Pinuno,* ni Heinrich Hofmann. Sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.

Pahina 46: *Sinaunang mga Halimbawa/Makabagong mga Pangako,* ni Jeff Ward

Pahina 68: *Ang Premortal na Cristo,* ni Robert T. Barrett

Pahina 94: *Hinangad ni Alma na Magsisi,* ni Robert T. Barrett

Pahina 98: Detalye mula sa *Siya ay Nagbangon,* ni Del Parson

Pahina 104: Detalye mula sa *Sina Cristo at Maria sa Libingan,* ni Joseph Brickey

Pahina 108: *"Ang Kapayapaan ay Iniiwan Ko sa Inyo" (Juan 14:27),* ni Walter Rane

Pahina 113: *Ang Pagtawag ni Cristo kina Pedro at Andres,* ni Harry Anderson

Pahina 120: *Unang Pangitain ni Joseph Smith,* ni Greg K. Olsen

Pahina 125: *Pagtanggap ni Joseph Smith sa mga Lamina,* ni Kenneth Riley

Pahina 146: *Brother Joseph,* ni David Lindsley

Pahina 151: *Ang Biblia at ang Aklat ni Mormon ay Nagpapatotoo kay Cristo,* ni Greg K. Olsen

Pahina 160: *Ibinigay ni Moroni ang mga Laminang Ginto kay Joseph sa Burol Cumorah,* ni Lewis A. Ramsey

Pahina 268: Detalye mula sa *Imahe ni Cristo,* ni Heinrich Hofmann. Sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.

Pahina 273: *Humarap si Abinadi kay Haring Noe,* ni Arnold Friberg

Pahina 289: *Ang Labindalawang Ito ay Isinugo ni Jesus,* ni Walter Rane

Pahina 293: *Hindi na Nawawala,* ni Greg K. Olsen

Pahina 344: *Magiliw na Tagapagpagaling,* ni Greg K. Olsen

Pahina 349: *Alagaan Mo ang Aking Mga Tupa,* ni Kamille Corry

# Indeks


**A**

Aklat ni Mormon
- araw-araw na pag-aaral ng, 164–66
- at ang Doktrina at mga Tipan, 154–56
- babala tungkol sa pagpapabaya, 147, 148–49
- dapat maging sentro ng ating pag-aaral at pagtuturo, 148
- ginagamit sa gawaing misyonero ang, 148, 159–63, 167–68, 329
- inilalapit tayo sa Diyos, 152–53
- isinulat para sa mga huling araw, 163–64
- Joseph Smith at, 126
- kapangyarihan ng, 35–36, 164–66
- nagtuturo ng totoong doktrina, 153–54
- pagbabasa, kasama ang maliliit na bata, 159–61
- pagpapala ng pagbabasa, bilang pamilya, mga, 152–53
- pinatototohanan si Jesucristo, 150–53
- punuin ang ating buhay ng, 167–68
- saligang bato ng relihiyon ng mga Banal sa mga Huling Araw, 147–58
- *Tingnan din sa* Pag-aaral ng banal na kasulatan; Salita ng Diyos

Ama, mga
- payo sa, sa paglalaan ng espirituwal na pamumuno, 224–27
- walang-hanggang tungkulin ng, 224
- *Tingnan din sa* Ina, mga; Magulang, mga

Ama sa Langit
- ay palaging malapit, 53
- ay sabik na tulungan tayong baguhin ang ating buhay, 97–99
- hindi tayo kailanman pinipilit na ipamuhay ang ebanghelyo, 70
- kautusan ng, mga, 44–51, 91–92
- nagpakita kay Joseph Smith, 123–24
- nais na lumigaya tayo, 85–87
- pagmamahal ng, para sa atin, 50
- pagmamahal para sa, 43–51
- pagpapabuti ng ating pakikipag-ugnayan sa, 60–61
- pagpapala ng pagpapaubaya ng buhay kay, mga, 49–51
- pagsunod sa kalooban ng, 85–87
- paniniwala sa, 115
- sumasagot sa mga panalangin, 61–65

Anak, Bata, mga
- pagtuturo sa, tungkol sa kalinisang-puri, 264
- pagtuturo sa, tungkol sa mga templo, 202–03

**B**

Benson, Ezra Taft
- binigyan ng tungkulin ang isang di-gaanong aktibong lalaki na maglingkod bilang lider, 295–97

binisita ang isang Baptist Church sa Moscow, Russia, 29–33
estilo ng pamumuno ni, 33–34, 133, 269, 283, 285, 295–97
full-time mission ni, 10–13, 121–22, 321
halimbawa ni, sa mga kasamahan sa gobyerno, 43, 53–56
hinikayat ang isang binata na maghanda para sa misyon, 323
isinama ang panalangin sa mga pulong ng pamahalaan, 53–56
kabataan ni, 2–4, 67
magulang ni, mga, 5–7, 45, 67, 105
naging Pangulo ng Simbahan, 35–36, 172, 284
naglakbay ukol sa negosyo kasama ang mga miyembro ng pamilya, 209–10, 223
nagsalita sa mga miyembro ng Simbahan sa lahat ng edad, 37
nag-ukol ng panahon sa pamilya sa kabila ng mga tungkulin sa simbahan at sa trabaho, 223
natutong magdasal mula sa kanyang ama, 53
natuto tungkol sa templo mula sa kanyang ina, 195
pag-aaral ni, 13, 15
paghina ng katawan ni, 38
pagkamakabayan ni, 24–29
pagkamatay ni, 1, 38
paglilingkod ni, bilang United States secretary of agriculture, 26–28, 53–56, 283
paglilingkod ni, sa Europa pagkatapos ng–Ikalawang Digmaang Pandaigdig, 20–24, 62–64, 79–81, 308, 313
paglilingkod sa Simbahan ni, lokal, 7–9, 15–16, 283, 295–97, 307–08, 335, 337
pagmamahal ni, para kay Jesucristo, 106–07
pagmamahal ni, para sa Diyos Ama, 44
pagpapakasal kay Flora Smith Amussen, 15, 207, 209, 221, 237
pagpapakumbaba ni, 269, 270
pagsilang ni, 2
pakikipagligawan kay Flora Amussen, 8–10, 11–14
pamilya ni, 16–18, 207, 209–10, 221, 223
panalangin ni, inilarawan ni Gordon B. Hinckley, mga, 54
pinasimulan ang welfare program ng Simbahan sa kanyang stake, 307–08
pinatatag ang mga kabataang lalaki sa kanilang aktibidad sa Simbahan, 7–9, 335
pinatotohanan ang Aklat ni Mormon, 35–36, 147, 148–49, 159–64
pinatotohanan ang pagkatawag kay Spencer W. Kimball bilang propeta, 172
pinatotohanan si Jesucristo, 29–33, 36, 105, 106, 345–46
pinatotohanan si Joseph Smith, 122–23
propesyon ni, 15–16, 43, 283, 336
tinawag bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, 33–34
tinawag na mangaral ng pagsisisi, 89
tinawag sa Korum ng Labindalawang Apostol, 18–20
tradisyon ng gawaing misyonero sa pamilya ni, 321
tumanggap ng inspirasyon na tumawag ng bagong stake president, 181

tumanggap ng tulong mula sa opisyal ng gobyerno bilang sagot sa panalangin, 62–64

Benson, Flora Smith Amussen (asawa)
full-time mission ni, 11–13
pagkamatay ni, 38
pagpapakasal kay Ezra Taft Benson, 14, 207, 209, 221, 237
pakikipagligawan kay Ezra Taft Benson, 9–10, 11–14

Benson, George Taft Jr. (ama)
full-time mission ni, 5–6, 46, 321
inakay ang kanyang pamilya sa pagsunod sa propeta, 171
pananampalataya ni, 105
tinuruang manalangin ang anak na si Ezra, 53

Benson, Sarah Dunkley (ina)
nagpakita ng pananampalataya nang tawagin sa misyon ang kanyang asawa, 5–6
pananampalataya ni, 105
tinuruan ang anak na si Ezra tungkol sa templo, 195

**C**

Cristo. *Tingnan sa* Jesucristo

**D**

Desisyon, mga
nagtatakda ng ating walang-hanggang tadhana, 72–73
nangangailangan ng taimtim na panalangin, 74

Di-gaanong aktibong mga miyembro ng Simbahan, pagtulong sa, 295–306

Digmaan sa langit, 69–70

Diyos Ama. *Tingnan sa* Ama sa Langit

Doktrina at mga Tipan, 154–56

**E**

Espiritu. *Tingnan sa* Espiritu Santo

Espiritu Santo
gawaing misyonero at, 330
nagpapahiwatig sa pamamagitan ng damdamin, 185–86
napapasaatin sa pagsunod natin sa mga batas ng Diyos, 190–91
pagtatamo ng patnubay ng, sa pamamagitan ng pag-aaral ng banal na kasulatan, 188–90
pagtatamo ng patnubay ng, sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno, 186–87
patnubay ng, 184–85
patnubay ng, ay mahalaga sa gawain ng Panginoon, 181–83

Europa, misyon ni Ezra Taft Benson sa, 20–24, 62–64, 79–82, 308, 313–14

**F**

Family history, 200–202

Family home evening, 171–72, 217

**G**

Gawain, Trabaho
humahantong sa tagumpay, 67
kahalagahan ng, 311–13
sa mga pagsisikap ng mga missionary, 331–32

Gawaing misyonero
gawain sa, 331–32
impluwensya ng Espiritu Santo sa, 330
kabataang babae at, mga, 326–27
kabataang lalaki at, mga, 326–27
kagalakan ng, 323
kasigasigan ni Ezra Taft Benson para sa, 321, 323
paggamit ng Aklat ni Mormon sa, 148–49, 159–63, 167–68, 329

paghahanda sa mga kabataan para sa, 325–28
pagmamahal sa, 323, 331–32
pagpapakumbaba at, 330
sa buong mundo, 324–25
sa lahat ng estado ng buhay, 325–29
senior at, mga, 239–42, 326–27
tagumpay sa, 330–31
tradisyon ng, sa pamilya ni Ezra Taft Benson, 321

Great Depression, 307–08

**H**

Halimbawa, pamumuno sa pamamagitan ng, 285

Hinaharap, pamumuhay para sa, 100–01

**I**

Ina, mga
papel na ginagampanan ng, inorden ng Diyos, 228
payo para sa, sa pag-uukol ng panahon sa mga anak, 229–32
*Tingnan din sa* Ama, mga; Magulang, mga

**J**

Jesucristo
ay sabik na tulungan tayong baguhin ang ating buhay, 97–99
bilang Tagapagligtas, 105–20, 346–47
binabago tayo para mabago natin ang mundo, 90–91
katangian ni, mga, 348–53
matatag sa patotoo tungkol kay, 111–13
misyon ni, 106–10
nagpakita kay Joseph Smith, 123–24
pag-asa kay, sa bawat kaisipan, 347–48
Pagbabayad-sala ni, 106–10
paghahangad na maging katulad ni, 99–101, 115–17
Pagkabuhay na Mag-uli ni, 110–11
pagmamahal ni, para sa atin, 44–46, 107
pagmamahal ni Ezra Taft Benson kay, 106
Pagpapako sa krus kay, 109–10
pagsunod sa halimbawa ni, 113–17, 284, 289–91, 298–302, 345–56
pananampalataya kay, 92, 114–15
pinapanatag tayo at iniaangat tayo, 353–55
sa Aklat ni Mormon, 150–53
Simbahan ni, 100–01

Joseph Smith. *Tingnan sa* Smith, Joseph

**K**

Kadisentihan, pagiging disente, 261

Kahinaan, pagdaig sa, 97–99

Kaisipan, malilinis na, 258–59

Kalayaan
isang walang-hanggang alituntunin, 69–70
paggamit ng, humahantong sa mga bunga ngayon at sa kawalang-hanggan, 71–76

Kaligayahan
buhay na tulad ng kay Cristo ay humahantong sa, ang, 115–17
bunga ng pananampalataya sa Diyos, 83
nais ng Ama sa Langit na maranasan natin, 85–87
nangangailangan ng pagsisikap, 83–85
plano ng, ang plano ng ebanghelyo, 91–92

sa kabila ng mga pagsubok, 79–82

Kalinisang-Puri
batas ng, 253–268
hindi kailanman mapapawalang-halaga, 253
nagdudulot ng kagalakan, 264–65
paglaban sa mga tukso na labagin ang batas ng, 258–63
pagtuturo sa mga anak tungkol sa, 264
pamantayan ng, ay isang kautusan mula sa Diyos, 255

Kalumbayan, mula sa Diyos, humahantong sa pagsisisi, 96–97

Kapakanan, mga alituntunin ng temporal at espirituwal na, 307–20

Kapalaluan, pagmamalaki
bunga ng, mga, 273–78
kumpara sa pagpapakumbaba, 269, 270, 278–80
lunas sa, ay kababaang-loob, 278–80
nalilimitahan ang pag-unlad, 277–78
pagkapoot sa Diyos at sa iba, 271–73
pagpapakita ng, mga, 275–77
Panginoon ay nagbabala tungkol sa, ang, 270–71
takot sa paghatol ng tao kaysa sa Diyos, 273–75
*Tingnan din sa* Pagpapakumbaba

Kasal, pag-aasawa
kaligayahan sa, 211–14
nina Ezra at Flora Benson, 207, 209, 237
pangangalaga sa, 207, 209
tipan, 211–14
*Tingnan din sa* Magulang, mga; Pamilya; Tahanan

Kasamaan
hindi kailanman kaligayahan, 72–73, 92, 258
ng daigdig, 135–37

**L**

Lolo't Lola, mga
Ezra at Flora Benson bilang, 237, 238
kaugnayan sa, 245–48
*Tingnan din sa* Pamilya

**M**

Magandang pananaw, 83

Magulang, mga
dapat turuan ang mga anak tungkol sa kalinisang-puri, 264
dapat turuan ang mga anak tungkol sa templo, 202–03
paggalang sa, 245–47
pagkakaisa ng, 232–33
papel na ginagampanan ng, mga, 224–33
*Tingnan din sa* Ama, mga; Ina, mga; Kasal, pag-aasawa; Pamilya; Tahanan

Matatanda
kasama, sa mga aktibidad ng pamilya, 247
kaugnayan sa, 247–48
lakas ng, 238
pagkakaroon ng katuparan, 239–43, 250
pagmamahal ng Panginoon para sa, ang, 238–39
pananatiling malakas sa panahon ng karamdaman, 244
pangangalaga sa, 245–49
payo sa mga lider ng Simbahan tungkol sa, 248–50
responsibilidad ng, mga, 238–39

## N

Nakaraan, huwag mabuhay sa, 101

## P

Pag-aaral ng banal na kasulatan
humahantong sa lalong pagiging aktibo sa Simbahan, 137–40
kahalagahan ng, 143–44
nag-aanyaya sa Espiritu, 188–90
pagpapala ng, mga, 134–43
*Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Salita ng Diyos

Pag-asa, 99–101

Pag-asa sa sarili, 307–19

Pagbabago ng puso
at pagsisisi, 89–91, 93–96
pagbabago ng kalooban, 89–91
unti-unting nangyayari, 100–01

Pagbabalik-loob. *Tingnan sa* Pagbabago ng puso

Paghahayag
sa pamamagitan ng buhay na propeta, 173
sa pamamagitan ng Espiritu Santo, 186
sa pamamagitan ng pagpunta sa templo, 204–05

Pag-ibig, pagmamahal
para sa "nawawalang tupa", 295–303
sa Diyos, 43–51
sa gawaing misyonero, 323, 331
sa pamumuno, 288–89
sa tahanan, 207, 209–210

Pag-ibig sa Kapwa-tao, 44–45

Pagiging miyembro ng Simbahan, kahulugan ng, 91–92, 100–01

Pag-iimbak ng pagkain, 313–16

Pagkakaisa
kailangan ang pagpapakumbaba sa, 277–78
nagpapakita ng, ang mahuhusay na pinuno, 286
sa mga pamilya, 58–59, 215–16
sa pagiging magulang, 232–33
sa pagsasama ng mag-asawa, 211–14

Pagkamakabayan, 24–29

Paglilingkod
sa matatanda, 248–50
sa pagsasama ng mag-asawa, 211–14
sa Simbahan, 291–92

Paglilingkod sa di-gaanong aktibong mga miyembro ng Simbahan, 295–303

Pagpapakatawan, 289–91

Pagpapakumbaba
halimbawa ni Ezra Taft Benson ng, 269, 270
kapalaluan laban sa, 269, 270, 278–80
sa gawaing misyonero, 330
sa pamumuno, 286
*Tingnan din sa* Kapalaluan, pagmamalaki

Pagpapatawad
pangako ng, 100–01
para sa mga seksuwal na kasalanan, 263

Pagsisisi
at pag-asa, 99–101
at pagbabago ng puso, 89–91, 93–97
ay higit pa sa pagbabago ng ugali, 93
kalumbayang mula sa Diyos ay humahantong sa, ang, 96–97
kasunod ng pananampalataya kay Cristo, 92
para sa seksuwal na kasalanan, 263

Pagsubok, mga, 79–82, 83–85, 135–37

Pagsunod
- bilang malaking pagsubok sa buhay, 44, 51
- pagpapala sa pamamagitan ng, mga, 49–51, 91–92, 190–91

Pakikipagkaibigan sa Simbahan, 29, 295–303

Pamilya
- kahalagahan ng, sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan, 210–11
- pagpapatatag ng, 211–14, 221, 223
- pagtuturo ng ebanghelyo sa, 217–18
- pakikitungo sa matatanda sa, 245–48
- panalangin sa, 58–59
- walang hanggan, 200, 207, 218–19
- *Tingnan din sa* Ama, mga; Ina, mga; Kasal, Pag-aasawa; Lolo't Lola, mga; Magulang, mga; Tahanan

Pamumuno
- at pagpapalakas sa iba, 291–92
- halimbawa ng, ni Ezra Taft Benson, 33–34, 133, 269, 283, 285, 295–97
- kahalagahan ng halimbawa sa, 285
- katangian ng epektibong, mga, 286–89
- pagpapakatawan sa, 289–91
- pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas sa, 285, 289–90

Panalangin
- huwaran ng, itinuro ni Jesus, 56–58
- ng pamilya Benson, para kay Ezra Taft Benson, 55–56
- pagpapaibayo ng ating pagsisikap sa, 60–61
- palagian, 56–58, 82–83
- para mapaglabanan ang tukso, 259–61
- para matanggap ang Espiritu Santo, 186–88
- sagot sa, mga, 61–65
- sa kabila ng damdamin ng hindi pagiging karapat-dapat, 99
- sa mga pamilya, 58–59

Panalangin ng pamilya, 58–59

Pananalapi, 316–19

Pananampalataya
- humahantong sa mabuting pananaw at kapayapaan, 82–85
- ipinakita ng mga Banal sa Europa matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, 79–82
- ipinakita ng mga magsasaka sa Idaho, 81
- kabilang ang pagsunod kay Jesucristo, 114–16
- nauuna sa pagsisisi, 92

Pangulo ng Simbahan
- ay pinakamahalagang propeta para sa atin, 173–75
- hindi kailanman ililigaw ang Simbahan, 178
- pagpapala sa pagsunod sa, mga, 171–72, 177–79
- sinasabi sa atin ang kailangan nating marinig, 175–77
- tumatanggap ng paghahayag para sa Simbahan, 173–75

Panunumbalik, 127–28

Plano ng kaligayahan, pag-unawa sa, humahantong sa pagsisisi, 91–92

Pornograpiya, 258–60

Priesthood
- kaganapan ng, makakamtan lamang sa templo, 197–99

kapangyarihan ng, nagbubuklod sa mga pamilya sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo, 200

Propeta. *Tingnan sa* Pangulo ng Simbahan

**S**

Salita ng Diyos
hindi dapat balewalain, 143–44
kinabibilangan ng mga banal na kasulatan at ng mga salita ng mga buhay na propeta at personal na paghahayag, 137
masigasig na pag-aaral ng, humahantong sa katapatan, 137–40
pagpapala ng pag-aaral ng, mga, 141–43
pinatitibay tayo laban sa mga hamon ng panahong ito, 135–37
*Tingnan din sa* Aklat ni Mormon; Pag-aaral ng banal na kasulatan

Satanas
kasinungalingan ni, mga, 91, 99
pagkamuhi ni, sa atin, 50

Seksuwal na kasalanan
kapatawaran para sa, 263
paglaban sa tukso, 258–63
panganib ng, mga, 256–58

Smith, Joseph
at ang Aklat ni Mormon, 126–27
bilang pinuno ng huling dispensasyon, 129–31
katatagan ni, 128–29
muling itinatag ang kaharian ng Diyos sa lupa sa pamamagitan ni, 127–28
pagbisita ng mga anghel kay, 124–25
paghahayag kay, mga, 124–25
pagkaorden noon pa man ni, 129–30
pagpaslang kay, 128–29
panalangin ni, nakaimpluwensya sa milyun-milyon, 74
Unang Pangitain ni, 123–24

Stake ng Sion, mga
layunin ng, mga, 337–42
pamumuno ni Ezra Taft Benson sa, 16, 283, 295–97, 307–09, 335, 337

**T**

Tahanan
bilang kanlungan mula sa mundo, 209
pinakamasasayang karanasan ng buhay sa, 209–10
*Tingnan din sa* Kasal, pag-aasawa; Magulang, mga; Pamilya

Templo
bilang simbolo, 196–97
kaganapan ng priesthood ay makakamtan lamang sa, 197–99
natutuhan ni Ezra Taft Benson ang tungkol sa, mula sa ina, 195
paglilingkod sa mga ninuno sa, 200–02
pagtanggap ng mga ordenansa ng, 197–99
pagtanggap ng paghahayag sa, 204–05
pagtuturo sa mga anak tungkol sa, 202–03
proteksyon at patnubay sa, 199–200
tipang ginawa sa, mga, 197–99

Tipan, mga, 199–200

Tukso
pag-iwas, 261
paglaban, 258–63

**U**

Unang Pangitain, 123–24

Utang, 316–19

## W

Welfare program ng Simbahan
impluwensya ng, sa Europa pagkatapos ng–Ikalawang Digmaang Pandaigdig, 20–24, 62–64, 308
naglalaan ng mga pagkakataon para makapagtrabaho, 312
pinasimulan ni Ezra Taft Benson ang, sa kanyang stake, 307–09
unang alituntunin ng, 311

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02088 60893 0
08860 893